ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • NOBYEMBRE 2011

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

### Anim na Bagong Templo Ibinalita



*Pagkatuto sa mga Banal na Kasulatan,* ni Nancy Crookston

*Itinuro ng Tagapagligtas, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39).*

# Mga Nilalaman Nobyembre 2011

Tomo 14 • Bilang 11

**SESYON SA SABADO NG UMAGA**

4 Sa Muli Nating Pagkikita
*Pangulong Thomas S. Monson*

6 Ang Bisa ng Banal na Kasulatan
*Elder Richard G. Scott*

9 Personal na Paghahayag at Patotoo
*Barbara Thompson*

11 Ang Panahon ay Darating
*Elder L. Whitney Clayton*

14 Ginagawa ang Tama sa Tamang Panahon, Nang Walang Pagpapaliban
*Elder José L. Alonso*

16 Payo sa Kabataan
*Pangulong Boyd K. Packer*

19 Mahalaga Kayo sa Kanya
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

**SESYON SA SABADO NG HAPON**

23 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan
*Pangulong Henry B. Eyring*

24 Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob
*Elder David A. Bednar*

28 Mga Anak
*Elder Neil L. Andersen*

31 Isang Panahon upang Maghanda
*Elder Ian S. Ardern*

33 Mas Mabuting Tumingin sa Itaas
*Elder Carl B. Cook*

35 Pagtubos
*Elder LeGrand R. Curtis Jr.*

38 Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi
*Elder D. Todd Christofferson*

41 Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot
*Elder L. Tom Perry*

**SESYON SA PRIESTHOOD**

44 Tayong Lahat ay Kabilang
*Elder Jeffrey R. Holland*

47 Ang Kapangyarihan ng Aaronic Priesthood
*Bishop Keith B. McMullin*

50 Natatanging Oportunidad sa Buhay
*Elder W. Christopher Waddell*

53 Pagtulong sa Paraan ng Panginoon
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

56 Paghahanda sa Priesthood: "Kailangan Ko ang Tulong Mo"
*Pangulong Henry B. Eyring*

60 Tapang na Manindigang Mag-isa
*Pangulong Thomas S. Monson*

**SESYON SA LINGGO NG UMAGA**

68 Isang Saksi
*Pangulong Henry B. Eyring*

71 Paghihintay sa Panginoon: Mangyari Nawa ang Iyong Kalooban
*Elder Robert D. Hales*

74 Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos
*Elder Tad R. Callister*

77 Mahalin ang Kanyang Ina
*Elaine S. Dalton*

79 Ang Kahalagahan ng Pangalan
*Elder M. Russell Ballard*

82 Tumayo sa mga Banal na Lugar
*Pangulong Thomas S. Monson*

**SESYON SA LINGGO NG HAPON**

86 MgaTipan
*Elder Russell M. Nelson*

90 Mga Turo ni Jesus
*Elder Dallin H. Oaks*

94 Pagtuturo Alinsunod sa Pamamaraan ng Espiritu
*Matthew O. Richardson*

96 Ang mga Misyonero ay Kayamanan ng Simbahan
*Elder Kazuhiko Yamashita*

98 Piliin ang Buhay na Walang Hanggan
*Elder Randall K. Bennett*

101 Ang Pribilehiyong Manalangin
*Elder J. Devn Cornish*

104 Mga Tahimik Nilang Himig
*Elder Quentin L. Cook*

108 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita
*Pangulong Thomas S. Monson*

**PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY**

109 Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apong Babae (at Lalaki) tungkol sa Relief Society
*Julie B. Beck*

114 Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang
*Silvia H. Allred*

117 Tuparin ang mgaTipan
*Barbara Thompson*

120 Huwag Mo Akong Kalimutan
*Pangulong Dieter F. Uchtdorf*

64 Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

124 Indeks ng mga Kaganapan sa Kumperensya

125 Mga Turo para sa Ating Panahon

125 Mga General Auxiliary Presidency

126 Mga Balita sa Simbahan



# Buod para sa Ika-181 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**SABADO NG UMAGA, OKTUBRE 1, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Gary J. Coleman. Pangwakas na Panalangin: Elder Lowell M. Snow. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1; "Diyos ay Ating Sinasamba," *Mga Himno,* blg. 39; "Para sa Inyo Kami'y Nagdarasal," *Mga Himno,* blg. 17, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5; "Ako ay Anak ng Diyos," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 2–3, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

**SABADO NG HAPON, OKTUBRE 1, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Won Yong Ko. Pangwakas na Panalangin: Elder Bradley D. Foster. Musikang handog ng Primary Choir mula sa Pleasant View at North Ogden, Utah; Vanja Y. Watkins, tagakumpas; Linda Margetts, organista: "Aruga ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 194, at "Salamat, Ama Ko," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 9, medley na isinaayos ni Watkins, hindi inilathala; "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Mga Himno,* blg. 188, isinaayos ni Watkins, hindi inilathala; "Purihin ang Propeta," *Mga Himno,* blg. 21; "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 16–17, at "Aking Ama'y Buhay," *Mga Himno,* blg. 190, inilathala ng Jackman, medley na isinaayos ni Watkins, hindi inilathala.

**SABADO NG GABI, OKTUBRE 1, 2011, SESYON SA PRIESTHOOD**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Richard G. Hinckley. Pangwakas na Panalangin: Elder Koichi Aoyagi. Musikang handog ng Melchizedek Priesthood choir mula sa Pleasant Grove, Utah; Justin Bills, tagakumpas; Clay Christiansen, organista: "Rise Up, O Men of God," *Hymns,* blg. 324, isinaayos ni Staheli, inilathala ng Jackman; "Kailangan Ko Kayo," *Mga Himno,* blg. 54, isinaayos ni Bills, hindi inilathala; "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30, isinaayos ni Bills, hindi inilathala.

**LINGGO NG UMAGA, OKTUBRE 2, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Paul K. Sybrowsky. Pangwakas na Panalangin: Elder James B. Martino. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: "Sa Walang Hanggang Buhay," *Mga Himno,* blg. 28; "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 83, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Consider the Lilies," Hoffman, isinaayos ni Lyon, inilathala ng Jackman; "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15; "Tutungo Ako Saanman," *Mga Himno,* blg. 171, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Ako'y Naniniwala kay Cristo," *Mga Himno,* blg. 76, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

**LINGGO NG HAPON, OKTUBRE 2, 2011, PANGKALAHATANG SESYON**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder F. Michael Watson. Pangwakas na Panalangin: Elder Gregory A. Schwitzer. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: "O Diyos, Magliwanag," *Mga Himno,* blg. 166, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42–43, isinaayos ni Cardon, hindi inilathala; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno,* blg. 3; "Dalangin sa Paglisan," *Mga Himno,* blg. 91, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

**SABADO NG GABI, SETYEMBRE 24, 2011, PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY**
Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Julie B. Beck. Pambungad na Panalangin: Barbara C. Bradshaw. Pangwakas na Panalangin: Sandra Rogers. Musikang handog ng Relief Society choir mula sa Eagle Mountain at Saratoga Springs, Utah; Emily Wadley, tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; "O Kaylugod ng Gawain," *Mga Himno,* blg. 89, isinaayos ni Manookin, inilathala ng Jackman; "O, Makinig, Lahat ng Bansa!" *Mga Himno,* blg. 165; "Tayo'y Magalak," *Mga Himno,* blg. 3.

**MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA**
Para ma-akses ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org. Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan kasunod ng kumperensya, mayroon nang mga audio recording sa mga distribution center.

**MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING**
Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, mangyaring pumili ng isang mensaheng pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan ng inyong mga binibisita.

**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni John Luke. Likod: Larawang kuha ni Les Nilsson.

**MGA LARAWANG KUHA SA KUMPERENSYA**
Ang mga tagpo sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kuha nina Craig Dimond, Welden C. Andersen, John Luke, Christina Smith, Cody Bell, Les Nilsson, Weston Colton, Sarah Jensen, Derek Israelsen, Danny La, Scott Davis, Kristy Jordan, at Cara Call; sa Brazil nina Barbara Alves, David McNamee, at Sandra Rozados; sa Canada ni Laurent Lucuix; sa El Salvador ni Josué Peña; sa England ni Simon Jones; sa Japan ni Jun Aono; sa Mexico ni Monica Mora; sa Philippines nina Wilmor LaTorre at Ann Rosas; sa South Africa ni Rob Milne; sa Sweden ni Anna Peterson; at sa Uruguay ni Manuel Peña.



**NOBYEMBRE 2011 TOMO 14 BLG. 11**
**LIAHONA 09691 893**

Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inililimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** November 2011 Vol. 14 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.



MGA TAGAPAGSALITA AYON SA PAGKAKASUNUD-SUNOD SA ALPABETO

Allred, Silvia H., 114
Alonso, José L., 14
Andersen, Neil L., 28
Ardern, Ian S., 31
Ballard, M. Russell, 79
Beck, Julie B., 109
Bednar, David A., 24
Bennett, Randall K., 98
Callister, Tad R., 74
Christofferson, D. Todd, 38
Clayton, L. Whitney, 11
Cook, Carl B., 33
Cook, Quentin L., 104
Cornish, J. Devn, 101
Curtis, LeGrand R., Jr., 35
Dalton, Elaine S., 77
Eyring, Henry B., 23, 56, 68
Hales, Robert D., 71
Holland, Jeffrey R., 44
McMullin, Keith B., 47
Monson, Thomas S., 4, 60, 82, 108
Nelson, Russell M., 86
Oaks, Dallin H., 90
Packer, Boyd K., 16
Perry, L. Tom, 41
Richardson, Matthew O., 94
Scott, Richard G., 6
Thompson, Barbara, 9, 117
Uchtdorf, Dieter F., 19, 53, 120
Waddell, W. Christopher, 50
Yamashita, Kazuhiko, 96

INDEKS NG MGA PAKSA

Aaronic Priesthood, 47
Aklat ni Mormon, 6, 50, 68, 74
Ama, mga, 77
Ama sa Langit, 108
Anak, mga, 28
Banal na Kasulatan, mga, 6, 74
Banal na katangian, 19
Biblia, 74, 90
Couple missionary, mga, 44
Espiritu Santo, 6, 9, 16, 33, 47, 82, 94
Family history, 24
Gawaing misyonero, 11, 41, 44, 50, 79, 96
Halimbawa, 41, 60, 77, 90, 96
Jesucristo, 35, 41, 74, 79, 90, 101
Kabataan, mga, 16, 24, 44, 47, 50, 77
Kagalakan, 38, 120
Kahalagahan ng sarili, 19, 120
Kalayaan, 98
Kasal, pag-aasawa, 28
Moralidad, 16
Pag-asa, 19, 71
Pag-asa sa sarili, 53
Pagbabalik-loob, pananalig, 68, 96
Pagbabayad-sala, 33, 35, 38, 90
Paggamit ng oras, 31
Paghahanda, 50, 56, 96
Paghahayag, 6, 9, 16, 82
Paghihirap, 71, 104
Pag-ibig sa kapwa, 68, 109, 114
Pagiging magulang, 28, 77
Pagkadisipulo, 109
Pagkatuto, 94
Paglilingkod, 14, 47, 50, 53, 56, 68
Pagmamahal, 53, 77, 96, 120
Pagpapaaktibo, 14, 35, 50
Pagsisisi, 16, 35, 38, 44
Pagsunod, 33, 38, 86, 90
Pagtitiis, 68, 71
Pagtubos, 35
Pagtuturo, 94
Pamantayan, mga, 44, 60, 77, 82
Pamilya, 28, 77
Panalangin, 82, 101
Pananagutan, 98
Pananampalataya, 28, 33, 71, 101, 104
Pangkalahatang kumperensya, 4, 23, 108
Pangkapakanan, 53
Panunumbalik, 11
Pasensya, tiyaga, 71
Patotoo, 9, 60, 68, 74, 82
Prayoridad, mga, 28, 31
Priesthood, 24, 47, 56, 60, 86, 109
Propesiya, 11
Relief Society, 109, 114
Sakripisyo, 50, 120
Simbahan, pag-unlad ng, 11, 41
Simbahan, pangalan ng, 79
Tapang, lakas ng loob, 33, 60
Teknolohiya, 24, 31
Templo at gawain sa templo, mga, 4, 24, 41, 109, 117
Tipan, mga, 86, 117
Tungkulin, 47, 56
Visiting teaching, 109, 114
Young Women, 77





Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Sa Muli Nating Pagkikita

*Dalangin ko na nawa'y mapuspos tayo ng Espiritu ng Panginoon habang nakikinig sa mga mensahe ngayon at bukas at matutuhan ang mga bagay na nais ng Panginoon na ating malaman.*

Masaya ko kayong binabati, mga kapatid, sa ika-181 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa kumperensyang ito, 48 taon na—isipin ninyo, 48 taon—mula nang tawagin ako sa Korum ng Labindalawang Apostol ni Pangulong David O. McKay. Oktubre ng taong 1963 noon. Parang hindi ako makapaniwala na napakaraming taon na ang nakalipas mula noon.

Kapag abala tayo, parang napakabilis ng oras, at para sa akin walang ipinagkaiba ang nakalipas na anim na buwan. Isa sa mga pinakamagandang nangyari sa panahong iyon ay ang oportunidad ko na muling ilaan ang Atlanta Georgia Temple noong Mayo 1. Kasama ko roon sina Elder at Sister M. Russell Ballard, Elder at Sister Walter F. González, at sina Elder at Sister William R. Walker.

Sa pagtatanghal ng kultura na pinamagatang "Southern Lights," na ginanap isang gabi bago ang muling paglalaan, pinanood naming magtanghal ang 2,700 kabataan mula sa buong temple district. Isa iyon sa pinakamagagandang programang napanood ko kaya't napatayo at napapalapak nang maraming beses ang mga manonood.



Nang sumunod na araw muling inilaan ang templo sa dalawang sesyon, kung saan nadama nang lubos ang Espiritu ng Panginoon.

Noong matatapos na ang buwan ng Agosto, inilaan ni Pangulong Henry B. Eyring ang San Salvador El Salvador Temple. Kasama niya roon si Sister Eyring at sina Elder at Sister D. Todd Christofferson, Elder at Sister William R. Walker, at si Sister Silvia H. Allred ng Relief Society general presidency at ang asawa nitong si Jeffry. Iniulat ni Pangulong Eyring na napakaespirituwal ng kaganapang iyon.

Bago matapos ang taong ito, magtutungo sina Pangulong Dieter F. Uchtdorf at Sister Uchtdorf kasama ang ilan pang General Authority sa Quetzaltenango, Guatemala, para ilaan ang ating templo roon.

Ang pagtatayo ng mga templo ay



magpapatuloy, mga kapatid. Ngayon ay pribilehiyo kong ibalita ang ilan pang bagong templo.

Una, hayaan ninyong banggitin ko na walang pasilidad ng Simbahan na mas mahalaga kaysa sa templo. Sa templo nabubuklod ang mga ugnayang mananatili hanggang sa kawalang-hanggan. Nagpapasalamat tayo na may mga templo sa iba't ibang panig ng mundo at sa mga pagpapalang hatid nito sa buhay ng mga miyembro.


Noong nakaraang taon ang Provo Tabernacle sa Utah County ay matinding tinupok ng apoy. Ang napakagandang gusaling ito, na minahal nang lubos ng mga Banal sa mga Huling Araw sa maraming henerasyon, ay mga pader na lang ang nananatiling nakatayo. Matapos ang masusing pag-aaral, nagpasiya kaming itayo itong muli at ibalik sa dating anyo ang panlabas na bahagi nito, upang maging pangalawang templo ng Simbahan sa lungsod ng Provo. Ang Provo Temple ay isa sa mga templo ng Simbahan na may pinakamaraming dumadalo, at makakatulong ang pagkakaroon ng pangalawang templo roon para mapaglingkuran ang nadaragdagang bilang ng matatapat na miyembro na dumadalo sa templo mula sa Provo at sa mga karatig na komunidad.

Masaya rin akong ibalita na may mga bagong templong itatayo sa sumusunod na mga lugar: Barranquilla, Colombia; Durban, South Africa; Kinshasa sa Democratic Republic of the Congo; at Star Valley, Wyoming. Bukod pa riyan, pinaplano rin nating magtayo ng templo sa Paris, France.

Ibibigay ang mga detalye tungkol sa mga templong ito sa sandaling maaprubahan na ang pagtatayuan nito at iba pang kinakailangan.

Nabanggit ko sa mga naunang kumperensya na mas nagagawa na nating mailapit ang mga templo sa kinaroroonan ng mga miyembro. Bagama't madali na para sa maraming miyembro na mapuntahan ang mga ito, may mga lugar pa rin na napakalalayo ng mga templo sa mga miyembro kaya't hindi nila kayang matustusan ang pagpunta rito. Dahil diyan hindi nila makamit ang sagrado at walang hanggang mga pagpapala ng templo. Upang makatulong sa bagay na ito, inilalaan natin ang General Temple Patron Assistance Fund. Sa pondong ito tutustusan ang unang pagbisita sa templo ng mga miyembrong hindi kayang makapunta sa templo ngunit matagal nang inaasam ang oportunidad na iyon. Sinumang nais mag-ambag sa pondong ito ay punan lamang ang impormasyon sa contribution slip na ibinibigay sa bishop bawat buwan.

Ngayon, mga kapatid, dalangin ko na nawa'y mapuspos tayo ng Espiritu ng Panginoon habang nakikinig sa mga mensahe ngayon at bukas at matutuhan ang mga bagay na nais ng Panginoon na ating malaman. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Richard G. Scott**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Bisa ng Banal na Kasulatan

*Ang mga banal na kasulatan ay tulad ng mumunting liwanag na tumatanglaw sa ating isipan at nagbibigay-puwang sa patnubay at inspirasyong mula sa kaitaasan.*

Kaming mga nagsasalita sa pulpitong ito tuwing kumperensya ay nadarama ang bisa ng inyong mga panalangin. Kailangan namin ang mga ito, at pinasasalamatan namin kayo dahil dito.

Batid ng ating Ama sa Langit na para umunlad tayo sa ating mortal na buhay, kakailanganin nating harapin ang mahihirap na hamon. Ang ilan sa mga hamong ito ay halos mahirap paglabanan. Naglaan Siya ng mga kagamitan upang tulungan tayong magtagumpay sa ating mortal na buhay. Isa sa mga kagamitang ito ang mga banal na kasulatan.

Sa paglipas ng mga panahon, binigyang-inspirasyon ng Ama sa Langit ang mga piling lalaki at babae upang mahanap, sa patnubay ng Espiritu Santo, ang mga solusyon sa pinakamabibigat na problema sa buhay. Binigyang-inspirasyon Niya ang mga awtorisadong tagapaglingkod na iyon na itala ang mga solusyon na magsisilbing hanbuk sa Kanyang mga anak na nananalig sa Kanyang plano ng kaligayahan at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. Kaagad napapasaatin ang patnubay na ito sa pamamagitan ng yaman na tinatawag nating mga pamantayang aklat—iyon ang, Luma at Bagong Tipan, ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas.

Dahil ang mga banal na kasulatan ay mula sa binigyang-inspirasyong komunikasyon na ipinararating sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang mga ito ay dalisay na katotohanan. Hindi natin dapat alalahanin ang katumpakan ng mga konsepto na nasa mga pamantayang aklat dahil ang Espiritu Santo ang instrumento na humikayat at nagbigay-inspirasyon sa mga taong nagtala ng mga banal na kasulatan.

Ang mga banal na kasulatan ay tulad ng mumunting liwanag na tumatanglaw sa ating isipan at nagbibigay-puwang sa patnubay at inspirasyong mula sa kaitaasan. Ang mga ito ay maaaring ang susi na magbubukas sa daluyan ng komunikasyon sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo.

Ang mga banal na kasulatan, kapag binanggit nang wasto, ay nagpapatibay sa ating mga pahayag. Magiging tapat na kaibigan ang mga ito na magagamit natin saanman at kailanman. Laging nariyan ang mga ito kapag kinakailangan. Ang paggamit sa mga ito ay nagsisilbing pundasyon ng katotohanan na maipauunawa ng Espiritu Santo. Ang pagkatuto, pagninilay, pagsasaliksik, at pagsasaulo ng mga banal na kasulatan ay gaya ng pagpuno sa isang filing cabinet ng mga kaibigan, pinahahalagahan, at katotohanan na magagamit sa lahat ng oras at saan mang lugar sa mundo.

Malaking tulong ang nagagawa ng pagsasaulo ng mga banal na kasulatan. Ang pagsasaulo ng isang talata ay pagbubuo ng pagkakaibigan. Ito'y parang pagkakaroon ng bagong kakilala na makatutulong sa oras ng pangangailangan, makapagbibigay ng inspirasyon at kapanatagan, at pagmumulan ng panghihikayat para sa kinakailangang pagbabago. Halimbawa, para sa akin, ang pagsasaulo ng awit na ito ay pinagmumulan ng lakas at pang-unawa:

"Ang lupa ay sa Panginoon at ang buong narito; ang sanglibutan, at silang nagsisitahan dito.

"Sapagka't itinatag niya sa ibabaw ng mga dagat, at itinatayo sa ibabaw ng mga baha.

"Sinong aahon sa bundok ng Panginoon? at sinong tatayo sa kaniyang dakong banal?

"Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso; na hindi nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan, at hindi sumumpa na may kabulaanan.

"Siya'y tatanggap ng pagpapala sa Panginoon, at ng katuwiran sa Dios ng kaniyang kaligtasan" (Mga Awit 24:1–5).

Ang pagninilay sa gayong talata ay nagbibigay ng direksyon sa buhay. Ang mga banal na kasulatan ay saligan na makatutulong. Ang mga ito ay nagbibigay ng mga kaibigang handang tumulong sa atin. Ang isinaulong talata ay nagiging kaibigang palaging nariyan, na hindi nanghihina sa paglipas ng panahon.

Ang pagninilay sa isang talata ay



susi sa paghahayag at patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo. Kayang panatagin ng banal na kasulatan ang balisang kaluluwa, at magdulot ng kapayapaan, pag-asa, at pagbabalik ng tiwala ng isang tao sa kanyang kakayahang labanan ang mga hamon ng buhay. May kapangyarihan itong panatagin ang mga nasaktang damdamin kapag mayroong pananampalataya sa Tagapagligtas. Mapabibilis nito ang pisikal na paggaling.

Ang mga banal na kasulatan ay makapagbibigay ng iba't ibang kahulugan sa iba't ibang panahon ng ating buhay, batay sa ating mga pangangailangan. Ang isang talatang marahil ay maraming beses na nating nabasa ay maaaring magkaroon ng panibagong kahulugan na magbibigay ng panibagong sigla at pananaw kapag nahaharap tayo sa bagong hamon sa buhay.

Paano ninyo personal na ginagamit ang mga banal na kasulatan? Minamarkahan ba ninyo ang inyong kopya? Sinusulatan ba ninyo ang mardyin upang matandaan ang isang sandali ng espirituwal na patnubay o karanasan na nagturo sa inyo ng isang matinding aral? Ginagamit ba ninyo ang lahat ng mga pamantayang aklat, pati na ang Lumang Tipan? May nakita akong mahahalagang katotohanan sa Lumang Tipan na mga pangunahing bahagi sa saligan ng katotohanan na gumagabay sa aking buhay at napagkukunan ko ng kaalaman kapag sinisikap kong ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa iba. Dahil diyan kung kaya't mahal ko ang Lumang Tipan. Nakakakita ako ng mahahalagang katotohanan sa mga pahina nito. Halimbawa:

"At sinabi ni Samuel, Nagtataglay kaya ang Panginoon ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog na susunugin at sa mga hain, na gaya sa pagsunod ng tinig ng Panginoon? Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake" (I Samuel 15:22).

"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

"Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.

"Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata; matakot ka sa Panginoon, at humiwalay ka sa kasamaan. . . .

"Anak ko, huwag mong hamakin ang parusa ng Panginoon; ni mayamot man sa kaniyang saway:

"Sapagka't sinasaway ng Panginoon ang kaniyang iniibig; gaya ng ama sa anak na kaniyang kinaluluguran.

"Mapalad ang tao na nakasusumpong ng karunungan, at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan" (Mga Kawikaan 3:5–7, 11–13).

Ang Bagong Tipan ay pinagmumulan din ng napakahalagang katotohanan:

"Sinabi [ni Jesus] sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

"Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

"Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta" (Mateo 22:37–40).

"[At sinabi ng Panginoon], Simon, Simon, narito, hiningi ka ni Satanas upang ikaw ay maliglig niyang gaya ng trigo:

"Datapuwa't ikaw ay ipinamanhik ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya; at ikaw, kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong mga kapatid.

"At sinabi niya sa kaniya, Panginoon, nakatalaga akong sumama sa iyo sa bilangguan at sa kamatayan.

"At kaniyang sinabi, Sinasabi ko sa iyo, Pedro, na hindi titilaok ngayon ang manok, hanggang sa ikaila mong makaitlo na ako'y hindi mo nakikilala. . . .

"At isang alilang babae, na nakakakita sa kaniya samantalang siya'y nakaupo sa liwanag ng apoy, ay tinitigan siya, at sinabi, Ang taong ito ay kasama rin niya.

"Datapuwa't siya'y nagkaila, na nagsasabi, Babae, hindi ko siya nakikilala.

"At pagkaraan ng isang sangdali ay nakita siya ng iba, at sinabi, Ikaw man ay isa sa kanila. Datapuwa't sinabi ni Pedro, Lalake, ako'y hindi.

"At nang makaraan ang may isang oras, ay pinatotohanan ng iba pa, na nagsasabi, Sa katotohanan, ang taong ito'y kasama rin niya: sapagka't siya'y Galileo.

"Datapuwa't sinabi ni Pedro, Lalake, hindi ko nalalaman ang sinasabi mo. At pagdaka, samantalang siya'y nagsasalita pa, ay tumilaok ang manok.

"At lumingon ang Panginoon, at tinitigan si Pedro. At naalaala ni Pedro ang salita ng Panginoon, kung paanong sinabi niya sa kaniya, Bago tumilaok ang manok ngayon, ay ikakaila mo akong makaitlo.

"At [si Pedro ay] lumabas, at nanangis ng kapaitpaitan" (Lucas 22:31–34, 56–62).

Nalulungkot ako sa nangyaring iyon kay Pedro.

Ang talatang ito mula sa Doktrina at mga Tipan ay nagbigay ng lubos na pagpapala sa aking buhay: "Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos, kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (D at T 11:21).

Batay sa nalalaman ko, ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo ng katotohanan nang buong linaw at kapangyarihan. Halimbawa:

"At ngayon nais ko na kayo ay maging mapagpakumbaba, at maging masunurin at maamo; madaling pakiusapan; puspos ng tiyaga at mahabang pagtitiis; mahinahon sa lahat ng bagay; masikap na sumusunod sa mga kautusan ng Diyos sa lahat ng panahon; humihingi ng ano mang bagay na inyong kinakailangan, maging espirituwal at temporal; parating gumaganti ng pasasalamat sa Diyos para sa ano mang bagay na inyong tinatanggap.

"At tiyakin na kayo ay may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa-tao, at sa gayon kayo ay parating mananagana sa mabubuting gawa" (Alma 7:23–24).

At isa pa:

"At ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagtitiis nang matagal, at mabait, at hindi naiinggit, at hindi palalo, hindi naghahangad para sa kanyang sarili, hindi kaagad nagagalit, hindi nagiisip ng masama, at hindi nagagalak sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan, binabata ang lahat ng bagay, naniniwala sa lahat ng bagay, umaasa sa lahat ng bagay, nagtitiis sa lahat ng bagay.

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, kung wala kayong pag-ibig sa kapwa-tao, wala kayong kabuluhan, sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwatao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—

"Datapwat ang pag-ibig sa kapwatao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya.

"Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; upang kayo ay maging mga anak ng Diyos; na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat makikita natin siya bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa; upang tayo ay mapadalisay maging katulad niya na dalisay" (Moroni 7:45–48).


Ang mahal kong asawang si Jeanene, ay mahal na mahal ang Aklat ni Mormon. Noong tinedyer pa siya, naging pundasyon ito ng kanyang buhay. Ito ang pinagbatayan ng kanyang patotoo at pagtuturo noong siya ay fulltime missionary sa hilagang-kanluran ng Estados Unidos. Nang magmisyon kami sa Córdoba, Argentina, talagang hinikayat niya ang paggamit ng Aklat ni Mormon sa aming mga pagtuturo sa mga tao. Pinatunayan ni Jeanene noong bata pa siya na ang mga palagiang nagbabasa ng Aklat ni Mormon ay may dagdag na pagpapala ng Espiritu ng Panginoon, may mas matinding determinasyon na sundin ang Kanyang mga utos, at mas malakas na patotoo sa kabanalan ng Anak ng Diyos.[1] Hindi ko alam kung gaano karaming beses, na sa tuwing papatapos na ang taon, ay nakikita ko siyang tahimik na nakaupo, buong sikap na tinatapos muli ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon bago matapos ang taon.

Noong 1991 gusto kong magbigay ng espesyal na Pamasko sa aking pamilya. Itinala ko sa aking journal kung paano ko isinakatuparan ang hangaring iyon: "Alas-12:38 n.h., ngayon, Miyerkules, Disyembre 18, 1991. Katatapos ko lang ng audio recording ng Aklat ni Mormon para sa aking pamilya. Ito'y karanasan na nakaragdag sa aking patotoo sa banal na gawaing ito at nakapagpalakas sa hangarin kong maging mas pamilyar sa mga nilalaman nito at matutuhan ang mga katotohanan ng banal na kasulatan na magagamit ko sa paglilingkod sa Panginoon. Mahal ko ang aklat na ito. Pinatototohanan ko nang buong kaluluwa ko na ito ay totoo, na inihanda ito para pagpalain ang Sambahayan ni Israel, at ang lahat ng bahagi nito na nangakalat sa buong mundo. Lahat ng mag-aaral ng mensahe nito nang may pagpapakumbaba, nang may pananampalataya kay Jesucristo, ay malalaman ang katotohanan nito at makatatagpo ng kayamanan na aakay sa kanila sa mas matinding kaligayahan, kapayapaan, at tagumpay sa buhay na ito. Pinatototohanan ko nang buong kabanalan na ang aklat na ito ay totoo."

Nawa'y gamitin ng bawat isa sa atin ang masaganang pagpapalang nagmumula sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang aking dalangin, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Isang Patotoong Buhay na Buhay at Tapat," *Liahona,* Ago. 2005, 6.



**Ni Barbara Thompson**
Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Personal na Paghahayag at Patotoo

*Kung masigasig nating sinusunod ang mga utos at hihiling nang may pananampalataya, darating ang sagot sa pamamaraan ng Panginoon at sa panahon na Kanyang itinakda.*

Maraming taon na ang nakalilipas noong ako ay nasa kolehiyo, sa radyo ako nakikinig ng pangkalahatang kumperensya dahil walang telebisyon sa aming maliit na apartment. Kahanga-hanga ang mga tagapagsalita sa kumperensya, at lubos kong nadarama ang Espiritu Santo.

Natatandaan ko na noong magsalita ang isang General Authority tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang ministeryo at nagbahagi ng taimtim na patotoo, pinatunayan sa akin ng Espiritu Santo na totoo ang sinabi niya. Sa sandaling iyon wala akong alinlangan na buhay ang Tagapagligtas. Wala rin akong alinlangan na tumanggap ako ng personal na paghahayag na nagpatunay sa akin "na si Jesucristo ang Anak ng Diyos."[1]

Noong walong taon ako, nabinyagan at nakumpirma ako at natanggap ko ang kaloob na Espiritu Santo. Napakagandang pagpapala iyon noon ngunit lalo itong naging mahalaga sa akin nang lumaki na ako at magmula noon ay nadama sa maraming paraan ang kaloob ng Espiritu Santo.

Mula pagkabata hanggang pagtanda, karaniwang nakararanas tayo ng mga pagsubok at sitwasyong nagpapaunawa sa atin na kailangan natin ang tulong ng langit na dumarating sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sa pagdanas ng mga pagsubok maaaring itanong natin sa ating sarili, "Ano ang sagot sa problema ko?" at "Paano ko malalaman ang dapat gawin?"

Madalas kong naiisip ang tala sa Aklat ni Mormon tungkol sa pagtuturo ni Lehi ng ebanghelyo sa kanyang pamilya. Ibinahagi niya sa kanila ang maraming paghahayag at turo tungkol sa mga bagay na darating sa mga huling araw. Hiningi ni Nephi ang gabay ng Panginoon para ganap na maunawaan ang mga turo ng kanyang ama. Napasigla ang kanyang kaluluwa, at siya ay napagpala, at nabigyang-inspirasyon nang malaman niyang totoo ang mga itinuro ng kanyang ama. Dahil diyan sinunod na mabuti ni Nephi ang mga utos ng Panginoon at namuhay nang matwid. Tumanggap siya ng personal na paghahayag na gumabay sa kanya.

Sa kabilang banda, nagtatalu-talo naman ang kanyang mga kapatid dahil hindi nila naunawaan ang mga turo ng kanilang ama. Kaya itinanong ni Nephi ang napakahalagang bagay na ito: "Nagtanong ba kayo sa Panginoon?"[2]

Ang kanilang sagot ay mahina: "Hindi, sapagkat walang ipinaalam na gayong bagay ang Panginoon sa amin."[3]

Sinamantala ni Nephi ang pagkakataong iyon para maituro sa kanyang mga kapatid kung paano makatatanggap ng personal na paghahayag. Sabi niya: "Hindi ba ninyo natatandaan ang mga bagay na sinabi ng Panginoon?—Kung hindi ninyo patitigasin ang inyong mga puso, at magtatanong sa akin nang may pananampalataya, naniniwalang makatatanggap kayo, nang may pagsusumigasig sa pagsunod sa aking mga kautusan, tiyak na ipaaalam sa inyo ang mga bagay na ito."[4]

Ang paraan ng pagtanggap ng personal na paghahayag ay napakalinaw. Kailangan nating hangaring makatanggap ng paghahayag, huwag patigasin ang ating mga puso, at pagkatapos ay magtanong nang may pananampalataya, tunay na naniniwalang makatatanggap tayo ng sagot, at masigasig na sundin ang mga utos ng Diyos.

Ang pagsunod sa pamamaraang ito ay hindi nangangahulugang sa tuwing magtatanong tayo sa Diyos, kaagad na sasabihin sa atin ang bawat detalye ng dapat nating gawin. Gayunpaman, kung masigasig nating sinusunod ang mga utos at magtatanong nang may pananampalataya, darating ang sagot sa pamamaraan ng Panginoon at sa panahon na Kanyang itinakda.

Noong bata pa ako inakala ko na ang personal na paghahayag o sagot sa panalangin ay darating sa pamamagitan ng isang tinig. Ngunit totoong may mga paghahayag na talagang naririnig. Gayunman, nalaman kong nakikipag-usap ang Espiritu sa maraming paraan.

Ipinapaliwanag sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 6, ang ilang paraan na makatatanggap tayo ng paghahayag:

"Ikaw ay nagtanong sa akin, at masdan, sa tuwing magtatanong ka

ikaw ay makatatanggap ng tagubilin mula sa aking Espiritu."[5]

"Aking nilinaw ang iyong pag-iisip."[6]

"Hindi nga ba't ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito?"[7]

Marami pa tayong nalaman sa ibang mga banal na kasulatan tungkol sa pagtanggap ng paghahayag:

"Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso. Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag."[8]

"Aking papapangyarihin na ang iyong dibdib ay mag-alab, samakatwid, madarama mo na ito ay tama."[9]

"Ipagkakaloob ko sa iyo ang aking Espiritu, na siyang magbibigay-liwanag sa iyong isipan, na siyang magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan."[10]

Kadalasang dumarating ang personal na paghahayag kapag pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan, nakikinig at sumusunod sa payo ng mga propeta at iba pang mga lider ng Simbahan, at namumuhay nang matapat at matwid. Kung minsan dumarating ang inspirasyon mula sa isang talata ng banal na kasulatan o sa isang mensahe sa kumperensya. Marahil matatanggap ninyo ang sagot habang kumakanta ng magandang awitin ang mga bata sa Primary. Lahat ng ito ay mga uri ng paghahayag.

Sa mga unang taon ng Panunumbalik, maraming miyembro ang naghangad ng paghahayag at sila'y pinagpala at binigyang-inspirasyong malaman ang dapat gawin.

Inatasan si Sister Eliza R. Snow ni propetang Brigham Young na tumulong sa pagpapatatag at pagtuturo sa kababaihan ng Simbahan. Itinuro niya na bawat babae ay makatatanggap ng inspirasyong gagabay sa kanilang buhay, sa kanilang pamilya, at sa mga tungkulin nila sa Simbahan. Sabi niya: 'Sabihin sa kababaihan na humayo at gampanan ang kanilang tungkulin, nang mapagpakumbaba at tapat at ang Espiritu ng Diyos ay mapapasakanila at sila ay pagpapalain sa kanilang mga pagsisikap. Hikayatin silang maghangad ng karunungan sa halip na kapangyarihan at mapasasakanila ang lahat ng kapangyarihang magagamit nila nang tama.'"[11]



Itinuro ni Sister Snow sa mga kababaihan na hangaring magabayan ng Espiritu Santo. Sinabi niya na ang Espiritu Santo ay 'tinutugunan at pinupunan ang bawat inaasam ng puso, at ang bawat kahungkagan. Kapag ako'y napupuno ng Espiritung iyan, napapanatag ang aking kaluluwa.'"[12]

Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na ang "paghahayag at patotoo ay hindi laging dumarating nang biglaan. Para sa marami, ang patotoo ay dumarating nang dahan-dahan—o paisa-isa." Sinabi pa niya: "Masigasig nating hanapin ang liwanag ng inspirasyon para sa ating sarili. Magsumamo tayo sa Panginoon na pagkalooban ang ating isipan at kaluluwa ng pananampalataya nang sa gayon ay matanggap at makilala natin ang banal na pagmiministeryo ng Banal na Espiritu."[13]

Ang ating mga patotoo ay nagpapatatag at nagpapalakas sa atin sa pagharap sa mga hamon ng buhay. May mga taong may karamdaman, ang ilan ay may problema sa pinansyal; ang iba ay may suliranin sa kanilang asawa o mga anak; may mga nalulungkot o bigo sa mga inaasam at pinapangarap. Ang ating patotoo, na may kahalong pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at kaalaman sa plano ng kaligtasan, ang tumutulong sa atin na malampasan ang mga pagsubok at paghihirap.

Sa aklat na *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* mababasa natin ang tungkol kay Sister Hedwig Biereichel, na taga Germany na dumanas ng matinding dusa at hirap noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dahil likas na mapagmahal at mapagkawanggawa, binahagian niya ng kanyang pagkain ang isang gutom na bilanggo, kahit siya mismo ay naghihikahos. Kalaunan, nang tanungin siya kung paano niya nagawang "mapanatili ang kanyang patotoo sa kabila ng mga pagsubok," ang sagot niya'y, "Hindi ako ang nagpalakas sa aking patotoo sa panahong iyon—ang patotoo ang nagpalakas sa akin."[14]


Hindi ibig sabihin na dahil malakas na ang ating patotoo ay mananatili itong malakas. Kailangan natin itong pangalagaan at palakasin upang magkaroon ito ng sapat na kakayahan na palakasin tayo. Iyan ang isang dahilan kung bakit tayo "madalas na nagtitipun-tipon"—nang sa gayon ay makabahagi tayo ng sacrament, makapanibago ng ating mga tipan at "mapangalagaan ng mabuting salita ng Diyos." Ang mabuting salita ng Diyos ang "patuloy [na nagpapanatili sa atin] sa mataimtim na panalangin, umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo, na siyang may akda at tagatapos ng [ating] pananampalataya."[15]

Itinuro sa atin ni Elder David A. Bednar: "Sa inyong angkop na paghahangad at paggamit ng diwa ng paghahayag, nangangako ako na kayo ay 'magsisilakad sa liwanag ng Panginoon' (Isaias 2:5; 2 Nephi 12:5). Kung minsan ay dumarating ang diwa ng paghahayag nang mabilis at matindi, kung minsan naman ay di-kapansin-pansin at dahan-dahan, at kadalasan ay napakabanayad kaya hindi man lang ninyo ito mapapansin. Ngunit anuman ang paraan ng pagtanggap sa pagpapalang ito, ang liwanag na laan nito ay magliliwanag at palalakihin ang inyong kaluluwa, liliwanagin ang inyong pang-unawa (tingnan sa Alma 5:7; 32:28), at papatnubayan at poprotektahan kayo at ang inyong pamilya."[16]

Nais ng Panginoon na biyayaan tayo ng gabay, karunungan, at direksyon sa ating buhay. Nais Niyang ibuhos sa atin ang Kanyang Espiritu. Muli, para sa personal na paghahayag kailangan nating hangaring makatanggap nito, huwag patigasin ang ating puso, at pagkatapos ay magtanong nang may pananampalataya, tunay na naniniwalang makatatanggap tayo ng sagot, at masigasig na sundin ang mga utos ng Diyos. Sa gayon kapag humingi tayo ng sagot sa ating mga tanong, ipadarama Niya sa atin ang Kanyang Espiritu. Ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 46:13.
2. 1 Nephi 15:8.
3. 1 Nephi 15:9.
4. 1 Nephi 15:11; tingnan din sa talata 10.
5. Doktrina at mga Tipan 6:14.
6. Doktrina at mga Tipan 6:15.
7. Doktrina at mga Tipan 6:23.
8. Doktrina at mga Tipan 8:2–3.
9. Doktrina at mga Tipan 9:8.
10. Doktrina at mga Tipan 11:13.
11. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 54.
12. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 56.
13. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Inyong Potensiyal, Ang Inyong Pribilehiyo," *Liahona,* Mayo 2011, 60.
14. Tingnan sa *Mga Anak ng Babae sa Aking Kaharian,* 94.
15. Moroni 6:4–6.
16. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," *Liahona,* Mayo 2011, 90.



**Ni Elder L. Whitney Clayton**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Ang Panahon ay Darating

*Kasama ninyo akong namamangha habang ang gawaing ito ay mahimalang sumusulong, nang kagila-gilalas at kahanga-hanga.*

Ilang buwan akong naglingkod bilang misyonero sa sentrong bahagi ng Lima, Peru. Dahil diyan, maraming beses kong nadaanan ang Plaza de Armas ng Lima. Ang Government Palace, na siyang opisyal na tahanan at opisina ng pangulo ng Peru, ay nasa harapan ng plaza. Inanyayahan namin ng kompanyon ko ang mga tao sa plaza na makinig sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Madalas kong maisip noon kung ano ang pakiramdam ng makapasok sa palasyo, pero ang balak na magawa iyon ay tila malabong mangyari.

Noong nakaraang taon, nakipagpulong kami nina Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawa kay Alan García, na noon ay pangulo ng Peru, sa Government Palace. Ipinakita sa amin ang magagandang silid at magiliw kaming tinanggap ni Pangulong García. Ang pangarap kong makapasok sa palasyo noong misyonero pa ako ay natupad sa paraang hindi ko inisip na mangyayari noong 1970.

Marami nang pagbabago sa Peru mula nang magmisyon ako, lalo na sa Simbahan. Noon ay mga 11,000 ang mga miyembro ng Simbahan at isa lamang ang stake. Ngayon, mayroon nang mahigit 500,000 miyembro at halos 100 stake. Sa mga bayang kaunti lamang noon ang mga nagtitipong miyembro, aktibong stake at magagandang meetinghouse na ang makikita ngayon doon. Ganito rin ang nangyayari sa maraming bansa sa buong mundo.

Ang pambihirang paglago ng Simbahan ay karapat-dapat bigyan ng paliwanag. Magsimula tayo sa isang propesiya sa Lumang Tipan.

Si Daniel ay isang aliping Hebreo sa Babilonia. Binigyan siya ng pagkakataon na bigyang-pakahulugan ang panaginip ni Haring Nabucodonosor. Hiniling ni Daniel sa Diyos na ihayag sa kanya ang panaginip at ang kahulugan nito, at sinagot ang kanyang panalangin. Sinabi niya kay Nabucodonosor, "May isang Dios sa langit na naghahayag ng lihim, at siyang nagpapaaninaw sa haring Nabucudonosor kung ano ang mangyayari sa mga huling araw. . . . Ang pangitain ng iyong ulo sa iyong higaan ay ang mga ito." Sinabi ni Daniel na nakakita ang hari ng isang kakila-kilabot na larawan ng tao na may ulo, katawan, mga bisig,

binti, at paa. May natibag na isang bato hindi ng mga kamay at dahan-dahang gumulong habang papalaki nang papalaki. Tumama ang bato sa larawang anyong tao at nagkaputul-putol ito, "at ang bato na tumama sa larawan ay naging malaking bundok, at pinuno ang buong lupa."

Ipinaliwanag ni Daniel na ang larawan ay kumakatawan sa mga kaharian ang politikal sa hinaharap at "sa mga kaarawan ng [magiging] mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man: . . . kundi kanyang pagpuputol-putulin" ang mga kahariang ito at lilipulin. "At yao'y lalagi magpakailan man."[1]

Dumako naman tayo sa panahon ngayon. Si anghel Moroni ay unang nagpakita kay Joseph Smith noong 1823 at sinabi sa kanya "na ang Diyos ay may gawaing ipagagawa [sa kanya]; at ang [kanyang] pangalan ay makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, lahi, at wika."[2] Ang mensahe ni Moroni ay tiyak na ikinagulat ni Joseph, na noo'y 17 taong gulang pa lamang.

Noong 1831 sinabi ng Panginoon kay Joseph na ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay muling "ipinagkatiwala sa mga tao sa mundo." Sinabi Niya na "ang ebanghelyo ay lalaganap hanggang sa mga dulo ng mundo, gaya ng batong tinibag mula sa bundok, hindi ng mga kamay . . . hanggang sa mapuno nito ang buong mundo,"[3] tulad ng sinabi ni Daniel kay Nabucudonosor.

Noong 1898, ikinuwentong muli ni Pangulong Wilford Woodruff ang kanyang karanasan bilang bagong miyembro noong 1834 habang nasa isang pulong ng priesthood malapit sa Kirtland. Ikinuwento niya: "Nanawagan ang Propeta sa lahat ng maytaglay ng Pagkasaserdote na magtipon sa munting paaralang yari sa kahoy na naroon. Maliit na bahay lang ito, marahil ay mga 14 na piye [4.3 m] kuwadrado. . . . Nang magkasama-sama kami, nanawagan ang Propeta sa mga Elder ng Israel . . . na magpatotoo sa gawaing ito. . . . Nang matapos sila ay sinabi ng Propeta,



'Mga kapatid lubos akong napatibay at naturuan ng mga patotoo ninyo ngayong gabi, ngunit nais kong sabihin sa inyo sa harapan ng Panginoon, na hinggil sa kahihinatnan ng Simbahang ito [at kaharian], hindi nakahihigit ang nalalaman ninyo sa isang sanggol sa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo nauunawaan ito. . . . Kakaunti lang ang nakikita ninyong Pagkasaserdote ngayong gabi, subalit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang daigdig.' "[4]

Ang mga propesiyang ito na:

- ang kaharian ng Diyos tulad ng batong natibag mula sa bundok ay lalaganap sa buong mundo;
- ang pangalan ni Joseph Smith ay makikilala sa buong mundo; at
- ang Simbahan ay lalaganap sa lupain ng Amerika at sa buong mundo

ay maaaring katawa-tawa noong nakalipas na 170 taon. Ang maliit na grupo ng mga miyembro na bumubuo ng Simbahan, na nabubuhay sa kakarampot na kita sa Amerika at nagpalipat-lipat upang umiwas sa pag-uusig, ay mukhang hindi ang saligan ng pananampalataya na makatatawid sa bawat hangganan at tatagos sa puso ng kalalakihan at kababaihan saan mang dako.

Subalit ito mismo ang nangyari. Bibigyan ko kayo ng isang halimbawa.

Araw ng Pasko noong 1925, sa Buenos Aires, Argentina, inilaan ni Elder Melvin J. Ballard ang buong kontinente ng South America para sa pangangaral ng ebanghelyo. Pagsapit ng Agosto 1926 may ilan nang nabinyagan. Sila ang unang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na nabinyagan sa buong South America. Iyan ay noong nakalipas na 85 taon, edad na inabot ng marami sa inyong nakikinig sa kumperensya ngayon.

May 23 stake ng Sion sa Buenos Aires ngayon, na may dose-dosenang stake at libu-libong miyembro ng Simbahan sa mga siyudad at bayan sa iba't ibang panig ng Argentina. Ngayon ay may mahigit 600 stake at ilang milyong miyembro ng Simbahan sa buong South America. Habang nakamasid tayo, ang kaharian ng Diyos ay lumalaganap sa kontinente, at ang

***Montevideo, Uruguay***



pangalan ni Joseph Smith ay naihahayag natin at ng mga naninira sa kanya sa mga bansang hindi man lamang niya marahil narinig noong nabubuhay pa siya.

Halos may 3,000 stake na sa buong Simbahan ngayon, mula Boston hanggang Bangkok at mula Mexico City hanggang Moscow. Malapit nang umabot sa 29,000 ang mga ward at branch natin. Sa maraming bansa ay may matatatag nang stake, na ang mga miyembro ay may mga ninuno na nabinyagan noon. Sa ibang mga lugar, nagtitipon ang maliliit na grupo ng mga bagong miyembro bilang maliliit na branch ng Simbahan sa mga paupahang bahay. Taun-taon lalo pang lumalaganap ang Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo.

Katawa-tawa ba ang mga propesiyang ito tungkol sa paglaganap sa mundo at pagiging kilala sa buong mundo? Siguro. Hindi mangyayari? Walang alinlangang mangyayari. Imposible? Hinding-hindi. Nakikita na natin itong nangyayari.

Napansin ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Noo'y sinasabi na hindi lumulubog ang araw sa British Empire. Ang kahariang ito ngayon ay lumiit. Ngunit totoong hindi lumulubog ang araw sa gawaing ito ng Panginoon dahil naiimpluwensyahan nito ang buhay ng mga tao sa buong mundo.

"At simula pa lamang ito. Kakaunti pa lang ang nagagawa natin. . . . Walang hangganan ang gawaing ito. . . . Ang mga bansang sarado sa atin ay mabubuksan balang-araw."[5]

Ngayon nakikita natin na ang katuparan ng propesiya sa Aklat ni Mormon ay nalalapit na:

"At . . . ito ay mangyayari na ang mga hari ay magtitikom ng kanilang mga bibig; sapagkat yaong hindi sinabi sa kanila ay makikita nila; at yaong hindi nila kailanman naririnig ay isasaalang-alang nila.

"Sapagkat sa araw na yaon, para sa aking kapakanan ang Ama ay gagawa ng isang gawain, na magiging dakila at kagila-gilalas na gawa sa kanila."[6]

Ang gawaing ito ng Panginoon ay tunay na dakila at kagila-gilalas, subalit ito'y sumusulong na hindi napapansin ng maraming lider sa pulitika, kultura, at akademiya. Pinauunlad nito ang bawat tao at bawat pamilya, nang tahimik at di sapilitan, ang banal na mensahe nito ay nagpapala sa mga tao saan mang dako.

Isang talata sa Aklat ni Mormon ang nagbibigay ng susi sa mahimalang paglago ng Simbahan ngayon: "At bukod dito, sinasabi ko sa inyo, na ang panahon ay darating na ang kaalaman ng Tagapagligtas ay kakalat sa bawat bansa, lahi, wika, at tao."[7]

Tayo ay binigyan ng karapatan ng Diyos at inatasang dalhin saan mang dako ang pinakamahalaga nating mensahe, na mayroong Tagapagligtas. Nabuhay Siya sa kalagitnaan ng panahon. Nagbayad-sala Siya sa ating mga kasalanan, ipinako sa krus, at nabuhay na mag-uli. Ang walang kapantay na mensaheng iyan, na inihahayag natin nang may karapatan mula sa Diyos, ang tunay na dahilan kung bakit ganito ang paglago ng Simbahang ito.

Pinatototohanan ko na Siya ay nagpakita kasama ang Kanyang Ama kay Joseph Smith. Sa pamamahala ng Ama, itinatag Niyang muli ang Kanyang ebanghelyo sa lupa. Muli Siyang nagpadala ng mga apostol, propeta, at mga susi ng priesthood sa lupa. Pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng buhay na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson. Ang Kanyang Simbahan ay ang batong natibag sa bundok hindi ng mga kamay na lumalaganap sa buong mundo.


Nagpapasalamat tayo kay Joseph Smith, at namamangha tayong nakamasid habang ang kanyang pangalan ay pinagpipitaganan at, oo, kinukutya pa ngang lalo sa buong mundo. Ngunit lubos nating alam na ang dakilang gawaing ito sa huling araw ay hindi tungkol sa kanya. Ito ang gawain ng Makapangyarihang Diyos at ng Kanyang Anak, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas, at kasama ninyo akong namamangha habang ang gawaing ito ay mahimalang sumusulong, nang kagila-gilalas at kahanga-hanga. Tunay nga na "d[um]ating na ang panahon na ang kaalaman ng isang Tagapagligtas . . . ay k[um]akalat sa bawat bansa, lahi, wika at tao." Siya ay aking pinatototohanan, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, at ng gawaing ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



***Salvador, Brazil***

**MGA TALA**

1. Daniel 2:28, 35, 44; tingnan din sa mga talata 1–45.
2. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33.
3. Doktrina at mga Tipan 65:2.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2004), 27–28.
5. Gordon B. Hinckley, "Ang Kalagayan ng Simbahan," *Liahona,* Nob. 2003, 7.
6. 3 Nephi 21:8–9.
7. Mosias 3:20.



**Ni Elder José L. Alonso**
Ng Pitumpu

# Ginagawa ang Tama sa Tamang Panahon, nang Walang Pagpapaliban

*Ang Tagapagligtas . . . ay nagbigay sa atin ng isang dakilang halimbawa na hindi dapat ipagpaliban ang pagtulong sa mga nagdurusa at nagdadalamhati.*

Sa panahong ito maraming tao ang nabubuhay sa kalungkutan at matinding pagkalito. Wala silang mahanap na sagot sa kanilang mga tanong at hindi natutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Sa ilan ay nawala ang kahulugan ng kaligayahan at kagalakan. Ipinahayag ng mga propeta na ang tunay na kaligayahan ay matatagpuan sa pagsunod sa halimbawa at mga turo ni Cristo. Siya ang ating Tagapagligtas, Siya ang ating Guro, at Siya ang perpektong Halimbawa.

Ang Kanyang buhay ay puno ng paglilingkod. Kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa, tinutulungan natin ang mga nangangailangan. Dahil dito, maaari tayong makahanap ng lunas sa ating mga paghihirap. Sa pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, ipinakikita nating mahal natin ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at tayo'y higit na natutulad sa Kanila.

Binanggit ni Haring Benjamin ang kahalagahan ng paglilingkod, na sinasabing kapag tayo'y "nasa paglilingkod ng [ating] kapwa-tao [tayo] ay nasa paglilingkod lamang ng [ating] Diyos."[1] Bawat isa ay may mga pagkakataong maglingkod at magmahal.

Hiniling ni Pangulong Thomas S. Monson sa atin na "saklolohan" at paglingkuran ang iba. Sabi niya: "Matutuklasan natin na sila na ating pinaglilingkuran, na nadama sa pamamagitan ng ating paggawa ang impluwensiya ng pagmamahal ng Tagapagligtas, ay hindi makakayang maipaliwanag ang pagbabago na dumarating sa kanilang buhay. May paghahangad na makapaglingkod nang tapat, lumakad nang may kapakumbabaan, at mamuhay nang tulad ng Tagapagligtas. Sa pagtanggap ng kanilang espirituwal na paningin, at pagsulyap sa mga pangako ng kawalang-hanggan, ay pinaaalingawngaw nila ang mga salita ng lalaking bulag na pinagaling ni Jesus, na nagsabing, 'Isang bagay ang nalalaman ko, na, bagaman ako'y naging bulag, ngayo'y nakakakita ako.'"[2]

Bawat araw may pagkakataon tayong tumulong at maglingkod—ginagawa ang tama, sa tamang panahon, nang walang pagpapaliban. Isipin ang maraming taong nahihirapang makahanap ng trabaho o yaong maysakit, nalulungkot, na iniisip na nawala na sa kanila ang lahat. Ano ang magagawa ninyo para makatulong? Kunwari'y isang kapitbahay, na nasiraan ng sasakyan sa gitna ng ulan, ang humingi sa inyo ng tulong. Ano ang tamang gawin para sa kanya? Kailan ang tamang oras para gawin ito?

Naaalala ko nang minsang magpunta ang aming pamilya sa downtown Mexico City para bilhan ng damit ang dalawa naming anak. Napakabata pa nila noon. Ang panganay ay halos dalawang taon pa lamang, at ang bunso ay isang taong gulang. Puno ng mga tao ang kalye. Habang namimili kami, na akay-akay ang aming mga anak, sandali kaming tumigil para tingnan ang isang bagay, at hindi namin namalayang nawala na pala ang aming panganay na anak! Hindi namin alam kung paano nangyari, pero hindi na namin siya kasama. Hindi na kami nagsayang pa ng oras, mabilis namin siyang hinanap. Naghanap kami at tinawag siya, na labis ang dalamhati dahil baka mawala na siya sa amin nang tuluyan. Sa aming isipan ay sumasamo kami sa Ama sa Langit na tulungan kami na makita siya.

Ilang sandali pa ay natagpuan namin siya. Naroon siya, walang-muwang na nakatingin sa mga laruan sa bintana ng isang tindahan. Niyakap at hinalikan namin siya, at nangako kaming babantayang mabuti ang aming mga anak para hindi na sila mawalay sa amin. Nalaman namin na sa pagsaklolo sa aming anak, hindi namin kailangang magmiting at magplano. Basta kumilos kami, para hanapin ang nawalang anak. Nalaman

din namin na ni hindi alam ng aming anak na nawawala na pala siya.

Mga kapatid, maaaring napakaraming tao, na sa kung anong dahilan, ay hindi na natin makita at hindi nila alam na nawawala na pala sila. Kung ipagpapaliban natin ang pagkilos, baka habang panahon na silang mawala sa atin.

Para sa marami na nangangailangan ng ating tulong, hindi kailangang lumikha ng mga bagong programa o gumawa ng hakbang na kumplikado at magastos. Ang kailangan lamang nila ay ang ating determinasyon na maglingkod—na gawin ang tama sa tamang panahon, nang walang pagpapaliban.

Nang magpakita ang Tagapagligtas sa mga tao sa Aklat ni Mormon, ibinigay Niya sa atin ang isang dakilang halimbawa na hindi dapat ipagpaliban ang pagtulong sa mga nagdurusa at nagdadalamhati. Nang maturuan Niya ang mga tao, nakita Niya na hindi nila kayang unawain ang lahat ng Kanyang mga sinabi. Hinikayat Niya silang umuwi sa kanilang mga tahanan at pag-isipang mabuti ang mga bagay na sinabi Niya sa kanila. Sinabi Niya sa kanila na manalangin sa Ama at ihanda ang kanilang sarili na bumalik kinabukasan, pagbalik Niya para turuan sila.[3]

Sa Kanyang pagtatapos, minasdan Niya ang mga tao at nakitang tumatangis sila, dahil nais nilang lumagi pa Siya sa piling nila.

"At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahahabag sa inyo.

"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa."[4]

At dinala nila sa Kanya ang kanilang mga maysakit, at pinagaling Niya ang mga ito. Ang mga tao ay yumukod sa Kanyang paanan at sinamba Siya at humalik sa Kanyang mga paa,



"kung kaya nga't napaliguan nila ng kanilang mga luha ang kanyang mga paa." At iniutos Niya na ang kanilang maliliit na anak ay ilapit, at binasbasan Niya ang bawat isa sa kanila.[5] Iyan ang halimbawang ibinigay sa atin ng Tagapagligtas. Mahal Niya tayong lahat, at hindi Niya kailanman nalilimutan ang kahit sino.

Alam ko na ang ating Ama sa Langit ay mapagmahal, maunawain, at matiyaga. Ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, ay nagmamahal din sa atin. Tinutulungan Nila tayo sa pamamagitan ng Kanilang mga propeta. Natutuhan ko na may sapat na kaligtasan sa pagsunod sa mga propeta. "Ang pagsaklolo" ay patuloy pa rin. Sinabi ni Pangulong Monson: "Inaasahan ng Panginoon na tayo'y mag-iisip. Inaasahan Niya na tayo'y kikilos. Inaasahan Niya na tayo'y gagawa. Inaasahan Niya ang ating mga patotoo. Inaasahan Niya ang ating pananalig."[6]

Tayo ay may responsibilidad at malaking oportunidad. Kailangang madama muli ng marami ang matamis na kaligayahan at kagalakan sa pagiging aktibo sa Simbahan. Ang kaligayahang iyan ay nagmumula sa pagtanggap ng mga ordenansa, paggawa ng mga sagradong tipan, at pagtupad sa mga ito. Kailangan tayo ng Panginoon para matulungan sila. Gawin natin ang tama sa tamang panahon, nang walang pagpapaliban.

Pinatototohanan ko na ang Diyos ay buhay at Siya ang ating Ama. Si Jesucristo ay buhay at ibinigay ang Kanyang buhay upang makabalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit. Alam ko na Siya ang ating Tagapagligtas. Alam ko na ang Kanilang walang-katapusang kabaitan ay patuloy na ipinakikita. Pinatototohanan ko na si Pangulong Thomas S. Monson ay Kanilang propeta at ito lamang ang totoong Simbahan sa balat ng lupa. Alam ko na si Propetang Joseph Smith ang propeta ng Panunumbalik. Pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ang salita ng Diyos. Ito ang ating gabay at halimbawang dapat sundin upang higit na maging katulad ng Diyos at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak. Sinasabi ko ito sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mosias 2:17.
2. Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," *Liahona,* Hulyo 2001, 57, 58.
3. Tingnan sa 3 Nephi 17:1–3.
4. 3 Nephi 17:6–7; tingnan din sa talata 5.
5. Tingnan sa 3 Nephi 17:9–12, 21.
6. Thomas S. Monson, *Liahona,* Hulyo 2001, 58.



**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Payo sa Kabataan

*Sa kabila ng oposisyon, mga pagsubok, at tukso, hindi kayo dapat mabigo o matakot.*

Magsasalita ako nang mas personal sa mga kabataan kaysa karaniwang ginagawa ko, na inihahambing ang panahon ng aking kabataan sa inyo.

Hindi masusukat ang kahalagahan ninyo. Nakita ko kayo sa maraming bansa at sa bawat kontinente. Mas mahusay kayo kaysa sa amin noong kabataan namin. Mas marami kayong alam tungkol sa ebanghelyo. Kayo ay mas husto ang pag-iisip at mas tapat.

Ako ay 87 taong gulang na. Maaaring isipin ninyo kung ano ba ang maitutulong ko sa inyong buhay sa edad kong ito. Naging tulad din ninyo ako at alam ko kung saan kayo patungo. Ngunit wala pa kayo sa kinaroroonan ko. Magbabanggit ako ng ilang taludtod ng klasikong tula:

*Matandang uwak ay mahina na.*
*Batang uwak ay masigla pa.*
*Ang hindi batid ng batang uwak*
*Alam ng matandang uwak.*

*Sa karunungan, matandang uwak*
*Ay nakahihigit sa batang uwak.*
*Ano ang hindi alam ng matandang uwak?*
*—Kung paano lumipad nang mabilis.*

*Batang uwak lumipad paitaas, paibaba,*
*At paikot sa mabagal at matandang uwak.*
*Ano ang hindi alam ng maliksing uwak?*
*—Kung saan siya patutungo.*[1]

Bagamat hindi ito likha ni Wordsworth, ito ay isang klasikong tula!

Sa lahat ng nangyayari sa mundo, kasama ang pagbaba ng mga pamantayang moral, kayong mga kabataan ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway.

Nalaman natin mula sa mga banal na kasulatan na nagkaroon ng digmaan sa langit at na si Lucifer ay naghimagsik at, kasama ang kanyang mga alagad ay, "inihagis sa lupa."[2] Determinado siyang sirain ang plano ng ating Ama sa Langit at hangad na kontrolin ang isipan at kilos ng lahat ng tao. Ang impluwensyang ito ay nakaaapekto sa espirituwal, at siya "ay nagtungo sa lupa."[3]

Ngunit sa kabila ng oposisyon, mga pagsubok, at tukso, hindi kayo dapat mabigo o matakot.

Noong ako ay 17 taong gulang, na matatapos na ng hayskul bilang karaniwang estudyante na may ilang kahinaan, na siyang akala ko, biglang nagbago ang aming buhay isang umaga ng Linggo. Nang sumunod na araw tinawag kami sa high school auditorium. Naroon sa entablado ang isang upuan at maliit na radyo. Binuksan ng prinsipal ang radyo. Narinig namin doon ang tinig ni Pangulong Franklin Delano Roosevelt habang ibinabalita niya na binomba ang Pearl Harbor. Ang Estados Unidos ay nakikipagdigmaan sa Japan.

Kalaunan naulit ang tagpong iyon. Narinig muli ang tinig ni Pangulong Roosevelt at sa pagkakataong ito ibinabalita niya na ang aming bansa ay nakikipagdigmaan sa Germany. Sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa iba't ibang panig ng mundo.

Bigla na lamang nawalan ng katiyakan ang aming bukas. Hindi namin alam ang mangyayari sa hinaharap. Makakapag-asawa pa ba kami at magkakaroon ng pamilya?

Ngayon may "mga digmaan at alingawngaw ng digmaan, at ang buong mundo ay [n]agkakagulo."[4] Kayo na aming kabataan ay maaaring mawalan ng katiyakan at kapanatagan sa inyong buhay. Nais ko kayong payuhan at turuan at bigyan ng babala tungkol sa ilang bagay na dapat gawin at hindi dapat gawin.

Ang plano ng ebanghelyo ay "dakilang plano ng kaligayahan."[5] Ang pamilya ang sentro ng planong iyan. Ang pamilya ay nakabatay sa marapat na paggamit ng kapangyarihang iyon na lumikha ng buhay na nasa inyong katawan.

Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," na isang binigyang-inspirasyong pahayag mula sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, nalaman natin na sa buhay bago tayo isinilang na "lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana. Ang kasarian ay mahalagang katangian [at itinatag sa buhay na iyon bago pa ang buhay sa mundo]. . . .

". . . Ipinapahayag din namin na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas."[6]

Ang malaking kaparusahang ipinataw ni Lucifer at ng kanyang mga alagad sa kanilang sarili ay ang hindi nila pagkakaroon ng katawang mortal.

Ang maraming tuksong nakakaharap ninyo, na pinakamatindi, ay may kaugnayan sa inyong katawan. Hindi lamang kayo may kapangyarihang lumikha ng katawan para sa bagong henerasyon, kundi may kalayaan din kayo.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Lahat ng nilalang na may katawan ay higit ang lakas kaysa mga yaong wala nito."[7] Kaya't ang lahat ng kaluluwang nagkaroon ng pisikal na katawan ay may kapangyarihan sa huli laban sa kaaway. Dumaranas kayo ng mga tukso dahil sa likas na pagkatao ninyo, ngunit may kapangyarihan din kayo laban sa kanya at sa kanyang mga alagad.

Nang makatapos kami ng hayskul, marami sa aming mga kaklase ang nagtungo sa digmaan, ilan sa kanila ay hindi na nakauwi. Ang natira sa amin ay pumasok sa military kalaunan. Hindi namin alam ang magiging bukas namin. Makakaligtas kaya kami sa digmaan? May madaratnan pa kaya kami sa dating kinamulatan namin?

Dahil tiyak kong tatawagin din ako sa military, umanib ako sa hukbong panghimpapawid. Di-nagtagal nasa Santa Ana, California, na ako para sa preflight training.

Hindi pa matibay ang patotoo ko noon na totoo ang ebanghelyo, ngunit alam kong alam ng mga guro ko sa seminary na sina Abel S. Rich at John P. Lillywhite, na ito ay totoo. Narinig ko silang nagpatotoo, at naniwala ako sa kanila. Sinabi ko sa aking sarili, "Mananangan ako sa kanilang mga patotoo hanggang sa magkaroon ako ng sarili kong patotoo." At iyon nga ang ginawa ko.

Narinig ko ang tungkol sa patriarchal blessings ngunit hindi pa ako nakakatanggap nito. Sa bawat stake ay may isang inorden na patriyarka na may diwa ng propesiya at paghahayag. Siya ay awtorisadong magbigay ng basbas na para lamang sa taong inirekomenda ng kanilang mga bishop. Sumulat ako sa aking bishop para sa rekomendasyon.



Si J. Roland Sandstrom ay isang inorden na patriyarka na naninirahan sa sakop ng Santa Ana stake. Wala siyang alam tungkol sa akin at hindi pa niya ako nakita noon, ngunit binasbasan niya ako. Nakakita ako rito ng mga sagot at tagubilin.

Bagama't ang patriarchal blessing ay pansarili lamang, magbabahagi ako nang kaunti mula sa patriarchal blessing ko: "Ikaw ay gagabayan sa pamamagitan ng mga bulong ng Banal na Espiritu at babalaan ka sa mga panganib. Kung pakikinggan mo ang mga babalang iyon, pagpapalain ka ng ating Ama sa Langit upang muli mong makasama ang iyong mga mahal sa buhay."[8]

Bagamat ang salitang *kung,* ay maliit lamang, tila sinakop nito ang buong papel. Ako ay pagpapalaing makauwi mula sa digmaan *kung* susundin ko ang mga utos at *kung* pakikinggan ko ang mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Bagama't naibigay ang kaloob na iyan sa akin noong ako'y binyagan, hindi ko pa alam kung ano ang Espiritu Santo o paano ito nanghihikayat.

Ang kailangan kong malaman tungkol sa mga panghihikayat ay natagpuan ko sa Aklat ni Mormon. Nabasa ko na "ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; anupa't, nangungusap sila ng mga salita ni Cristo. Samakatwid, . . . magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."[9]

Marahil ang pinakamagandang natutuhan ko sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay na ang tinig ng Espiritu ay *nararamdaman* sa halip na naririnig. Matututuhan ninyo, tulad ng natutuhan ko, na "makinig" sa tinig na iyan na *nadarama* sa halip na *naririnig.*

Pinagsabihan ni Nephi ang kanyang mga nakatatandang kapatid na sinasabing, "Nakakita kayo ng isang anghel, at nangusap siya sa inyo; oo, manaka-naka ay narinig ninyo ang kanyang tinig; at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay *manhid,* kung kaya't hindi ninyo *madama* ang kanyang mga salita."[10]

Ilang kritiko ang nagsabi na mali ang mga talatang ito dahil *naririnig* ang mga salita; hindi ninyo *nadarama* ang mga ito. Ngunit kung may nalalaman kayo tungkol sa espirituwal na pakikipag-ugnayan, alam ninyo na ang pinakamagandang salita para ilarawan ang nangyayari ay ang salitang *nadarama.*

Ang kaloob na Espiritu Santo, kung tutulutan ninyo, ay gagabay at poprotekta sa inyo, at iwawasto rin ang inyong mga ginagawa. Ito ay isang espirituwal na tinig na dumarating sa isipan bilang kaisipan o damdamin sa inyong puso. Sinabi ng propetang si Enos, "Ang tinig ng Panginoon ay sumaisip ko."[11] At sinabi ng Panginoon kay Oliver Cowdery, "Masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo."[12]

Hindi inaasahang hindi kayo magkakamali sa buhay, ngunit hindi kayo makagagawa ng malaking kasalanan nang hindi muna nababalaan ng mga paramdam ng Espiritu. Ang pangakong ito ay para sa lahat ng miyembro ng Simbahan.



Ang ilan ay magkakasala nang mabigat, lalabag sa mga batas ng ebanghelyo. Ito ang panahon upang alalahanin ninyo ang Pagbabayad-sala, pagsisisi, at lubos na kapatawaran upang kayo ay maging dalisay muli. Sinabi ng Panginoon, "Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito."[13]

Kung mabibihag kayo ng kaaway dahil nagkasala kayo, ipinapaalala ko sa inyo na nasa inyo ang susi upang mabuksan sa loob ang pinto ng bilangguan. Kayo ay mahuhugasang malinis sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

Maaaring minsan ay naiisip ninyo na hindi kayo karapat-dapat iligtas dahil nagkasala kayo, malaki man o maliit, at inaakala ninyong naligaw na kayo ng landas. Hindi iyan totoo *kailanman*! Tanging sa pagsisisi mapapagaling ang mga dinaramdam natin. At *maaaring* mapagaling ng pagsisisi ang mga dinaramdam natin, anuman iyon.

Kung nakagawa kayo ng mga bagay na hindi ninyo dapat ginawa, o kung nakikisama kayo sa mga taong humihila sa inyo sa maling direksyon, panahon na para gamitin ang inyong kalayaang pumili. Makinig sa tinig ng Espiritu, at hindi kayo maliligaw ng landas.

Inuulit ko na ang mga kabataan ngayon ay lumalaki sa teritoryo ng kaaway na may pababang pamantayan sa moralidad. Ngunit bilang lingkod ng Panginoon, ipinapangako ko na kayo ay poprotektahan at ipagsasanggalang sa pagsalakay ng kaaway *kung* pakikinggan ninyo ang mga panghihikayat ng Banal na Espiritu.

Manamit nang disente; mapitagang mangusap; makinig sa nagbibigay-inspirasyong musika. Iwasan ang lahat ng imoralidad at gawaing nakasisira ng dignidad. Disiplinahin ang inyong buhay at utusan ang sarili na maging matapat. Dahil labis kaming umaasa sa inyo, kayo ay lubos na pagpapalain. Lagi kayong binabantayan ng inyong mapagmahal na Ama sa Langit.

***Leicester, England***



Ang lakas ng aking patotoo ay nagbago magmula noong madama ko na kailangan kong manangan sa mga patotoo ng mga guro ko sa seminary. Ngayon nakatangan ako sa iba kapag naglalakad ako dahil sa katandaan at polyo na nakuha ko noong bata pa ako ngunit hindi dahil sa pag-aalinlangan hinggil sa mga bagay na espirituwal. Naniwala ako, naunawaan ko, at nalaman ang mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo at ang tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Bilang isa Kanyang mga natatanging saksi, pinatototohanan ko na ang kahihinatnan ng digmaang ito na nagsimula sa premortal na buhay ay di-mapag-aalinlanganan. Madadaig si Lucifer.

Pinag-usapan natin kanina ang tungkol sa mga uwak. Kayong mga batang uwak ay hindi kailangang lumipad nang lumipad nang paroo't parito, na di-tiyak ang pupuntahan. May mga taong nakaaalam ng daan. "Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta."[14] Inorganisa ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa alituntunin ng mga susi ng priesthood at kapulungan.

Namumuno sa Simbahan ang 15 kalalakihan na sinang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Ang bawat miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ay nagtataglay ng lahat ng susi ng priesthood na kailangan para pangasiwaan ang Simbahan. Ang senior na Apostol ay ang propeta at Pangulong Thomas S. Monson, na tanging tao na may awtoridad na gamitin ang lahat ng susing iyon.

Iniutos sa mga banal na kasulatan na dapat kumilos ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa bilang mga kapulungan at ang mga desisyon ng kapulungang iyon ay dapat iisa. At iyan nga ang nangyayari. Nagtitiwala kami na gagabayan kami ng Panginoon at ang hangad lamang namin ay gawin ang Kanyang kalooban. Alam naming lubos Siyang nagtitiwala sa amin, sa

bawat isa at sa kabuuan.


Dapat kayong matutong "tumiwala sa Panginoon ng buong puso [ninyo], at huwag [kayong] manalig sa [inyong] sariling kaunawaan."[15] Dapat mapagkakatiwalaan kayo, at dapat makipagkaibigan sa mga taong ganito rin ang hangarin.

Kung minsan maaaring matukso kayo tulad ko noong kabataan ko na isiping: "Magwawakas na ang mundo dahil sa takbo ng mga pangyayari sa paligid. Darating na ang katapusan ng daigdig bago ko pa maisakatuparan ang dapat kong gawin." Hindi ito tama! Makakaasa kayo na magagawa ninyo ang tama—magpapakasal, magkakaroon ng pamilya, makikita ang inyong mga anak at apo, at marahil kahit ang mga apo-sa-tuhod.

Kung susundin ninyo ang mga alituntuning ito, kayo ay pangangalagaan at poprotektahan at malalaman ninyo mismo sa pamamagitan ng panghihikayat ng Espiritu Santo kung saan kayo pupunta, sapagkat "sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay."[16] Ipinapangako kong mangyayari ito at idinadalangin ko na mapasainyo ang mga pagpapala ng Panginoon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. John Ciardi, "Fast and Slow," *Fast and Slow: Poems for Advanced Children and Beginning Parents* (1975), 1. © 1975 ni John L. Ciardi. Ginamit nang may pahintulot ng Houghton Mifflin Harcourt Publishing Company. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
2. Apocalipsis 12:9; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:25–26.
3. Doktrina at mga Tipan 52:14.
4. Doktrina at mga Tipan 45:26.
5. Alma 42:8.
6. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.
8. Patriarchal blessing ni Boyd K. Packer, ibinigay ni J. Roland Sandstrom, Ene. 15, 1944.
9. 2 Nephi 32:3.
10. 1 Nephi 17:45; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Enos 1:10.
12. Doctrine and Covenants 8:2.
13. Doktrina at mga Tipan 58:42.
14. Amos 3:7.
15. Mga Kawikaan 3:5.
16. Moroni 10:5.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Mahalaga Kayo sa Kanya

*Lubhang kakaiba ang gamit na panukat ng Panginoon sa mundo upang timbangin ang kahalagahan ng isang kaluluwa.*

Si Moises, isa sa mga pinakadakilang propeta na kilala sa mundo, ay pinalaki ng anak na babae ni Faraon at ginugol ang unang 40 taon ng kanyang buhay sa maharlikang palasyo ng Egipto. Alam niya ang kabantugan at karingalan ng sinaunang kahariang iyon.

Makalipas ang mga taon, sa tuktok ng isang malayong bundok, malayo sa karingalan at kariktan ng makapangyarihang Egipto, si Moises ay tumayo sa harapan ng Diyos at nakipag-usap sa Kanya nang harapan tulad ng isang taong nakikipag-usap sa kanyang kaibigan.[1] Sa paguusap na iyon, ipinakita ng Diyos kay Moises ang gawa ng Kanyang mga kamay, tinulutan siyang masulyapan ang Kanyang gawain at kaluwalhatian. Nang matapos ang pangitain, nalugmok si Moises sa lupa sa loob ng maraming oras. Nang manumbalik ang kanyang lakas, natanto niya na may isang bagay, sa buong panahon niya sa palasyo ni Faraon, na hindi niya naisip noon.

"Aking nalaman," sabi niya, "na ang tao ay walang kabuluhan."[2]

## Mas Mababa ang Ating Kabuluhan Kaysa Inaakala Natin

Kapag mas marami tayong natututuhan tungkol sa sansinukob, mas nauunawaan natin—kahit bahagya lamang—ang nalaman ni Moises. Ang sansinukob ay napakalawak, napakahiwaga, at napakaringal kaya hindi ito maarok ng isipan ng tao. "Mga daigdig na di mabilang ang aking nilalang," ang sabi ng Diyos kay Moises.[3] Ang mga kamang-manghang bagay na makikita sa kalangitan sa gabi ay isang magandang patotoo sa katotohanang iyan.

May ilang mga bagay na lubos na nakamamangha sa akin habang nasa himpapawid ako sa kadiliman ng gabi patawid sa mga karagatan at kontinente at pagtingin sa labas ng bintana sa walang hanggang kariktan ng milyun-milyong bituin.

Sinikap ng mga astronomer na bilangin ang mga bituin sa sansinukob. Kinalkula ng isang grupo ng mga siyentipiko na ang bilang ng mga bituin na abot-tanaw ng ating mga teleskopyo ay 10 beses ang dami kaysa lahat ng butil ng buhangin sa mga dalampasigan at disyerto sa buong mundo.[4]

Ang konklusyong ito ay kapansin-pansing may pagkakatulad sa pahayag ng sinaunang propetang si Enoc: "Kung mabibilang ng tao ang maliliit na bahagi ng mundo, oo, milyun-milyong mundo na tulad nito, ito ay hindi magiging simula sa bilang ng inyong mga nilikha."[5]

Kapag inisip natin ang laki at lawak ng mga nilikha ng Diyos, madaling maunawaan kung bakit pinayuhan ng dakilang si Haring Benjamin ang kanyang mga tao na "laging panatilihin sa inyong alaala ang kadakilaan ng Diyos, at ang inyong sariling kawalang-kabuluhan."[6]

**Tayo ay Higit na Mahalaga Kaysa Inaakala Natin**

Bagaman ang tao ay walang-kabuluhan, nanggilalas ako at namangha nang maisip ko na "ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos."[7]

At habang minamasdan natin ang lawak ng sansinukob at sinasabing, "Ano ang halaga ng tao kung ihahambing sa kaluwalhatian ng paglikha?" Sinabi mismo ng Diyos na tayo ang dahilan kaya Niya nilikha ang sansinukob! Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian—ang layunin para sa napakagandang sansinukob na ito—ay iligtas at dakilain ang sangkatauhan.[8] Sa madaling salita, ang lawak ng kawalang-hanggan, ang mga kaluwalhatian at hiwaga ng walang-katapusang kalawakan at panahon ay nilikha para sa kapakinabangan ng mga pangkaraniwang taong tulad natin. Nilikha ng Ama sa Langit ang sansinukob upang maabot natin ang ating potensiyal bilang Kanyang mga anak na lalaki at babae.

Ito ang kabalintunaan ng tao; kung ihahambing sa Diyos, ang tao ay walang-kabuluhan; subalit tayo ang pinakamahalaga sa Diyos. Kapag inihambing sa walang-hanggang paglikha tayo ay tila walang-kabuluhan, ngunit may munting apoy na walang-hanggan na nag-aalab sa ating kalooban. Tayo ay pinangakuan ng kadakilaan na di-kayang maunawaan—mga daigdig na walang hanggan—na abot-kamay natin. At matinding hangarin ng Diyos na tulungan tayo na makamtan ito.

**Ang Kahangalan ng Kapalaluan**

Alam ng tusong manlilinlang na isa sa mga epektibo niyang paraan para mailigaw ang mga anak ng Diyos ay gamitin ang kahinaan ng tao. Sa ilan, ginagamit niya ang palalo nilang paguugali, uudyukan silang magmataas at maniwala na sila lang ang mahalaga at mahusay. Sinasabi niya sa kanila na hindi sila pangkaraniwang tao at nang dahil sa kanilang kakayahan, maharlikang pinagmulan, o katayuan sa lipunan, sila ay mas mahusay sa mga taong nakapaligid sa kanila. Pinaniniwala niya sila na hindi sila sakop ng mga patakaran ng sino mang tao at hindi dapat gambalain ng mga problema ng iba.

Sinasabing gusto ni Abraham Lincoln ang tulang ito:

*O bakit kailangang tao'y magmataas?*
*Gaya ng pabulusok na bulalakaw, ng madaling mapawing alapaap,*
*Gaya ng malaking alon, ng mabilis na kidlat,*
*Tao ay pumapanaw at sa himlayang libingan di na nagmumulat.*[9]

Nauunawaan ng mga disipulo ni Jesucristo na kung ihahambing sa kawalang-hanggan, ang ating mortal na buhay ay "maikling sandali" lamang sa kawalang-hanggan.[10] Alam nila na ang tunay na kabuluhan ng tao ay di-gaanong pinahahalagahan ng daigdig. Alam nila na maaari ninyong makamit ang yaman sa buong mundo ngunit hindi nito mababayaran ang mga pagpapalang ibibigay ng Diyos.

Ang mga "magmamana ng kaharian ng Diyos"[11] ay ang mga naging "tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig."[12] "Ang bawa't nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas."[13] Nauunawaan ng mga disipulo "na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."[14]

**Hindi Tayo Kinalilimutan**

Isa pang paraan ng panlilinlang ni Satanas ang pagpapahina ng ating kalooban. Inuudyukan niya tayong magtuon ng pansin sa ating kawalang-kabuluhan hanggang sa mag-alinlangan na tayo sa ating kahalagahan. Sinasabi niya sa atin na napakaliit natin para mapansin ng iba, na tayo ay nakalimutan na—lalo ng Diyos.

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang isang personal na karanasan na maaaring makatulong sa iba na nakadaramang sila ay walang-kabuluhan, nalimutan, o nag-iisa.

Maraming taon na ang nakalilipas damalo ako sa pagsasanay ng mga piloto sa United States Air Force. Malayo ako sa tahanan namin, ako ay isang bata pang sundalong taga West Germany, isinilang sa Czechoslovakia, na lumaki sa East Germany at hirap na hirap magsalita ng Ingles. Malinaw ko pang naaalala ang paglalakbay ko papunta sa aming training base sa Texas. Sakay ako ng eroplano, nakaupong katabi ng isang pasahero na matatas magsalita ng wika ng mga taga Timog. Halos wala akong maintindihan sa sinasabi niya. Naisip ko pa nga na baka mali ang naiturong wika sa akin. Nangamba ako nang maisip kong kailangan kong makipagtagisan para sa pinakaaasam na mataas na posisyon sa training ng mga piloto sa mga estudyanteng Ingles ang katutubong wika.

Nang dumating ako sa air base sa maliit na bayan ng Big Spring, Texas, hinanap at natagpuan ko ang branch ng mga Banal sa mga Huling Araw, na kinabibilangan ng ilang mababait na miyembro na nagpupulong sa paupahang mga silid doon mismo sa air base. Ang mga miyembro ay kasalukuyan pang nagtatayo ng isang maliit na meetinghouse na magiging permanenteng lugar para sa Simbahan. Noong panahong iyon ang mga miyembro ang halos gumagawa sa mga bagong gusali.

Araw-araw akong dumalo sa training ng mga piloto at nag-aral na mabuti sa abot ng makakaya ko at madalas na ginugol ang libre kong



oras sa pagtatrabaho sa bagong meetinghouse. Doon ay nalaman ko na ang two-by-four ay hindi sayaw kundi sukat ng isang pirasong kahoy. Nalaman ko rin kung paano mag-ingat upang hindi matamaan ang aking hinlalaki kapag nagpupukpok ng pako.

Marami akong ginugol na oras sa pagtatrabaho sa meetinghouse kung kaya't ang branch president—na nagkataong isa sa aming mga flight instructor—ay nag-alala sa akin at sinabing dapat sigurong mas bigyan ko ng oras ang pag-aaral.

Ang mga kaibigan ko at kapwa estudyanteng piloto ay may aktibidad din sa kanilang libreng oras, bagaman masasabi kong ang ilan sa mga aktibidad na iyon ay hindi ayon sa polyeto ngayon na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Sa ganang akin, masaya akong aktibong makibahagi sa maliit na west Texas branch na ito, ginagamit ang natutuhan kong bagong kasanayan sa pagkakarpintero, at pinaghuhusay ang pagsasalita ng Ingles habang ginagampanan ko ang aking tungkuling magturo sa elders quorum at Sunday School.

Noon, ang Big Spring, sa kabila ng pangalan nito, ay isang maliit, walang gaanong halaga, at di-kilalang lugar. At kadalasan gayon din ang nadarama ko—walang-kahalagahan, di-kilala, at parang nag-iisa. Kahit ganito, ni minsan ay hindi ko inisip na nalimutan ako ng Panginoon o kung matatagpuan ba Niya ako roon. Alam ko na hindi mahalaga sa Ama sa Langit kung saan ako naroon, kung ano ang antas ko sa aming pilot training class, o kung ano ang katungkulan ko sa Simbahan. Ang mahalaga sa Kanya ay ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko, na mahal ko Siya, at handa kong tulungan ang mga tao sa aking paligid. Alam ko na kung gagawin ko ang lahat ng aking makakaya, magiging maayos ang lahat.

At naging maayos nga ang lahat.[15]

### Ang Huli ay Mauuna

Hindi mahalaga sa Panginoon kung nagtatrabaho tayo sa mga gusaling yari sa marmol o yari sa kahoy. Alam Niya kung saan tayo naroroon, gaano man kaaba ang ating kalagayan. Gagamitin Niya—sa Kanyang sariling pamamaraan at para sa Kanyang banal na mga layunin—ang mga taong nagmamahal sa Kanya.

Alam ng Diyos na ang ilan sa pinakamabubuting tao na nabuhay sa mundong ito ay yaong hindi makikita sa mga talaan ng kasaysayan. Sila ang mapapalad, mapagpakumbabang mga tao na sumusunod sa halimbawa ng Tagapagligtas at ginugugol ang mga araw ng kanilang buhay sa paggawa ng mabuti.[16]

Isang mag-asawa, mga magulang ng kaibigan ko, ang naging mabuting halimbawa ng alituntuning ito para sa akin. Ang ama ay nagtatrabaho sa pagawaan ng bakal sa Utah. Tuwing tanghalian kukunin niya ang kanyang mga banal na kasulatan o isang magasin ng Simbahan at babasahin ito. Nang makita ito ng iba pang mga trabahador, kinutya siya ng mga ito at binatikos ang kanyang pinaniniwalaan. Sa tuwing ginagawa nila ito, kinakausap niya sila nang may kabaitan at katatagan. Hindi siya nagalit o nabalisa dahil sa kawalan nila ng galang.

Makalipas ang mga taon isa sa mga mapanglait ang nagkasakit nang malubha. Bago siya mamatay hiniling niya na magsalita sa kanyang burol ang mapagpakumbabang lalaking ito—na ginawa naman niya.

Ang tapat na miyembrong ito ng Simbahan ay hindi kilala sa lipunan o mayaman, ngunit lubos niyang naimpluwensyahan ang lahat ng nakakakilala sa kanya. Namatay siya sa aksidente nang huminto siya para tulungan ang isang katrabaho na hindi makaalis sa niyebe.

Sa taon ding iyon ang kanyang asawa ay kinailangang operahan sa utak, at dahil dito ay hindi na makalakad. Gayunman gusto ng mga taong magpunta sa kanya dahil nakikinig siya sa kanila. Maalalahanin siya. Mapagmalasakit. Dahil hindi makasulat, isinaulo niya ang mga numero sa telepono ng kanyang mga anak at apo. Buong pagmamahal niyang naaalala ang mga petsa ng kaarawan at anibersaryo.

Ang mga bumibisita sa kanya ay umuuwing mas maganda ang pananaw sa buhay at kanilang sarili. Dama



nila ang kanyang pagmamahal. Alam nilang nagmamalasakit siya. Hindi siya kailanman nagreklamo kundi ginugol ang kanyang panahon sa pagtulong sa iba. Sinabi ng isa niyang kaibigan na ang babaeng ito ay isa sa iilang taong kilala niya na tunay na halimbawa ng pag-ibig at buhay ni Jesucristo.

Ang mag-asawang ito ang maaari sanang unang magsabi na hindi sila gaanong mahalaga sa mundong ito. Ngunit lubhang kakaiba ang gamit na panukat ng Panginoon sa mundo sa pagtimbang sa kahalagahan ng isang kaluluwa. Kilala Niya ang tapat na mag-asawang ito; mahal Niya ang mga ito. Ang kanilang mga ginawa ay buhay na patotoo ng kanilang malakas na pananampalataya sa Kanya.

**Mahalaga Kayo sa Kanya**

Mga kapatid, maaaring totoo na walang-kabuluhan ang tao kumpara sa laki at lawak ng sansinukob. May panahong maaaring madama natin na hindi tayo mahalaga, di-pinapansin, nag-iisa, o nalimutan. Ngunit laging alalahanin—mahalaga kayo sa Kanya! Kung mag-aalinlangan kayo diyan, isaisip ang apat na banal na alituntuning ito:

Una, mahal ng Diyos ang mapagpakumbaba at maamo, sapagkat sila ang "pinakadakila sa kaharian ng Langit."[17]

Pangalawa, ipinagkatiwala ng Panginoon "ang kabuuan ng [Kanyang] ebanghelyo [upang] maihayag ng mahihina at ng pangkaraniwang mga tao sa mga dulo ng daigdig."[18] Pinili Niya "ang mahihinang bagay ng sanlibutan [upang] magsilabas at buwagin ang mga makapangyarihan at ang malalakas"[19] at ilagay sa kahihiyan "ang mga bagay na malalakas."[20]

Pangatlo, saanman kayo manirahan, gaano man kaaba ang inyong kalagayan, hamak man ang inyong trabaho, limitado man ang inyong mga kakayahan, simple man ang kaanyuan ninyo, o di-mataas ang katungkulan sa Simbahan, hindi kayo nalilimutan ng inyong Ama sa Langit. Mahal Niya kayo. Alam Niya na mapagpakumbaba ang inyong puso at nagmamalasakit at nagpapakita kayo ng kabaitan. Taglay ang mga ito, bumubuo ito ng walang hanggang patotoo ng inyong tapat na pagsunod at pananampalataya.

Ang pang-apat at huli, mangyaring unawain na ang nakikita ninyo at nararanasan ngayon ay hindi ang naroroon sa kawalang-hanggan. Hindi na kayo mag-iisa, malulungkot, masasaktan, o panghihinaan ng loob magpakailanman. Tapat na ipinangako sa atin ng Diyos na hindi Niya kalilimutan ni tatalikdan ang mga nagmamahal sa Kanya.[21] Umasa at manalig sa pangakong iyan. Matutuhang mahalin ang inyong Ama sa Langit at maging disipulo Niya sa salita at gawa.

Makatitiyak kayo na kung magtitiis lamang kayo, mananalig sa Kanya, at mananatiling tapat sa pagsunod sa mga utos, mararanasan ninyo balang-araw ang mga pangakong ipinahayag kay Apostol Pablo: "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya."[22]

Mga kapatid, ang pinakamakapangyarihang Katauhan sa sansinukob ay ang Ama ng inyong espiritu. Kilala Niya kayo. Ganap ang pagmamahal Niya sa inyo.

Hindi lamang kayo itinuturing ng Diyos bilang isang mortal na tao sa isang maliit na planeta na mabubuhay sa maikling panahon—itinuturing Niya kayo na Kanyang anak. Itinuturing Niya kayo na isang nilalang na may kakayahan at nilayong maging gayon. Gusto Niyang malaman ninyo na kayo ay mahalaga sa Kanya.

Nawa ay manalig tayo, magtiwala, at pagbutihin ang ating buhay nang sa gayon ay maunawaan natin ang ating tunay na walang hanggang kahalagahan at potensiyal. Nawa'y maging karapat-dapat tayo sa natatanging pagpapala ng ating Ama sa Langit na inilaan para sa atin ang aking dalangin sa pangalan ng Kanyang Anak, maging si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Moises 1:2.
2. Moises 1:10.
3. Moises 1:33.
4. Tingnan sa Andrew Craig, "Astronomers Count the Stars," BBC News, Hulyo 22, 2003, http://news.bbc.co.uk/2/hi/science/nature/3085885.stm.
5. Moises 7:30.
6. Mosias 4:11.
7. Doktrina at mga Tipan 18:10.
8. Tingnan sa Moises 1:38–39.
9. William Knox, "Mortality," sa James Dalton Morrison, ed., *Masterpieces of Religious Verse* (1948), 397.
10. Doktrina at mga Tipan 121:7.
11. 3 Nephi 11:38.
12. Mosias 3:19.
13. Lucas 18:14; tingnan din sa mga talata 9–13.
14. Mosias 2:17.
15. Si Dieter F. Uchtdorf ay nanguna sa mga nagsipagtapos.
16. Tingnan sa Mga Gawa 10:38.
17. Mateo 18:4; tingnan din sa mga talata 1–3.
18. Doktrina at mga Tipan 1:23.
19. Doktrina at mga Tipan 1:19.
20. I Mga Taga Corinto 1:27.
21. Tingnan sa Mga Hebreo 13:5.
22. 1 Mga Taga Corinto 2:9.



**Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; si Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at si Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, ipakita lang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, kung mayroon man, ay ipakita rin.

Si Elder Claudio R. M. Costa ay na-release bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Sa mga nagnanais makiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin si Elder Tad R. Callister bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di-sang-ayon, ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release natin sina Elder Gary J. Coleman, Richard G. Hinckley, Yoshihiko Kikuchi, Carl B. Pratt, at Cecil O. Samuelson bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu at italaga sila bilang mga emeritus General Authority.

Iminumungkahi rin na i-release natin sina Elder Won Yong Ko, Lowell M. Snow, at Paul K. Sybrowsky bilang mga miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu.

Ang mga nagnanais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Sina Elder Ralph W. Hardy Jr., Jon M. Huntsman Sr., Aleksandr N. Manzhos, at J. Willard Marriott Jr. ay na-release bilang mga Area Seventy.

Iminumungkahi na ipaabot sa kanila ang pasasalamat sa kanilang pambihirang paglilingkod.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang sinumang di-sang-ayon, ipakita rin sa gayong paraan.

Pangulong Monson, ayon po sa naobserbahan ko, ang mga nasa Conference Center ay nagkakaisa sa pagsang-ayon.

Salamat, mga kapatid, sa inyong boto ng pagsang-ayon, pananampalataya, katapatan, at mga dalangin. ■





**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob

*Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias.*

Sa ating pag-aaral, pagkatuto, at pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo, kadalasan ay nakakapagturo ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Isipin, halimbawa, ang mga aral na natututuhan natin tungkol sa mga espirituwal na prayoridad mula sa sunud-sunod na mahahalagang pangyayaring naganap nang ipanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo ng Tagapagligtas sa mga huling araw na ito.

Sa Sagradong Kakahuyan, nakita at nakausap ni Joseph Smith ang Amang Walang Hanggan at si Jesucristo. Bukod pa sa ibang mga bagay, nalaman ni Joseph ang tunay na katangian ng Panguluhang Diyos at ang patuloy na paghahayag. Ang kagila-gilalas na pangitaing ito ay nagsimula sa "[dispensasyon ng] kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10) at isa sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng daigdig.

Mga tatlong taon pagkaraan, bilang sagot sa taimtim na panalangin noong gabi ng Setyembre 21, 1823, napuno ng liwanag ang silid ni Joseph hanggang sa ito ay magliwanag nang "higit pa kaysa katanghaliang tapat" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:30). Isang katauhan ang lumitaw sa tabi ng kanyang higaan, tinawag ang bata sa kanyang pangalan, at nagsabing "siya'y isang sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos . . . na ang kanyang pangalan ay Moroni" (talata 33). Tinagubilinan niya si Joseph tungkol sa pagdating ng Aklat ni Mormon. At pagkatapos ay bumanggit si Moroni mula sa aklat ni Malakias sa Lumang Tipan, na may bahagyang pagkakaiba sa mga salitang ginamit sa King James Version:

"Masdan, ihahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon.

". . . At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagparito" (mga talata 38, 39).

Sa huli ang mga tagubilin ni Moroni sa batang propeta ay may dalawang pangunahing tema: (1) ang Aklat ni Mormon at (2) ang mga salita ni Malakias na nagbabadya ng gagampanan ni Elijah sa Panunumbalik "ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una" (Mga Gawa 3:21). Kaya nga ang mga panimulang pangyayari sa Panunumbalik ay naghayag ng tamang pagkaunawa sa Panguluhang Diyos, nagbigay-diin sa kahalagahan ng Aklat ni Mormon, at umasam sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan para sa mga buhay at patay. Ang nagbibigay-inspirasyong pagkakasunud-sunod na ito ay nagtuturo tungkol sa mga espirituwal na bagay na nangunguna sa mga prayoridad ng Diyos.

Ang aking mensahe ay nakatuon sa ministeryo at Diwa ni Elias na binanggit na ni Moroni sa simula pa lang ng kanyang mga tagubilin kay Joseph Smith. Taos-puso kong idinadalanging tulungan ako ng Espiritu Santo.

### Ang Ministeryo ni Elias

Si Elias ay propeta sa Lumang Tipan na pinagawa ng malalaking himala. Isinara niya ang kalangitan, at hindi umulan sa Israel sa loob ng 3½ taon. Pinarami niya ang harina at langis ng isang balong babae. Binuhay niya mula sa mga patay ang isang batang lalaki, at nagpababa ng apoy mula sa langit bilang paghamon sa mga propeta ni Baal. (Tingnan sa I Mga Hari 17–18.) Sa katapusan ng mortal na ministeryo ni Elias, siya "ay sumampa sa langit sa pamamagitan ng isang ipoipo" (II Mga Hari 2:11) at nagbago ng kalagayan.

"Nalaman natin mula sa makabagong paghahayag na tinaglay ni Elias ang kapangyarihang magbuklod ng Melchizedek Priesthood at siya ang huling propeta na gumawa nito bago ang pagsilang ni Jesucristo" (Bible Dictionary, "Elijah"). Ipinaliwang ni Propetang Joseph Smith, "Ang diwa, kapangyarihan at tungkulin ni Elijah



[Elias] ay, upang magkaroon kayo ng kapangyarihang hawakan ang susi . . . ng *kabuuan ng Melchizedek Priesthood* . . . ; at upang . . . kamtin . . . ang lahat ng ordenansa na nakapaloob sa kaharian ng Diyos" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 364; idinagdag ang pagbibigay-diin). Kailangan ang sagradong awtoridad na ito na magbuklod upang ang mga ordenansa ng priesthood ay maging legal at may bisa dito sa lupa at maging sa langit.

Nagpakita si Elias kay Moises sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (tingnan sa Mateo 17:3) at iginawad ang awtoridad na ito kina Pedro, Santiago, at Juan. Nagpakitang muli si Elias kay Moises at sa iba pa noong Abril 3, 1836 sa Kirtland Temple at iginawad ang mga susi ring iyon kina Joseph Smith at Oliver Cowdery.

Nakatala sa mga banal na kasulatan na tumayo si Elias sa harapan nina Joseph at Oliver at sinabi:

"Masdan, ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias—nagpapatotoong siya si [Elijah] ay isusugo, bago ang pagdating ng dakila, at kakila-kilabot na araw ng Panginoon—

"Upang ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama, at baka ang buong mundo ay bagabagin ng isang sumpa—

"Samakatuwid, ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay; at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na" (D at T 110:14–16).

Ang panunumbalik ng awtoridad na magbuklod ni Elijah noong 1836 ay kailangan upang maihanda ang mundo sa Pangalawang Pagparito ng Tagapagligtas at nagpasimula sa pagkakaroon ng ibayong interes sa iba't ibang panig ng mundo sa pagsasaliksik ng kasaysayan ng pamilya.

### Ang Diwa at Gawain ni Elias

Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith: "Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay. . . . Sapagkat mahalagang mapasaating kamay ang kapangyarihang magbuklod na magbubuklod sa ating mga anak at sa ating mga patay sa kaganapan ng dispensasyon ng panahon—isang dispensasyon upang matugunan ang mga pangakong ginawa ni Jesucristo bago pa ang pagkakatatag ng mundo para sa kaligtasan ng tao. . . . Kaya nga, sinabi ng Diyos, 'Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta'" (*Mga Turo: Joseph Smith,* 557–58).

Ipinaliwanag pa ni Joseph:

"Subalit ano ba ang hangarin ng [pagparito ni Elias]? o paano ba ito isasakatuparan? Ang mga susi ay ipagkakaloob, ang diwa ni Elias [Elijah] ay darating, ang ebanghelyo ay itatatag, ang mga Banal ng Diyos ay titipunin, ang Sion ay itatayo, at ang mga Banal ay magsisisiakyat bilang mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion [tingnan sa Obadias 1:21].

"Subalit paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion? Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo . . . at sa pagtanggap ng lahat ng ordenansa . . . para sa kanilang mga ninuno na namatay . . . ; at narito ang tanikalang nagbibigkis sa puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa mga ama, na nagsasakatuparan ng misyon ni Elijah" (*Mga Turo: Joseph Smith,* 554–55).

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na ang Diwa ni Elias ay "impluwensya ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa likas na kabanalan ng pamilya" ("A New Harvest Time," *Ensign,* Mayo 1998, 34). Ang kakaibang impluwensyang ito ng Espiritu Santo ay naghihikayat sa mga tao na tukuyin, idokumento, at itangi ang kanilang mga ninuno at kapamilya—kapwa noon at ngayon.

Ang Diwa ni Elias ay umaapekto sa mga miyembro at hindi miyembro ng Simbahan. Gayunman, bilang mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Cristo, may responsibilidad tayo sa ating tipan na saliksikin ang ating mga ninuno at magsagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo para sa kanila. "Sila'y



huwag maging sakdal ng bukod sa atin" (Sa Mga Hebreo 11:40; tingnan din sa *Mga Turo: Joseph Smith,* 557). At "ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:15).

Dahil dito nagsasaliksik tayo ng kasaysayan ng ating pamilya, nagtatayo ng mga templo, at nagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa para sa mga patay. Dahil dito isinugo si Elias upang ipanumbalik ang awtoridad na magbuklod na may bisa sa lupa at sa langit. Tayo ay mga lingkod ng Panginoon sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan nang "ang buong mundo ay [hindi] bagabagin ng isang sumpa" (D at T 110:15) sa Kanyang muling pagparito. Ito ay ating tungkulin at dakilang pagpapala.

**Isang Paanyaya sa Bagong Henerasyon**

Ngayon ay hihilingin kong pakinggan ng mga kabataang babae, lalaki, at mga bata ng bagong henerasyon ang pagbibigay-diin ko sa kahalagahan ng Diwa ni Elias sa inyong buhay ngayon. Ang mensahe ko ay para sa buong Simbahan—ngunit lalo na sa inyo.

Maaaring isipin ng marami sa inyo na ang gawain sa family history ay ginagawa lamang ng mga nakatatanda. Ngunit alam ko na hindi sinabi sa mga banal na kasulatan o mga patakarang ipinahayag ng mga pinuno ng Simbahan na para lang sa mga nasa hustong edad ang mahalagang paglilingkod na ito. Kayo ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos, mga anak ng tipan, at mga tagapagtayo ng kaharian. Hindi ninyo kailangang hintaying umabot sa itinakdang edad upang gampanan ang responsibilidad ninyong tumulong sa gawain ng kaligtasan para sa pamilya ng tao.

Inilaan ng Panginoon sa ating panahon ang mahahalagang sanggunian tutulong sa inyo para matutuhan at mahalin ang gawaing ito na hinihikayat ng Diwa ni Elias. Halimbawa, ang FamilySearch ay koleksyon ng mga talaan, sanggunian, at serbisyong madaling makuha gamit ang computer at iba't ibang nahahawakang device, na nilayong tulungan ang mga tao na matuklasan at maidokumento ang kanilang family history. Ang mga sangguniang ito ay makukuha rin sa mga family history center na nasa marami sa mga gusali ng ating Simbahan sa buong mundo.

Hindi nagkataon lang na lumitaw ang FamilySearch at iba pang mga kasangkapan sa panahon na ang mga kabataan ay lubha nang pamilyar sa maraming teknolohiya sa pagkuha ng impormasyon at sa komunikasyon. Natuto na kayong magpadala ng mensahe sa inyong mga cell phone at computer para pabilisin at isulong ang gawain ng Panginoon—hindi lang para mabilis na makipag-ugnayan sa inyong mga kaibigan. Ang mga kasanayan at kakayahang nakikita sa maraming kabataan ngayon ay isang paghahandang makatulong sa gawain ng kaligtasan.

Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias. Hinihikayat ko kayong mag-aral, na saliksikin ang inyong mga ninuno, at ihanda ang inyong sarili na magpabinyag sa bahay ng Panginoon para sa *inyong* mga namatay na kaanak (tingnan sa D at T 124:28–36). At hinihimok ko kayong tulungan ang ibang tao na matukoy ang kanilang family history.

Sa pagtugon ninyo nang may pananampalataya sa paanyayang ito, ang inyong puso ay babaling sa mga ama. Ang mga pangako kina Abraham, Isaac, at Jacob ay matatanim sa inyong puso. Ang inyong patriarchal blessing, na naghahayag ng inyong angkan, ay iuugnay kayo sa mga ninunong ito at magiging mas makahulugan sa inyo. Ang pagmamahal at pasasalamat ninyo sa inyong mga ninuno ay mag-iibayo. Ang inyong patotoo at pananalig sa Tagapagligtas ay lalalim at mananatili. At ipinapangako ko na mapoprotektahan kayo laban sa tumitinding



impluwensya ng kaaway. Sa pakikibahagi at pagmamahal ninyo sa banal na gawaing ito, kayo ay pangangalagaan sa inyong kabataan at habambuhay.

Mga magulang at pinuno, tulungan sana ninyo ang inyong mga anak at kabataan na matutuhan at maranasan ang Diwa ni Elias. Ngunit huwag kayong masyadong mahigpit o madetalye sa pagbibigay ng impormasyon o training. Anyayahan ang mga kabataan na magsaliksik, sumubok, at matuto para sa kanilang sarili (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:20). Kayang gawin ng sinumang kabataan ang iminumungkahi ko, gamit ang mga module na makukuha sa **lds.org/familyhistoryyouth**. Ang mga korum ng Aaronic Priesthood at mga Young Women class presidency ay maaaring gumanap ng mahalagang papel sa pagtulong sa lahat ng kabataan na maging pamilyar sa mga pangunahing sangguniang ito. Lalong kailangan ng mga kabataan na matuto at kumilos upang makatanggap ng karagdagang liwanag at kaalaman sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo—at hindi mga estudyanteng kumikilos lamang kapag sinabihan (tingnan sa 2 Nephi 2:26).




Mga magulang at pinuno, ikamamangha ninyong lahat kung gaano kabilis ang inyong mga anak at kabataan na maging napakahusay sa mga teknolohiyang ito. Katunayan, matututo kayo ng mahahalagang aral sa mga kabataang ito tungkol sa mabisang paggamit ng mga bagay na ito. Malaki ang maitutulong ng mga kabataan sa mas nakatatanda na hindi komportable o natatakot gumamit ng teknolohiya o hindi pamilyar sa FamilySearch. Marami ring pagpapalang darating sa inyo kapag nag-ukol ng mas maraming oras ang mga kabataang ito sa paggawa ng family history at paglilingkod sa templo at nagbawas ng oras sa video games, Internet surfing, at Facebook.

Sina Troy Jackson, Jaren Hope, at Andrew Allan ay mga maytaglay ng Aaronic Priesthood na tinawag ng isang nabigyang-inspirasyong bishop na magkakasamang magturo sa family history class sa kanilang ward. Ang mga binatilyong ito ay kumakatawan sa napakarami sa inyo na sabik matuto at hangad maglingkod.

Sabi ni Troy, "Dati ay nagsisimba ako at umuupo lang doon, pero napagtanto ko na kailangan kong umuwi at gumawa ng isang bagay. Lahat tayo ay makagagawa ng family history."

Sinabi ni Jaren na nang mas matuto siya tungkol sa family history, napagtanto niya "na hindi lamang ito mga pangalan kundi mga tunay na tao. Lalo at lalo akong natuwang magdala ng mga pangalan sa templo."

At sabi naman ni Andrew, "Naging interesado ako sa family history nang may pagmamahal at kasigasigang hindi ko alam na taglay ko. Tuwing maghahanda akong magturo bawat linggo, madalas iparamdam sa akin ng Espiritu Santo na kumilos at subukan ang ilan sa mga pamamaraang itinuturo sa aralin. Dati, nakakatakot ang family history. Pero sa tulong ng Espiritu nakaya kong gampanan ang tungkulin ko at tulungan ang maraming tao sa ward namin."

Mahal kong mga kapatid, ang family history ay hindi lamang isang nakatutuwang programa o aktibidad na itinataguyod ng Simbahan; bagkus, ito ay mahalagang bahagi ng gawain ng kaligtasan at kadakilaan. Kayo ay inihanda para sa panahong ito at para itayo ang kaharian ng Diyos. Narito kayo sa mundo ngayon upang tumulong sa maluwalhating gawaing ito.

Pinatototohanan ko na bumalik si Elias sa mundo at ipinanumbalik ang sagradong awtoridad na magbuklod. Pinatototohanan ko na ang ibinuklod sa lupa ay maibubuklod sa langit. At alam ko na ang mga kabataan ng bagong henerasyon ay may mahalagang tungkulin sa dakilang gawaing ito. Ito ang aking patotoo sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Anak

*Pinatototohanan ko ang malaking pagpapalang magkaroon ng mga anak at ang kaligayahang idudulot nila sa atin sa buhay na ito at sa mga kawalang-hanggan.*

Kapag tumingin tayo sa mga mata ng isang bata, nakikita natin ang isang kapwa anak ng Diyos na nakasama natin sa buhay bago tayo isinilang.

Dakilang pribilehiyo ng isang mag-asawang maaaring magkaanak ang maglaan ng mga mortal na katawan para sa mga espiritung anak ng Diyos. Naniniwala tayo na mahalaga ang mga pamilya at mga anak.

Kapag isinilang ang isang bata sa isang mag-asawa, tinutupad nila ang bahagi ng plano ng ating Ama sa Langit na magdala ng mga bata sa lupa. Sabi ng Panginoon, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[1] Bago maging imortal, kailangan munang maging mortal.

Ang pamilya ay inorden ng Diyos. Mga pamilya ang sentro sa plano ng ating Ama sa Langit dito sa lupa at sa buong kawalang-hanggan. Matapos ikasal sina Adan at Eva, nakasaad sa banal na kasulatan, "At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa."[2] Ipinahayag ng mga propeta at apostol sa ating panahon, "Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa."[3]

Ang utos na ito ay hindi nalimutan o naisantabi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.[4] Taos-puso naming pinasasalamatan ang malaking pananampalataya ng mga mag-asawa (lalo na ng ating mga kabiyak) sa kahandaan nilang magkaanak. Kung kailan mag-aanak at kung ilang anak ay desisyon na ng mag-asawa at ng Panginoon. Sagrado ang mga desisyong ito—mga desisyong dapat gawin nang may taimtim na panalangin at malaking pananalig.

Ilang taon na ang nakalilipas, ikinuwento ito sa akin ni Elder James O. Mason ng Pitumpu: "Hindi namin malilimutan ang pagsilang ng aming ikaanim na anak. Habang minamasdan ko ang maganda at bagong silang na sanggol na ito sa nursery ilang sandali lang matapos siyang isilang, malinaw kong narinig ang isang tinig na nagsabing, 'Magkakaroon kayo ng isa pang anak at lalaki ito.' Walang atubiling humangos ako pabalik sa tabi ng kama ng aking mahina pang asawa at sinabi sa kanya ang magandang balita. Mali ang tiyempo ko."[5] Taun-taong inasam ng mga Mason ang pagdating ng kanilang ikapitong anak. Tatlo, apat, lima, anim, pitong taon ang nagdaan. Sa wakas, makalipas ang walong taon, isinilang ang kanilang ikapitong anak—isang lalaki.

Noong Abril, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Noon halos lahat ng pamantayan ng Simbahan at ng lipunan ay magkatugma, ngayo'y may malawak na puwang sa ating pagitan, at lumalawak pa ito. . . .

"Inilarawan ng Tagapagligtas ng sangkatauhan ang Kanyang sarili bilang nasa mundo ngunit hindi makamundo. Tayo man ay magiging gayon kung tatanggihan natin ang mga maling konsepto at turo at mananatili tayong tapat sa ipinag-uutos ng Diyos."[6]

Maraming tinig sa mundo ngayon ang nagbabale-wala sa kahalagahan ng pag-aanak o nagmumungkahing ipagpaliban o limitahan ang dami ng anak sa isang pamilya. Kamakailan ay ipinabasa sa akin ng mga anak kong babae ang blog na isinulat ng isang inang Kristiyano (hindi natin kasapi) na may limang anak. Sabi niya: "[Lumaki ako] sa kulturang ito, at napakahirap kumuha ng pananaw sa Biblia tungkol sa pagiging ina. . . . Ang pag-aaral ay inuuna kaysa pag-aanak. Siguradong inuuna rin ang paglalakbay sa iba't ibang lugar. Inuuna rin ang paglabas sa gabi kapag ginusto. Inuuna ang pagpapaganda ng katawan sa gym. Inuuna ang trabahong inyong papasukan o inaasam na pasukan." Idinagdag pa niya: "Ang pagiging ina ay hindi isang libangan, ito ay isang tungkulin. Hindi kayo nagpaparami ng mga anak dahil sa mas cute sila kaysa mga stamp. Hindi ito isang bagay na isisingit kapag may panahon kayo. Binigyan kayo ng Diyos ng panahon para dito."[7]

Hindi madaling magkaroon ng maliliit na anak. Maraming araw na talagang mahirap. Sumakay ng bus ang isang bata pang ina na may kasamang pitong anak. Tanong ng tsuper: "Anak n'yo bang lahat iyan? O magpipiknik lang kayo?"

"Anak ko silang lahat," sagot nito. "At hindi ito piknik!"[8]

Sa laging pagtatanong ng mundo, "Anak n'yo bang lahat iyan?" pinasasalamatan namin kayo sa paglikha ng kanlungan sa loob ng Simbahan para sa mga pamilya, kung saan iginagalang at tinutulungan natin ang mga inang may mga anak.

Sa isang mabuting ama, walang sapat na mga katagang magpapahayag ng kanyang pasasalamat at pagmamahal sa di-masukat na kaloob sa kanyang asawa na magkaroon at mag-alaga ng kanilang mga anak.

May isa pang karanasan si Elder Mason ilang linggo lang matapos siyang ikasal na nakatulong upang unahin niya ang kanyang mga responsibilidad sa pamilya. Sabi niya:

"Ikinatwiran namin ni Marie na para makatapos ako ng medisina kakailanganin niyang patuloy na magtrabaho. Bagama't hindi ito ang [gusto] naming gawin, kinailangang ipagpaliban ang pag-aanak. [Habang nagbabasa ng magasin ng Simbahan sa bahay ng mga magulang ko] nakita ko ang isang artikulo ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay nasa Korum ng Labindalawa, [na itinatampok ang] mga responsibilidad sa pag-aasawa. Ayon kay Elder Kimball, isang sagradong responsibilidad ang magpakarami at kalatan ang lupa. Ang bahay ng mga magulang ko ay [malapit sa] Church Administration Building. Agad akong nagpunta sa mga tanggapan, at 30 minuto matapos basahin ang kanyang artikulo, nakaupo na ako sa harapan ng mesa ni Elder Spencer W. Kimball." (Hindi ito magiging madali ngayon.)

"Ipinaliwanag ko na gusto kong maging doktor. Wala nang alternatibo kundi ipagpaliban ang pag-aanak. Matiyagang nakinig si Elder Kimball at saka marahang sumagot, 'Brother Mason, gugustuhin ba ng Panginoon na suwayin mo ang isa sa mahahalaga niyang utos para maging doktor ka? Sa tulong ng Panginoon, maaari kang magkaanak at maging doktor pa rin. Nasaan ang iyong pananampalataya?'"

Nagpatuloy si Elder Mason: "Hindi lumipas ang isang taon at isinilang ang una naming anak. Nagsikap kami nang husto ni Marie, at binuksan ng Panginoon ang mga dungawan ng langit." Biniyayaan ang mga Mason ng dalawa pang anak bago siya nakatapos ng medisina apat na taon pagkaraan.[9]



Sa iba't ibang panig ng mundo, pabagu-bago ang takbo ng ekonomiya at walang katiyakan ang kabuhayan sa panahong ito. Sa pangkalahatang kumperensya noong Abril, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Kung inaalala ninyo ang paglalaan ng kabuhayan sa isang asawa at pamilya, tinitiyak ko sa inyo na hindi nakakahiyang magtipid at mag-ipon ang isang mag-asawa. Karaniwan ay sa mga panahong ito ng pagsubok kayo higit na nagkakalapit habang natututo kayong magsakripisyo at gumawa ng mahihirap na desisyon."[10]

Ang tumitimong tanong ni Elder Kimball na, "Nasaan ang iyong pananampalataya?" ay ibinabaling tayo sa mga banal na kasulatan.

Hindi sa Halamanan ng Eden isinilang ni Eva ang una nilang anak ni Adan. Nang lisanin nila ang halamanan, "[sina] Adan [at Eva] ay nagsimulang magbungkal ng lupa. . . . Nakilala ni Adan ang kanyang asawa, at siya ay nagsilang . . . ng mga anak na lalaki at babae, at sila [na kumilos nang may pananampalataya] ay nagsimulang dumami at kinalatan ang lupa."[11]

Hindi sa kanilang tahanan sa Jerusalem, na puno ng ginto, pilak, at mga mamahaling bagay, isinilang ni Saria, na kumilos nang may pananampalataya, ang mga anak nila ni Lehi na sina Jacob at Jose. Ito ay sa ilang. Binanggit ni Lehi ang kanyang anak na si Jacob bilang "aking panganay sa mga araw ng aking paghihirap sa ilang."[12] Sinabi ni Lehi tungkol kay Jose, "Ikaw ay isinilang sa ilang sa [aming] mga kahirapan; oo, sa mga araw ng [aming] pinakamasidhing kalungkutan ay dinala ka ng iyong ina."[13]

Sa aklat ng Exodo, nagpakasal ang isang lalaki at babae at, nang kumilos nang may pananampalataya, ay nagkaanak ng lalaki. Walang palatandaan sa pintuan sa harapan na nagbalita ng kanyang pagsilang. Siya ay itinago nila dahil iniutos ng Faraon na lahat ng bagong silang na lalaking Israelita ay "itatapon . . . sa ilog."[14] Alam na ninyo ang iba pang nangyari sa kuwento: ang sanggol ay maingat na inihiga sa takbang yantok, inilagay sa ilog, binantayan ng kanyang kapatid, natagpuan ng anak na babae ni Faraon, at inalagaan ng kanyang sariling ina. Ibinalik ang bata sa anak ni Faraon, na itinuring siyang anak at tinawag siyang Moises.

Sa pinakamagandang kuwento ng pagsilang ng isang sanggol, walang pinalamutiang silid ng bata o magandang kuna—isang sabsaban lamang para sa Tagapagligtas ng sanlibutan.

Sa "pinakamainam [at] . . . pinakamahirap na panahon,"[15] ang matatapat na Banal ng Diyos, [na kumilos] nang may pananampalataya, ay hindi kinalimutan, binale-wala, o



***Davao, Philippines***

kinaligtaan kailanman ang "utos ng Diyos . . . na magpakarami at kalatan ang lupa."[16] Sumusulong tayo nang may pananampalataya—natatantong ang desisyon kung ilang anak at kailan mag-aanak ay nasa pagpapasiya na ng isang mag-asawa at ng Panginoon. Hindi natin dapat husgahan ang isa't isa sa bagay na ito.

Ang pagkakaroon ng mga anak ay isang maselang paksa na maaaring napakasakit para sa mabubuting babaeng hindi nagkaroon ng pagkakataong mag-asawa at magkapamilya. Kayong mararangal na babae, batid ng ating Ama sa Langit ang inyong mga dalangin at naisin. Nagpapasalamat kami sa inyong pambihirang impluwensya, pati na sa pagtulong nang may pagmamahal sa mga batang nangangailangan ng inyong pananampalataya at lakas.

Ang pagkakaroon ng mga anak ay isang paksang makasasakit din sa damdamin ng mabubuting magkasintahan na nagpakasal at nalaman na hindi sila magkakaroon ng mga anak na kanilang pinanabikan o ng mag-asawang planong magkaroon ng malaking pamilya ngunit kaunti lang ang naging anak.

Hindi natin laging maipapaliwanag ang mga paghihirap natin sa buhay. Kung minsan ay parang hindi patas ang buhay—lalo na kapag ang pinakamalaking hangarin natin ay sundin ang mismong utos ng Panginoon. Bilang lingkod ng Panginoon, tinitiyak ko sa inyo na ang pangakong ito ay matutupad: "Ang matatapat na miyembro na dahil sa sitwasyon ay hindi natanggap ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal at hindi naging magulang sa buhay na ito ay tatanggapin ang lahat ng ipinangakong pagpapala sa mga kawalang-hanggan, [kapag] tinupad nila ang mga tipang ginawa nila sa Diyos."[17]

Ikinuwento sa akin ni Pangulong J. Scott Dorius ng Peru Lima West Mission ang kanilang karanasan. Sabi niya:

"Kami ni Becky ay 25 taon nang kasal at hindi kami nagkaanak [o nagampon]. Ilang beses kaming lumipat ng tirahan. Nakakaasiwa at kung minsan ay mahirap magpakilala sa bawat bagong lugar. Nagtataka ang mga miyembro ng ward kung bakit [wala] kaming anak. Hindi lang sila ang nagtataka.

"Nang matawag akong bishop, nag-alala ang mga miyembro ng ward dahil wala akong alam tungkol sa mga bata at tinedyer. Pinasalamatan ko sila sa pagsang-ayon sa akin at hiniling ko na tulutan nila akong magamit sa kanilang mga anak ang kasanayan ko sa pagpapalaki ng bata. Magiliw silang nagpaunlak.

"Naghintay kami, nakaunawa, at natutong magtiyaga. Pagkaraan ng 25 taong pagsasama, himalang dumating sa buhay namin ang isang sanggol. Inampon namin ang dalawang-taong-gulang na si Nicole at pagkatapos ay ang bagong silang na si Nikolai. Ngayon ay pinupuri kami ng mga tao sa magaganda naming apo. Tumatawa kami at sinasabi naming, 'Mga anak namin sila. Ngayon pa lamang kami nagsisimula.'"[18]

Mga kapatid, huwag nating husgahan ang isa't isa sa sagrado at pribadong responsibilidad na ito.

"At kinuha [ni Jesus] ang isang maliit na bata . . . kaniyang kinalong [at] sinabi . . .

"Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa aking pangalan, ay ako ang tinatanggap; at ang sinomang tumanggap sa akin, ay . . . tinatanggap . . . yaong sa aki'y nagsugo."[19]

Napakalaking pagpapala ang tumanggap ng mga anak ng Diyos sa ating tahanan.

Mapakumbaba at mapanalangin nating hangaring maunawaan at matanggap ang mga utos ng Diyos, na mapitagang pinakikinggan ang tinig ng Kanyang Banal na Espiritu.

Mga pamilya ang sentro sa walang-hanggang plano ng Diyos. Pinatototohanan ko ang malaking pagpapala ng pagkakaroon ng mga anak at ang kaligayahang idudulot nila sa atin sa buhay na ito at sa mga kawalang-hanggan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 1:39.
2. Genesis 1:28.
3. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
4. Ayon sa taunang American Community Survey, na inilabas ng U.S. Census Bureau, "Utah pa rin ang may pinakamalalaking sambahayan sa bansa, pinakamataas ang fertility rate, pinakamababa ang median age, pinakabatang mag-asawa at pinakamaraming ina na nasa tahanan lamang" ("Who Are Utahns? Survey Shows We're Highest, Lowest, Youngest," *Salt Lake Tribune,* Set. 22, 2011, A1, A8).
5. E-mail mula kay Elder James O. Mason, Hunyo 25, 2011.
6. Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2011, 66, 67.
7. Rachel Jankovic, "Motherhood Is a Calling (and Where Your Children Rank)," Hulyo 14, 2011, desiringgod.org.
8. Tingnan sa "Jokes and Funny Stories about Children," thejokes.co.uk/jokes-about-children.php.
9. E-mail mula kay Elder James O. Mason, Hunyo 29, 2011.
10. Thomas S. Monson, *Liahona,* Mayo 2011, 67.
11. Moises 5:1, 2.
12. 2 Nephi 2:1.
13. 2 Nephi 3:1.
14. Exodo 1:22.
15. Charles Dickens, *A Tale of Two Cities* (Signet Classic, 1997), 13.
16. *Liahona,* Nob. 2010, 129.
17. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.3.
18. E-mail mula kay President J. Scott Dorius, Ago. 28, 2011.
19. Marcos 9:36–37.



**Ni Elder Ian S. Ardern**
Ng Pitumpu

# Isang Panahon upang Maghanda

*Kailangan nating ituon ang ating panahon sa mga bagay na pinakamahalaga.*

Itinutuon ng ikawalong kabanata ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ang ating pansin sa matalinong paggamit ng oras. Sa kabanatang ito, ipinaaalala sa atin ni Elder M. Russell Ballard na dapat tayong magtakda ng mga mithiin at matutong maging bihasa sa mga pamamaraan upang makamit ang mga ito (tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 166). Ang maging bihasa sa pamamaraang kailangan upang makamit ang ating mga mithiin ay kinabibilangan ng kahusayan sa paggamit ng ating oras.

Nagpapasalamat ako sa halimbawa ni Pangulong Thomas S. Monson. Sa lahat ng ginagawa niya bilang propeta ng Diyos, tinitiyak niya, gaya ng ginawa ng Tagapagligtas, na may sapat na panahon pa para dalawin ang maysakit (tingnan sa Lucas 17:12–14), pasiglahin ang mga pinanghihinaan ng loob, at maging lingkod ng lahat. Nagpapasalamat din ako sa halimbawa ng marami pang iba na nag-uukol ng oras sa paglilingkod sa kanilang kapwa-tao. Pinatototohanan ko na ang pag-uukol ng ating panahon sa paglilingkod sa iba ay kalugud-lugod sa Diyos at higit tayong ilalapit nito sa Kanya. Ang ating Tagapagligtas ay tutupad sa Kanyang sinabi na "siya na matapat at matalino sa panahong ito ay inaaring karapat-dapat na magmana ng mga mansiyon na inihanda para sa kanya ng aking Ama" (D at T 72:4).

Ang oras ay hindi ipinagbibili; ang oras ay isang bagay na hindi mabibili, anuman ang gawin ninyo, sa kahit anong tindahan sa anumang halaga. Subalit kapag ginamit ang oras sa matalinong paraan, ang halaga nito ay walang-kapantay. Sa bawat araw tayong lahat ay binibigyan, nang libre, ng [gayon din karaming minuto at oras para gamitin], at kalaunan ay nalalaman natin, gaya ng itinuturong mabuti ng pamilyar na himno, "Ang pagdaan ng oras ay sadyang kay tulin; minsang ito'y lumipas di ma'ring ulitin" ("Buhay ay Pagbutihin," *Mga Himno,* blg. 137). Gamitin natin nang matalino ang ating oras. Sinabi ni Pangulong Brigham Young, "Tayong lahat ay nagkakautang sa Diyos para sa kakayahang gamitin ang panahon nang kapaki-pakinabang at kakailanganin niya sa atin ang pagbibigay-sulit sa ating paggamit sa kakayahang ito" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 320).

Sa dami ng hinihingi sa atin, kailangan nating matutuhang iprayoridad ang ating mga pasiya upang tumugma sa ating mga mithiin at kung hindi ay maipagpapaliban natin ito at masasayang ang ating oras sa walang-saysay na mga gawain. Itinurong mabuti sa atin ng Panginoon ang tungkol sa mga prayoridad nang sabihin Niya sa Kanyang Sermon sa Bundok na, "Kaya nga, huwag hanapin ang mga bagay ng daigdig na ito sa halip inyo munang hangaring itatag ang kaharian ng Diyos, at pagtibayin ang kanyang katwiran" (Mateo 6:33; mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:38). (Tingnan din sa Dallin H. Oaks, "Pokus at mga Prioridad," *Liahona,* Hulyo 2001, 99–102.)

Binanggit ni Alma ang tungkol sa mga prayoridad nang ituro niya na "ang buhay na ito ay naging isang pagsubok na kalagayan; isang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 12:24). Ang pinakamainam na paggamit ng mahalagang kaloob na oras upang maghandang humarap sa Diyos ay maaaring mangailangan ng patnubay, ngunit tiyak na uunahin natin ang Panginoon at ang ating pamilya. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na "sa ugnayan ng pamilya, ang tunay na baybay ng *pagmamahal* ay *o-r-a-s*" ("Sa mga Bagay na Pinakamahalaga," *Liahona,* Nob. 2010, 21). Pinatototohanan ko na kapag ang tulong ay mapanalangin at taimtim na hinangad, tutulungan tayo ng ating Ama sa Langit na magtuon sa nararapat nating pag-ukulan ng oras sa lahat.

Ang maling paggamit ng oras ay may kaugnayan sa katamaran. Sa pagsunod natin sa utos na "tumigil sa pagiging tamad" (D at T 88:124), dapat nating tiyakin na ang pagiging abala ay pagiging masipag din. Halimbawa, nakatutuwa na napakadali nang magpadala ng mga mensahe ngayon gamit ang makabagong teknolohiya, ngunit huwag naman tayong malulong sa paggamit nito. Nadarama ko na ang ilan ay nabibitag sa bagong adiksyon ngayon na umuubos ng oras—isang adiksyong umaalipin sa atin na palaging tingnan at ipadala ang mga mensahe kaya nagbibigay tayo ng maling impresyon



na abala at masipag tayo.

Maraming kabutihang dulot ang madaling pag-akses natin sa komunikasyon at impormasyon. Malaking tulong sa akin ang makaakses ng mga artikulong sasaliksikin, mensahe sa kumperensya, at talaan ng mga ninuno, at makatanggap ng mga e-mail, paalaala sa Facebook, Twitter, at text. Kahit mabuti ang mga bagay na ito, huwag nating tulutang halinhan nito ang mga bagay na pinakamahalaga. Napakalungkot kung mapalitan ng telepono at computer, na mahirap gamitin, ang simpleng taos na panalangin sa isang mapagmahal na Ama sa Langit. Dapat ay mabilis din tayong manalangin na tulad ng bilis nating mag-text.

Hindi mapapalitan ng mga electronic game at pakikipag-ugnayan online ang mga tunay na kaibigang makahihikayat, maipagdarasal tayo at mahahangad ang pinakamabuti para sa atin. Labis kong pinasasalamatang makita ang mga miyembro ng korum, klase, at Relief Society na nagkakaisa sa pagsuporta sa isa't isa. Sa gayong mga pagkakataon mas naunawaan ko ang ibig sabihin ni Apostol Pablo nang sabihin niyang, "Hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi kayo'y mga kababayan na kasama ng mga banal" (Mga Taga Efeso 2:19).

Alam ko na nadarama natin ang pinakamatinding kaligayahan kapag nagtuon tayo sa Panginoon (tingnan sa Alma 37:37) at sa mga bagay na nagdudulot ng walang-hanggang gantimpala, sa halip na ubusin ang ating oras sa Facebook, paglalaro ng Farmville, at Angry Birds. Hinihikayat ko ang bawat isa sa atin na palisin ang mga bagay na umaagaw sa mahalagang oras natin at maging determinadong kontrolin ang mga ito, sa halip na paalipin tayo sa mga ito.

Para makamtan ang kapayapaang sinasabi ng Tagapagligtas (tingnan sa Juan 14:27), ituon natin ang ating oras sa mga bagay na pinakamahalaga, at ang mga bagay ukol sa Diyos ang pinakamahalaga. Kapag nagdarasal tayo nang taimtim sa Diyos, nagbabasa at nag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, nagninilay tungkol sa ating nabasa at nadama, at iniaangkop at ipinamumuhay natin ang mga aral na natututuhan, napapalapit tayo sa Kanya. Nangako ang Diyos na kapag masigasig tayong naghanap sa pinakamabubuting aklat "[Siya] ay magbibigay sa [atin] ng kaalaman sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu" (D at T 121:26; tingnan din sa D at T 109:14–15).

Tutuksuhin tayo ni Satanas na gamitin sa mali ang ating oras sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga gambala. Bagama't darating ang mga tukso, itinuro ni Elder Quentin L. Cook na "ang mga Banal na tumutugon sa mensahe ng Tagapagligtas ay hindi maliligaw ng nakagagambala at nakawawasak na gawain" ("Isa Ka Bang Banal?" *Liahona,* Nob. 2003,

***Salvador, Brazil***



96). Si Hiram Page, isa sa Walong Saksi ng Aklat ni Mormon, ay tinuruan tayo ng mahalagang aral tungkol sa mga gambala. May isa siyang bato at sa pamamagitan nito ay itinala niya ang inakala niyang mga paghahayag para sa Simbahan (tingnan sa D at T 28). Matapos iwasto si Hiram, sinabi sa isang kuwento na may kumuha sa bato at dinurog ito upang hindi na ito makagambalang muli.[1] Hinihikayat kong tukuyin natin ang mga gambala na sumasayang sa oras natin na maaaring kailangan nating palisin sa ating buhay. Kailangan tayong maging matalino sa pagpapasiya upang matiyak na kasama sa balanseng paggamit natin ng oras ang Panginoon, pamilya, trabaho, at kapaki-pakinabang na paglilibang. Gaya ng natuklasan ng marami, nadaragdagan ang kaligayahan sa buhay kapag ginamit natin ang ating oras sa paghahanap ng mga bagay na "marangal, kaaya-aya, o magandang balita o maipagkakapuri" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

Napakabilis lumipas ng oras. Ngayon ang magandang panahon, habang buhay pa tayo, upang suriin ang ginagawa nating paghahanda sa pagharap sa Diyos. Pinatototohanan ko na malaki ang mga gantimpala sa mga taong nag-uukol ng panahon sa buhay upang maghanda para sa imortalidad at buhay na walang hanggan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Provo Utah Central Stake general minutes, Abr. 6, 1856, tomo 10 (1855–60), Church History Library, Salt Lake City, 273 (ginawang makabago ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga letra): "Sinabi ni Father [Emer] Harris na sinabi ng Apostol na kailangan nating labanan ang mga pamunuan at kapangyarihan sa matataas na lugar. Si Bro. Hiram Page ay nakahukay ng itim na bato sa lupa [at] ibinulsa ito. Pagkauwi niya, tiningnan niya ito. May isang pangungusap doon na parang nakasulat sa papel. Nang maisulat niya ang isang pangungusap, lumitaw ang isa pang pangungusap sa bato, hanggang sa makapagsulat siya ng 16 na pahina. May nagsabi nito kay Bro. Joseph. Itinanong ng isang tao kay Joseph kung tama iyon. Sinabi niya na hindi niya alam, ngunit nanalangin siya at nakatanggap ng paghahayag na ang bato ay sa diyablo. Pagkatapos ay dinurog ang bato at sinunog ang mga nakasulat. Gawa iyon ng kapangyarihan ng kadiliman. Amen."



**Ni Elder Carl B. Cook**
Ng Pitumpu

# Mas Mabuting Tumingin sa Itaas

*Kung tayo, tulad ni Pangulong Monson, ay sasampalataya at hihingi ng tulong sa Diyos, hindi tayo madaraig ng mga pasanin sa buhay.*

Matapos ang isang nakakapagod na araw sa pagtatapos ng unang linggo ko bilang General Authority, punung-puno ang briefcase ko at pinag-iisipan ko ang tanong na, "Paano ko kaya ito magagawa?" Nilisan ko ang opisina ng Pitumpu at sumakay sa elevator ng Church Administration Building. Habang pababa ang elevator, nakatungo ako at nakatitig lang sa sahig.

Bumukas ang pinto at may sumakay, pero hindi ko tiningnan kung sino. Nang sumara ang pinto, narinig kong may nagtanong, "Ano'ng tinitingnan mo sa sahig?" Kilala ko ang boses na iyon—kay Pangulong Thomas S. Monson iyon.

Agad akong tumingin sa kanya at sumagot, "Ah, wala po." (Tiyak ko na ang matalinong sagot na iyon ay nagbigay sa akin ng kumpiyansa sa mga kakayahan ko!)

Ngunit nakita niya ang malungkot kong mukha at mabigat kong briefcase. Ngumiti siya at magiliw na sinabi, habang nakaturo sa itaas, "Mas mabuting tumingin sa itaas!" Habang pababa kami ng isa pang palapag, masaya niyang sinabi na papunta siya sa templo. Nang magpaalam siya sa akin, tila muling sinasabi ng kanyang tingin na, "Tandaan mo, mas mabuting tumingin sa itaas."

Nang maghiwalay kami, sumagi sa isipan ko ang isang talata sa banal na kasulatan: "Maniwala sa Diyos; maniwala na siya nga . . . ; maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan, at lahat ng kapangyarihan, kapwa sa langit at sa lupa."[1] Habang iniisip ko ang kapangyarihan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, nadama ko ang kapanatagang hindi ko nadama sa pagtitig sa sahig ng pababang elevator na iyon.

Mula noon pinag-isipan ko nang mabuti ang karanasang ito at ang tungkulin ng mga propeta. Mabigat ang pasanin ko at nakatungo ako. Nang magsalita ang propeta, tumingin ako sa kanya. Itinuon niya ang paningin ko sa Diyos, kung saan ako mapapagaling at mapapalakas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Iyan ang ginagawa ng mga propeta para sa atin. Inaakay nila tayo patungo sa Diyos.[2]

Pinatototohanan ko na si Pangulong Monson ay hindi lamang isang

propeta, tagakita at tagapaghayag; isa rin siyang magandang halimbawa ng pamumuhay na umaasa sa tulong ng langit. Sa lahat ng tao, maaari siyang mabigatan sa kanyang mga responsibilidad. Sa halip, lubos siyang sumasampalataya at puno ng pag-asa, karunungan, at pagmamahal sa iba. Ang pag-uugali niya ay "magagawa" at "gagawin." Nagtitiwala siya sa Panginoon at sa Kanya siya humuhugot ng lakas, at pinagpapala siya ng Panginoon.



Natutuhan ko sa aking karanasan na kung tayo, tulad ni Pangulong Monson, ay sasampalataya at hihingi ng tulong sa Diyos, hindi tayo madaraig ng mga pasanin sa buhay. Hindi natin madarama na hindi natin kaya ang ipinagagawa sa atin o ang kailangan nating gawin. Palalakasin tayo, at magiging payapa at maligaya ang ating buhay.[3] Mauunawaan natin na karamihan sa mga ipinag-aalala natin ay walang kabuluhan sa kawalang-hanggan—at kung sakali man, tutulungan tayo ng Panginoon. Ngunit dapat tayong magkaroon ng pananampalatayang tumingin sa itaas at ng tapang na sundin ang Kanyang utos.

Bakit hamon sa buhay ang palagi tayong tumingin sa itaas? Marahil ay wala tayong pananampalataya na ang simpleng gawaing ito ay makalulutas sa ating mga problema. Halimbawa, nang matuklaw ng makamandag na mga ahas ang mga anak ni Israel, inutusan si Moises na ipatong ang isang ahas na tanso sa isang tikin. Ang ahas na tanso ay sumasagisag kay Cristo. Yaong mga tumingin sa ahas, tulad ng payo ng propeta, ay gumaling.[4] Ngunit marami pang ibang hindi tumingin, at sila ay nangamatay.[5]

Sumang-ayon si Alma na kaya hindi tumingin sa ahas ang mga Israelita ay dahil hindi sila naniwala na gagaling sila sa gayong paraan. Ang mga sinabi ni Alma ay akma sa atin ngayon:

"O mga kapatid ko, kung kayo ay mapapagagaling sa pamamagitan lamang ng pagbaling ng inyong mga mata upang kayo'y gumaling, hindi ba kayo mabilis na titingin, o nanaisin pa ninyong patigasin ang inyong mga puso sa kawalang-paniniwala, at maging mga tamad . . . ?

"Kung gayon, sasainyo ang kapighatian; subalit kung hindi, samakatwid ibabaling ninyo ang inyong mga mata at magsisimulang maniwala sa Anak ng Diyos, na siya ay paparito upang tubusin ang kanyang mga tao, at na siya ay magpapakasakit at mamamatay upang magbayad-sala para sa [ating] mga kasalanan; at na siya ay mabubuhay na mag-uli mula sa patay."[6]

Ang paghihikayat ni Pangulong Monson na tumingin sa itaas ay isang paghahalintulad sa pag-alaala kay Cristo. Kapag inaalala natin Siya at nagtitiwala tayo sa Kanyang kapangyarihan, tumatanggap tayo ng lakas sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Dahil dito gagaan ang ating mga alalahanin, pasanin, at pagdurusa. Dahil dito mapapatawad tayo at mapapagaling sa mga pasakit na dulot ng ating mga kasalanan. Dahil dito magkakaroon tayo ng pananampalataya at lakas na matiis ang lahat ng bagay.[7]

Kamakailan dumalo kami ni Sister Cook sa isang kumperensya ng kababaihan sa South Africa. Matapos naming marinig ang ilang magagandang mensahe kung paano mapagpapala ng Pagbabayad-sala ang ating buhay, inanyayahan ng stake Relief Society president ang lahat na lumabas. Bawat isa ay binigyan ng lobo. Ipinaliwanag niya na isinasagisag ng lobo ang anumang pasanin, pagsubok, o paghihirap na humahadlang sa aming buhay. Pagbilang ng tatlo, pinakawalan namin ang aming lobo, o ang aming mga "pasanin." Habang nakatingin kami sa itaas at minamasdan naming lumipad palayo ang aming mga pasanin, malinaw naming narinig ang "Ahhhh." Ang simpleng pagpapakawala sa aming lobo ay nagpaalala sa amin ng di-maipaliwanag na kagalakang dulot ng pagtingin sa itaas at pag-alaala kay Cristo.

Hindi tulad ng pagpapakawala sa lobo, ang espirituwal na pagtingin sa itaas ay hindi lamang isang beses ginagawa. Natutuhan natin sa panalangin sa sakramento na dapat nating lagi Siyang alalahanin at sundin ang Kanyang mga utos, upang mapasaatin ang Kanyang Espiritu araw-araw para gabayan tayo.[8]

Nang magpagala-gala ang mga anak ni Israel sa ilang, araw-araw na ginabayan ng Panginoon ang kanilang paglalakbay nang umasa sila sa Kanyang patnubay. Sa Exodo mababasa natin, "At ang Panginoon ay nangunguna sa kanila sa araw, sa isang haliging ulap, upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi, ay sa isang haliging apoy, upang tanglawan sila."[9] Lagi Siyang gumagabay, at mapakumbaba kong pinatototohanan sa inyo na magagawa rin Niya ito para sa atin.

Kaya paano Niya tayo gagabayan ngayon? Sa pamamagitan ng mga propeta, apostol, at lider ng priesthood at sa mga damdaming dumarating matapos nating ipahayag ang pinakamimithi ng ating puso't kaluluwa sa Ama sa Langit sa panalangin. Inaakay Niya tayo kapag tayo ay tumalikod sa mga makamundong bagay, nagsisi, at nagbago. Inaakay Niya tayo kapag

sinunod natin ang Kanyang mga utos at sinisikap nating maging higit na katulad Niya. At inaakay Niya tayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.[10]

Para magabayan sa landas ng buhay na ito at mapasaatin tuwina ang Espiritu Santo, kailangan natin ang "nakikinig na tainga" at "nakakakitang mata," na kapwa nakatingin sa itaas.[11] Kailangan nating kumilos ayon sa iniutos sa atin. Dapat tayong tumingin sa itaas at sumunod. At kapag ginawa natin ito, alam ko na sasaya tayo, dahil nais ng Diyos na lumigaya tayo.

Tayo ay mga anak ng Ama sa Langit. Nais Niyang maging bahagi ng ating buhay, upang pagpalain tayo, at tulungan tayo. Pagagalingin Niya ang ating mga sugat, papahirin ang ating mga luha, at tutulungan tayo sa pagtahak sa landas pabalik sa Kanyang piling. Kapag umasa tayo sa Kanya, aakayin Niya tayo.

*Tanglaw ko ang Diyos, bakit*
*mangangamba?*
*Sa araw at gabi laging kapiling*
*S'ya. . . .*
*Ligaya ko't awitin.*
*Araw at gabi, gabay S'ya sa akin*
*lagi.*[12]

Pinatototohanan ko na pinatatawad ang mga kasalanan at pinagagaan ang mga pasanin kapag umasa tayo kay Cristo. "Atin siyang alalahanin, . . . at huwag iyuko ang ating mga ulo,"[13] dahil, tulad ng sabi ni Pangulong Monson, "Mas mabuting tumingin sa itaas."

Pinatototohanan ko na si Jesus ay ang ating Tagapagligtas at Manunubos sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mosias 4:9.
2. Tingnan sa 2 Nephi 25:23, 26.
3. Tingnan sa Mosias 24:15.
4. Tingnan sa Mga Bilang 21:8–9.
5. Tingnan sa 1 Nephi 17:41.
6. Alma 33:21–22; tingnan din sa mga talata 19–20.
7. Tingnan sa Alma 36:3, 17–21; 3 Nephi 9:13.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77.
9. Exodo 13:21.
10. Tingnan sa 2 Nephi 9:52; 31:13; Doktrina at mga Tipan 121:46.
11. Mga Kawikaan 20:12.
12. "Tanglaw Ko ang Diyos" *Mga Himno,* blg.49.
13. 2 Nephi 10:20.



**Ni Elder LeGrand R. Curtis Jr.**
Ng Pitumpu

# Pagtubos

*Sa pamamagitan ni Cristo, maaaring baguhin at binabago ng mga tao ang kanilang buhay at natatamo ang pagtubos.*

May iba't ibang pangalang tumutukoy sa Panginoong Jesucristo. Ipinababatid sa atin ng mga pangalang ito ang iba't ibang aspeto ng pagbabayad-sala ng Panginoon. Halimbawa, ang titulong "Tagapagligtas." Alam natin ang kahulugan ng maligtas dahil minsan sa buhay natin ay nakaranas na tayong maligtas. Noong bata pa kami ng kapatid kong babae, naglalaro kami sa ilog sakay ng maliit na bangka nang hindi nag-iisip na umalis kami sa ligtas na lugar na pinaglalaruan namin at natangay kami ng agos pababa sa mapanganib na ilog. Narinig ni Itay ang pagsigaw namin, at sinagip kami at iniligtas mula sa panganib ng ilog. Kapag naiisip ko ang tungkol sa pagliligtas, naaalala ko ang karanasang iyon.

Ang titulong "Manunubos" ay gayundin ang kahulugan. Ang "tumubos" ay bayaran o bawiin ang isang bagay. Sa batas, natutubos ang ari-arian kapag binayaran ang kabuuang utang o prendang kapalit nito. Sa Lumang Tipan, ang batas ni Moises ay may iba't ibang paraan ng pagpapalaya, o pagtubos, sa mga alipin at ari-arian sa pamamagitan ng pagbabayad ng salapi (tingnan sa Levitico 25:29–32, 48–55).

Ang isang kilalang gamit sa banal na kasulatan ng salitang *tubusin* ay patungkol sa pagliligtas sa mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto. Matapos ang pagliligtas na iyon, sinabi sa kanila ni Moises: "Dahil sa inibig kayo ng Panginoon, . . . inilabas [Niya] kayo sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay at tinubos kayo sa bahay ng pagkaalipin, mula sa kamay ni Faraon na hari sa Egipto" (Deuteronomio 7:8).

Ang tema ng pagtubos ni Jehova sa mga tao ni Israel mula sa pagkaalipin ay maraming beses na inulit sa mga banal na kasulatan. Kadalasan ginagawa ito para ipaalala sa mga tao ang kabutihan ng Panginoon sa pagliligtas sa mga anak ni Israel mula sa mga taga-Egipto. Ngunit ginagawa rin ito para ituro sa kanila na may isa pang pagtubos, na mas mahalaga, para sa Israel. Itinuro ni Lehi: "At ang Mesiyas ay paparito sa kaganapan ng panahon, upang kanyang matubos ang mga anak ng tao mula sa pagkahulog" (2 Nephi 2:26).

Isinulat ng Mang-aawit: "Ngunit tutubusin ng Dios ang aking kaluluwa sa kapangyarihan ng sheol" (Awit 49:15).

Ipinahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias, "Aking pinawi na parang masinsing ulap ang iyong mga pagsalangsang, at, parang alapaap, ang iyong mga kasalanan:



manumbalik ka sa akin; sapagka't tinubos kita" (Isaias 44:22).

Ang pagtubos na tinukoy sa tatlong talatang ito, mangyari pa, ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito ang "[walang hanggang pagtubos]" na inialay ng ating mapagmahal na Diyos (Awit 130:7). Hindi tulad ng mga pagtubos sa ilalim ng batas ni Moises o sa makabagong batas, ang pagtubos na ito ay hindi natutumbasan ng "mga bagay na nangasisira, ng pilak at ginto" (I Ni Pedro 1:18). "[Kay Cristo ay] mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya" (Mga Taga Efeso 1:7). Itinuro ni Pangulong John Taylor na dahil sa sakripisyo ng Manunubos, "nabayaran ang pagkakautang, nagawa ang pagtubos, natupad ang tipan, naibigay ang kinakailangan ng katarungan, [naisagawa ang kalooban ng Diyos,] at ang lahat ng kapangyarihan ay naibigay . . . sa mga kamay ng Anak ng Diyos" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* [2001], 54).

Kabilang sa mga epekto ng pagtubos na ito ang pagdaig sa kamatayang pisikal para sa lahat ng anak ng Diyos. Ibig sabihin, nadaig ang kamatayang temporal at lahat ay mabubuhay na mag-uli. Isa pang aspeto ng pagtubos na ito ni Cristo ang tagumpay laban sa kamatayang espirituwal. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa at kamatayan, nagbayad-sala si Cristo para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan sa kundisyon na bawa't isa ay magsisisi.

Samakatwid, kung tayo ay magsisisi, mapapatawad tayo sa ating mga kasalanan, na ang halaga ay nabayaran na ng ating Manunubos. Ito ang magandang balita para sa ating lahat, "sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios" (Mga Taga Roma 3:23). Yaong mga lumihis mula sa landas ng kabutihan ay lubos na nangangailangan ng pagtubos na ito, at kung sila ay lubos na magsisisi, makakamit nila ito. Ngunit yaong nagsisikap na mamuhay nang mabuti ay kailangang-kailangan din ang pagtubos na ito, dahil walang makararating sa kinaroroonan ng Ama nang walang tulong ni Cristo. Dahil dito, ang mapagmahal na pagtubos na ito ay tumutugon sa hinihingi ng batas ng katarungan at awa sa buhay ng lahat na nagsisisi at sumusunod kay Cristo.

*Dakila, mal'walhati't sadyang ganap:*
*Hangaring tayo'y matubos.*
*Pag-ibig, awa at katarungan*
*Ay nagtutugma nang lubos!*
("Dakilang Karunungan at Pag-ibig," *Mga Himno,* blg. 116)

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "May isang Manunubos, isang Tagapamagitan, na handa at kayang tugunan ang hinihingi ng katarungan at nagbibigay ng awa sa lahat ng nagsisisi" ("The Mediator," *Ensign,* Mayo 1977, 56).

Ang mga banal na kasulatan, panitikan, at mga karanasan sa buhay ay puno ng mga kuwento ng pagtubos. Sa pamamagitan ni Cristo, maaaring baguhin at binabago ng mga tao ang kanilang buhay at natatamo ang pagtubos. Gustung-gusto ko ang mga kuwento ng pagtubos.

May kaibigan ako na hindi sinunod ang mga turo ng Simbahan noong kanyang kabataan. Nang magbinata siya, natanto niya ang mga bagay na nawala sa kanya sa hindi pamumuhay ng ebanghelyo. Siya ay nagsisi, nagbagong-buhay, at namuhay nang matwid. Isang araw, matapos ang matagal na di-pagkikita, nakita ko siya sa templo. Nabanaag ko sa kanyang mga mata na ipinamuhay niya ang ebanghelyo, at nadama ko na isa siyang tapat na miyembro ng Simbahan na nagsisikap ipamuhay nang lubos ang ebanghelyo. Isang kuwento ng pagtubos iyon sa kanya.

Minsan ay ininterbyu ko para sa binyag ang isang babaeng nakagawa ng napakabigat na kasalanan. Tinanong ko siya sa interbyu kung

nauunawaan niya na hindi na niya maaaring ulitin ang kasalanang iyon kailanman. Puno ng damdamin ang kanyang mga mata at tinig, at sinabi niyang, "President, hinding-hindi ko na po uulitin ang kasalanang iyon. Kaya nga po gusto kong magpabinyag—upang malinis ako mula sa mga epekto ng napakabigat na kasalanang iyon." Isang kuwento ng pagtubos iyon sa kanya.

Nang bisitahin ko ang mga stake conference at iba pang pulong nitong nakalipas na mga taon, naalala ko ang payo ni Pangulong Thomas S. Monson na hanapin at iligtas ang mga di-gaanong aktibong miyembro ng Simbahan. Sa isang stake conference, nagkuwento ako tungkol sa isang di-gaanong aktibong miyembro na nagbalik sa pagiging aktibo matapos bisitahin ng kanyang bishop at iba pang mga lider sa bahay niya, sinabi sa kanya na kailangan siya, at tinawag siyang maglingkod sa ward. Hindi lamang tinanggap ng lalaking ito sa kuwento ang tungkulin kundi binago pa niya ang kanyang buhay at mga gawi at naging lubos na aktibo sa Simbahan.

Nasa kongregasyon ang isa kong kaibigan nang ikuwento ko ito. Kitang-kita ang pagbabago sa kanyang mukha habang ikinukuwento ko iyon. Pinadalhan niya ako ng e-mail kinabukasan at sinabing naantig siya sa kuwento dahil ang kuwento ng pagiging aktibong muli ng kanyang biyenang lalaki sa Simbahan ay katulad na katulad ng ikinuwento ko. Sinabi niya na dahil sa pagbisita ng bishop at sa paanyayang maglingkod sa Simbahan, muling sinuri ng kanyang biyenan ang kanyang buhay at patotoo, gumawa siya ng malalaking pagbabago sa kanyang buhay, at tinanggap niya ang tungkulin. Ang lalaking iyon na napabalik sa Simbahan ay may 88 inapo nang aktibong miyembro ng Simbahan.

Sa isa pang pulong pagkaraan ng ilang araw, inilahad ko ang dalawang kuwentong ito. Kinabukasan, nakatanggap ako ng isa pang e-mail na nagsimula sa, "Ganyan din ang nangyari sa tatay ko." Ikinuwento sa e-mail



na iyon, mula sa isang stake president, kung paano inanyayahan ang kanyang ama na maglingkod sa Simbahan kahit matagal na itong hindi nagsisimba at may mga gawing dapat baguhin. Tinanggap niya ang paanyaya at nagsisi, dahil doon, at kalaunan ay naglingkod bilang stake president at pagkatapos ay bilang mission president, at nagtayo ng pundasyong pagsasaligan ng kanyang mga inapo upang maging matatapat silang miyembro ng Simbahan.

Pagkaraan ng ilang linggo ibinahagi ko ang tatlong kuwentong ito sa isa pang stake conference. Pagkatapos ng pulong ay lumapit ang isang lalaki at sinabi sa akin na *hindi* iyon nangyari sa kanyang ama. Sa *kanya* nangyari iyon. Sinabi niya sa akin ang mga pangyayaring nagtulak sa kanyang magsisi at lubusang bumalik sa Simbahan. At gayon nga ang nangyari. Nang maalala ko ang payo na hanapin at ibalik ang mga di-gaanong aktibo, marami akong nakita at narinig na kuwento ng mga taong tumugon sa paanyayang bumalik at baguhin ang kanilang buhay. Marami akong kuwentong narinig tungkol sa pagtubos.

Bagaman hindi natin matutumbasan kailanman ang ginawa ng Manunubos para sa atin, hinihingi ng plano ng pagtubos na gawin natin ang lahat upang lubos na makapagsisi at magawa ang kalooban ng Diyos. Isinulat ni Apostol Orson F. Whitney:

*Tagapagligtas ng aking kaluluwa,*
*Na sa akin ay lumikha,*
*Sa kapangyarihan Ninyong taglay*
*Ang dusa ko ay nawala!*
*Maraming salamat po,*
*Butihing Diyos ng Israel.*

*Hindi ko kayang tumbasan,*
*Kayo'y iibigin. Inyong salita,*
*Di ba't ligaya sa puso ko,*
*Sa umaga'y galak, sa gabi'y*
*pangarap?*
*Kung gayo'y aking sasambitin,*
*Kalooban Ninyo'y gagawin.*
("Savior, Redeemer of My Soul," *Hymns,* blg. 112)

Pinatototohanan ko ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. Kapag tayo ay nagsisi at lumapit sa Kanya, matatanggap natin ang lahat ng pagpapala ng buhay na walang hanggan. Nawa'y magawa natin ito, na nagkakaroon ng sariling kuwento ng pagtubos, ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi

*Sa pamamagitan lamang ng pagsisisi natin nakakamtan ang biyaya ng pagbabayad-sala ni Jesucristo.*

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng salaysay tungkol sa isang taong nagngangalang Nehor. Madaling maunawaan kung bakit naisip ni Mormon, nang paikliin niya ang libu-libong taon nang mga talaan ng mga Nephita, na mahalagang isama ang tungkol sa lalaking ito at ang nagtagal na impluwensya ng doktrina nito. Hangad ni Mormon na balaan tayo, dahil alam niya na muling lilitaw ang pilosopiyang ito sa ating panahon.

Unang nabanggit si Nehor sa Aklat ni Mormon mga 90 taon bago isinilang si Cristo. Itinuro niya "na ang buong sangkatauhan ay maliligtas sa huling araw, . . . sapagkat nilikha ng Panginoon ang lahat ng tao, at kanya ring tinubos ang lahat ng tao; at sa katapusan, ang lahat ng tao ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (Alma 1:4).

Pagkaraan ng mga 15 taon, dumating si Korihor sa mga Nephita na nagtuturo at nagpapalaganap ng doktrina ni Nehor. Nakatala sa Aklat ni Mormon na "siya ay isang Anti-Cristo, sapagkat siya ay nagsimulang mangaral sa mga tao laban sa mga propesiya . . . hinggil sa pagparito ni Cristo" (Alma 30:6). Ipinangaral ni Korihor "na hindi maaaring magsagawa ng isang pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng tao, kundi ang bawat tao ay namumuhay sa buhay na ito alinsunod sa pangangasiwa ng nilikha; anupa't ang bawat tao ay umuunlad alinsunod sa kanyang likas na talino, at ang bawat tao ay nagagapi alinsunod sa kanyang lakas; at ang ano mang gawin ng tao ay hindi pagkakasala" (Alma 30:17). Ang mga bulaang propetang ito at kanilang mga alagad ay "hindi naniniwala sa pagsisisi ng kanilang mga kasalanan" (Alma 15:15).

Tulad noong mga panahon nina Nehor at Korihor, nabubuhay tayo sa panahong malapit na ang pagdating ni Jesucristo—ang panahon ng paghahanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito. At katulad noon, ang mensahe tungkol sa pagsisisi ay kadalasang hindi tinatanggap. Sinasabi ng ilan na kung talagang may Diyos, hindi Siya mag-uutos sa atin ng dapat gawin (tingnan sa Alma 18:5). May iba namang nagsasabi na patatawarin ng mapagmahal na Diyos ang lahat ng kasalanan basta't ipagtapat lamang ito, o kung tunay mang may kaparusahan sa mga kasalanan, "hahagupitin tayo ng Diyos ng ilang palo, at sa wakas tayo ay maliligtas sa kaharian ng Diyos" (2 Nephi 28:8). Ang iba, tulad ni Korihor, ay itinatangging mayroong Cristo at sinasabing walang kasalanan. Ang doktrina nila ay na ang mga pinahahalagahan, pamantayan, at maging ang katotohanan ay dependeng lahat sa tao. Kaya nga, anuman ang inaakala ng tao na tama para sa kanya ay hindi maaaring husgahan ng iba na mali o kasalanan.

Sa unang tingin ay tila kaakit-akit ang gayong mga pilosopiya dahil tinutulutan tayo nitong gawin ang anumang pita o nais natin anuman ang kahinatnan nito. Sa paggamit ng mga turo nina Nehor at Korihor, mapangangatwiranan natin ang anumang bagay. Kapag dumating ang mga propeta na nananawagang magsisi, "tinatapos nito ang mga pagsasaya." Ngunit ang totoo ay dapat tanggapin nang may galak ang panawagang ito ng propeta. Kung walang pagsisisi, walang tunay na pagsulong o pag-unlad sa buhay. Ang magkunwaring walang kasalanan ay hindi nagpapagaan sa bigat at pasakit nito. Hindi binabago ng pagdurusa sa kasalanan ang anumang bagay. Tanging sa pagsisisi lamang mas bumubuti ang buhay. At, mangyari pa, sa pamamagitan lamang ng pagsisisi natin nakakamtan ang biyaya ng pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang kaligtasan. Ang pagsisisi ay isang banal na kaloob, at dapat ay may ngiti sa ating mukha kapag pinag-uusapan natin ito. Inaakay tayo nito patungo sa kalayaan, pagkakaroon ng tiwala, at kapayapaan. Sa halip na pigilin ang pagsasaya, tunay na kaligayahan ang dulot ng kaloob na pagsisisi.

Posible lamang ang pagsisisi dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ang Kanyang walang-hanggang sakripisyo ang "nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi" (Alma 34:15). Ang pagsisisi ay kinakailangan, at ang biyaya ni Cristo ang kapangyarihan kung saan "mabibigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan" (Alma 34:16). Ito ang aming patotoo:

"Aming nalalaman na ang pagbibigay ng katwiran [o pagpapatawad sa

mga kasalanan] sa pamamagitan ng biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ay makatarungan at totoo;

"At amin ding nalalaman, na ang pagpapabanal [o pagpapadalisay mula sa mga epekto ng kasalanan] sa pamamagitan ng biyaya ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo ay makatarungan at totoo, sa lahat ng yaong nagmamahal at naglilingkod sa Diyos nang buo nilang kakayahan, pag-iisip, at lakas" (D at T 20:30–31).

Ang pagsisisi ay isang malawak na paksa, ngunit ngayon ay gusto kong bumanggit lamang ng limang bahagi ng pangunahing alituntuning ito ng ebanghelyo na sana ay makatulong sa atin.



Una, ang paanyayang magsisi ay nagpapakita ng pagmamahal. Nang ang Tagapagligtas ay "nagpasimulang mangaral . . . at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit" (Mateo 4:17), ito ay mensahe ng pagmamahal, na inaanyayahan ang lahat ng gustong maging karapat-dapat na sumama sa Kanya "at magtamasa ng mga salita ng buhay na walang hanggan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan [mismo] sa daigdig na darating" (Moises 6:59). Kung hindi natin aanyayahang magbago ang iba o tayo mismo ay hindi magsisisi, hindi natin nagagawa ang pangunahing obligasyon natin sa sarili at sa isa't isa. Ang totoo, mas inaalala ng mapangunsinting magulang, ng kaibigang walang pakialam, ng takot na pinuno ng Simbahan ang kanilang sarili kaysa kapakanan at kaligayahan ng mga taong matutulungan nila. Oo, ang panawagang magsisi kung minsan ay itinuturing na hindi pagpaparaya o nakasasakit ng damdamin at maaari ngang ikagalit pa, ngunit sa patnubay ng Espiritu, ang totoo ay nagpapakita ito ng tunay na malasakit (tingnan sa D at T 121:43–44).

Ikalawa, ang ibig sabihin ng pagsisisi ay pagsisikap na magbago. Isang pagkutya sa pagdurusa ng Tagapagligtas sa Halamanan ng Getsemani at sa krus ang asamin nating gawin Niya tayong mabubuting nilalang nang wala tayong kapagud-pagod. Bagkus, hinahangad natin ang Kanyang biyaya upang matugunan at magantimpalaan ang ating pagsusumigasig (tingnan sa 2 Nephi 25:23). Marahil tulad ng pagdarasal natin na kahabagan tayo, dapat tayong manalangin na magkaroon tayo ng oras at pagkakataong magpakabuti at magsikap at madaig ang kasalanan. Tiyak na pagpapalain ng Panginoon ang taong nais humarap sa paghuhukom nang karapat-dapat, na tunay na nagsusumikap sa araw-araw na gawing kalakasan ang kanyang kahinaan. Ang tunay na pagsisisi, ang tunay na pagbabago ay maaaring mangailangan ng paulit-ulit na pagsisikap, ngunit may isang bagay na nagpapadalisay at nagpapabanal sa gayong pagsisikap. Ang pagpapatawad at pagpapagaling ng Diyos ay kusang dumarating sa taong iyon, sapagkat tunay na ang "karangalan ay nagmamahal sa karangalan; liwanag ay kumukunyapit sa liwanag; [at] awa ay may habag sa awa at inaangkin ang kanya" (D at T 88:40).

Sa pamamagitan ng pagsisisi patuloy nating mapaghuhusay ang ating kakayahang ipamuhay ang selestiyal na batas, sapagkat nalalaman natin na "siya na hindi makasusunod sa batas ng isang kahariang selestiyal ay hindi makatitigil sa isang kaluwalhatiang selestiyal" (D at T 88:22).

Ikatlo, ang ibig sabihin ng pagsisisi ay hindi lamang pagtalikod sa kasalanan kundi determinasyong sumunod. Nakasaad sa Bible Dictionary, "Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay pagbaling ng puso at kalooban sa Diyos, [at] pagtalikod [din] sa kasalanang nagawa dahil sa pagiging likas na tao natin."[1] Ang isa sa ilang halimbawa ng turong ito mula sa Aklat ni Mormon ay matatagpuan sa mga salita ni Alma sa isa sa mga anak niyang lalaki:

"Kaya nga, iniuutos ko sa iyo, anak ko, nang may takot sa Diyos, na ikaw ay tumigil sa iyong mga kasamaan;

"Na ikaw ay bumaling sa Panginoon nang buo mong pag-iisip, kakayahan at lakas" (Alma 39:12–13; tingnan din sa Mosias 7:33; 3 Nephi 20:26; Mormon 9:6).

Upang lubos tayong makabaling sa Panginoon, dapat itong kapalooban ng isang tipan na susundin natin Siya. Madalas nating banggitin ang tipang ito bilang tipan ng binyag yamang ipinapakita ito sa pamamagitan ng pagpapabinyag sa tubig (tingnan sa Mosias 18:10). Pinagtibay ng sariling binyag ng Tagapagligtas, na nagpakita

ng halimbawa, ang Kanyang tipan na susundin Niya ang Ama. "Ngunit sa kabila ng kanyang pagiging banal, ipinakikita niya sa mga anak ng tao na, ayon sa laman siya sa kanyang sarili ay nagpapakumbaba sa harapan ng Ama, at pinatototohanan sa Ama na siya ay magiging masunurin sa kanya sa pagsunod ng kanyang mga kautusan" (2 Nephi 31:7). Kung wala ang tipang ito, hindi malulubos ang pagsisisi at hindi mapapatawad ang mga kasalanan.[2] Sa di-malilimutang pahayag ni Propesor Noel Reynolds, "Ang pasiyang magsisi ay pasiyang alisin ang mga hadlang sa lahat ng direksyon upang matahak [nang may determinasyon] magpakailanman ang tanging *nag-iisang* daan, ang *nag-iisang* landas patungo sa buhay na walang hanggan."[3]

Ikaapat, kinakailangan sa pagsisisi ang tapat na layunin at kahandaang patuloy na magsikap na madaig ang kasalanan, kahit mahirap. Ang pagtatala ng mga hakbang sa pagsisisi ay maaaring makatulong sa iba, ngunit maaari ding humantong sa pagsisising walang tunay na hangarin o pagbabago. Ang tunay na pagsisisi ay hindi paimbabaw. Dalawang mahalagang bagay ang hinihingi ng Panginoon: "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:43).

Ang pagtatapat at pagtalikod sa kasalanan ay malalalim na konsepto. Higit pa ito sa simpleng pagsasabi ng "Inaamin ko; Patawad." Ang pagtatapat ay isang taos-puso, kung minsan ay mahirap na pag-amin ng kamalian at pagkakasala sa Diyos at sa tao. Ang kalungkutan at pighati at mga luha ng kapaitan ay madalas madama sa nagtatapat, lalo na kung ang ginawa niya ay nakasakit sa iba o, ang mas malala pa, nagtulak ito sa iba na magkasala. Ang matinding pagdurusang ito, ang pagtingin sa mga bagay kung ano talaga ang mga ito, ang siyang nagtutulak sa isang tao, tulad ni Alma, na magsumamo, 'O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na nasa kasukdulan ng kapaitan, at napalilibutan ng walang hanggang tanikala ng kamatayan" (Alma 36:18).

Dahil sa pananampalataya sa mahabaging Manunubos, at sa Kanyang kapangyarihan, ang kawalang-pag-asa ay nauuwi sa pag-asam. Nagbabago ang puso at hangarin ng tao, at ang kasalanang minsang naging kaakit-akit ay naging kasuklam-suklam. Ang determinasyong iwaksi at talikdan ang kasalanan at iwasto ang nagawang pinsala, nang lubos sa abot ng makakaya, ay naroon na sa pusong iyon na nagbago na. Ang determinasyong ito kalaunan ay humahantong sa tipan na sundin ang Diyos. Matapos magawa ang tipang iyan, ang Espiritu Santo, na sugo ng banal na biyaya, ay magdadala ng kapanatagan at kapatawaran. At mahihikayat ang isang tao na ipahayag na muli ang sinabi ni Alma, "At o, anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko'y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!" (Alma 36:20).

Ang anumang pasakit na nagtulak sa atin na magsisi ay di-mapapantayan ang pagdurusang kailangan upang matugunan ang hinihingi ng katarungan para sa mga kasalanang hindi pa napagsisihan. Bahagyang nangusap ang Tagapagligtas tungkol sa dinanas Niya upang matugunan ang hinihingi ng katarungan at mabayaran ang ating mga kasalanan, gayunman ito ang Kanyang ipinahayag:

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro" (D at T 19:16–18).

Ikalima, gaano man kahirap magsisi, napapawi ito ng kagalakan na ikaw ay napatawad. Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na pinamagatang "The Brilliant Morning of Forgiveness," ibinigay ni Pangulong Boyd K. Packer ang analohiyang ito:

"Noong Abril ng 1847, pinamunuan ni Brigham Young ang unang grupo ng mga pioneer palabas ng Winter Quarters. Kasabay nito, sa 1,600 milya [2,575 km] sa kanluran ay naglalakbay ang mga kaawa-awang nakaligtas na kabilang sa Donner Party sa dalisdis ng Sierra Nevada Mountains patungo sa Sacramento Valley.

"Nagdanas sila ng matinding taglamig at hindi makaalis sa makapal na niyebe sa ibaba ng bundok. Hindi kapani-paniwalang may nakaligtas sa gutom at matinding hirap sa loob ng maraming araw at linggo at buwan.

"Isa sa mga nakaligtas ay ang labinlimang-taong-gulang na si John Breen. Noong gabi ng Abril 24, nakarating siya sa Johnson's Ranch. Makalipas ang mga taon isinulat ni John:

"'Gabi na nang makarating kami sa Johnson's Ranch, kaya umaga na nang makita ko ito sa kauna-unahang pagkakataon. Maganda ang panahon, natatakpan ng mga luntiang damo ang lupa, umaawit ang mga ibon mula sa mga puno, at tapos na ang paglalakbay. Halos hindi ko mapaniwalaang buhay ako.

"'Ang tanawing nakita ko nang umagang iyon ay tila naukit sa aking isipan. Karamihan sa mga nangyayari ay naglalaho sa alaala, ngunit palagi kong naaalala ang lugar malapit sa Johnson's Ranch.'"

Sinabi ni Pangulong Packer: "Sa una ay nagtaka ako sa sinabi niya na 'karamihan sa mga nangyayari ay naglalaho sa alaala.' Paanong naglaho sa kanyang isipan ang maraming buwan ng matinding pagdurusa at kalungkutan? Paano napalitan ng isang maningning na umaga ang matinding taglamig na iyon?

"Matapos kong pag-isipan pa ito, nagpasiya akong hindi nga ito nakapagtataka. Gayon din ang nakita kong nangyari sa mga taong kilala ko. Nakita kong namulat ang isang taong nagdusa sa kasalanan at espirituwal na pagkagutom nang mahabang panahon tungo

sa liwanag ng kapatawaran. Pagsapit ang umaga, ito ang natutuhan nila:

"'Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito' [D at T 58:42]."[4]

Kinikilala ko nang may pasasalamat at pinatototohanan na ang hindi maarok na pagdurusa, kamatayan at Pagkabuhay na mag-uli ng ating Panginoon ay "isasakatuparan ang hinihingi ng pagsisisi" (Helaman 14:18). Ang banal na kaloob na pagsisisi ay susi sa kaligayahan sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Sa mga salita ng Tagapagligtas at may lubos na pagpapakumbaba at pagmamahal, inaanyayahan ko ang lahat na "mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit" (Mateo 4:17). Alam ko na sa pagtanggap sa paanyayang ito, makakamtan ninyo ang kagalakan ngayon at magpakailanman. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Bible Dictionary, "Repentance."
2. Paulit-ulit na binanggit sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa "mabibinyagan tungo sa pagsisisi" (tingnan sa Mosias 26:22; Alma 5:62; 6:2; 7:14; 8:10; 9:27; 48:19; 49:30; Helaman 3:24; 5:17, 19; 3 Nephi 1:23; 7:24–26; Moroni 8:11). Ginamit din ni Juan Bautista ang mga salitang ito (tingnan sa Mateo 3:11), at binanggit ni Pablo ang "bautismo ng pagsisisi" (Ang Mga Gawa 19:4). Ang mga kataga ay nasa Doktrina at mga Tipan din (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 35:5; 107:20). Ang "bautismo ng pagsisisi o pagbibinyag tungo sa pagsisisi" ay tumutukoy lamang sa katotohanan na ang binyag lakip ang tipan nito na maging masunurin ang huling hakbang sa pagsisisi. Kapag lubos na nagsisi, lakip ang pagpapabinyag, ang tao ay karapat-dapat sa pagpapatong ng mga kamay para sa kalob na Espiritu Santo, at sa pamamagitan ng Espiritu Santo natatanggap ng tao ang binyag sa pamamagitan ng Espiritu (tingnan sa Juan 3:5) at kapatawaran ng mga kasalanan: "Sapagkat ang pasukang inyong dapat pasukin ay pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig; at pagkatapos darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa pamamagitan ng apoy at ng Espiritu Santo" (2 Nephi 31:17).
3. Noel B. Reynolds, "The True Points of My Doctrine," *Journal of Book of Mormon Studies,* tomo 5, blg. 2 (1996): 35; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Boyd K. Packer, sa Conference Report, Okt. 1995, 21; tingnan din sa "The Brilliant Morning of Forgiveness," *Ensign,* Nob. 1995, 18.



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot

*Kung tutugon kayo sa paanyayang ibahagi ninyo ang inyong mga paniniwala at damdamin tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, laging sasainyo ang diwa ng pag-ibig at katapangan.*

Pangulong Monson, kaming lahat ay natuwa sa magandang balita tungkol sa ilang bagong templo. At tuwang-tuwa lalo na ang napakarami kong kamag-anak sa estado ng Wyoming.

May isinasagawa ang Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo kapag tapos na ang isang bagong templo na isang karaniwang tradisyon sa Estados Unidos at Canada—nagdaraos tayo ng open house. Sa mga linggo bago ang paglalaan ng bagong templo, binubuksan natin ang mga pintuan nito at inaanyayahan ang mga pinuno ng pamahalaan at ng mga relihiyon sa lugar, mga miyembro ng ating Simbahan, at mga miyembro ng ibang simbahan na libutin ang bagong tayong templo.

Magagandang kaganapan ito na tumutulong sa mga taong hindi pamilyar sa ating Simbahan na mas malaman pa ang tungkol dito. Halos lahat ng bumibisita sa isang bagong templo ay namamangha sa kagandahan ng loob at labas nito. Hanga sila sa pagkakagawa at masusing pagtutuon sa detalye ng bawat bahagi ng templo. Bukod pa rito, may nadaramang kakaiba at espesyal ang marami sa ating mga bisita habang inililibot sila sa buong templo na hindi pa nailalaan. Ang mga ito ang karaniwang tugon ng mga bisita sa ating mga open house, ngunit hindi ito ang pinaka-karaniwang tugon. Higit sa lahat ang nagpahanga sa mas maraming bisita ay ang mga miyembro ng Simbahan na nakikilala nila sa ating mga open house. Lumilisan sila na nananatiling humahanga sa mga nakausap nila, ang mga Banal sa mga Huling Araw.

Marami nang nakapapansin sa Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo



kaysa rati. Nagsusulat o nagsasalita ang mga miyembro ng media tungkol sa Simbahan araw-araw, iniuulat ang tungkol sa maraming aktibidad nito. Tinatalakay palagi sa marami sa pinakabantog na mga pahayagan sa Estados Unidos ang tungkol sa Simbahan o sa mga miyembro nito. Ang pagtalakay na ito ay nangyayari din sa iba't ibang panig ng mundo.

Napapansin din ang Simbahan sa Internet, na, tulad ng alam ninyo, ay lubhang nagpabago sa paraan ng pagbabahagi ng mga tao ng impormasyon. Sa buong maghapon sa iba't ibang panig ng mundo, tinatalakay ang Simbahan at mga turo nito sa Internet, sa mga blog at social network ng mga taong hindi nakasulat kailanman para sa isang pahayagan o magasin. Gumagawa sila ng mga video at ibinabahagi ang mga ito sa Internet. Mga ordinaryong tao sila—kapwa mga miyembro natin at ng ibang relihiyon —na pinag-uusapan ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang mga pagbabago sa paraan ng ating pakikipag-ugnayan ay nagpapaliwanag nang bahagya kung bakit tayong mga "Mormon" ay mas napapansin na kaysa rati. Ngunit ang Simbahan ay nananatiling umuunlad at sumusulong. Parang mas maraming tao na ang may mga kapitbahay at kaibigang miyembro ng Simbahan, at may mga kilalang miyembro ng Simbahan sa pamahalaan, sa mga negosyo, media, edukasyon, at saanman. Kahit yaong mga hindi miyembro ng Simbahan ay napapansin ito, at iniisip nila kung ano ang nangyayari. Nakatutuwang napakarami na ngayong nakababatid tungkol sa Simbahan at sa mga Banal sa mga Huling Araw.

Bagama't mas napapansin na ang Simbahan, marami pa ring tao ang hindi nakauunawa rito. Ang ilan ay naturuan na paghinalaan ang Simbahan at naniniwala sa negatibong opinyon ng iba tungkol sa Simbahan nang hindi nagdududa sa pinagmulan at katotohanan nito. Marami ring maling impormasyon at kalituhan tungkol sa Simbahan at mga paniniwala nito. Nangyayari na ito noon pa mang panahon ni Propetang Joseph Smith.

Kaya isinulat ni Joseph Smith ang kanyang kasaysayan "upang bigyang-linaw ang isipan ng madla, at upang ipaalam sa lahat ng mananaliksik ng katotohanan ang mga tunay na nangyari" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:1). Totoo na laging may mga taong babaguhin ang katotohanan at sadyang pabubulaanan ang mga turo ng Simbahan. Ngunit karamihan sa mga taong nagtatanong tungkol sa Simbahan ay nais lang itong maunawaan. Sila ay mga taong may malinaw na pag-iisip na talagang gusto lang makaalam tungkol sa atin.

Ang tumitinding katanyagan at reputasyon ng Simbahan ay nagbibigay ng pambihirang pagkakataon sa atin bilang mga miyembro nito. Makatutulong tayo na "bigyang-linaw ang isipan ng madla," at itama ang maling impormasyong inihayag tungkol sa atin. Ang mas mahalaga, maibabahagi natin kung sino tayo.

May ilang bagay tayong magagawa —na magagawa ninyo—para mas maunawaan ang Simbahan. Kung gagawin natin ito nang may gayon ding pag-uugali at kilos tulad ng pakikipag-usap natin sa temple open house, mas mauunawaan tayo ng ating mga kaibigan at kapitbahay. Maglalaho ang kanilang mga agam-agam, mawawala ang mga negatibong opinyon, at mauunawaan na nila kung ano talaga ang Simbahan.

Magmumungkahi ako ng ilang ideya kung ano ang magagawa natin.

Una, dapat tayong maging matapang sa ating mga pahayag tungkol kay Jesucristo. Nais nating malaman ng iba na naniniwala tayo na Siya ang

pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang Kanyang buhay at mga turo ang pinaka-mensahe ng Biblia at ng iba pang mga aklat na itinuturing nating banal na kasulatan. Inihahanda tayo ng Lumang Tipan sa mortal na ministeryo ni Cristo. Inilalarawan ng Bagong Tipan ang Kanyang mortal na ministeryo. Ang Aklat ni Mormon ang pangalawang nagpapatotoo sa Kanyang mortal na ministeryo. Pumarito Siya sa mundo upang ipahayag ang Kanyang ebanghelyo para maging saligan ng buong sangkatauhan nang sa gayon ay matutuhan ng lahat ng anak ng Diyos ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang mga turo. At ibinuwis Niya ang Kanyang buhay upang maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Tanging sa pamamagitan ni Jesucristo lamang tayo maliligtas. Kaya nga tayo naniniwala na Siya ang pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Noon pa man ay nasa mga kamay na Niya ang ating walang hanggang tadhana. Maluwalhati ang maniwala sa Kanya at tanggapin Siya bilang ating Tagapagligtas, Panginoon, at Guro.

Naniniwala rin tayo na sa pamamagitan lamang ni Cristo natin matatagpuan ang lubos na kapanatagan, pag-asa, at kaligayahan—kapwa sa buhay na ito at sa mga kawalanghanggan. Ang ating dokrina, ayon sa turo sa Aklat ni Mormon, ay nagsasaad na: "Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:20).

Ipinahahayag natin ang ating paniniwala kay Jesucristo at tinatanggap Siya bilang ating Tagapagligtas. Pagpapalain at gagabayan Niya tayo sa lahat ng ating pagsisikap. Habang nagsisikap tayo sa buhay na ito, palalakasin Niya tayo at bibigyan ng kapanatagan sa oras ng pagsubok. Ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay namumuhay nang may pananampalataya sa Kanya na namumuno sa Simbahang ito.

Ikalawa, maging mabuting halimbawa sa iba. Matapos nating ipahayag ang ating mga paniniwala, dapat nating sundin ang payo sa atin sa I Kay Timoteo 4:12: "Maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan."

Itinuro ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagiging uliran ng mga nagsisisampalataya sa pagsasabing, "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).

Ang ating buhay ay dapat maging halimbawa ng kabutihan at kabanalan habang sinisikap nating tularan ang Kanyang halimbawa sa mundo. Ang mabubuting gawa ng bawat isa sa atin ay lalong magbibigay-karangalan sa pangalan ng Tagapagligtas at Kanyang Simbahan. Kapag gumagawa kayo ng mabuti, sa pagiging marangal at matwid na mga tao, ang Liwanag ni Cristo ay mababanaag sa inyong buhay.

Susunod, ipagtanggol ang Simbahan. Sa araw-araw nating buhay, binibiyayaan tayo ng maraming pagkakataong ibahagi sa iba ang ating paniniwala. Kapag nagtanong ang ating mga kaibigan at kasamahan sa trabaho tungkol sa ating relihiyon, hinihikayat nila tayong ibahagi sa kanila kung sino tayo at ano ang ating paniniwala. Maaaring maging interesado sila o hindi sa Simbahan, ngunit interesado silang makilala tayo nang lubusan.

Ang mungkahi ko sa inyo ay tanggapin ang kanilang paanyaya. Hindi nila kayo inaanyayahang magturo, mangaral, magpaliwanag, o magpayo. Makipag-usap kayo sa kanila—magbahagi ng isang bagay tungkol sa mga paniniwala ninyo ngunit tanungin din sila tungkol sa paniniwala nila. Suriin ang lebel ng kanilang interes sa kanilang mga tanong. Kung marami silang tanong, ituon ang usapan sa pagsagot sa kanilang mga tanong. Laging tandaan na mas mabuting magtanong sila kaysa magkuwento kayo.

May ilang miyembro na tila nais ilihim ang pagiging miyembro nila sa Simbahan. May mga dahilan sila. Halimbawa, maaaring naniniwala sila na hindi nila tungkuling ibahagi ang kanilang mga paniniwala. Marahil natatakot silang magkamali o matanong sa isang bagay na hindi nila masasagot. Kung ganito ang iniisip ninyo, may ipapayo ako sa inyo. Alalahanin lamang ang sinabi ni Juan: "Walang takot sa pagibig: kundi ang sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot" (I Ni Juan 4:18). Kung mamahalin lang natin ang Diyos at ang ating kapwa, pinangakuan tayo na madaraig natin ang ating takot.

Kung nabisita na ninyo kamakailan ang Mormon.org, na siyang website ng Simbahan para sa mga interesadong makaalam pa tungkol sa Simbahan, nakita na ninyo roon ang mga miyembrong nagbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili. Lumilikha sila ng mga online profile na nagsasabi kung sino sila at kung bakit mahalaga sa kanila ang kanilang relihiyon. Tinatalakay nila ang kanilang pananampalataya.

Dapat tayong magpasalamat at makipag-usap nang may pagmamahal na katulad ng kay Cristo. Ang ating tono, nagsasalita man o nagsusulat, ay dapat maging magalang at mapitagan, anuman ang itugon ng iba. Dapat tayong maging tapat at tuwiran at sikaping maging maliwanag sa ating sinasabi. Nais nating iwasan ang pakikipagtalo sa anumang paraan.

Ipinaliwanag ni Apostol Pedro, "Nguni't yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay" (I Ni Pedro 1:15).

Kasama sa "paraan ng pamumuhay" ngayon ang tila tumitinding paggamit ng Internet. Hinihikayat namin ang mga tao, bata at matanda, na gamitin ang Internet at social media para makatulong at makapagbahagi ng kanilang mga paniniwala.

Sa paggamit ninyo ng Internet, maaari kayong makakita ng mga paguusap tungkol sa Simbahan. Kapag

hinikayat ng Espiritu, huwag mag-atubiling ibahagi ang opinyon ninyo sa mga usapang ito.

Ang mensahe ng ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi katulad ng ibang bagay na ibabahagi ninyo sa iba. Sa panahong ito na maraming mapagkukunan ng impormasyon, ito ang pinakamahalagang impormasyon sa buong mundo. Walang dudang mahalaga ito. Ito ay isang mahalagang perlas (tingnan sa Mateo 13:46).

Kapag nagsalita tayo tungkol sa Simbahan, hindi natin ito pinagaganda nang higit kaysa nararapat. Hindi natin kailangang pagandahin pa ang ating mensahe. Dapat nating ipabatid ang mensahe nang tapat at tuwiran. Kung makikipag-usap tayo, patutunayan ng mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ang sarili nito sa mga handang tumanggap nito.

Kung minsan ay may malaking pagkakaiba—malaking pagitan sa pag-unawa—sa naranasan natin sa loob ng Simbahan bilang miyembro at sa pananaw ng hindi miyembro. Ito ang pangunahing dahilan kaya tayo nagdaraos ng temple open house bago ilaan ang bawat bagong templo. Ang mga boluntaryong miyembro sa temple open house ay tumutulong lamang sa iba na makita ang Simbahan tulad ng pagkakita nila rito mula sa loob. Nalalaman nila na ang Simbahan ay isang kagila-gilalas na gawain, maging kamangha-mangha, at nais nilang malaman din ito ng iba. Hinihiling ko na gayon din ang gawin ninyo.

Ipinapangako ko na kung tutugon kayo sa paanyayang ibahagi ang inyong mga paniniwala at damdamin tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, laging sasainyo ang diwa ng pag-ibig at katapangan, dahil "ang sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot" (I Ni Juan 4:18).

Panahon ito ng dumaraming pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo ni Jesucristo sa iba. Nawa'y samantalahin natin ang mga pagkakataong ibinigay sa atin na maibahagi ang ating mga paniniwala, ang mapakumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Tayong Lahat ay Kabilang

*Sa bawat lalaki, bata at matanda, na maytaglay ng priesthood, hiling ko ang mas matatag na tinig, . . . tinig para sa kabutihan, isang tinig para sa ebanghelyo, isang tinig para sa Diyos.*

Sa diwa ng makapukaw-damdaming himnong iyon at sa napakainam na panalangin ni Elder Richard G. Hinckley na nasa puso ko, nais kong magsalita nang tahasan ngayong gabi, mga kapatid, at ibibilang ko dito ang mga kabataan ng Aaronic Priesthood.

Kapag pinag-uusapan natin ang kagandahan ng Unang Pangitain ni Joseph Smith, kung minsan ay pahapyaw lang ang pagbanggit natin sa nakakatakot na paghaharap bago iyon, paghaharap na nilayong patayin ang bata kung maaari at kung hindi naman, ay para pigilin ang parating na paghahayag. Hindi natin dapat palaging pag-usapan ang kaaway, at ni ayaw ko siyang banggitin, ngunit ang karanasan ng batang si Joseph ay paalala sa bawat lalaki, pati sa bawat binatilyo sa grupong ito, ng bagay na dapat tandaan.

Una, si Satanas, o Lucifer, o ang ama ng kasinungalingan—anuman ang itawag ninyo sa kanya—ay tunay, siya mismo ang kumakatawan sa kasamaan. Masama ang kanyang mga motibo sa lahat ng pagkakataon, at nanginginig siya sa pagsulpot ng mapagtubos na liwanag, sa mismong pag-iisip ng katotohanan. Ikalawa, palagi siyang salungat sa pag-ibig ng Diyos, sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at sa gawain ng kapayapaan at kaligtasan. Kakalabanin niya ang mga ito kahit kailan at kahit saan. Alam niyang matatalo siya at itataboy sa huli, ngunit determinado siyang ipahamak na katulad niya ang marami hangga't maaari.

Kung gayon, ano ang ilan sa mga paraan ng diyablo sa paligsahang ito kung saan buhay na walang-hanggan ang nakataya? Muli ay may matututuhan tayo sa karanasan sa Sagradong Kakahuyan. Itinala ni Joseph na sa pagsisikap na labanan ang lahat ng darating, nagpakita si Lucifer ng "kagila-gilalas na lakas na higit sa akin upang igapos ang aking dila nang hindi ako makapagsalita."[1]



Tulad ng itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer kaninang umaga, hindi kayang pumatay ni Satanas. Isa iyan sa mga bagay na hindi niya kayang gawin. Ngunit mukhang magagawa niyang pigilin ang gawain kung maigagapos lamang niya ang dila ng matatapat. Mga kapatid, kung gayon, naghahanap ako ngayong gabi ng mga lalaking bata at matanda na may sapat na malasakit upang sumali at magtanggol sa labanang ito sa pagitan ng mabuti at masama. Tayo ay nasa digmaan, at sa susunod na ilang minuto, nais ko kayong pasalihin sa digmaan.

Kailangan ko pa bang ihimig ang ilang linya ng "Tayo ay Kasapi"? Alam niyo na, ang linyang "Kawal ay kailangan, sino'ng magkukusa?"[2] Mangyari pa, ang maganda sa panawagang ito na lumaban ay *hindi* natin hinihiling sa mga boluntaryo na bumaril o maghagis ng granada. Hindi, gusto natin ng mga batalyong gagawing sandata ang "bawat salita na magmumula sa bibig ng Diyos."[3] Kaya naghahanap ako ngayong gabi ng mga misyonerong hindi kusang gagapusin ang kanilang dila kundi, sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon at ng kapangyarihan ng kanilang priesthood, ay bubuksan ang kanilang mga bibig at gagawa ng mga himala. Ang gayong pananalita, sabi ng mga kapatid noon, ang paraan kung saan ang "pinakadakilang mga gawain [ng pananampalataya] ay nagawa, at ma[ga]gawa."[4]

Hinihiling ko lalo na sa mga binatilyo ng Aaronic Priesthood na maupo nang tuwid at makinig. Para sa inyo, gagawa ako ng analohiya sa laro. Mahirap itong sinalihan nating paligsahan laban sa kaaway, kaya lalapitan ko kayo, nang husto, at pag-aalabin nang kaunti ang damdamin ninyo—tulad ng ginagawa ng mga coach kapag malapit na ang laro at ang pagkapanalo ay napakahalaga. At sa larong ito ang sinasabi ng coach na ito sa inyo ay, para makapaglaro dito, kailangang maging mas malinis pa ang kalooban ng ilan sa inyo. Sa labanang ito sa pagitan ng mabuti at masama, hindi kayo maaaring maglaro para sa kaaway sa tuwing may tukso, at pagkatapos ay maglaro para sa Tagapagligtas pagsapit ng panahon para pumunta sa templo at magmisyon na parang walang nangyari. Iyan, mga kaibigan, ay hindi ninyo maaaring gawin. Ang Diyos ay hindi maaaring hamakin.

Kaya may problema tayo ngayong gabi, ikaw at ako. Ito ay ang daan-daang libong kabataang sakop ng edad ng Aaronic Priesthood na nasa mga talaan ng Simbahang ito na maaaring magmisyon sa hinaharap. Ngunit ang hamon ay ang panatilihing aktibo at karapat-dapat ang mga deacon, teacher, at priest na iyon nang sapat para maordenan bilang mga elder at makapaglingkod bilang mga misyonero. Kaya kailangan natin ang mga kabataang kasama na sa grupo na *manatili* rito at tumigil sa paggawa ng mabibigat na kasalanan kapag kailangan na kayong maglaro at maglaro nang napakahusay! Sa halos lahat ng paligsahang pampalakasan na alam ko, may mga patakarang dapat sundin ang bawat kalahok para makapaglaro. At, ang Panginoon ay nagbigay ng mga patakaran ng pagiging karapat-dapat para sa mga tinawag na tumulong sa Kanya sa gawaing ito. Walang misyonero ang kayang hamunin ang ibang tao na magsisi sa kasalanang seksuwal o lapastangang pananalita o panonood ng pornograpiya kung siya mismo ay hindi pa napagsisisihan ang mga kasalanang iyon! Hindi ninyo magagawa iyon. Ang Espiritu ay hindi mapapasainyo at mabubulunan kayo sa pagsasabi ng mga ito. Hindi kayo maaaring dumaan sa tinawag ni Lehi na "ipinagbabawal na landas"[5] at umasang magagabayan ang iba sa "makipot at makitid"[6] na landas—hindi magagawa iyan.

Ngunit may paraan para mapagsisihan ang inyong mga kasalanan gaya sa investigator na tuturuan ninyo. Sinuman kayo at anuman ang nagawa ninyo, mapapatawad kayo. Bawat isa sa inyong mga kabataan ay maaaring talikuran ang anumang kasalanan na nagpapahirap sa inyo. Ito ang himala ng kapatawaran; ang himala ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Ngunit hindi ninyo ito magagawa kung hindi kayo tapat sa ebanghelyo, at hindi ninyo pinagsisihan ang kailangang pagsisihan. Hinihiling ko sa inyong mga kabataan na maging aktibo at malinis. Kung kailangan, hiling kong *maging* aktibo at *maging* malinis kayo.

Ngayon, mga kapatid, mapangahas kaming nagsasalita sa inyo dahil bihirang tumalab ang mas mahinahong salita. Hayagan kaming nagsasalita dahil si Satanas ay tunay at gusto niya kayong sirain, at pabata nang pabata ang mga taong tinutukso niya. Kaya hinahablot namin kayo at sinisigawan kayo nang husto:

*Dinggin! Ingay ng digmaan*
*ay kaylakas;*
*Makiisa! Makiisa!*[7]

Mga bata kong kaibigan, kailangan namin ng libu-libo pang mga misyonero sa mga buwan at taong darating. Dapat silang magmula sa mas malaking porsiyento ng Aaronic Priesthood na ioorden, aktibo, malinis,

at karapat-dapat maglingkod.

Sa inyo na nakapaglingkod na o naglilingkod ngayon, salamat sa kabutihang nagawa ninyo at sa mga buhay na inyong naantig. Pagpalain kayo! Kinikilala rin namin na may ilang gustong magmisyon at buong buhay na umasang makapagmisyon, ngunit dahil sa problema sa kalusugan o iba pang mga hadlang na hindi nila kagustuhan, ay hindi nila ito magawa. Hayagan naming ipinagmamalaki ang grupong ito. Alam namin ang inyong mga naisin, at pinupuri namin ang inyong katapatan. Minamahal at hinahangaan namin kayo. Kayo ay "kasama sa team" at lalagi rito, sapagkat may sapat kayong dahilan para hindi makapaglingkod nang full-time. Ngunit kailangan namin ang iba pa sa inyo!



Kayong kalalakihan ng Melchizedek Priesthood, huwag kayong ngumiti at panatag na sumandal sa inyong mga upuan. Hindi pa ako tapos. Kailangan namin ng libu-libo pang mag-asawang maglilingkod sa mga misyon ng Simbahan. Hinihiling sila ng bawat mission president. Saanman sila maglingkod, ang ating mga couple missionary ay naghahatid ng ibayong karunungan sa gawain na bihirang maibigay ng mga edad-19, kahit gaano sila kahusay.

Para mas marami pang mag-asawa ang mahikayat na maglingkod, ginawa ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa ang isa sa pinakamapangahas at bukas-palad na hakbang sa gawaing misyonero sa nakaraang 50 taon. Noong Mayo ng taong ito, ang mga lider ng priesthood na nasa misyon ay tumanggap ng paunawa na ang bayad sa upa ng bahay ng mga mag-asawa (at sa upa ng bahay *lamang*) ay tutulungang tustusan ng Church missionary funds kung labis o sobra ito sa itinakdang buwanang upa. Kaylaking pagpapala! Hulog ng langit ang tulong na ito sa pinakamalaking gastusin ng mga mag-asawa sa kanilang misyon. Nagpasiya rin ang mga Kapatid na ang mga misyong para sa mag-asawa ay maaari nang sa loob ng 6 o 12 buwan, at tulad ng dati 18 o 23 buwan. Ang maganda pa, maaaring umuwi sandali ang mga mag-asawa, sa sarili nilang gastos, para sa mahahalagang kaganapan sa pamilya. At huwag na kayong mag-alala na baka kakatok kayo sa mga pintuan o gagayahin ninyo ang iskedyul ng mga edad-19! Hindi namin iyan ipinagagawa sa inyo, pero may iba pa kayong magagawa, at mas malaya kayong magpasiya kung paano ito gawin.

Mga kapatid, dahil sa mabuti at sapat na dahilan ukol sa kalusugan, pamilya, o kabuhayan, natanto namin na ang ilan sa *inyo* ay maaaring hindi makahayo ngayon o kahit kailan. Ngunit sa kaunting pagpaplano magagawa ito ng marami sa inyo.

Mga bishop at stake president, pag-usapan ang pangangailangang ito sa inyong mga council at kumperensya. Maupo sa pulpito sa inyong mga pulong at mapanalanging masdan ang kongregasyon para makatanggap ng impresyon kung sino ang dapat tumanggap ng tungkulin. Pagkatapos ay payuhan at tulungan silang magtakda ng petsa ng paglilingkod. Mga kapatid, kapag nangyari iyan, sabihin sa inyong asawa na kung kaya ninyong iwan ang inyong maginhawang upuan at remote control nang ilang buwan, makakaya nilang iwan ang mga apo. Hindi mapapaano ang mga batang iyon, at ipinangangako ko na gagawa kayo ng mga bagay para sa kanila sa paglilingkod sa Panginoon, mga mundong walang katapusan, na hindi ninyo magagawa kailanman kung mananatili kayo sa bahay o kapiling nila kayo. Wala nang iba pang maipagkakaloob ang mga lolo't lola sa kanilang mga inapo kundi ang sabihin sa pamamagitan ng gawa at salita na, "Sa pamilyang ito nagmimisyon tayo!"

Hindi lamang ang gawaing misyonero ang kailangan nating gawin sa malaki at magandang Simbahang ito. Ngunit halos lahat ng iba pang kailangan nating gawin ay depende sa pakikinig muna ng mga tao sa

***Montreal, Quebec, Canada***



ebanghelyo ni Jesucristo at pagsapi dito. Tiyak na iyan ang dahilan kaya ang huling utos ni Jesus sa Labindalawa ay gayon kahalaga—na "magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo."[8] Sa gayon, at sa gayon lamang, darating ang iba pang mga pagpapala ng ebanghelyo—pagkabuo ng pamilya, mga programang pangkabataan, mga pangako sa priesthood, at mga ordenansang aakay sa atin sa templo. Ngunit tulad ng patotoo ni Nephi, darating lamang iyan kapag ang isang tao ay "[nakapasok] sa . . . pasukan."[9] Sa lahat ng gagawing iyan sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan, kailangan natin ng mas marami pang misyonerong magbubukas sa pasukang iyon at tutulong sa iba na makapasok doon.

Sa bawat lalaki, bata at matanda, na maytaglay ng priesthood, hiling ko ang mas matatag na tinig, hindi lamang ang tinig na laban sa kasamaan at sa kanya na kumakatawan dito, kundi maging ang tinig para sa kabutihan, isang tinig para sa ebanghelyo, isang tinig para sa Diyos. Mga kapatid sa lahat ng edad, kalagan ang inyong dila at masdan ang mga himalang magagawa ng inyong mga salita sa buhay ng mga "napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan."[10]

*Ating tunguhin ang labanan,*
*Kalasag ay katotohanan.*
*Ating watawat, iwagayway!*
*At uuwi tayong may kaligayahan.*[11]

Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Guro, amen. ■

**MGA TALA**

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:15.
2. "Tayo ay Kasapi," *Mga Himno,* blg. 152.
3. Doktrina at mga Tipan 84:44; tingnan din sa Deuteronomio 8:3; Mateo 4:4.
4. *Lectures on Faith* (1985), 73.
5. 1 Nephi 8:28.
6. 2 Nephi 31:18.
7. *Mga Himno,* blg. 135.
8. Mateo 28:19.
9. 2 Nephi 33:9.
10. Doktrina at mga Tipan 123:12.
11. *Mga Himno,* blg. 135.



**Ni Bishop Keith B. McMullin**
Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

# Ang Kapangyarihan ng Aaronic Priesthood

*Kayo at ang katungkulan sa Aaronic Priesthood na hawak ninyo ay mahalaga sa gawain ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak at sa paghahanda sa mundong ito para sa Ikalawang Pagparito.*

Sa isang training session kamakailan para sa mga General Authority, muling binigyang-diin ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga tungkulin at oportunidad para sa mga maytaglay ng Aaronic Priesthood.[1] Batay sa diwa ng tagubiling iyon ang mensahe ko sa inyo ngayon.

Ang tungkulin, kapag isinagawa nang wasto, ang nagsasaad ng kapalaran ng mga tao at bansa. Napakahalaga ng prinsipyo ng tungkulin kung kaya't ang mga maytaglay ng priesthood ay pinayuhan na, "Dahil dito, ang bawat tao ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig."[2]

Ipinaliwanag ni Pangulong Monson na, "Maaaring dumating nang tahimik ang tawag ng tungkulin kapag tayong may priesthood ay gumaganap sa tungkuling tinanggap natin."[3] Binanggit ni Pangulong Monson ang sinabi ni George Albert Smith: "Tungkulin ninyo una sa lahat na malaman ang nais ng Panginoon at pagkatapos sa kapangyarihan at lakas ng Kanyang banal na Priesthood ay magampanan ninyo ang inyong tungkulin sa harapan ng inyong kapwa upang matuwang sumunod sa inyo ang mga tao."[4]

Sa pagsasalita tungkol sa Kanyang tungkulin, sinabi ng ating Panginoon: "Hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng Ama."[5] "Bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."[6] Dahil ginampanan ni Jesucristo ang Kanyang tungkulin, "ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."[7] Mga kapatid, ito ang pamantayang dapat nating sundin.

Batay sa karanasan ko kayong naglilingkod na mga deacon, teacher, at priest ay handa, maaasahan, at may kakayahang gampanan ang inyong tungkulin gaya ng inaasahan namin sa inyo. Hanga kami sa inyo. Nakakahawa ang inyong lakas, pambihira ang inyong kakayahan, ang inyong pakikisama ay nakapagpapalakas. Kayo at ang katungkulan sa Aaronic



Priesthood na hawak ninyo ay mahalaga sa gawain ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak at sa paghahanda sa mundong ito para sa Ikalawang Pagparito ng Kanyang banal na Anak. Hindi namin nakikita ang inyong kabataan sa pagsasaalang-alang namin sa inyo at sa inyong tungkulin. Si Pablo ay nagsalita tungkol sa inyo na nagsasabing, "Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pag-ibig, sa pananampalataya, sa kalinisan."[8]

*Sa kalalakihan ay dumating noon*
*Ang priesthood na ipinangalan kay Aaron.*
*Sa mga Levita, pari, at mga propeta,*
*Sa mga anak ng Diyos ito'y nagpala.*

*At dumating ang Tagapagligtas ng sanlibutan*
*At hinanap ang taong nagngangalang Juan,*
*Upang sa kapangyarihan ding ito'y mabinyagan*
*At maihudyat ang kaligtasan.*

*Sa mga huling araw ang kapangyarihan ding ito*
*Ay muling ibinalik sa mundo,*
*Upang mga katotohanan ng ebanghelyo*
*Ay maisilang sa kaluluwa ng tao.*

*Aaronic Priesthood, sukdulang katotohanan,*
*Ay dumating bilang paghahanda—*
*Upang pagtubos ay makamtan*
*Sa Anak ng Diyos na Kinalulugdan!*

*At sa kanya na nangangasiwa sa kapangyarihang ito—*
*Na 'di lamang isang binatilyo.*
*Sa taglay niyang balabal ng priesthood*
*Sabihin nating, "Purihin ang lalaking ito!"*[9]

"Ang kapangyarihan at karapatan ng . . . Pagkasaserdoteng Aaron, ay hawakan ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at upang pangasiwaan ang mga panlabas na ordenansa, ang titik ng ebanghelyo, ang pagbibinyag ng pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan, sang-ayon sa mga tipan at kautusan."[10] Napansin ni Pangulong Boyd K. Packer na: "Maganda ang nagawa natin sa pamamahagi ng *awtoridad* ng priesthood. Naitatag natin ang awtoridad ng priesthood sa halos lahat ng dako. . . . Ngunit sa palagay ko naunang umunlad ang pamamahagi ng *awtoridad* ng priesthood kaysa *kapangyarihan* ng priesthood."[11] Dapat itong malutas para sa walang-hanggang kapakanan ng mga anak ng Diyos.

Sinabi sa atin ng ating propeta kung paano ito magagawa. Sa pagbanggit ni Pangulong Monson sa sinabi ni George Q. Cannon, sinabi niya na: "Nais kong makita na mapalakas ang kapangyarihan ng priesthood. . . . Nais kong makita ang lakas at kapangyarihang ito na nakakalat sa kabuuan ng Priesthood, mula sa mga pinuno hanggang sa pinakamaliit at mapagpakumbabang deacon sa Simbahan. Bawat tao ay dapat hangarin at tamasahin ang mga paghahayag ng Diyos, ang liwanag ng kalangitan na nagniningning sa kanyang kaluluwa at nagbibigay sa kanya ng kaalaman hinggil sa kanyang mga tungkulin, hinggil sa bahagi ng gawain . . . na nasasakupan niya sa kanyang Priesthood."[12]

Ano ang maaaring gawin ng deacon, teacher, o priest upang matanggap ang diwa ng paghahayag at gampanang mabuti ang kanyang tungkulin? Maaari siyang mamuhay sa paraan na siya ay malilinis, mapababanal, at matatanglawan ng kapangarihan ng Espiritu Santo.

Ang kahalagahan nito ay makikita sa mga salita ni Alma: "Ngayon sinasabi ko sa inyo na ito ang orden kung saan ako ay tinawag . . . ang mangaral sa . . . darating na salinlahi . . . na sila ay kailangang magsisi at *isilang na muli*."[13] Kapag ang isang tao ay isinilang na muli, ang kanyang puso ay nagbabago. Wala na siyang hangarin sa mga bagay na masasama o marumi. Nakadarama siya ng matinding pagmamahal sa Diyos. Nais niyang maging mabuti, maglingkod sa kapwa, at sundin ang mga kautusan.[14]

Inilarawan ni Pangulong Joseph F. Smith ang kanyang karanasan sa malaking pagbabagong ito: "Nakadama ako ng dalisay na kapayapaan, ng pag-ibig at liwanag. Nadama ko sa aking kaluluwa na kung nagkasala ako . . . napatawad na ito; na talagang nalinis ako mula sa kasalanan; naantig ang puso ko, at nadama kong hindi ko sasaktan ang pinakamaliit na insekto sa ilalim ng aking paa. Dama ko na para bang gusto kong gumawa ng mabuti sa lahat ng dako sa lahat ng tao at sa lahat ng bagay. Nakadama ako ng panibagong-buhay, panibagong hangaring gawin ang tama. Walang naiwan sa aking kaluluwa ni katiting na hangarin sa masama. Bata lamang ako noon, totoo, . . . ngunit ito ang damdaming lumukob sa akin, at alam kong galing ito sa Diyos, at noon at kailanman ito ay mananatiling saksi sa akin sa pagtanggap ko sa Panginoon."[15]

Kaya't nananawagan kami sa inyong magigiting na kabataan na pakasikaping "isilang na muli."[16] Ipagdasal na matanggap ninyo ang malaking pagbabagong ito sa inyong buhay. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Higit sa lahat hangaring makilala ang Diyos at maging katulad ng Kanyang banal na Anak. Masiyahan sa inyong kabataan ngunit "iwan ang

mga bagay ng pagkabata":[17]

Iwasan ang mga usapang walang-kabuluhan at hangal.

Layuan ang lahat ng kasamaan.

Iwasang makipagtalo.


Magsisi kapag kailangan.[18]

Tutulungan kayo nitong magkaroon ng hustong kaisipan at maging kagalang-galang. Ang mga katangian ng katapangan, ng pagiging mapagkakatiwalaan, kababaang-loob, mapanampalataya, at kabutihan ay mapapasainyo. Hahangaan kayo ng mga kaibigan, pupurihin kayo ng mga magulang, aasa sa inyo ang mga kapatid sa priesthood, at titingalain kayo ng mga young women at magiging mas mabuting tao sila dahil sa inyo. Bibigyan kayo ng Diyos ng karangalan at ang inyong paglilingkod sa priesthood ay pagkakalooban ng *kapangyarihan mula sa kaitaasan*.

Gagawin namin ang aming bahagi. Bilang mga magulang at mga lolo't lola, ihahanda namin kayo para sa mas magiting na paglilingkod sa kaharian ng Diyos. Bilang inyong mga kapatid, kami'y magiging mga halimbawa na inyong tutularan. Palalakasin namin ang inyong mga korum. Aalalayan namin ang inyong mga quorum presidency sa paggamit nila ng kanilang mga susi sa pamumuno. Bibigyan namin kayo ng pagkakataon upang lubusang tuparin ang mga tungkulin ng Aaronic Priesthood at gampanang mabuti ang inyong tungkulin doon.

Sa inyong paglilingkod, malalaking pagpapala ang darating sa Simbahan. "Ang mga anghel ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."[19] Magagawa rin ninyo ito. Sa pagsasalita ninyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, at sa pangangasiwa ninyo ng sakrament, ang mga kalalakihan at kababaihan, at mga bata ay magsisikap na magsisi, upang madagdagan ang kanilang pananampalataya kay Cristo, at nang ang Banal na Espiritu ay palaging mapasakanila.

Sa pag-aayuno ninyo at pagkolekta ng mga handog-ayuno, magaganyak ang mga miyembro na sundan ang ginawa ng Tagapagligtas. Pinangangalagaan ng Panginoon ang mahihirap



at naaapi, at sinabi Niyang, "Pumarito ka, sumunod kayo sa akin."[20] Sa inyong pagmamalasakit sa mga kapus-palad tayo ay nakikibahagi sa Kanyang banal na gawain at tinutulungan ninyo kaming panatilihin ang kapatawaran ng aming mga nagawang kasalanan.[21]

Sa inyong "pagdalaw sa bahay ng bawat kasapi,"[22] huwag mangamba o mahiya. Ibibigay sa inyo ng Espiritu Santo sa sandaling iyon ang mga sasabihin, ang patotoong ibabahagi, ang gagawing paglilingkod.

Ang masigasig ninyong pagsisikap na "pangalagaan ang simbahan tuwina"[23] ay magbubunga ng mabuti. Ang mapagpakumbaba ninyong asal ang magpapalambot sa puso ng taong di-nananalig at magpapaluwag sa pagsakmal ng kalaban. Ang pag-anyaya ninyo sa iba na sumama sa inyo sa pagsisimba, makibahagi ng sakramento na kasama ninyo, at maglingkod na kasama ninyo ay magpapala sa mga taong naliligaw dahil sa malamlam o wala na sa kanila ang liwanag ng ebanghelyo.

O, minamahal kong mga batang kapatid, "huwag pabayaan ang kaloob na nasa inyo,"[24] na natanggap ninyo nang igawad sa inyo ang Aaronic Priesthood at ordenan kayo.

"Hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig, at ng kahusayan.

"Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon. . . . Magtiis ka . . . dahil sa evangelio ayon sa kapangyarihan ng Dios;

"Na siyang . . . sa atin ay tumawag ng isang banal na pagtawag, . . . na ibinigay sa atin kay Cristo Jesus buhat pa ng mga panahong walang hanggan."[25]

Ang ating minamahal na propeta ang "tumawag sa inyo na maglingkod sa Priesthood."[26] Saludo kami sa inyo, ipinagdarasal namin kayo, nagagalak kaming makasama kayo sa paglilingkod, at nagpapasalamat kami sa Diyos sa kapangyarihan ng inyong nakapagliligtas na ministeryo.

Pinatototohanan ko, ang Diyos ang ating Amang Walang Hanggan at Siya ay nasa kalangitan. Si Jesus na Cristo ang banal na Anak ng Diyos, ang Manunubos ng daigdig, at kayo na nasa Aaronic Priesthood ang Kanyang mga sugo sa mundo, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Pangulong Thomas S. Monson, General Authority training, Abr. 2010.
2. Doktrina at mga Tipan 107:99.
3. Thomas S. Monson, "Ang Sagradong Tawag na Maglingkod," *Liahona,* Mayo 2005, 54.
4. George Albert Smith, sa Conference Report, Abr. 1942, 14; tingnan din sa Thomas S. Monson, *Liahona,* Mayo 2005, 54.
5. Juan 5:30.
6. Juan 6:38.
7. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
8. I Kay Timoteo 4:12.
9. Tula ni Keith B. McMullin; tingnan sa Keith B. McMullin, "Behold the Man," *Ensign,* Nob. 1997, 42.
10. Doktrina at mga Tipan 107:20.
11. Boyd K. Packer, "Ang Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2010, 7.
12. George Q. Cannon, *Deseret Weekly,* Nob. 2, 1889, 593; sinipi ni Thomas S. Monson sa isang General Authority training meeting, Abr. 2010.
13. Alma 5:49; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. Tingnan sa Marion G. Romney, "According to the Covenants," *Ensign,* Nob. 1975, 71–73.
15. Joseph F. Smith, sa Conference Report, Abr. 1898, 66.
16. Tingnan sa Juan 3:3–7; Alma 5:14–21, 49.
17. I Mga Taga Corinto 13:11.
18. Tingnan sa II Kay Timoteo 2:16, 22–26.
19. 2 Nephi 32:3.
20. Lucas 18:22; tingnan din sa Juan 14:12–14.
21. Tingnan sa Mosias 4:26.
22. Doktrina at mga Tipan 20:47.
23. Doktrina at mga Tipan 20:53.
24. I Kay Timoteo 4:14.
25. II Timoteo 1:7–9.
26. Thomas S. Monson, General Authority training meeting, Abr. 2010.



**Ni Elder W. Christopher Waddell**
Ng Pitumpu

# Natatanging Oportunidad sa Buhay

*Sa inyong tapat na paglilingkod at kahandaang magsakripisyo, ang inyong misyon ay magiging espirituwal na karanasan sa inyo.*

Isang mahalagang pangyayari sa buhay ng misyonero ang "huling" interbyu sa kanya ng mission president. Pag-uusapan doon ang wari ay buong buhay na mga di-malilimutang karanasan at mahahalagang aral na natamo sa loob lamang ng 18 o 24 na buwan.

Bagama't ang mga karanasan at aral na ito ay maaaring pangkaraniwan na sa gawaing-misyonero, magkakaiba ang bawat misyon, na may mga hamon at oportunidad na susubok sa atin ayon sa kani-kanya nating pangangailangan at personalidad.

Bago pa natin nilisan ang ating tahanan at pamilya sa lupa para sa full-time na misyon, nilisan na natin ang ating mga magulang sa langit para gawin ang ating misyon sa lupa. Mayroon tayong Ama sa Langit, na nakakikilala sa atin—na alam ang ating mga kalakasan, kahinaan, kakayahan, at potensyal. Alam Niya mismo kung sinong mission president at mga companion at miyembro at investigator ang kailangan natin upang maging ang uri ng misyonero, asawa, ama, at ang maytaglay ng priesthood na kaya nating maabot.

Ang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ang nagtatalaga ng mga misyonero sa patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga mission president na nabigyang-inspirasyon ang namamahala sa mga paglilipat tuwing pagkatapos ng anim na linggo at kaagad nilang nalalaman na alam ng Panginoon kung saan Niya nais na maglingkod ang bawat misyonero.

Ilang taon pa lang ang nakalilipas, si Elder Javier Misiego, na mula sa Madrid, Spain, ay nagmisyon sa Arizona. Noong panahong iyon, hindi pangkaraniwan na sa Estados Unidos siya ipadala, dahil karamihan sa mga kabataan sa Spain ay sa kanilang sariling bansa sila pinaglilingkod.

Nang matapos na ang stake fireside, na dinaluhan nila ng kanyang companion, si Elder Misiego ay nilapitan ng di-gaanong aktibong miyembro ng Simbahan na isinama ng kanyang kaibigan. Noon lamang muling nakapasok ng chapel ang lalaking ito matapos ang maraming taon. Itinanong nito kay Elder Misiego kung may kilala siyang Jose Misiego sa Madrid. Nang sabihin ni Elder Misiego na ang pangalan ng kanyang ama ay Jose Misiego, sabik na nagtanong pa ang lalaki para matiyak kung ito nga *ang* Jose Misiego na itinatanong niya. Nang matiyak na iisang tao lang ang kanilang pinag-uusapan, nagsimulang umiyak ang lalaki. "Siya lang ang nabinyagan ko sa buong misyon ko," at ipinaliwanag niya kung paanong nabuo sa isip niya na hindi siya nagtagumpay sa misyon. Idinahilan niya sa matagal na hindi pagsimba ang nadama niyang kakulangan at kalungkutan at paniniwala na binigo niya ang Panginoon.

Kasunod niyon ay inilarawan ni Elder Misiego kung ano ang nagawa ng "sinasabing pagkabigo" ng misyonero sa kanyang pamilya. Sinabi niya rito na ang kanyang ama, na nabinyagan noong binata pa, ay ikinasal sa templo, na si Elder Misiego ay pang-apat sa anim na anak, na ang kanyang tatlong kapatid na lalaki at isang kapatid na babae ay nagsipagmisyon, na lahat sila ay aktibo sa Simbahan, at lahat ng nag-asawa ay naibuklod na sa templo.

Nagsimulang humikbi ang di gaanong aktibong returned missionary. Nalaman niya ngayon na dahil sa kanyang pagsisikap, maraming buhay ang napagpala, at ang Panginoon ay nagpadala ng elder mula sa Madrid, Spain, papunta sa isang fireside sa Arizona para ipaalam sa kanya na hindi siya bigo. Alam ng Panginoon kung saan Niya gustong maglingkod ang bawat misyonero.

Sa anumang paraang piliin ng Panginoon na pagpalain tayo habang nasa misyon, ang mga pagpapala ng paglilingkod sa misyon ay hindi natatapos kapag na-release na tayo ng ating stake president. Ang inyong misyon ay isang pagsasanay para sa habambuhay. Ang mga karanasan, aral, at patotoo na nakamtam mula sa tapat na paglilingkod ay nilayong magbigay ng pundasyong nakasentro sa ebanghelyo na magtatagal habambuhay at magpasawalang-hanggan. Gayunman, para magpatuloy ang mga pagpapala matapos ang misyon, may mga kundisyong dapat matugunan. Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan na, "Sapagkat lahat ng magkakaroon ng pagpapala sa aking

mga kamay ay susunod sa batas na itinakda para sa pagpapalang yaon, at ang mga batayan nito" (D at T 132:5). Itinuro ang tuntuning ito sa kuwento sa Exodo.

Matapos matanggap ang utos mula sa Panginoon, bumalik si Moises sa Egipto para ialis sa pagkaalipin ang mga anak ng Israel. Hindi sila pinalaya sa kabila ng sunud-sunod na salot, hanggang sa umabot sa ika-10 at pinakahuling salot: "Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto" (Exodo 12:12).

Bilang panlaban sa "manunugat" (talata 23), tinagubilinan ng Panginoon ang Kanyang mga tao na mag-alay ng kordero na "walang kapintasan" (talata 5), at kunin ang dugo ng iaalay na sakripisyo. Pagkatapos ay "kukuha sila ng dugo niyan" at ipapahid sa harapan ng bawat bahay—"dalawang haligi ng pinto at . . . itaas ng pintuan" (talata 7)—na may ganitong pangako: "At pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo" (talata 13).

"At ang mga anak ni Israel ay yumaon at ginawang gayon, kung paanong iniutos ng Panginoon" (talata 28). Inalay nila ang sakripisyo, kinuha ang dugo, at ipinahid iyon sa kanilang mga bahay. "At nangyari sa hating gabi na nilipol ng Panginoon ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto" (talata 29). Si Moises at ang kanyang mga tao, tulad nang ipinangako ng Panginoon, ay naprotektahan.

Ang dugong ginamit ng mga Israelita, na sumasagisag sa magaganap na Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ay bunga ng sakripisyong kanilang inialay. Gayunpaman, ang sakripisyo at ang dugo ay hindi sapat para matamo ang ipinangakong pagpapala. *Kung hindi ipinahid ang dugo sa haligi ng pintuan, mababale-wala ang sakripisyo.*

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na: "Ang gawaing misyonero ay mahirap. Inuubos nito ang lakas, sinasagad ang kakayahan, at hinihingi ang matinding pagsisikap ng isang



tao. . . . Wala nang ibang gawain na nangangailangan ng mas mahabang oras o higit na katapatan o malaking sakripisyo at taimtim na panalangin" ("That All May Hear," *Ensign,* Mayo 1995, 49).

Bilang bunga ng sakripisyong iyan, nagsisibalik tayo mula sa misyon na may dalang mga kaloob: Ang kaloob na pananampalataya. Ang kaloob na patotoo. Ang kaloob na pag-unawa sa tungkulin ng Espiritu. Ang kaloob ng araw-araw na pag-aaral ng ebanghelyo. Ang kaloob na napaglingkuran ang ating Tagapagligtas. Ang mga kaloob na maingat na nakapaloob sa mga lumang banal na kasulatan, sa sira-sirang kopya ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* sa journal ng misyonero, at sa mapagpasalamat na puso. Gayunman, tulad ng mga anak ni Israel, ang mga pagpapalang kasalukuyang kaakibat ng paglilingkod sa misyon ay nangangailangan ng pagsasagawa matapos ang pag-aalay.

Ilang taon na ang nakalilipas, noong kami pa ni Sister Waddell ang namumuno sa Spain Barcelona Mission, nagbibigay ako ng huling assignment sa bawat misyonero sa kanilang huling interbyu. Sa kanilang pag-uwi, kaagad ko silang pinag-uukol ng oras na pagnilayin ang mga aral at kaloob na ibinigay sa kanila ng mapagpalang Ama sa Langit. Ipinatatala ko sa kanila nang may panalangin kung paano pinakamainam na maiaangkop pagkatapos ng misyon nila ang mga aral na yaon—mga aral na iimpluwensya sa bawat aspeto ng kanilang buhay: edukasyon at piniling trabaho, pag-aasawa at mga anak, mga gagawing paglilingkod sa Simbahan, at higit sa lahat, ano ang kahihinatnan nila at ang patuloy na pag-unlad nila bilang mga disipulo ni Jesucristo.

Kailanman ay hindi magiging huli ang lahat para sa sinumang nakapagtapos na ng misyon na isipin ang mga natutuhan sa pamamagitan ng matapat na paglilingkod at mas masigasig na ipamuhay ang mga ito. Kapag ginawa natin ito, madarama natin ang impluwensya ng Espiritu nang mas lubusan sa ating buhay, mapapalakas ang ating pamilya, at mapapalapit tayo sa ating Tagapagligtas at Ama sa Langit. Sa isang pangkalahatang kumperensya,

ipinaabot ni Elder L. Tom Perry ang paanyayang ito: "Nananawagan ako sa inyong mga returned missionary na ilaang muli ang inyong sarili, na mapasainyong muli ang diwa ng paglilingkod ng misyonero. Nananawagan ako na makita sa inyong anyo, ugali, at kilos ang isang tagapaglingkod ng ating Ama sa Langit. . . . Nangangako ako sa inyo na malalaking pagpapala ang nakalaan sa inyo kung patuloy ninyong pagsisikapang taglayin ang kasigasigang minsan na ninyong taglay bilang full-time missionary" ("The Returned Missionary," *Liahona,* Ene. 2002, 88, 89; *Ensign,* Nob. 2001, 77).

Ngayon, sa mga kabataang hindi pa naglilingkod sa full-time na misyon, ibabahagi ko ang payo ni Pangulong Monson noong nakaraang Oktubre: "Inuulit ko ang matagal nang itinuro ng mga propeta—lahat ng karapat-dapat, may kakayahang maglingkod na kabataang lalaki ay maghanda na magmisyon. Ang [paglilingkod o] gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin natin, tayo na nabiyayaan nang lubos" ("Sa Pagkikita Nating Muli," *Liahona* Nob. 2010, 5–6).

Tulad ng mga misyonero noon at ngayon, kilala kayo ng Panginoon at may inihandang karanasan sa misyon para sa inyo. Kilala Niya ang inyong mission president at kanyang mabait na maybahay, na mamahalin kayo na parang tunay nilang mga anak at ihihingi kayo ng gabay at inspirasyon. Kilala Niya ang bawat kompanyon ninyo at alam Niya ang matututuhan ninyo sa kanila. Alam Niya ang bawat lugar na paglilingkuran ninyo, kilala Niya ang mga miyembro na makikilala ninyo, ang mga taong tuturuan, at ang mga taong maaantig ninyo sa kawalang-hanggan.

Sa inyong tapat na paglilingkod at kahandaang magsakripisyo, ang inyong misyon ay magiging espirituwal na karanasan sa inyo. Masasaksihan ninyo ang himala ng pagbabalik-loob habang kumikilos ang Espiritu sa pamamagitan ninyo upang antigin ang puso ng inyong mga tinuturuan.

Maraming kailangang gawin sa inyong paghahandang maglingkod. Sa pagiging mabuting tagapaglingkod ng Panginoon ay hindi lamang kailangang mai-set apart, maglagay ng name tag, o pumasok sa missionary training center. Ito ay prosesong nagsisimuala bago pa man kayo tawaging "Elder."

Dumating sa iyong misyon na may sariling patotoo sa Aklat ni Mormon, na matatamo sa pamamagitan ng pag-aaral at panalangin. "Ang Aklat ni Mormon ay napakalakas na ebidensya ng kabanalan ni Cristo. Ito ay katibayan din ng Panunumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. . . . Bilang misyonero, kailangang magkaroon ka muna ng personal na patotoo na totoo ang Aklat ni Mormon. . . . Ang pagsaksing ito ng Espiritu Santo [ang magiging sentro] ng inyong pagtuturo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 117).


Dumating sa inyong misyon na karapat-dapat sa paggabay ng Espiritu Santo.Sa mga salita ni Pangulong Ezra Taft Benson: "Ang Espiritu ang tanging pinakamahalagang elemento sa gawaing ito. Sa pagtulong ng Espiritu sa pagganap mo sa iyong tungkulin, makagagawa ka ng mga himala para sa Panginoon habang nasa misyon. Kung wala ang Espiritu, hindi ka magtatagumpay kahit kailan *anuman* ang iyong talino at kakayahan" (sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 200).

Dumating sa misyon na handang gumawa. "Ang tagumpay mo bilang misyonero ay [susukatin] unang-una sa iyong pangako na hanapin, turuan, binyagan, at ikumpirma ang mga tao." Inaasahang "epektibo kang magtatrabaho araw-araw, ginagawa ang lahat para magdala ng mga kaluluwa kay Cristo" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 12).

Uulitin ko ang paanyaya ni Elder M. Russell Ballard sa isang grupo ng mga kabataang lalaki na naghahandang maglingkod: "Umaasa kami sa inyo, mga kapatid na kabataan sa Aaronic Priesthood. Kailangan namin kayo. Gaya ng 2,000 kabataang mandirigma ni Helaman, kayo man ay mga espiritung anak ng Diyos at maaari ding pagkalooban ng kapangyarihang itayo at ipagtanggol ang Kanyang kaharian. Kailangan namin kayo upang gumawa ng mga banal na tipan, tulad ng ginawa nila. Kailangan namin kayong maging lubos na masunurin at tapat, tulad nila" ("Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Misyonero, *Liahona,* Nob. 2002, 47).

Sa pagtanggap ninyo sa paanyayang ito, matututo kayo ng malaking aral, tulad ni Elder Misiego at lahat ng matapat na naglingkod sa misyon, nagbalik na, at ipinamumuhay ang mga ito. Malalaman ninyo na totoo ang sinabi ng ating propeta, si Pangulong Thomas S. Monson: "Ang natatanging oportunidad na magmisyon ay nasa inyo. Naghihintay sa inyo ang mga pagpapala ng kawalang-hanggan. Nasa inyo ang pribilehiyo na hindi lang maging tagamasid kundi kabahagi ng paglilingkod ng priesthood" (*Ensign,* Mayo 1995, 49). Ito ang aking patotoo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■





**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Pagtulong sa Paraan ng Panginoon

*Ang mga tuntunin sa pagkakawanggawa ng Simbahan ay hindi lang magagandang ideya; ang mga ito ay inihayag na katotohanan mula sa Diyos—ang mga ito ang Kanyang paraan sa pagtulong sa mga nangangailangan.*

Animnapu't limang taon na ang nakararaan, noong katatapos pa lang ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naranasan ko mismo ang mabiyayaan ng welfare program o programang pangkawanggawa ng Simbahan. Kahit bata pa lang ako noon, naaalala ko pa rin ang masarap na lasa ng nakalatang peaches na may kasamang lugaw at ang mabangong amoy ng damit na ibinigay sa mga miyembrong Aleman ng nagmamalasakit na mga miyembro mula sa Estados Unidos. Hindi ko kailanman malilimutan at palagi kong pahahalagahan ang mga gawang ito na bunga ng pagmamahal at kabutihan para sa amin na labis na mga nangangailangan.

Ang karanasan kong ito at ang ika-75 anibersaryo ng napakagandang planong pangkawanggawa ang dahilan ng pagninilay kong muli sa mga pangunahing tuntunin ng pagkalinga sa mahihirap at nangangailangan, pag-asa sa sarili, at paglilingkod sa ating kapwa.

### Sa Pinagmulan ng Ating Pananampalataya

Kung minsan itinuturing natin ang pagkakawanggawa na isang paksa lang sa ebanghelyo—isa sa maraming aspeto ng ebanghelyo. Ngunit naniniwala ako na sa plano ng Panginoon, ang ating pagtupad sa mga tuntunin ng pagkakawanggawa ay dapat magsimula sa ating pananampalataya at katapatan sa Kanya.

Sa simula pa lang, binigyang-diin ng ating Ama sa Langit ang paksang ito: mula sa mga pagsamo na, "Kung mahal ninyo ako . . . inyong alalahanin ang mga maralita, at maglaan ng inyong mga ari-arian para sa kanilang panustos";[1] hanggang sa utos na, "Alalahanin sa lahat ng bagay ang mga maralita at ang mga nangangailangan, ang maysakit at ang naghihirap, sapagka't siya na hindi gumagawa ng mga bagay na ito, siya rin ay hindi ko disipulo";[2] at ang mariin at mahigpit na babala na, "Kung sinuman ang kukuha sa kasaganaan na aking ginawa, at hindi nagkakaloob ng kanyang bahagi, alinsunod sa batas ng aking ebanghelyo, sa mga maralita at nangangailangan, siya, kasama ng masasama, ay magtataas ng kanyang mga mata sa impiyerno, dahil sa paghihirap."[3]

### Ang Temporal at Espirituwal ay Hindi Mapaghihiwalay

Ang dalawang dakilang kautusan—ang mahalin ang Diyos at ang ating kapwa—ay magkahalong temporal at espirituwal. Mahalagang pansinin na ang dalawang utos na ito ay tinawag na "dakila" dahil ang buong kautusan ay nauuwi sa mga ito.[4] Sa madaling salita, ang ating mga prayoridad sa sarili, pamilya, at Simbahan ay dapat magsimula rito. Ang iba pang mga mithiin at gawain ay kailangang magmula sa dalawang dakilang utos na ito—pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa.

Tulad ng dalawang mukha ng isang barya, ang temporal at espirituwal ay hindi mapaghihiwalay.

Ang Tagapagbigay ng buhay ay nagpahayag, "Ang lahat ng bagay sa akin ay espirituwal, at hindi kailanman ako nagbigay ng batas sa inyo na temporal."[5] Para sa akin, ang ibig sabihin nito ay "ang buhay na espirituwal, una sa lahat, ay *pagpapamuhay.* Hindi lang ito isang bagay na aalamin at pag-aaralan, kundi ipamumuhay."[6]

Nakalulungkot na may mga taong binabalewala ang "temporal" dahil iniisip nila na hindi ito gaanong mahalaga. Nakatuon sila sa espirituwal at hindi halos pansin ang temporal. Bagaman mahalagang ituon ang ating mga isipan sa makalangit na bagay, hindi natin naipamumuhay ang diwa ng relihiyon kung hindi tayo kusang maglilingkod sa kapwa.

Isang halimbawa niyan ang pagtatatag ni Enoc ng Sion gamit ang espirituwal na pamamaraan sa pagbuo ng lipunang may isang puso at isang isipan *at* sa temporal na gawain upang matiyak na "walang maralita sa kanila."[7]

Tulad ng dati, maaari nating tularan ang ating perpektong halimbawa, si Jesucristo. Itinuro ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. na, "Nang pumarito ang Tagapagligtas sa lupa, may dalawa siyang dakilang misyon; una ay upang gampanan ang kanyang

tungkulin bilang Mesiyas, magbayad-sala para sa pagkahulog, at isakatuparan ang batas; ang ikalawa ay upang ibsan ang mga pagdurusa ng kanyang mga kapatid sa lupa."[8]

Sa gayunding paraan, ang ating espirituwal na pag-unlad ay hindi maihihiwalay sa temporal na paglilingkod natin sa iba.

Isinasakatuparan ng isa ang isa. Taliwas sa plano ng kaligayahan ng Diyos ang mawala ang isa sa mga ito.

### Ang Paraan ng Panginoon

Napakaraming mabubuting tao at organisasyon sa mundo ang nagsisikap na tugunan ang mahalagang pangangailangan ng mga maralita at nangangailangan saan man. Pinasasalamatan natin ito, ngunit ang paraan ng Panginoon sa pagkalinga sa mga nangangailangan ay iba sa paraan ng mundo. Sinabi ng Panginoon, "Ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan."[9] Hindi lang Siya interesado sa ating mga agarang pangangailangan; nag-aalala din Siya sa ating walang-hanggang pag-unlad. Dahil dito, laging kabilang sa paraan ng Panginoon ang pag-asa sa sarili at paglilingkod sa ating kapwa bukod sa pagkalinga sa mga maralita.

Noong 1941 umapaw ang Gila River at binaha ang Duncan Valley sa Arizona. Isang bata pang stake president na nagngangalang Spencer W. Kimball ang nakipagpulong sa kanyang mga tagapayo, inalam ang pinsala, at nagpadala ng telegrama sa Salt Lake City para humingi ng malaking halaga ng pera.

Sa halip na magpadala ng pera, nagpadala si Pangulong Heber J. Grant ng tatlong kalalakihan: sina Henry D. Moyle, Marion G. Romney, at Harold B. Lee. Kinausap nila si Pangulong Kimball at itinuro sa kanya ang isang mahalagang aral: "Hindi ito programa na 'bigyan mo ako,'" sabi nila. "Ito ay programa ng 'sariling-sikap.'"

Pagkaraan ng maraming taon, sinabi ni Pangulong Kimball na: "Kung tutuusin, mas madaling gawin para sa mga Kapatid na magpadala na lang [ng pera] at madali rin para sa amin na umupo na lang sa aking opisina



***San Salvador, El Salvador***

at ipamigay ito; ngunit kayraming magandang nangyari sa amin nang daan-daang miyembrong tagaroon ang pumunta sa Duncan at gumawa ng mga bakod, nagkarga ng dayami, nagpatag ng lupa at ginawa ang lahat ng kailangang gawin. Iyan ang sariling-sikap."[10]

Sa pagsunod sa paraan ng Panginoon, hindi lang natugunan ang agarang pangangailangan ng mga miyembro sa stake ni Pangulong Kimball, kundi natuto rin silang tumayo sa kanilang sariling mga paa, nakapawi ng pagdurusa, at higit na nagmahalan at nagkaisa sa kanilang paglilingkod sa isa't isa.

### Tayong Lahat ay Kabilang

Sa mismong sandaling ito napakaraming nagdurusang mga miyembro ng Simbahan. Sila ay nagugutom, kapos sa pera, at dumaranas ng lahat ng uri ng pisikal, emosyonal, at espirituwal na problema. Sila ay nananalangin nang buong lakas ng kanilang kaluluwa para matulungan.

Mga kapatid, huwag sana nating isiping responsibilidad ito ng iba. Ito ay responsibilidad ko, at ninyo. Tayong lahat ay kabilang. Ang ibig sabihin ng "lahat" ay *lahat*—bawat maytaglay ng Aaronic at Melchizedek Priesthood, mayaman at mahirap, sa bawat bansa. Sa plano ng Panginoon, may maitutulong ang bawat isa.[11]

Ang aral na natututuhan natin sa paglipas ng mga henerasyon ay na ang mayaman at mahirap ay parepareho̱ng *lahat* na may sagradong obligasyon na tulungan ang kanilang kapwa. Kailangang magtulung-tulong tayong lahat upang matagumpay na maisagawa ang mga tuntunin ng pagkakawangagawa at pag-asa sa sarili.

Kadalasan kapag tinitingnan natin ang pangangailangan sa ating paligid ay umaasa tayo na may biglang darating buhat sa malayo na tutugon sa mga pangangailangang iyon. Marahil naghihintay tayo ng mga taong eksperto sa paglutas ng iba't ibang problema. Kapag ginagawa natin ito, ipinagkakait natin sa ating kapwa ang maibibigay nating paglilingkod, at pinagkakaitan natin ang ating sarili ng pagkakataong makapaglingkod. Bagaman walang mali sa mga eksperto, aminin natin ito: kahit kailan hindi sasapat ang bilang nila para malutas ang lahat ng problema. Kaya nga inilapit ng Panginoon ang Kanyang Priesthood at ang organisasyon nito sa iba't ibang panig ng mundo kung saan naroon ang Simbahan. At kasama niyan, inilagay din Niya ang Relief Society. Tulad ng alam nating mga maytaglay ng priesthood, walang magtatagumpay na pagkakawanggawa kung hindi magagamit ang mga kahanga-hangang kaloob at talento ng kababaihan ng Simbahan.

Ang paraan ng Panginoon ay hindi pag-upo sa tabing-ilog at paghihintay na mawala ang tubig bago tayo tumawid. Ito ay pagtutulungan, paghahanda, pagtatrabaho, at paggawa ng tulay o bangka para matawid ang ilog ng mga pagsubok. Kayong mga kabataan ng Sion, kayong mga maytaglay ng priesthood, ang mangunguna at makatutulong sa mga miyembro sa pamamagitan ng paggawa ng mga tuntunin ng programang pangkawanggawa! Tungkulin ninyong buksan ang inyong mga mata, gamitin ang inyong

priesthood, at kumilos sa paraan ng Panginoon.

### Ang Pinakadakilang Organisasyon sa Mundo

Noong panahon ng Great Depression, si Harold B. Lee na naglilingkod noon bilang stake president ay inatasan ng mga Kapatid sa Simbahan na humanap ng sagot sa matinding kahirapan, pagdurusa, at pagkagutom na laganap noon sa mundo. Nahirapan siya sa paghanap ng solusyon sa suliraning ito at dumulog sa Panginoon at nagtanong, "Ano pong organisasyon ang kailangan namin . . . , para magawa ito?"

At "parang ito ang sinabi [sa kanya] ng Panginoon: 'Anak. Hindi mo kailangan ang iba pang organisasyon. Ibinigay ko sa inyo ang pinakadakilang organisasyon sa ibabaw ng mundo. Wala nang hihigit pa sa organisasyon ng priesthood. Ang dapat mo lang gawin ay pakilusin ang priesthood. Iyon lang.' "[12]

Sa ganyang paraan din tayo nagsisimula ngayon. Naitatag na natin ang organisasyon ng Panginoon. Ang hamon sa atin ay kung paano ito gagamitin.

Ang unang dapat gawin ay alaming mabuti ang naihayag na ng Panginoon. Huwag nating ipalagay na alam na natin. Kailangan nating pag-aralan ang bagay na ito nang may pagpapakumbabang tulad ng isang bata. Dapat matutuhang muli ng bawat henerasyon ang mga doktrinang pinagbabatayan ng paraan ng Panginoon sa pagkalinga sa mga nangangailangan. Tulad nang itinuro sa atin ng mga propeta sa paglipas ng mga taon, ang mga tuntuning pangkawanggawa ng Simbahan ay hindi lang magagandang ideya; ang mga ito ay inihayag na katotohanan mula sa Diyos—ang mga ito ang Kanyang paraan sa pagtulong sa mga nangangailangan.

Mga kapatid, pag-aralan muna ninyo ang mga inihayag na alituntunin at doktrina. Basahin ang mga hanbuk tungkol sa pagkakawanggawa ng Simbahan;[13] samantalahin ang Internet website na providentliving.org; basahing muli ang artikulo sa Hunyo 2011 ng *Liahona* tungkol sa planong



***Leicester, England***

pangkawanggawa ng Simbahan. Alamin ang paraan ng Panginoon sa pagtulong sa Kanyang mga Banal. Alamin kung paano nagkakaugnay ang mga tuntunin sa pagkalinga sa nangangailangan, paglilingkod sa kapwa, at pag-asa sa sarili. Sa balanseng paraan, ang paraan ng Panginoon sa pag-asa sa sariling kakayahan ay kinapapalooban ng maraming aspeto ng buhay, gaya ng edukasyon, kalusugan, trabaho, pananalapi ng pamilya, at espirituwal na kalakasan. Alamin ninyong mabuti ang makabagong programang pangkawanggawa ng Simbahan.[14]

Sa sandaling mapag-aralan ninyo ang mga doktrina at tuntunin ng pagkakawanggawa ng Simbahan, hangaring iakma ang natutuhan ninyo sa pangangailangan ng mga taong nasa ilalim ng inyong pangangasiwa. Ibig sabihin, sa maraming pagkakataon, kayo mismo ang kailangang umalam sa mga pangangailangang ito. Ang bawat pamilya, bawat kongregasyon, at bawat lugar sa mundo ay magkakaiba. Walang iisang sagot na akma sa lahat sa gawaing pangkawanggawa ng Simbahan. Ito ay 'sariling-sikap' na programa kung saan responsibilidad ng bawat isa na umasa sa sarili niyang kakayahan. Kabilang sa ating mga mapagkukunan ng tulong ang personal na panalangin, mga talento at kakayahang bigay sa atin ng Diyos, mga ari-arian natin at ng ating mga kamag-anak, mga tulong galing sa komunidad, at gayundin ang suporta ng mga korum ng priesthood at ng Relief Society. Ito ang aakay sa atin sa inspiradong huwaran ng pag-asa sa sariling kakayahan.

Kailangang gumawa kayo ng plano na nakabatay sa doktrina ng Panginoon at akma sa mga kalagayan sa lugar na inyong nasasakupan. Upang maipatupad ang mga espirituwal na tuntuning pangkawanggawa, hindi kayo kailangang palaging sumasangguni sa Salt Lake City. Sa halip ay sumangguni kayo sa mga hanbuk, sa inyong puso, at sa langit. Magtiwala sa inspirasyon ng Panginoon at tularan ang Kanyang pamamaraan.

Sa huli kailangang gawin ninyo sa inyong lugar ang ginagawa ng mga disipulo ni Cristo sa bawat dispensasyon: payuhan ang isa't isa, gamitin ang lahat ng makukuhang tulong, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, hingin ang pagsang-ayon ng Panginoon, at ihanda ang sarili at kumilos o magtrabaho.

Ipinapangako ko sa inyo na kung tutularan ninyo ang paraang ito, kayo ay makatatanggap ng gabay o patnubay sa kung *sino ang tutulungan, ano ang itutulong, kailan,* at *saan* tutulong sa paraan ng Panginoon.

### Ang Pagpapala ng Pagtulong sa Paraan ng Panginoon

Ang mga nakikinitang pangako at pagpapala ng pagkakawanggawa ng Simbahan, ng pagtulong sa paraan ng Panginoon, ay ilan sa mga kahanga-hanga at pinakamagagandang bagay na ipinagkaloob ng Panginoon sa Kanyang mga anak. Sabi Niya, "At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat: at papatnubayan ka ng Panginoon na palagi."[15]

Mahirap man tayo o mayaman, saanman tayo nakatira, kailangan natin ang bawat isa, dahil sa pamamagitan


ng pagsasakripisyo ng ating panahon, talino, at ari-arian tayo ay bumubuti at nadadalisay.

Ang pagtulong sa paraan ng Panginoon ay hindi lang isa sa mga nakalistang programa ng Simbahan. Hindi ito dapat kaligtaan o isantabi. Ito ay mahalaga sa ating doktrina; ito ang diwa ng ating relihiyon. Mga kapatid, malaki at espesyal na pribilehiyo natin bilang mga maytaglay ng priesthood na pakilusin ang priesthood. Dapat nating isapuso at isaisip na lalo pang umasa sa sarili nating kakayahan, kalingain ang mga nangangailangan, at maglingkod nang may habag.

Ang temporal ay kakabit ng espirituwal. Ibinigay sa atin ng Diyos ang karanasan at pagsubok na ito sa mundo upang sa pamamagitan nito ay maaari tayong maging mga nilalang na ninanais ng Ama sa Langit. Nawa'y maunawaan natin ang dakilang tungkulin at pagpapalang ito na dulot ng pagsunod at pagtulong sa paraan ng Panginoon ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 42:29, 30.
2. Doktrina at mga Tipan 52:40.
3. Doktrina at mga Tipan 104:18.
4. Tingnan sa Mateo 22:36–40.
5. Doktrina at mga Tipan 29:34.
6. Thomas Merton, *Thoughts in Solitude* (1956), 46.
7. Moises 7:18.
8. J. Reuben Clark Jr., sa Conference Report, Abr. 1937, 22.
9. Doktrina at mga Tipan 104:16; tingnan din sa talata 15.
10. Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1974, 183, 184.
11. Tingnan sa Mosias 4:26; 18:27.
12. Harold B. Lee, transcript ng welfare agricultural meeting, Okt. 3, 1970, 20.
13. Tingnan sa *Handbook 1: Stake Presidents and Bishops* (2010), kabanata 5, "Administering Church Welfare"; *Handbook 2: Administering the Church* (2010), kabanata 6, "Welfare Principles and Leadership"; *Pagtulong sa Paraan ng Panginoon: Buod ng Gabay ng Lider sa Gawaing Pagkakawanggawa* (polyeto, 2009).
14. Ang aklat ni Elder Glen L. Rudd na *Pure Religion: The Story of Church Welfare since 1930* (1995), na mabibili sa Church Distribution Services, ay magandang gamitin sa pag-aaral ng mga doktrina at kasaysayan ng programa ng Panginoon sa pagkakawanggawa.
15. Isaias 58:10–11; tingnan din sa mga talata 7–9.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Paghahanda sa Priesthood: "Kailangan Ko ang Tulong Mo"

*Huwag mag-alala kung wala kayong gaanong karanasan, sa halip ay isipin kung ano ang maaari ninyong kahinatnan sa tulong ng Panginoon.*

Mahal kong mga kapatid, nagagalak akong makasama kayo sa pandaigdigang pulong na ito ng priesthood ng Diyos. Tatalakayin ko ngayong gabi ang paghahanda sa priesthood, kapwa ang atin at ang mga tinutulungan nating maglaan para sa iba.

Kung minsan ay iniisip ng karamihan sa atin na, "Handa ba ako para sa tungkuling ito sa priesthood?" Ang sagot ko ay, "Oo, inihanda kayo." Layon ko ngayong tulungan kayong kilalanin ang paghahandang iyon at humugot ng lakas mula roon.

Tulad ng alam ninyo, ang Aaronic Priesthood ay itinalaga bilang panimulang priesthood. Ang karamihan sa mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ay mga deacon, teacher, at priest na edad 12 hanggang 19 na taong gulang.

Maaari nating isipin na ang paghahanda sa priesthood ay nangyayari sa Aaronic Priesthood. Ngunit inihahanda na tayo ng ating Ama sa Langit mula nang turuan Niya tayo sa Kanyang kaharian bago tayo isinilang. Inihahanda Niya tayo ngayong gabi. At patuloy Niya tayong ihahanda kung tutulutan natin Siya.

Layon ng lahat ng paghahanda sa priesthood, bago tayo isinilang at sa buhay na ito, na maging karapat-dapat tayo at ang mga pinaglilingkuran natin para sa Kanya sa buhay na walanghanggan. Tiyak na kasama sa ilan sa mga unang aralin sa buhay bago tayo isinilang ang plano ng kaligtasan, na nakasentro kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Hindi lang itinuro sa atin ang plano kundi nasa mga kapulungan tayo noon kung saan pinili natin ito.

Dahil nalambungan ng pagkalimot ang ating isipan nang isilang tayo, kinailangan nating pag-aralang muli sa buhay na ito ang dati na nating alam at ipinagtanggol. Bahagi ng paghahanda natin sa buhay na ito ang matagpuan ang mahalagang katotohanang iyan para muli nating maipangakong magiging tapat tayo dito sa pamamagitan

ng tipan. Kinailangan diyan ang ating pananampalataya, pagpapakumbaba, at tapang gayundin ang tulong ng mga taong nakatagpo na sa katotohanan at ibinahagi iyon sa atin.

Maaaring sila ay mga magulang, misyonero, o kaibigan. Ngunit bahagi ng ating paghahanda ang tulong na iyon. Laging kabilang sa ating paghahanda sa priesthood ang ibang mga tao na inihanda upang mag-alok sa atin ng pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo at piliing tuparin ang mga tipan upang maisapuso natin ang ebanghelyo. Para maging karapat-dapat tayo sa buhay na walang-hanggan, ang paglilingkod natin sa buhay na ito ay dapat may pagsisikap nang buong puso, isipan, at lakas upang maihanda ang iba na makabalik sa Diyos kasama natin.

Kaya't magiging bahagi ng paghahanda natin sa priesthood sa buhay na ito ang mga pagkakataong paglingkuran at turuan ang iba. Maaaring kabilang diyan ang pagiging mga guro sa Simbahan, matalino at mapagmahal na mga ama, mga miyembro ng isang korum, at mga misyonero para sa Panginoong Jesucristo. Ang Panginoon ay magbibigay ng mga pagkakataon, ngunit depende na sa atin kung handa na nga ba tayo. Ang layon ko ngayong gabi ay ituro ang ilan sa mahahalagang desisyong kailangan para magtagumpay ang paghahanda sa priesthood.

Ang mabubuting pasiya kapwa ng taong nagtuturo at ng taong tinuturuan ay depende sa kaunting pag-unawa kung paano inihahanda ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod sa priesthood.

Una, tinatawag Niya ang mga tao, bata at matanda, na sa tingin ng mundo, at maging sa tingin nila mismo, ay mahina at simple. Kaya ng Panginoon na gawing kalakasan ang mga kahinaang iyon. Babaguhin ng kaalamang iyan ang paraan ng pagpili ng matalinong pinuno kung sino ang sasanayin at kung paano siya sasanayin. At mababago niyan ang paraan ng pagtugon ng maytaglay ng priesthood sa mga pagkakataong umunlad na iniaalok sa kanya.



Narito ang ilang halimbawa. Isa akong walang-karanasang priest noon sa isang malaking ward. Tinawagan ako ng bishop ko sa telepono isang Linggo ng hapon. Nang sumagot ako, sabi niya, "May oras ka ba para samahan ako? Kailangan ko ang tulong mo." Ipinaliwanag lang niya na gusto niya akong maging kompanyon sa pagbisita sa isang babaeng hindi ko kilala na walang makain at kailangang matuto ng mas mahusay na pamamahala ng kanyang pananalapi.

Ngayon, alam ko na may dalawa siyang bihasang tagapayo sa kanyang bishopric. Matanda na sila pareho at maraming karanasan. Ang isang tagapayo ay may-ari ng malaking negosyo na kalaunan ay naging mission president at General Authority. Ang isa namang tapagayo ay isang kilalang hukom sa lungsod.

Ako ang katatawag na first assistant ng bishop sa priests quorum. Alam niya na wala akong gaanong alam tungkol sa mga alituntunin ng pagkakawanggawa. Lalong wala akong alam tungkol sa pananalapi. Hindi pa ako nakasulat ng tseke; wala akong bank account; at ni hindi pa nga ako nakakita ng personal budget. Subalit, sa kabila ng kawalan ko ng karanasan, naisip ko na seryoso siya nang sabihin niyang, "Kailangan ko ang tulong mo."

Naunawaan ko ang ibig sabihin ng inspiradong bishop na iyon. Nakakita siya sa akin ng magandang pagkakataon para ihanda ang isang maytaglay ng priesthood. Natitiyak ko na hindi niya nakinita na ang walang-alam na batang iyon ay magiging miyembro ng Presiding Bishopric. Ngunit itinuring niya ako noong araw na iyon, at sa lahat ng araw na nakilala ko siya sa pagdaan ng mga taon, bilang isang proyektong ihahanda na may malaking potensyal.

Mukhang natutuwa siya, pero trabaho iyon para sa kanya. Pagbalik namin sa bahay ko matapos bisitahin ang balong nangangailangan, ipinarada niya ang kotse. Binuklat niya ang kanyang gamit-na-gamit at maraming markang banal na kasulatan. At buong kabaitan niya akong iwinasto. Sinabi niya sa akin na kailangan kong

pag-aralan ang mga banal na kasulatan at matuto pang lalo. Ngunit nakita niya siguro na mahina ako at simple kaya madali akong turuan. Hanggang ngayon naaalala ko pa ang itinuro niya noong hapong iyon. Ngunit higit pa diyan, naaalala ko pa rin kung gaano siya kapanatag na makakaya ko at mas magiging magaling ako—at magagawa ko ito.

Nakita niya ng higit pa sa totoong pagkatao ko ang mga posibilidad na nasa kalooban ng isang taong mahina at simple para naisin ang tulong ng Panginoon at maniwalang darating iyon.

Mapipili ng mga bishop, mission president, at mga ama na kumilos ayon sa mga posibilidad na iyon. Nakita ko itong nangyari kamakailan sa isang pulong-ayuno nang magpatotoo ang isang deacons quorum president. Magiging teacher na siya at iiwan na ang mga miyembro ng kanyang korum.

Nagpatotoo siya nang matindi tungkol sa pag-unlad sa kabutihan at kapangyarihan sa mga miyembro ng kanyang korum. Hindi pa ako nakarinig ng isang taong pumuri sa isang organisayon nang tulad niya. Pinuri niya ang kanilang paglilingkod. Pagkatapos ay sinabi niya na alam niyang natulungan niya ang mga bagong deacon nang manghina sila dahil nadama niya iyon nang pumasok na siya sa priesthood.

Nang madama niya ang kanyang kahinaan, naging mas mapagpasensya siya, mas maawain, at sa gayon ay mas nakaya niyang palakasin at paglingkuran ang iba. Sa dalawang taong iyon sa Aaronic Priesthood, sa aking palagay, siya ay naging bihasa at matalino. Nalaman niya na tinulungan siya bilang isang quorum president ng malinaw na alaala ng kanyang sariling mga pangangailangan noong siya ay mas bata ng dalawang taon. Ang hamon sa kanya at sa atin ay darating kapag pinaglaho at pinagdilim ng panahon at ng ating tagumpay ang gayong mga alaala.

Nakita siguro ni Pablo ang panganib na iyan nang payuhan niya ang kanyang nakababatang kompanyon sa priesthood na si Timoteo. Hinikayat at tinuruan niya ito kapwa sa sarili niyang paghahanda sa priesthood at sa pagtulong sa Panginoon na ihanda ang iba.

Pakinggan kung ano ang sinabi ni Pablo sa kanyang nakababatang kompanyon na si Timoteo:

"Huwag hamakin ng sinoman ang iyong kabataan; kundi ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan.

"Hanggang ako'y pumariyan ay magsikap ka sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo.

"Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo'y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay. . . .

"Magingat ka sa iyong sarili, at sa iyong turo;[1] manatili ka sa mga bagay na ito: sapagka't sa paggawa nito ay ang iyo ring sarili ang ililigtas mo at pati ng mga nagsisipakinig sa iyo."[2]

Maganda ang payo ni Pablo sa ating lahat. Huwag mag-alala kung wala kayong gaanong karanasan, sa halip ay isipin kung ano ang maaari ninyong kahinatnan sa tulong ng Panginoon.

Ang doktrinang hinihimok ni Pablo na pag-usapan nating maigi sa ating paghahanda sa priesthood ay ang mga salita ni Cristo upang maging karapat-dapat tayo sa pagtanggap sa Espiritu Santo. Sa gayon ay malalaman natin ang gustong ipagawa sa atin ng Panginoon sa ating paglilingkod at maging matapang na gawin ito, anuman ang maging sitwasyon natin sa hinaharap.

Inihahanda tayo para sa paglilingkod sa priesthood na magiging mas malaking hamon pagdating ng panahon. Halimbawa, ang ating mga kalamnan at utak ay tumatanda rin gaya natin. Mababawasan ang kakayahan nating matutuhan at alalahanin ang mga nabasa natin. Ang paglilingkod sa priesthood na inaasahan sa atin ng Panginoon ay mangangailangan ng mas malaking disiplina sa sarili sa araw-araw nating buhay. Mapaghahandaan natin ang pagsubok na iyon sa pagkakaroon ng pananampalataya sa pamamagitan ng paglilingkod sa bawat araw.

Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkakataong maghanda sa isang bagay na tinawag Niyang "sumpa at tipan [ng] priesthood."[3]

Ito ay isang pakikipagtipan natin sa Diyos na susundin natin ang lahat ng Kanyang utos at maglilingkod na tulad ng gagawin Niya kung narito Siya. Ang pamumuhay ng mga pamantayang iyan sa abot ng ating makakaya ay nagbibigay ng lakas na kakailanganin natin para magtiis hanggang wakas.

Ipinakita sa akin ng mahuhusay na guro sa priesthood kung paano makakamtan ang ganoong kalakasan: iyon ay ang masanay na daigin ang pagod at takot na siyang maaaring tumukso sa iyo na sumuko. Ipinakita sa akin ng mahuhusay na guro ng Panginoon na ang espirituwal na lakas na manatili ay nagmumula sa patuloy na pagsisikap kahit sumuko na ang iba.

Makikita ninyo na taglay pa rin iyon ng mahuhusay na lider ng priesthood na nagkaroon ng gayong espirituwal na lakas sa kanilang kabataan kahit mahina na ang kanilang katawan.

Ang nakababata kong kapatid na lalaki ay nasa isang maliit na lungsod sa Utah dahil sa trabaho. Nakatanggap siya ng tawag sa telepono sa kanyang hotel mula kay Pangulong Spencer W. Kimball. Hatinggabi na iyon matapos ang nakakapagod na trabaho para sa kapatid ko at tiyak na gayundin kay Pangulong Kimball, na sinimulan siyang kausapin nang ganito. Sabi niya, "Nabalitaan ko na narito ka sa bayan. Alam kong gabi na at baka matutulog ka na, pero maaari mo ba akong tulungan? Kailangan kita bilang kompanyon ko sa pagtingin sa kondisyon ng lahat ng chapel natin dito sa lungsod." Sinamahan siya noong gabing iyon ng kapatid ko, na walang alam tungkol sa paglilinis ng chapel at hindi alam kung bakit gagawin iyon ni Pangulong Kimball matapos mapagod sa maghapon o kung bakit niya kailangan ng tulong.

Pagkaraan ng ilang taon nakatanggap din ako ng katulad na tawag sa hatinggabi sa isang hotel sa Japan. Ako noon ang bagong commissioner of education para sa Simbahan. Alam kong naroon din sa hotel na iyon si Pangulong Gordon B. Hinckley para gawin ang atas sa kanya sa Japan.

Sinagot ko ang tumutunog na telepono nang kahihiga ko pa lamang para matulog, pagod sa paggawa ng lahat ng inakala kong kaya kong gawin.

Itinanong ni Pangulong Hinckley sa kanyang magiliw na tinig, "Bakit ka natutulog habang narito ako't nagbabasa ng dokumentong ipinarerepaso sa atin?" Kaya tumayo ako at nagtrabaho kahit alam kong kayang repasuhin nang mas maayos ni Pangulong Hinckley ang dokumento kaysa sa akin. Ngunit kahit paano ay ipinadama niya sa akin na kailangan niya ang tulong ko.

Pagkatapos ng halos lahat ng pulong ay magtatanong si Pangulong Thomas S. Monson sa secretary ng Unang Panguluhan, "Natapos ko na bang lahat ang trabaho ko?" At lagi siyang ngumingiti kapag sinasagot siya ng: "Opo, President." May mensahe sa akin ang masayang ngiti ni Pangulong Monson. Ipinapaisip nito sa akin, "May magagawa pa ba ako sa mga atas sa akin?" Pagkatapos ay bumabalik na ako sa opisina ko para magtrabaho.

Ipinakita sa akin ng mahuhusay na guro kung paano maghandang tuparin ang sumpa at tipan kapag wala nang panahon at matanda na ako. Ipinakita at itinuro nila sa akin kung paano disiplinahin ang aking sarili na magsikap pa kaysa sa inakala kong kaya ko habang malusog at malakas pa ako.

Hindi ko kayang maging perpektong tagapaglingkod sa lahat ng oras, ngunit kaya kong magsikap pa kaysa sa inakala kong kaya ko. Dahil maaga kong nakasanayan iyon, magiging handa ako para sa mga pagsubok kalaunan. Kayo at ako ay maaaring maging handa taglay ang lakas na tuparin ang ating sumpa at tipan sa mga pagsubok na tiyak na darating sa pagwawakas ng buhay.

Nakita ko ang katibayan niyan sa isang pulong ng Church Board of Education. Nakapaglingkod na noon nang matagal si Pangulong Spencer W. Kimball habang tinitiis ang sunud-sunod na mga hamon sa kalusugan na tanging si Job lang ang makauunawa. Siya ang namuno sa pulong nang umagang iyon.

Bigla siyang tumigil sa pagsasalita.



***Davao, Philippines***

Bigla siyang napaupo sa kanyang upuan. Pumikit ang kanyang mga mata. Napayuko siya. Nakaupo ako malapit sa kanya. Katabi namin si Elder Holland. Tumayo kaming dalawa para tulungan siya. Wala man kaming gaanong karanasan sa mga biglang pangangailangan, nagpasiya kaming buhatin siya, habang nakaupo sa kanyang silya, papunta sa kalapit niyang opisina.

Naturuan niya kami sa sandaling iyon ng kanyang pangangailangan. Habang binubuhat namin ang kanyang upuan, inilabas namin siya mula sa meeting room papunta sa pasilyo ng Church Administration Building. Medyo nagmulat siya, halatang hilo pa, at sinabing, "O, mag-ingat kayo. Baka mabali ang likod ninyo." Nang malapit na kami sa pintuan ng opisina niya, sinabi niya, "Nalulungkot ako't naabala ko ang pulong." Ilang minuto matapos namin siyang dalhin sa kanyang opisina, at hindi pa rin namin alam kung ano ang kanyang problema, tumingin siya sa amin at nagsabing, "Hindi ba dapat na kayong bumalik sa pulong?"

Umalis na kami at nagmadaling bumalik, batid na kahit paano ay mahalaga sa Panginoon ang pagpunta namin doon. Magmula noong bata pa ay pinilit na ni Pangulong Kimball ang kanyang sarili nang higit pa sa kaya niyang tiisin para paglingkuran at mahalin ang Panginoon. Nakasanayan na niya ito kaya nakakaya niyang gawin iyon kapag kailangan. Handa siya. Kaya nga nagawa niyang magturo at ipakita sa amin kung paano maging handang tuparin ang sumpa at tipan: sa pamamagitan ng patuloy na paghahanda sa pagdaan ng mga taon gamit ang buong lakas natin sa mukhang maliliit na atas na hindi gaanong mahalaga.

Dalangin ko na matupad natin ang ating mga tipan sa priesthood upang maging karapat-dapat tayo sa buhay na walang-hanggan at sa lahat ng mga taong pinatuturuan sa atin. Ipinapangako ko sa inyo na kung gagawin ninyo ang lahat ng makakaya ninyo, daragdagan ng Diyos ang inyong lakas at karunungan. Ihahanda Niya kayo. Ipinapangako ko sa inyo na tulad ng pagpupuri ko sa mga nakilala kong mahuhusay na guro, pupurihin din ang inyong pangalan ng mga tinuturuan ninyo at ng mga taong pinakikitaan ninyo ng mabuting halimbawa.

Pinatototohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay at mahal Niya kayo. Kilala Niya kayo. Nagpakita Siya at ang Kanyang nabuhay na mag-uli at niluwalhating Anak na si Jesucristo sa walang-karanasang batang si Joseph Smith. Ipinagkatiwala Nila sa kanya ang Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo at ng tunay na Simbahan. Pinalalakas Nila ang kanyang loob tuwing kailangan niya ito. Mapagmahal Nila siyang pinarurusahan para madama niya ang kanyang pagkakamali at upang mapalakas siya. Inihanda Nila si Joseph, at inihahanda Nila tayo, para sa lakas na magpatuloy na magsumikap hanggang sa matamo ang kaluwalhatiang selestiyal na siyang layon at dahilan ng lahat ng paglilingkod ng priesthood.

Iniiwan ko sa inyo ang aking basbas na makilala ninyo ang maluluwalhating pagkakataong ibinigay sa inyo ng Diyos sa pagtawag at paghahanda sa inyo sa paglilingkod sa Kanya at sa iba. Sa pangalan ng ating mapagmahal na pinuno at guro na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa 2 Nephi 32:3–6.
2. I Kay Timoteo 4:12–14, 16.
3. Doktrina at mga Tipan 84:39.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Tapang na Manindigang Mag-isa

*Nawa ay may tapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin.*

Mahal kong mga kapatid, malaking pribilehiyo ang makasama kayo ngayong gabi. Tayo na nagtataglay ng priesthood ng Diyos ay may matibay na samahan at kapatiran.

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 121, talata 36, "na ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit." Nabigyan tayo ng napakagandang kaloob—na magtaglay ng priesthood, na "may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit." Gayunman, hindi lamang mga natatanging biyaya ang kasama sa mahalagang kaloob na ito kundi mga sagradong tungkulin din. Dapat nating isaayos ang ating buhay upang lagi tayong maging karapat-dapat sa priesthood na ating taglay. Nabubuhay tayo sa panahong naliligiran tayo ng maraming bagay na umaakit sa atin patungo sa mga landas na wawasak sa atin. Upang maiwasan ang mga landas na iyon, kailangan natin ng determinayon at tapang.

Naaalala ko ang panahon—at maaalala rin ng ilan sa inyo na narito—noong ang mga pamantayan ng halos lahat ng tao ay katulad ng ating mga pamantayan. Hindi na gayon ngayon. Kamakailan ay nabasa ko ang isang artikulo sa *New York Times* hinggil sa isang pag-aaral na isinagawa noong tag-init ng 2008. Isang kilalang Notre Dame sociologist ang namuno sa isang research team sa detalyadong pag-iinterbyu sa 230 young adult sa iba't ibang lugar sa Amerika. Naniniwala ako na maaari nating ipalagay na ganito rin ang resulta sa halos lahat ng lugar sa mundo.

Ikukuwento ko sa inyo ang isang bahagi ng artikulong ito na puno ng impormasyon:

"Nagtanong ang mga nag-iinterbyu tungkol sa tama at mali, problema sa moralidad, at kahulugan ng buhay. Sa paliguy-ligoy na sagot, . . . makikita ninyong hirap ang mga kabataan na sagutin nang makabuluhan ang mga bagay na ito. Ngunit wala lang silang ideya o alam para makasagot.

"Nang ipalarawan sa kanila ang problema nila sa moralidad, dalawa sa bawat tatlong kabataan ang hindi makasagot o naglarawan sa mga problemang walang kinalaman dito, tulad ng kaya ba nilang umupa ng apartment o may sapat ba silang perang pambayad sa paradahan ng mga sasakyan."

Sabi pa sa artikulo:

"Ang karaniwang paniwala nila, na binalik-balikan ng karamihan sa kanila, ay depende na lang sa tao ang pipiliin nilang tamang gawin. 'Personal iyon,' ang karaniwan nilang tugon. 'Nasa tao na iyon. Sino ba ako para makialam?'

"Dahil sa pagsuway sa awtoridad, maraming kabataang nakakagawa ng mali [na sinasabing]: 'Gagawin ko ang inaakala kong magpapaligaya sa akin o ang gusto kong gawin. Wala akong alam na iba pang paraan kundi ipakita ang nasasaloob ko.'"

Binigyang-diin ng mga nag-interbyu na karamihan sa kabataang nakausap nila ay "hindi gaanong naturuan—ng mga paaralan, institusyon [o] pamilya—na manindigan sa kung ano ang tama."[1]

Mga kapatid, wala sa mga nakikinig sa akin ngayon ang dapat mag-alinlangan sa kung ano ang tama at mali, o mag-alinlangan sa kung ano ang inaasahan sa atin bilang maytaglay ng priesthood ng Diyos. Tayo ay naturuan at patuloy na tinuturuan ng mga batas ng Diyos. Sa kabila ng makikita o maririnig ninyo sa iba, hindi nagbabago ang mga batas na ito.

Sa buhay natin sa araw-araw, halos walang pagsalang susubukin ang ating pananampalataya. Maaari nating matagpuan ang ating sarili paminsan-minsan na naliligiran ng iba subalit bahagi tayo ng iilan o mag-isa tayong naninindigan sa kung ano ang katanggap-tanggap at ang hindi. May tapang ba tayong manindigan sa ating mga paniniwala, kahit sa paggawa nito ay kailanganin nating manindigang mag-isa? Bilang mga maytaglay ng priesthood ng Diyos, mahalagang maharap natin—nang may tapang—ang anumang hamong dumating sa atin. Alalahanin ang mga salita ni Tennyson: "Ang lakas ko ay katulad ng lakas ng sampung tao, dahil ang puso ko ay dalisay."[2]

May ilang kilalang tao at iba pa—sa kung anong dahilan— na madalas ay minamasdan ng madla na mahilig mambatikos nang harapan sa relihiyon sa kabuuan at, kung minsan, lalo na



sa Simbahan. Kung hindi matibay ang ating patotoo, ang gayong pagbatikos ay magiging dahilan upang mag-alinlangan tayo sa sarili nating mga paniniwala o determinasyon.

Sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay, na mababasa sa 1 Nephi 8, nakita ni Lehi, maliban sa iba pa, yaong mga humawak sa gabay na bakal hanggang makarating at makakain ng bunga ng punungkahoy ng buhay, na alam nating sumasagisag sa pag-ibig ng Diyos. At, ang malungkot pa, matapos silang makakain ng bunga, ang ilan sa kanila ay nahiya dahil sa mga taong nasa "malaki at maluwang na gusali," na sumasagisag sa kapalaluan ng mga anak ng tao, na itinuturo sila at nilalait; at sila ay napalayo patungo sa mga bawal na landas at naligaw.[3] Ang panlilibak at panlalait ay mabisang kasangkapan ng kaaway! Muli, mga kapatid, may tapang ba tayong manindigan nang matatag at di-natitinag sa harap ng gayon katinding oposisyon?

Naniniwala ako na ang una kong karanasan sa pagkakaroon ng tapang na manindigan sa aking paniniwala ay nangyari noong maglingkod ako sa United States Navy sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang training sa navy ay hindi naging madaling karanasan para sa akin, at gayundin sa iba na nakapagtiis dito. Sa unang tatlong linggo ko roon naisip kong nasa panganib ang buhay ko. Hindi ako sinasanay ng navy; pinapatay ako nito.

Hindi ko malilimutan ang araw ng Linggo matapos ang unang linggo. Nakatanggap kami ng magandang balita sa isang mataas na opisyal. Habang nakatayo nang matuwid sa training ground sa malamig na simoy ng hangin sa California, narinig namin ang kanyang utos: "Ngayon ang lahat ay magsisimba—lahat, maliban sa akin. Magpapahinga ako!" Pagkatapos ay sumigaw siya, "Lahat kayong mga Katoliko, magpupulong kayo sa Camp Decatur—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!" Isang malaking grupo ang umalis. Pagkatapos ay sinabi niya: "Kayong lahat na mga Judio, magpupulong kayo sa Camp Henry—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!" Isang mas maliit na grupo ang umalis. Kasunod niyon sinabi niya, "Kayong natitirang mga Protestante, magpupulong kayo sa mga teatro sa Camp Farragut—at huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!"

Biglang sumagi sa aking isipan, "Monson, hindi ka Katoliko; hindi ka Judio; hindi ka Protestante. Ikaw ay Mormon, kaya tumayo ka lang diyan!" Talagang nadama kong nag-iisa lang ako. May tapang at determinasyon ako, oo—ngunit nag-iisa ako.

Kasunod niyon ay narinig ko ang pinakamatamis na salitang sinabi ng opisyal na iyon. Tumingin siya sa kinatatayuan ko at nagtanong, "At ano ang tawag ninyong mga kalalakihan sa inyong sarili?" Noong sandaling iyon ko lamang nalaman na may iba pa palang nakatayo sa aking likuran sa training ground na iyon. Halos magkakasabay naming sinabi, "Mga Mormon!" Mahirap ilarawan ang kagalakang nadama ko nang bumaling ako at nakita ang iilang marino.

Napakamot ang opisyal, isang pagtataka ang mababakas sa kanyang mukha ngunit sa huli ay sinabi niyang, "Buweno, humayo kayo at maghanap ng lugar na pagtitipunan. At huwag kayong babalik hangga't hindi alas-3 ng hapon. Pasulong, na!"

Habang nagmamartsa papalayo, naisip ko ang mga salitang natutuhan ko sa Primary maraming taon na ang nakararaan:



*Magkalakas ng loob na maging Mormon;*
*Magkalakas ng loob na tumayong mag-isa.*
*Magkalakas ng loob na patibayin ang inyong pangako;*
*At magkalakas ng loob na ipaalam ito.*

Bagama't ang kinalabasan ng naranasan ko ay iba sa inaasahan ko, handa akong manindigang mag-isa, kung kinakailangan.

Magmula noong araw na iyon may mga pagkakataong walang nakatayo sa likuran ko kaya *nanindigan* akong mag-isa. Nagpapasalamat ako na nagpasiya ako noon pa man na manatiling matatag at matapat, palaging handa na ipagtanggol ang aking relihiyon, kung kinakailangan.

Mga kapatid, kung sakaling madama natin na hindi natin kaya ang ipinagagawa sa atin, ibabahagi ko sa inyo ang isang pahayag na ibinigay noong 1987 ng dating Pangulo ng Simbahan na si Ezra Taft Benson nang magsalita siya sa malaking grupo ng mga miyembro sa California. Sabi ni Pangulong Benson:

"Sa paglipas ng panahon, masusing minamasdan ng mga propeta ang ating panahon. Bilyun-bilyong pumanaw na mga tao at yaong mga isisilang pa lamang ang nakamasid sa atin. Tandaan na—kayo ay isang piling henerasyon. . . .

"Sa halos anim na libong taon, inilaan kayo ng Diyos para isilang sa mga huling araw na ito bago ang ikalawang pagparito ng Panginoon. Ang ilang tao ay mangaliligaw, ngunit ang kaharian ng Diyos ay mananatiling buo upang salubungin ang pagbabalik ng Pinuno nito—maging si Jesucristo.

"Bagaman ang henerasyong ito ay maihahalintulad sa kasamaan sa panahon ni Noe, nang linisin ng Panginoon ang lupa sa pamamagitan ng baha, may malaking kaibhan sa panahong ito: inilaan ng Diyos sa mga huling araw na ito ang ilan sa Kanyang pinakamatatag na mga anak, na tutulong sa pagtatagumpay ng kaharian."[4]

Oo, mga kapatid, kinakatawan natin ang ilan sa Kanyang pinakamatatag na mga anak. Responsibilidad natin na maging karapat-dapat sa lahat ng maluwalhating pagpapala na inilaan sa atin ng ating Ama sa Langit. Saanman tayo magpunta, taglay pa rin natin ang ating priesthood. Tayo ba ay nakatayo sa mga dakong banal? Pakiusap sana, bago ninyo ilagay sa panganib ang inyong sarili at ang inyong priesthood sa pagpunta sa mga lugar o paggawa ng mga bagay na hindi marapat para sa inyo o sa priesthood, pag-isipan muna ang mga ibubunga nito. Iginawad sa bawat isa sa atin ang Aaronic Priesthood. Kaakibat nito natanggap natin ang kapangyarihang nagtataglay ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Hindi kayo dapat gumawa ng anuman na hahadlang sa pagitan ninyo at ng paglilingkod ng mga anghel para sa inyo.

"Hindi kayo dapat maging imoral sa anumang paraan. Hindi kayo dapat manloko. Hindi kayo dapat mandaya o magsinungaling. Hindi ninyo magagamit ang pangalan ng Diyos sa walang-kabuluhan o magsalita ng masama at manatiling marapat sa paglilingkod ng mga anghel."[5]

Kung nagkamali ang sinuman sa inyo sa inyong buhay, gusto kong maunawaan ninyo nang walang pagaalinlangan na may paraan pabalik. Ito ang tinatawag na pagsisisi. Ibinigay ng ating Tagapagligtas ang Kanyang buhay upang mailaan sa atin ang magandang kaloob na iyan. Bagama't hindi madali ang magsisi, totoo ang mga pangako rito. Sinabi sa atin: "Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe."[6] "At hindi ko na naaalaala ang [inyong mga kasalanan]."[7] Napakagandang pahayag. Kaylaking pagpapala. Napakagandang pangako.

Maaaring iniisip ng ilan sa inyo, "Hindi ko naman sinusunod ang lahat ng utos at hindi ko ginagawa ang nararapat pero maayos pa rin ang buhay ko. Magsasaya ako sa buhay at hindi na kailangan pang sumunod." Mga kapatid, tinitiyak ko sa inyo na panandalian lamang ito.


Mga ilang buwan pa lamang ang nakararaan nakatanggap ako ng liham mula sa isang lalaki na nag-akalang maaari niyang suwayin ang mga kautusan at pagkatapos ay mabibiyayaan pa rin siya. Nagsisisi na siya ngayon at sinusunod na ang mga alituntunin ng ebanghelyo at ang mga kautusan. Gusto kong ibahagi sa inyo ang isang talata mula sa kanyang liham, sapagkat inilalarawan nito ang maling pag-iisip: "Natutuhan ko sa aking sarili (sa mahirap na paraan) na talagang tama ang Tagapagligtas nang sabihin Niyang, 'Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon:





# Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

*Oktubre 2011*

## ANG UNANG PANGULUHAN


Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL


Boyd K. Packer


L. Tom Perry


Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks


M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales


Jeffrey R. Holland


David A. Bednar


Quentin L. Cook


D. Todd Christofferson


Neil L. Andersen

## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU


Ronald A. Rasband


Steven E. Snow


Walter F. González


L. Whitney Clayton



Jay E. Jensen


Donald L. Hallstrom



Tad R. Callister

## ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto)



Marcos A. Aidukaitis | Jośe L. Alonso | Carlos H. Amado | Ian S. Ardern | Mervyn B. Arnold | David S. Baxter | Shayne M. Bowen | Gérald Caussé | Yoon Hwan Choi | Craig C. Christensen



Don R. Clarke | Carl B. Cook | Lawrence E. Corbridge | Claudio R. M. Costa | LeGrand R. Curtis Jr. | Benjamín De Hoyos | John B. Dickson | Kevin R. Duncan | David F. Evans | Enrique R. Falabella



Eduardo Gavarret | Carlos A. Godoy | Christoffel Golden Jr. | Gerrit W. Gong | C. Scott Grow | James J. Hamula | Keith K. Hilbig | Marlin K. Jensen | Daniel L. Johnson | Paul V. Johnson



Patrick Kearon | Paul E. Koelliker | Erich W. Kopischke | Richard J. Maynes | Marcus B. Nash | Brent H. Nielson | Allan F. Packer | Kevin W. Pearson | Anthony D. Perkins | Paul B. Pieper



Rafael E. Pino | Bruce D. Porter | Dale G. Renlund | Michael T. Ringwood | Lynn G. Robbins | Joseph W. Sitati | Ulisses Soares | Gary E. Stevenson | Michael John U. Teh | José A. Teixeira



Octaviano Tenorio | Juan A. Uceda | Francisco J. Viñas | W. Christopher Waddell | William R. Walker | F. Michael Watson | Kazuhiko Yamashita | Jorge F. Zeballos | Claudio D. Zivic | W. Craig Zwick

## ANG PANGALAWANG KORUM NG PITUMPU


(pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto)



Wilford W. Andersen | Koichi Aoyagi | Randall K. Bennett | Craig A. Cardon




Bruce A. Carlson | J. Devn Cornish | Keith R. Edwards | Stanley G. Ellis



Bradley D. Foster | Larry W. Gibbons | O. Vincent Haleck | Larry R. Lawrence




Per G. Malm | James B. Martino | Jairo Mazzagardi | Kent F. Richards



Gregory A. Schwitzer | Kent D. Watson | Larry Y. Wilson

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Richard C. Edgley, Unang Tagapayo | H. David Burton, Presiding Bishop | Keith B. McMullin, Pangalawang Tagapayo









***Nagtipon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang bahagi ng mundo upang makinig sa mga mensahe "sa [kanilang] sariling wika" (D at T 90:11). Nakalarawan mula sa itaas simula sa kaliwa ang mga miyembro ng Simbahan sa Johannesburg, South Africa; Salvador, Brazil; San Salvador, El Salvador; Montreal, Quebec, Canada; Montalban, Philippines; Gómez Palacio, Mexico; at Tokyo, Japan.***







sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa mga kayamanan.'[8] Sinubukan ko, tulad ng iba, na gawin ito pareho. Sa huli," sabi niya, "napasaakin ang lahat ng kahungkagan, kadiliman, at kalungkutan na ibinibigay ni Satanas sa lahat ng naniniwala sa kanyang mga panlilinlang, ilusyon at kasinungalingan."

Upang maging matatag tayo at mapaglabanan ang lahat ng puwersa na humihila sa atin sa maling direksyon o ang lahat ng tinig na nag-uudyok sa atin na tahakin ang maling landas, kailangang magkaroon tayo ng sariling patotoo. Kayo man ay 12 o 112 taong gulang—o anumang edad—malalaman ninyo sa inyong sarili na totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo. Basahin ang Aklat ni Mormon. Pag-isipang mabuti ang mga turo nito. Tanungin ang Ama sa Langit kung ito ay totoo. Ipinangako sa atin na "kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."[9]

Kapag alam nating totoo ang Aklat ni Mormon, alam din natin na si Joseph Smith ay tunay na propeta at na nakita niya ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Alam din natin na ang ebanghelyo ay ipinanumbalik sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ni Joseph Smith—kabilang ang pagpapanumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood.

Kapag may patotoo na tayo, tungkulin nating ibahagi sa iba ang patotoong ito. Marami sa inyo mga kapatid ang naglingkod bilang mga misyonero sa iba't ibang panig ng mundo. Marami sa inyong mga binatilyo ang magmimisyon pa lang. Ihanda ang inyong sarili sa oportunidad na iyan. Tiyaking karapat-dapat kayong maglingkod.

Kung handa tayong ibahagi ang ebanghelyo, handa tayong sundin ang payo ni Apostol Pablo, na naghikayat na, "Lagi kayong maging handa sa pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo."[10]

Magkakaroon tayo ng mga oportunidad sa buhay natin na ibahagi ang ating paniniwala, bagama't hindi natin palaging malalaman kung kailan ito darating. Nagkaroon ako ng gayong oportunidad noong 1957, nang magtrabaho ako sa isang publishing business at pinapunta sa Dallas, Texas, na tinatawag minsan na "lungsod ng mga simbahan," upang magsalita sa isang miting ng mga negosyante. Pagkatapos ng miting, sumakay ako sa bus para maglibot sa mga bayan sa labas ng lungsod. Sa pagdaan namin sa iba't ibang simbahan, sinasabi ng drayber namin, "Sa kaliwa ay makikita ninyo ang Methodist church," o "Doon sa kanan ang Catholic cathedral."

Nang mapadaan kami sa isang magandang gusali na yari sa pulang laryo na nakatayo sa isang burol, ang sabi ng drayber, "Sa gusaling iyan nagpupulong ang mga Mormon." Isang babae sa bandang likuran ng bus ang sumigaw, "Mamang drayber, maaari ba kayong magkuwento sa amin tungkol sa mga Mormon?"

Inihinto ng drayber ang bus sa gilid ng kalsada, lumingon at sumagot ng, "Binibini, ang alam ko lang sa mga Mormon ay nagpupulong sila sa gusaling iyan. Mayroon ba sa inyo rito na nakakaalam tungkol sa mga Mormon?"

Naghintay ako na may sumagot. Tiningnan ko ang ekspresyon sa mukha ng bawat pasahero kung mayroon mang gustong magsalita o magbigay ng puna. Wala. Natanto ko na nasasaakin na kung gagawin ko ang ipinayo ni Apostol Pablo na "Lagi kayong maging handa sa pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo." Naunawaan ko rin ang katotohanan ng kawikaang "Kapag panahon na para magpasiya, ang pagpapasiya ay nagawa na."

Nang sumunod na 15 minuto o mahigit pa, nagkaroon ako ng pribilehiyo na ibahagi sa mga nakasakay sa bus ang aking patotoo hinggil sa Simbahan at sa ating paniniwala. Nagpapasalamat ako at nagkaroon ako ng patotoo at naging handang ibahagi ito.

Dalangin ko nang buong puso at kaluluwa na bawat lalaking nagtataglay ng priesthood ay igalang ang priesthood na ito at maging tapat sa pagtitiwalang ipinagkaloob sa atin nang igawad ito sa atin. Nawa ay alam ng bawat isa sa atin na nagtataglay ng priesthood ng Diyos ang kanyang pinaniniwalaan. Nawa ay maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin, at kung kailangan nating manindigang mag-isa, nawa ay magawa natin ito nang buong tapang, pinalalakas ng kaalaman na totoong hindi tayo nag-iisa kapag naninindigan tayo sa panig ng ating Ama sa Langit.

Kapag pinag-isipan nating mabuti ang dakilang kaloob na ibinigay sa atin—"na ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit"—nawa ay naisin natin ang pagsasanggalang at pagtatanggol nito at ang pagiging karapat-dapat sa mga dakilang pangako nito. Nawa ay sundin natin ang iniutos ng Tagapagligtas sa atin, na matatagpuan sa 3 Nephi: "Itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas—yaong kung alin ay nakita ninyong aking ginawa."[11]

Nawa ay sundin natin ang ilaw na iyon at itaas ito para makita ng buong mundo ang aking dalangin at basbas sa inyong mga nakaririnig sa aking tinig, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. David Brooks, "If It Feels Right . . . ," *New York Times,* Set. 12, 2011, nytimes.com.
2. Alfred, Lord Tennyson, "Sir Galahad," sa *Poems of the English Race,* sel. Raymond Macdonald Alden (1921), 296.
3. Tingnan sa 1 Nephi 8:26–28.
4. Ezra Taft Benson, "In His Steps" (Church Educational System fireside, Peb. 8, 1987); tingnan din sa "In His Steps," sa *1979 Devotional Speeches of the Year: BYU Devotional and Fireside Addresses* (1980), 59.
5. Gordon B. Hinckley, "Pagiging Marapat ng Sarili Upang Magamit ang Priesthood," *Liahona,* Hulyo 2002, 59.
6. Isaias 1:18.
7. Jeremias 31:34.
8. Mateo 6:24.
9. Moroni 10:4.
10. I Pedro 3:15.
11. 3 Nephi 18:24.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Isang Saksi

*Ang Aklat ni Mormon ang pinakamagandang gabay para malaman kung gaano kahusay natin ito nagagawa at paano pa natin ito mas mapagbubuti.*

Nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito na magsalita sa inyo ngayong Sabbath sa pangkalahatang kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bawat miyembro ng Simbahan ay may iisang sagradong tungkulin. Tinanggap natin ito at nangako tayong tutuparin ito nang binyagan tayo. Nalaman natin sa mga salita ni Alma, ang dakilang propeta sa Aklat ni Mormon, ang ipinangako natin sa Diyos na ating gagawin: "Nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan."[1]

Iyan ay isang sagradong tungkulin at isang maluwalhating pangako mula sa Diyos. Nakahihikayat ang mensahe ko ngayon. Tulad ng paglilinaw ng Aklat ni Mormon sa tungkulin natin, itinuturo din tayo nito sa landas patungo sa buhay na walang hanggan.

Una, nangako tayong ibigin ang ating kapwa. Ikalawa, nangako tayong maging saksi ng Diyos. At ikatlo, nangako tayong magtiis. Ang Aklat ni Mormon ang pinakamagandang gabay para malaman kung gaano kahusay natin ito nagagawa at paano pa natin ito mas mapagbubuti.

Magsimula tayo sa pag-ibig sa kapwa. Ipapaalala ko sa inyo ang mga nangyari kamakailan. Marami sa inyo ang nakibahagi sa isang araw ng paglilingkod. Libu-libo nito ang inorganisa sa iba't ibang panig ng mundo.

Isang kapulungan ng kapwa ninyo mga Banal ang nanalangin upang malaman kung anong paglilingkod ang paplanuhin. Hiniling nila sa Diyos na malaman kung sino ang dapat paglingkuran, anong paglilingkod ang gagawin, at sino ang aanyayahang makibahagi. Baka nga ipinagdasal pa nila na huwag sanang malimutan ang mga pala o inumin. Higit sa lahat, nanalangin sila na madama ng lahat ng naglingkod at tumanggap nito ang pag-ibig ng Diyos.

Alam ko na sinagot ang mga dalanging iyon sa kahit isang ward. Mahigit 120 miyembro ang nagboluntaryong tumulong. Sa loob ng tatlong oras nalinis nila ang bakuran ng isang simbahan sa aming komunidad. Mahirap at masayang gawin iyon. Nagpasalamat ang mga pastor ng simbahan. Nadama ng lahat ng nagtulungan sa araw na iyon ang pagkakaisa at higit na pagmamahal. Sinabi pa ng ilan na nagalak silang magbunot ng mga damo at magputol ng mga halaman.

Tinulungan sila ng mga salita sa Aklat ni Mormon na malaman kung bakit sila nagalak. Si Haring Benjamin ang nagsabi sa kanyang mga tao, "Malaman na kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod . . . ng inyong Diyos."[2] At si Mormon ang nagturo sa Aklat ni Mormon na, "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman; at sinumang matagpuang mayroon nito sa huling araw, ay makabubuti sa kanya."[3]

Tinutupad ng Panginoon ang Kanyang pangako sa inyo kapag tinutupad ninyo ang inyong pangako sa Kanya. Kapag naglingkod kayo sa iba para sa Kanya, madarama ninyo ang Kanyang pag-ibig. At darating ang panahon, magiging bahagi na ng inyong pagkatao ang pag-ibig sa kapwa. At matatanggap ninyo ang pagtiyak ni Mormon sa inyong puso na kapag patuloy kayong naglingkod sa iba sa buhay na ito, makabubuti iyon sa inyo.

Tulad ng pangako ninyo sa Diyos na iibigin ninyo ang inyong kapwa, nangako kayong maging Kanyang saksi saanman kayo naroon habang kayo ay nabubuhay. Muli, ang Aklat ni Mormon ang pinakamagandang gabay na alam ko na tutulong sa atin na tuparin ang pangakong iyan.

Minsan ay inanyayahan akong magsalita sa graduation sa isang unibersidad. Gusto sanang anyayahan ng pangulo ng unibersidad si Pangulong Gordon B. Hinckley pero hindi siya makadadalo. Kaya ako na lang ang inimbita. Junior member ako noon ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Nag-alala ang taong nag-anyaya sa aking magsalita nang malaman pa

niya ang mga obligasyon ko bilang Apostol. Tinawagan niya ako sa telepono at sinabing naunawaan na niya na ang tungkulin ko ay maging saksi ni Jesucristo.

Mariin niyang sinabi sa akin na hindi ko magagawa iyon kapag nagsalita ako roon. Ipinaliwanag niya na nirerespeto ng unibersidad ang lahat ng relihiyon, pati na yaong mga hindi naniniwala na mayroong Diyos. Inulit niya, "Hindi ninyo magagampanan dito ang tungkulin ninyo."

Ibinaba ko ang telepono na may mga tanong sa aking isipan. Sasabihin ko ba sa unibersidad na hindi ko matutupad ang pangako kong magsalita? Dalawang linggo na lang at magaganap na ito. Naipaalam na roon na darating ako. Kung hindi ko tutuparin ang pangako ko, ano ang magiging epekto nito sa magandang pangalan ng Simbahan?

Nanalangin ako upang malaman ko ang gustong ipagawa ng Diyos sa akin. Dumating sa akin ang sagot sa nakamamanghang paraan. Natanto ko na angkop sa pagkatao ko ang mga halimbawa nina Nephi, Abinadi, Alma, Amulek, at mga anak ni Mosias. Sila ay matatapang na saksi ni Jesucristo sa harap ng panganib.

Kaya ang pagpapasiyahan ko na lang ay kung paano maghanda. Nagsaliksik ako para malaman ang lahat tungkol sa unibersidad. Habang nalalapit ang araw ng pagsasalita, lalo akong kinakabahan at tumitindi ang pagdarasal ko.

Himalang nakakita ako ng isang balita sa pahayagan. Naparangalan ang unibersidad sa paggawa ng natutuhang gawin ng Simbahan sa pagtulong natin sa iba't ibang panig ng mundo. Kaya nga sa mensahe ko ay inilarawan ko ang nagawa natin at nila sa pagtulong sa mga taong nangangailangan. Sinabi ko na alam kong si Jesucristo ang pinagmumulan ng mga pagpapalang dumating sa buhay ng mga pinaglingkuran natin at nila.

Pagkatapos ng pulong nagtayuan ang mga tao at nagpalakpakan, na medyo hindi pangkaraniwan sa akin. Namangha ako pero medyo kabado pa rin. Naalala ko ang nangyari kay



Abinadi. Si Alma lang ang naniwala sa kanyang patotoo. Pero nang gabing iyon, sa isang malaking pormal na hapunan, narinig kong sinabi ng pangulo ng unibersidad na narinig niya ang mga salita ng Diyos sa mensahe ko.

Ngayon, bihira ang gayong mahimalang pagsasalita sa karanasan ko bilang saksi ni Cristo. Ngunit talagang may epekto ang Aklat ni Mormon sa inyong pagkatao, lakas, at katapangang maging saksi ng Diyos. Ang doktrina at magigiting na halimbawa sa aklat na iyon ay magpapasigla, gagabay, at magpapalakas ng inyong loob.

Bawat misyonerong nagpapahayag ng pangalan at ebanghelyo ni Jesucristo ay pagpapalain sa arawaraw na pagpapakabusog sa Aklat ni Mormon. Ang mga magulang na nahihirapang ipasapuso sa isang anak ang patotoo tungkol sa Tagapagligtas ay matutulungan kapag naghanap sila ng paraang maihatid ang mga salita at diwa ng Aklat ni Mormon sa tahanan at buhay ng kanilang pamilya. Napatunayan na namin iyan.

Nakikita kong nangyayari ang himalang iyan tuwing sacrament meeting at sa klaseng dinadaluhan ko sa Simbahan. Ang mga tagapagsalita at guro ay nagpapakita ng pagmamahal at hustong pag-unawa sa mga banal na kasulatan, lalo na sa Aklat ni Mormon. At ang sariling patotoo ay malinaw na nagmumula sa kaibuturan ng kanilang puso. Nagtuturo sila nang may ibayong pananalig at nagpapatotoo nang may kapangyarihan.

Nakikita ko rin ang katibayan na mas napagbubuti natin ang ikatlong bahagi ng pangakong ginawa natin sa binyag. Nakipagtipan tayong magtiis, na sundin ang mga utos ng Diyos habambuhay.

Binisita ko sa kanyang silid sa ospital ang isang matagal nang kaibigan na nasuring may terminal cancer. Isinama ko ang dalawang kong anak na babae. Hindi ko inasahan na makikilala pa niya sila. Nakatipon ang sarili niyang pamilya, at nakatayo sa paligid ng kama niya pagpasok namin.

Tumingin siya at ngumiti. Hindi ko malilimutan ang hitsura niya nang makita niyang kasama namin ang

aming mga anak. Pinalapit niya sila sa kanya sa kama. Umupo siya, at niyakap, at ipinakilala sila sa kanyang pamilya. Ikinuwento niya ang kabaitan ng dalawang batang iyon. Para bang nagpapakilala siya ng mga prinsesa sa isang palasyo.

Akala ko makakauwi kami kaagad. Naisip kong tiyak na pagod na siya. Ngunit sa tingin ko, parang bumalik ang sigla niya. Masaya siya at kitang-kitang mahal niya kaming lahat.

Tila nilalasap niya ang sandali na para bang tumigil ang oras. Halos buong buhay niya ay ginugol sa pag-aalaga sa mga anak ng Panginoon. Alam niya na nakatala sa Aklat ni Mormon na isa-isang kinuha ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang maliliit na bata, binasbasan sila, at pagkatapos ay nanangis Siya dahil sa kagalakan.[4] Matagal niyang naranasan ang kagalakang iyon upang makapagtiis hanggang wakas sa mapagmahal na paglilingkod sa Kanya.

Nakita ko rin ang himalang iyon sa silid ng isang lalaking tapat na naglingkod nang sapat para isiping sapat na ang nagawa niya para magpahinga.

Alam ko na sumailalim siya sa matagalan at masakit na gamutan para sa karamdamang sinabi ng mga doktor na ikamamatay niya. Hindi nila sinabing magagamot pa siya o may pag-asa pa.

Dinala ako ng asawa niya sa kanyang silid sa bahay nila. Naroon siya, nakahiga sa ibabaw ng kamang maingat na inayos. Nakasuot siya ng bagong plantsang puting polo, kurbata, at bagong sapatos.

Nakita niya sa mga mata ko ang pagkagulat ko, tumawa siya nang mahina at nagpaliwanag, "Matapos mo akong basbasan, nais kong maging handang tumugon sa tawag na buhatin ang aking higaan at lumakad." Nakita kong handa na siya sa hindi maglalao'y pagharap niya sa Panginoon, na tapat niyang pinaglingkuran.

Isa siyang halimbawa ng mga Banal sa mga Huling Araw na lubos na nanalig at madalas kong makausap matapos silang maglingkod nang tapat sa kanilang buhay. Patuloy ang pagsunod nila.

Ganito ang paliwanag ni Pangulong Marion G. Romney: "Sa tunay na nananalig, ang paghahangad sa mga bagay [na laban] sa ebanghelyo ni Jesucristo ay talagang nawala na, at napalitan ito ng pag-ibig sa Diyos na may matibay at matatag na pasiyang sundin ang kanyang mga utos."[5]

Ang matibay na determinasyong iyon ang mas madalas kong makita sa matatatag na disipulo ni Jesucristo. Gaya ng miyembrong babaeng bumati sa mga anak ko at ng lalaking bago ang sapatos na handang tumindig at humayo, sinusunod nila ang utos ng Tagapagligtas hanggang wakas. Nakita na ninyong lahat ito.

Makikita ninyo itong muli kung babasahin ninyo ang Aklat ni Mormon. Humahanga pa rin ako kapag binabasa ko ang mga salitang ito ng isang matanda at determinadong lingkod ng Diyos: "Sapagkat maging sa oras na ito, ang aking buong katawan ay nanginginig nang labis habang nagtatangkang magsalita sa inyo; subalit ang Panginoon . . . ang nagtataguyod sa akin, at pinahintulutan niya akong makapagsalita sa inyo."[6]

Lalakas ang loob ninyong tulad ko mula sa halimbawa ng pagtitiis na ipinakita sa atin ni Moroni. Nag-iisa siya sa kanyang ministeryo. Alam niyang malapit na siyang mamatay. Subalit makinig sa isinulat niya alang-alang sa mga taong hindi pa isinisilang at sa mga inapo ng kanyang mga mortal na kaaway: "Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya, at pagkaitan ang inyong sarili ng lahat ng kasamaan; at kung inyong pagkakaitan ang sarili ng lahat ng kasamaan, at iibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon ang kanyang biyaya ay sapat sa inyo, upang sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay maging ganap kay Cristo."[7]

Ibinigay ni Moroni ang patotoong iyan bilang pamamaalam sa kanyang buhay at ministeryo. Naghimok siya ng pag-ibig sa kapwa, tulad ng mga propeta sa buong Aklat ni Mormon. Idinagdag niya ang kanyang patotoo sa Tagapagligtas nang malapit na siyang mamatay. Tunay ngang nanalig siya sa Diyos, tulad ng magagawa natin: puspos ng pag-ibig sa kapwa, matatag at walang takot bilang saksi ng Tagapagligtas at ng Kanyang ebanghelyo, at determinadong magtiis hanggang wakas.

Itinuro sa atin ni Moroni kung paano tayo magiging gayon. Sinabi niya na ang unang hakbang sa lubos na pananalig ay pananampalataya. Ang mapanalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay magpapatatag ng pananampalataya sa Diyos Ama, sa



Kanyang Pinakamamahal na Anak, at sa Kanyang ebanghelyo. Patatatagin nito ang inyong pananampalataya sa mga propeta ng Diyos, noong araw at ngayon.

Mas ilalapit kayo nito sa Diyos kaysa anupamang ibang aklat. Patitinuin nito ang buhay. Hinihimok kong gawin ninyo ang ginawa ng kompanyon ko sa misyon. Naglayas siya sa kanila noong tinedyer pa siya, at may naglagay ng Aklat ni Mormon sa isang kahong dala-dala niya sa paghahanap niya ng higit na kaligayahan.

Lumipas ang mga taon. Nagpalipat-lipat siya ng lugar sa iba't ibang panig ng mundo. Nag-iisa siya at malungkot isang araw nang makita niya ang kahon. Puno ang kahon ng mga bagay na dinala niya. Sa pinakailalim ng kahon, nakita niya ang Aklat ni Mormon. Binasa niya ang pangako rito at sinubukan iyon. Alam niyang iyon ay totoo. Binago ng patotoong iyon ang kanyang buhay. Lumigaya siya nang higit pa sa pinapangarap niya.

Maaaring hindi ninyo nababasa ang inyong Aklat ni Mormon na tulad ng nararapat dahil sa araw-araw ninyong responsibilidad at aktibidad. Isinasamo ko na basahin ninyong mabuti at madalas ang mga pahina nito. Naroon ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na siyang tanging daan pabalik sa Diyos.

Iniiwan ko sa inyo ang aking matibay na patotoo na ang Diyos ay buhay at sasagutin Niya ang inyong mga dalangin. Si Jesucristo ang Tagapagligtas ng mundo. Ang Aklat ni Mormon ay isang tunay at matibay na patotoo na Siya ay buhay, at Siya ang ating nabuhay na mag-uli at buhay na Tagapagligtas.

Ang Aklat ni Mormon ay isang mahalagang saksi. Iniiwan ko ngayon sa inyo ang aking patotoo sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**
1. Mosias 18:9.
2. Mosias 2:17.
3. Moroni 7:47.
4. Tingnan sa 3 Nephi 17:21–22.
5. Marion G. Romney, sa Conference Report, Okt. 1963, 23.
6. Mosias 2:30.
7. Moroni 10:32.



**Ni Elder Robert D. Hales**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Paghihintay sa Panginoon: Mangyari Nawa ang Iyong Kalooban

*Ang layunin ng buhay natin sa lupa ay lumago, umunlad, at lumakas sa pamamagitan ng sarili nating mga karanasan.*

Sa umagang ito ng Sabbath, nagpapasalamat kami at nagpapatotoo na ang ating Tagapagligtas ay buhay. Ang Kanyang ebanghelyo ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ang Aklat ni Mormon ay totoo. Pinamumunuan tayo ng isang buhay na propeta ngayon, si Pangulong Thomas S. Monson. Higit sa lahat, taimtim naming pinatototohanan ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang mga walang-hanggang biyayang kaloob nito.

Sa nakalipas na ilang buwan, nagkaroon ako ng pagkakataong pag-aralan at matutuhan pa ang nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas at kung paano Niya inihanda ang Kanyang sarili na isagawa ang walang-hanggang sakripisyong iyon para sa bawat isa sa atin.

Nagsimula ang Kanyang paghahanda bago pa Siya isinilang habang naghihintay sa Kanyang Ama, na nagsasabing, "Masusunod ang inyong kalooban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hanggan."[1] Mula sa sandaling iyon hanggang ngayon, ipinasiya Niyang tanggapin at isagawa ang plano ng ating Ama sa Langit. Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na noong bata pa Siya, Siya ay "[n]aglumagak sa bahay ng [Kanyang] Ama"[2] at "hinintay ang Panginoon sa pagdating ng panahon ng Kanyang ministeryo."[3] Sa edad na 30, nagdanas Siya ng matinding tukso subalit pinili Niyang paglabanan ito, na nagsasabing, "Lumayo ka sa akin, Satanas."[4] Sa Getsemani, nagtiwala Siya sa Kanyang Ama, sa pagsasabing, "Gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo,"[5] at pagkatapos ay nagpasiyang magdusa para sa ating mga kasalanan. Sa dinanas na paghamak sa paglilitis at pagdurusa sa krus, naghintay Siya sa Kanyang Ama, at handang



"[m]asugatan dahil sa ating mga pagsalangsang . . . [at] [m]abugbog dahil sa ating mga kasalanan."[6] Kahit noong magsumamo Siya ng, "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"[7] Siya ay naghintay sa Kanyang Ama—at nagpasiyang patawarin ang Kanyang mga kaaway,[8] tiyaking mapangalagaan ang Kanyang ina,[9] at magtiis hanggang wakas hanggang matapos ang Kanyang buhay at misyon.[10]

Madalas kong isipin, Bakit kaya may mga pagsubok at paghihirap ang Anak ng Diyos at Kanyang mga banal na propeta at lahat ng tapat na Banal, kahit nagsisikap silang gawin ang kalooban ng Ama sa Langit? Bakit napakahirap niyon, lalo na sa kanila?

Iniisip ko si Joseph Smith, na nagkaroon ng karamdaman noong bata pa at inusig sa buong buhay niya. Tulad ng Tagapagligtas, nagsumamo siya, "O Diyos, nasaan kayo?"[11] Gayunman kahit siya ay tila nag-iisa, ipinasiya niyang maghintay sa Panginoon at isakatuparan ang kalooban ng kanyang Ama sa Langit.

Iniisip ko ang mga ninuno nating pioneer, na pinaalis sa Nauvoo at tumawid sa kapatagan, na nagpasiyang sundin ang propeta kahit sila nagkasakit, naghirap, at ang ilan ay namatay pa. Bakit gayon kahirap? Para saan? Para sa anong layunin?

Kapag itinanong natin ang mga ito, natatanto natin na ang layunin ng buhay natin sa lupa ay lumago, umunlad, at lumakas sa pamamagitan ng sarili nating mga karanasan. Paano natin ito magagawa? Sinasagot tayo ng mga banal na kasulatan sa isang simpleng kataga: tayo ay "magsipaghintay sa Panginoon."[12] Tayong lahat ay binibigyan ng mga pagsubok. Dahil sa mga pagsubok na ito, matitiyak natin at ng ating Ama sa Langit kung ipapasiya nating sundin ang Kanyang Anak. Alam na Niya, at may pagkakataon tayong matuto, na gaano man kahirap ang ating mga sitwasyon, "lahat ng bagay na ito ay [para sa ating] karanasan, at . . . [ating] ikabubuti."[13]

Ibig sabihin ba nito ay lagi nating mauunawaan ang ating mga hamon? Hindi ba lahat tayo, kung minsan, ay may dahilang magtanong ng, "O Diyos, nasaan kayo?"[14] Oo! Kapag namatay ang asawa, iisipin ng kabiyak kung nasaan ang Diyos. Kapag nagipit ang pamilya, itatanong iyan ng ama. Kapag nalihis ng landas ang mga anak, malungkot na mananangis ang ina at ama. Oo, "ang pag-iyak ay magtatagal ng magdamag, nguni't kagalakan ay dumarating kinaumagahan."[15] Pagkatapos, sa simula ng ating nag-ibayong pananampalataya at pag-unawa, babangon tayo at magpapasiyang maghintay sa Panginoon, na sinasabing, "Mangyari nawa ang Iyong kalooban."[16]

Ano nga ba ang ibig sabihin ng maghintay sa Panginoon? Sa mga banal na kasulatan, ang ibig sabihin ng salitang *maghintay* ay umasa, umasam, at magtiwala. Ang umasa at magtiwala sa Panginoon ay nangangailangan ng pananampalataya, tiyaga, pagpapakumbaba, kaamuan, mahabang pagtitiis, pagsunod sa mga utos, at pagtitiis hanggang wakas.

Ang ibig sabihin ng maghintay sa Panginoon ay magtanim ng binhi ng pananampalataya at pangalagaan ito "nang may malaking pagsisikap, at . . . pagtitiyaga."[17]

Ang ibig sabihin nito ay manalangin tulad ng ginawa ng Tagapagligtas —sa ating Diyos Ama sa Langit— na nagsasabing, "Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban."[18] Ito ang panalanging iniluluhog natin nang buong kaluluwa, sa pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Ang ibig sabihin ng maghintay sa Panginoon ay magnilay-nilay sa ating puso at "[tanggapin] ang Espiritu Santo" upang malaman natin ang "lahat ng bagay na nararapat [nating] gawin."[19]

Kapag sinunod natin ang mga panghihikayat ng Espiritu, matutuklasan natin na "ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan"[20] at natututo tayong "magpatuloy sa pagtitiyaga hanggang sa [tayo] ay maging ganap."[21]

Ang ibig sabihin ng maghintay sa Panginoon ay "matatag na [ma]nindigan"[22] at "magpatuloy sa paglakad" na may pananampalataya, "na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa."[23]

Ang ibig sabihin nito ay "umaasa lamang sa mga gantimpala ni Cristo"[24] at "lakip ang [Kanyang] biyayang tumutulong [sa atin, na nagsasabing]: Ang inyong kalooban ang masusunod,

O Panginoon, at hindi ang sa amin."[25]

Kapag naghintay tayo sa Panginoon, tayo ay "di natitinag sa pagsunod sa mga kautusan,"[26] batid na tayo "balang araw ay mamamahinga sa lahat ng [ating] mga paghihirap."[27]

At "huwag [nating] itakuwil . . . ang [ating] pagkakatiwala"[28] na "lahat ng bagay na kung saan [tayo] pinahirapan ay magkakalakip na gagawa para sa [ating] ikabubuti."[29]

Ang mga paghihirap na iyon ay darating sa iba't ibang paraan at kabigatan. Ang karanasan ni Job ay nagpapaalala sa atin ng mga kailangan nating pagtiisan. Nawala ang lahat ng ari-arian ni Job, pati na ang kanyang lupain, bahay, at mga hayop; kanyang mga kapamilya; dangal; kalusugan, at maging ang katinuan ng kanyang pag-iisip. Subalit, naghintay siya sa Panginoon at nagbigay ng malakas na patotoo. Sabi niya:

"Nguni't talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, at siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:

"At . . . [magiba mang] ganito ang aking balat, gayon ma'y makikita ko ang Dios sa aking laman."[30]

"Bagaman ako'y patayin niya, akin ding hihintayin siya."[31]

Kahit napakaganda ng mga halimbawa ni Job, ng mga propeta, at ng Tagapagligtas, mahihirapan pa rin tayong maghintay sa Panginoon, lalo na kapag hindi natin lubos na nauunawaan ang Kanyang plano at mga layunin para sa atin. Ang pagunawang iyon ay madalas ibigay nang "taludtod sa taludtod, [at] tuntunin sa tuntunin."[32]

Sa aking buhay nalaman ko na kung minsan ay hindi nasasagot ang aking panalangin dahil alam ng Panginoon na hindi ako handa. Kapag Siya ay sumagot, ito ay kadalasang "kaunti rito at kaunti roon"[33] dahil iyan lang ang kaya ko o handa akong gawin.

Mas madalas nating ipagdasal na magkaroon tayo ng tiyaga, ngunit gusto natin ito ngayon din! Noong bata pa siya, ipinagdasal ni Pangulong David O. McKay na magkaroon siya ng patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo. Pagkaraan ng maraming taon, habang nagmimisyon siya sa Scotland, dumating din sa wakas ang patotoong iyon. Kalaunan ay isinulat niya, "Iyo'y katiyakan sa akin na ang taimtim na dalangin ay sasagutin 'balang araw, saan man.' "[34]

Maaaring hindi natin alam kung kailan o paano sasagot ang Panginoon, ngunit sa Kanyang panahon at pamamaraan, pinatototohanan ko, darating ang Kanyang mga sagot. Para sa ilang sagot maaaring maghintay tayo hanggang sa kabilang buhay. Maaaring totoo ito sa ilang pangako sa ating patriarchal blessing at sa ilang basbas para sa mga kapamilya. Huwag nating talikuran ang Panginoon. Ang Kanyang mga pagpapala ay walang hanggan, hindi pansamantala.

Ang paghihintay sa Panginoon ay nagbibigay sa atin ng napakahalagang pagkakataong matuklasan na maraming taong naghihintay sa atin. Naghihintay ang ating mga anak na magpakita tayo ng tiyaga, pagmamahal, at pag-unawa sa kanila. Naghihintay ang ating mga magulang na magpasalamat tayo at mahabag. Naghihintay ang ating mga kapatid na maging mapagparaya, maawain, at mapagpatawad tayo. Naghihintay ang ating asawa na mahalin natin sila tulad ng pagmamahal ng Tagapagligtas sa bawat isa sa atin.

Kapag may karamdaman tayo, lalo nating natatanto kung gaano karaming tao ang naglilingkod sa atin. Sa lahat ng Maria at Marta, sa lahat ng mabubuting Samaritanong naglilingkod sa mga maysakit, tumutulong sa mahihina, at nangangalaga sa mga may karamdaman sa isip at katawan, nadarama ko ang pasasalamat ng isang mapagmahal na Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak. Sa inyong araw-araw na paglilingkod na katulad ng kay Cristo, kayo ay naghihintay sa Panginoon at ginagawa ang kalooban ng Ama sa Langit. Malinaw Niyang tiniyak sa inyo: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa."[35] Alam Niya ang inyong mga sakripisyo at kalungkutan. Nakikinig Siya sa inyong mga dalangin. Mapapasainyo ang Kanyang kapayapaan at kapahingahan kapag patuloy kayong naghintay sa Kanya nang may pananampalataya.

Bawat isa sa atin ay mas mahal ng Panginoon kaysa kaya nating unawain o wariin. Kung gayon ay maging mas mabait tayo sa isa't isa at sa ating sarili. Tandaan natin na kapag naghintay tayo sa Panginoon, tayo ay nagiging "[mga] banal sa pamamagitan ng [Kanyang] pagbabayad-sala, . . . masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa [atin], maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama."[36]

Gayon ang pagpapasakop ng ating Tagapagligtas sa Kanyang Ama sa Halamanan ng Getsemani. Hiniling Niya sa Kanyang mga disipulo, "Makipagpuyat sa akin," subalit tatlong beses Niya silang binalikan at nakitang sila ay tulog na tulog.[37] Dahil hindi Siya sinamahan ng mga disipulong ito at sa huli ay ng Kanyang Ama, ipinasiya ng Tagapagligtas na danasin ang ating "mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso."[38] Nang magsugo ng isang anghel upang palakasin Siya,[39] Siya ay "nanliit na hindi lagukin ang mapait na saro."[40] Naghintay Siya sa Kanyang Ama, nagsabing, "Mangyari nawa ang iyong kalooban,"[41] at mapakumbaba Niyang tinapakang mag-isa ang pisaan ng ubas.[42] Ngayon, bilang isa sa Kanyang Labindalawang Apostol sa mga huling araw na ito, dalangin ko na mapalakas tayo upang makipagpuyat at maghintay sa Kanya habang tayo ay nabubuhay.

Sa umagang ito ng Sabbath, nagpapasalamat ako na "sa aking Getsemani"[43] at sa inyo, hindi tayo nag-iisa. Siya na nagbabantay sa *atin* ay "hindi iidlip ni matutulog man."[44] Ang Kanyang mga anghel dito at sa kabilang buhay ay 'nasa paligid [natin], upang dalhin [tayo]."[45] Ibinabahagi ko ang aking natatanging patotoo na ang pangako ng Tagapagligtas ay totoo, sapagkat sinabi Niyang, "Silang naghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga aguila;

sila'y magsisitakbo, at hindi mangagpapagod; sila'y magsisilakad, at hindi mangaghihina."[46] Nawa'y maghintay tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pagsulong nang may pananampalataya, nang masabi natin sa ating mga dalangin, "Mangyari nawa ang iyong kalooban,"[47] at makabalik sa Kanya nang may karangalan. Sa banal na pangalan ng ating Tagapagligtas at Manunubos, maging si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 4:2.
2. Lucas 2:49.
3. Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 3:24, sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.
4. Lucas 4:8.
5. Lucas 22:42.
6. Isaias 53:5; Mosias 14:5.
7. Mateo 27:46; Marcos 15:34.
8. Tingnan sa Lucas 23:34.
9. Tingnan sa Juan 19:27.
10. Tingnan sa Juan 19:30.
11. Doktrina at mga Tipan 121:1.
12. Mga Awit 37:9; 123:2; Isaias 8:17; 40:31; 2 Nephi 18:17.
13. Doktrina at mga Tipan 122:7.
14. Doktrina at mga Tipan 121:1.
15. Mga Awit 30:5.
16. Mateo 6:10; 3 Nephi 13:10; tingnan din sa Mateo 26:39.
17. Alma 32:41.
18. Mateo 6:10; Lucas 11:2.
19. 2 Nephi 32:5.
20. Mga Taga Roma 5:3.
21. Doktrina at mga Tipan 67:13.
22. Alma 45:17.
23. 2 Nephi 31:20.
24. Moroni 6:4.
25. Doktrina at mga Tipan 109:44.
26. Alma 1:25.
27. Alma 34:41.
28. Sa Mga Hebreo 10:35.
29. Doktrina at mga Tipan 98:3.
30. Job 19:25–26.
31. Job 13:15.
32. 2 Nephi 28:30.
33. 2 Nephi 28:30.
34. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (2004), xx.
35. Mateo 25:40.
36. Mosias 3:19.
37. Mateo 26:38; tingnan din sa mga talata 39–45.
38. Alma 7:11.
39. Tingnan sa Lucas 22:43.
40. "Bilang Paggunita Kay Cristo," *Mga Himno,* blg. 112; tingnan din sa 3 Nephi 11:11; Doktrina at mga Tipan 19:18–19.
41. Mateo 26:42.
42. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:107; 88:106; 133:50.
43. "Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?" *Mga Himno,* blg. 74.
44. Mga Awit 121:4.
45. Doktrina at mga Tipan 84:88.
46. Isaias 40:31.
47. Mateo 26:42.



**Ni Elder Tad R. Callister**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Ang Aklat ni Mormon—Isang Aklat mula sa Diyos

*Kasama ang Biblia, ang Aklat ni Mormon ay isang mahalagang saksi ng mga doktrina ni Cristo at ng Kanyang kabanalan.*

Ilang taon na ang nakalilipas kumuha ng kopya ng Aklat ni Mormon ang aking kalolo-lolohan sa unang pagkakataon. Binuklat niya ito sa gitna at binasa ang ilang pahina. Pagkatapos ay sinabi niya, "Ang Diyos man ang sumulat ng aklat na iyan o ang demonyo, tutuklasin ko kung sino." Binasa niya ito nang dalawang beses nang sumunod na 10 araw at saka sinabing, "Hindi maaaring ang demonyo ang sumulat nito—nagmula ito sa Diyos."[1]

Iyan ang pinakamagandang bagay sa Aklat ni Mormon—makatitiyak ka tungkol dito. Kung hindi ito ang salita ng Diyos tulad ng sinabi, malaking kabulaanan ito. Hindi lamang daw pagtalakay sa moralidad o komentaryo tungkol sa relihiyon o koleksyon ng magagandang ideya ang aklat na ito. Ito raw ay salita ng Diyos—bawat pangungusap, bawat talata, bawat pahina. Sinabi ni Joseph Smith na itinuro sa kanya ng isang anghel ng Diyos ang mga laminang ginto, na naglalaman ng mga isinulat ng mga propeta sa sinaunang Amerika, at isinalin niya ang mga laminang iyon sa tulong ng kapangyarihan ng langit. Kung totoo ang salaysay na iyan, banal na kasulatan nga ang Aklat ni Mormon, tulad ng sabi nito; kung hindi, maganda ito ngunit, magkagayunman, isa itong panlilinlang.

Binanggit ni C. S. Lewis ang ganito ring karanasan ng isang taong kailangang magpasiya kung tatanggapin o hindi ang pagkadiyos ng Tagapagligtas—kung saan kailangan talagang pumili: "Sinisikap kong pigilan ang sinuman na sabihin ang malaking kahangalang madalas sabihin ng mga tao tungkol sa Kanya: 'Handa akong tanggapin si Jesus bilang dakilang guro ng moralidad, ngunit hindi ko tanggap ang sinasabi Niya na Siya ay Diyos.' Iyan ang isang bagay na hindi natin dapat sabihin. Ang isang tao na ordinaryo lamang at nagsabi ng mga bagay na sinabi ni Jesus ay hindi magiging mahusay na guro ng moralidad. . . . Kailangan

ninyong magpasiya. Ang tao bang ito ay ang Anak ng Diyos: o kung hindi ay isa siyang baliw o mas masahol pa. . . . Ngunit huwag nating isipin na Siya ay isang tao lamang na mahusay magturo. Hindi Niya ipinauubaya iyon sa atin. Wala siyang balak na gawin iyon."[2]

Gayundin kailangan nating magpasiya tungkol sa Aklat ni Mormon: ito ba ay sa Diyos o sa demonyo. Wala nang ibang pagpipilian. Sandali ko kayong inaanyayahang sagutan ang ilang tanong na makakatulong sa inyo na malaman ang tunay na katangian ng aklat na ito. Itanong sa inyong sarili kung ang sumusunod na mga talata sa Aklat ni Mormon ay naglalapit sa inyo sa Diyos o sa demonyo:

"Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).

O ang mga salitang ito ng isang mapagmahal na ama sa kanyang mga anak: "At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan" (Helaman 5:12).

O ang mga salitang ito ng isang propeta: "Lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32).

Maaari kayang ang demonyo ang sumulat ng mga pahayag na ito sa Aklat ni Mormon? Matapos palayasin ng Tagapagligtas ang ilang demonyo, sinabi ng Fariseo na ginawa Niya ito "sa pamamagitan ni Beelzebub na prinsipe ng mga demonio." Sumagot ang Tagapagligtas na walang katuturan ang ideyang ito: "Bawat kaharian," wika Niya, "[na] nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay mawawasak; [at] bawa't . . . bahay na nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay hindi mananatili." At ang mariin Niyang pagtatapos: *"At kung pinalalabas ni Satanas si Satanas, siya [ay] nababahagi laban sa kaniyang sarili; papaano ngang mananatili ang kaniyang kaharian?"* (Mateo 12:24–26; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kung itinuturo sa atin ng nabanggit na mga talata sa Aklat ni Mormon na



sambahin at mahalin at paglingkuran ang Tagapagligtas (na ginagawa ng mga ito), paano ito magmumula sa demonyo? Kung gayon, mahahati siya laban sa kanyang sarili at mawawasak ang kanyang kaharian, ang kalagayan mismong sinabi ng Tagapagligtas na hindi maaaring umiral. Ang tapat na pagbabasa ng Aklat ni Mormon nang bukas ang isipan ay magbibigay-daan para ipasiya ng isang taong tulad ng aking kalolo-lolohan, na: "Hindi maaaring ang demonyo ang sumulat nito—nagmula ito sa Diyos."

Ngunit bakit napakahalaga ng Aklat ni Mormon kung may Biblia na para turuan tayo tungkol kay Jesucristo? Hindi ba kayo nagtataka kung bakit napakaraming simbahang Kristiyano sa mundo ngayon samantalang iisang Biblia ang pinagkukunan nila ng mga doktrina? Iyon ay dahil iba-iba ang interpretasyon nila sa Biblia. Kung iisa ang interpretasyon nila, iisa ang kanilang simbahan. Hindi ganito ang nais ng Panginoon, dahil sinabi ni Pablo na may "isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo" (Mga Taga Efeso 4:5). Para maisagawa ang pagkakaisang ito, itinakda ng Panginoon ang banal na batas ng mga saksi. Itinuro ni Pablo, "Sa bibig ng dalawang saksi o ng tatlo ay papagtibayin ang bawa't salita" (II Mga Taga Corinto 13:1).

Ang Biblia ay isang saksi ni Jesucristo; isa pang saksi ang Aklat ni Mormon. Bakit napakahalaga ng pangalawang saksing ito? Maaaring makatulong ang sumusunod na paglalarawan: Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo mula sa iisang tuldok sa papel? Ang sagot ay walang katapusan. Sandaling ipagpalagay na ang iisang tuldok ay kumakatawan sa Biblia at na daan-daan sa mga tuwid na linyang iginuhit patawid ng tuldok na iyon ay kumakatawan sa iba't ibang interpretasyon ng Biblia at bawat isa sa mga interpretasyong iyon ay kumakatawan sa ibang simbahan.

Gayunman, ano ang mangyayari kung sa papel na iyon ay may isa pang tuldok na kumakatawan sa Aklat ni Mormon? Ilang tuwid na linya ang maiguguhit ninyo sa pagitan ng dalawang tuldok na ito: ang Biblia at ang Aklat ni Mormon? Isa lang. Isang interpretasyon lang ng mga doktrina ni Cristo ang mamamayani sa patotoo ng dalawang saksing ito.

Muli't muli ang Aklat ni Mormon ang saksing nagpapatibay, naglilinaw, pinagkakaisa ang mga doktrinang itinuro sa Biblia kaya mayroon lang "isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo." Halimbawa, nalilito ang ilang tao kung mahalaga nga ang binyag para maligtas kahit sinabi ng Tagapagligtas kay Nicodemo, "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios" (Juan 3:5). Gayunman, inaalis ng Aklat ni Mormon ang lahat ng pagdududa sa paksang iyan: "At kanyang inutusan ang lahat ng tao na kailangang sila'y magsisi, at mabinyagan sa kanyang pangalan, . . . o sila ay di maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos" (2 Nephi 9:23).

May iba't ibang paraan ng binyag sa mundo ngayon kahit sinabi sa atin ng Biblia kung paano bininyagan ang Tagapagligtas, na ating dakilang Huwaran: "[Siya], pagdaka'y umahon sa



***Jundiaí, Brazil***

tubig" (Mateo 3:16). Makakaahon ba siya mula sa tubig kung hindi muna Siya lumubog doon? Para walang pagtatalo tungkol sa paksang ito, niliwanag ito ng Aklat ni Mormon sa tuwirang pahayag na ito ng doktrina tungkol sa tamang paraan ng pagbibinyag: "At pagkatapos inyo silang ilulubog sa tubig" (3 Nephi 11:26).

Maraming naniniwala na nagwakas na sa Biblia ang paghahayag kahit ang Biblia mismo ay isang patotoo ng paghahayag ng Diyos sa buong 4,000 taon ng pag-iral ng tao. Ngunit ang isang maling doktrinang tulad nito ay parang dominong itinulak kaya natumba ang ibang domino o sa kasong ito ay nawala ang mga tamang doktrina. Ang paniniwala sa pagtigil ng paghahayag ang dahilan kaya nawala ang doktrina na "ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman" (Mormon 9:9); ang doktrinang itinuro ni Amos na "ang Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7); at ang doktrina na "hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao" (Mga Gawa 10:34) kaya nangungusap Siya sa lahat ng tao sa lahat ng panahon. Ngunit mabuti na lang at muling pinagtibay ng Aklat ni Mormon ang katotohanan sa Biblia na patuloy ang paghahayag:

"At muli, sinasabi ko sa inyo na nagtatatwa sa mga paghahayag ng Diyos, at sinasabi na ang mga yaon ay natapos na, na wala nang mga paghahayag. . . .

"Hindi ba't ating nababasa na ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman . . . ?" (Mormon 9:7, 9).

Sa madaling salita, kung nangusap ang Diyos, na hindi nagbabago, noong unang panahon, mangungusap din Siya sa makabagong panahon.

Walang katapusan ang mga pagpapatibay at paliwanag sa doktrina, ngunit walang mas makapangyarihan, ni nakaaantig, kaysa mga talakayan sa Aklat ni Mormon tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Gusto ba ninyong pagtibayin sa inyong kaluluwa ang di-maitatatwang patotoo na ang Tagapagligtas ay nagdusa para sa inyong mga kasalanan at walang kasalanan, ni mortal na karanasan na hindi maaabot ng maawaing tulong ng Kanyang Pagbabayad-sala—na may napakabisa Siyang gamot o lunas para sa bawat paghihirap ninyo? Kung gayo'y basahin ang Aklat ni Mormon. Ituturo at patototohanan nito sa inyo na ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay walang katapusan dahil sakop nito at lampas pa ito sa bawat kahinaang alam ng tao. Kaya nga sinabi ng propetang si Mormon, "Kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo" (Moroni 7:41).

Hindi nakapagtataka na hayagang ipinahayag sa Aklat ni Mormon, "At kung maniniwala kayo kay Cristo ay maniniwala kayo sa mga salitang ito, sapagkat ang mga salitang ito ay mga salita ni Cristo" (2 Nephi 33:10). Kasama ang Biblia, ang Aklat ni Mormon ay isang mahalagang saksi ng mga doktrina ni Cristo at ng Kanyang kabanalan. Kasama ang Biblia, ito ay "nagtuturo sa lahat ng tao na nararapat silang gumawa ng mabuti" (2 Nephi 33:10). At kasama ang Biblia, inaakay tayo nito sa "isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo." Kaya nga napakahalaga ng Aklat ni Mormon sa ating buhay.

Ilang taon na ang nakalilipas dumalo ako sa isa sa mga sacrament meeting sa Toronto, Canada. Isang 14-na-taong-gulang na babae ang tagapagsalita. Sabi niya, kinausap niya ang isa sa mga kaibigan niya sa eskuwela tungkol sa relihiyon. Sinabi ng kaibigan niya sa kanya, "Anong relihiyon ang kinabibilangan mo?"

Sagot niya, "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, o mga Mormon."

Sagot ng kaibigan niya, "Alam ko ang Simbahang iyon, at alam kong hindi iyon totoo."

"Paano mo nalaman?" ang sagot niya.

"Kasi," sabi ng kaibigan niya, "sinaliksik ko na ito."

"Nabasa mo na ba ang Aklat ni Mormon?"

"Hindi," ang sagot nito. "Hindi pa."

Sa gayon ay sumagot ang magiliw na batang ito, "Kung gayon ay hindi mo pa nasaliksik ang Simbahan ko, dahil nabasa ko na ang bawat pahina ng Aklat ni Mormon at alam kong totoo ito."

Nabasa ko na rin ang bawat pahina ng Aklat ni Mormon, nang paulit-ulit, at taos-puso kong pinatototohanan, tulad ng kalolo-lolohan ko, na nagmula ito sa Diyos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Willard Richards, sa LeGrand Richards, *A Marvelous Work and a Wonder,* binagong edisyon (1972), 81, 82.
2. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (1952), 40–41.



**Ni Elaine S. Dalton**
Young Women General President

# Mahalin ang Kanyang Ina

*Paano magpapalaki ng isang masayahin at matatag na anak na babae ang isang ama sa mundo ngayon na puno ng panganib? Ang sagot ay naituro na ng mga propeta ng Panginoon.*

Mahirap ilarawan ang sagradong tagpo na karga ng isang ama ang kanyang bagong silang na anak na babae sa unang pagkakataon. Sa taong ito tatlo sa mga anak naming lalaki ang nagkaroon ng mga bagong silang na anak na babae. Habang minamasdan namin ang aming matikas at matipunong anak na si Jon, na manlalaro ng rugby, na karga ang kanyang unang anak na babae, tiningnan niya ito nang napakagiliw at pagkatapos ay tiningnan ako na tila sinasabing, "Paano po magpalaki ng anak na babae?"

Ngayong umaga gusto kong magsalita sa aming mga anak na lalaki at sa lahat ng mga ama. Paano magpapalaki ng isang masayahin at matatag na anak na babae ang isang ama sa mundo ngayon na puno ng panganib? Ang sagot ay naituro na ng mga propeta ng Panginoon. Simple lang ang sagot, at totoo ito—"Ang pinakamahalagang bagay na magagawa ng isang ama para sa kanyang [anak na babae] ay mahalin ang [kanyang] ina."[1] Sa paraan ng pagmamahal ninyo sa kanyang ina, matuturuan ninyo ang inyong anak na babae tungkol sa pagiging magiliw, paggalang, pagkahabag, at katapatan. Matututuhan niya sa inyong halimbawa kung ano ang aasahan sa mga kabataang lalaki at ang mga katangiang hahanapin sa kanyang mapapangasawa. Maipapakita ninyo sa inyong anak sa paraan ng pagmamahal at pagpipitagan ninyo sa inyong asawa na dapat siyang pumili ng isang lalaking magmamahal at magpipitagan sa kanya. Ang inyong halimbawa ay magtuturo sa inyong anak na pahalagahan ang pagkababae. Ipinapakita ninyo sa kanya na siya ay



anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa kanya.

Mahalin nang husto ang kanyang ina para ipakita na walang hanggan ang inyong kasal. Ang kasal sa templo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan ay nararapat sa inyong pinakamatinding pagsisikap at pinakamataas na prayoridad. Nang matapos ni Nephi ang templo sa ilang, saka lamang niya sinabing, "At . . . kami ay namuhay nang maligaya."[2] Ang pagiging "maligaya" ay matatagpuan sa templo. Ito ay pagtupad sa tipan. Huwag papasukin sa inyong buhay o tahanan ang anumang impluwensyang magiging dahilan para ipagsapalaran ninyo ang inyong mga tipan o pangako sa inyong asawa at pamilya.

Sa programa ng Young Women tinutulungan namin ang inyong anak na babae na maunawaan ang kanyang pagkatao bilang anak ng Diyos at ang kahalagahan ng pananatiling banal at karapat-dapat na tumanggap ng mga pagpapala ng templo at ng kasal sa templo. Itinuturo namin sa inyong anak ang kahalagahan ng paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan. Tinuturuan namin siyang magpasiya ngayon na mamuhay sa paraan na lagi siyang magiging karapat-dapat na pumasok sa templo at huwag niyang hayaan ang anuman na makahadlang, makagulo, o maging dahilan upang hindi siya maging marapat sa mithiing iyan. Ang inyong halimbawa, bilang kanyang ama, ay mas malaki ang impluwensya kaysa sinasabi namin. Ang mga kabataang babae ay nag-aalala sa kanilang mga ama. Marami ang nagsasabi na ang pinakamalaking hangarin nila ay magkasama-sama bilang pamilya sa kawalang-hanggan. Gusto nilang naroroon kayo kapag nagpunta sila o nagpakasal sa templo. Manatiling malapit sa inyong anak na babae at tulungan siyang maghanda at manatiling marapat para sa templo. Kapag 12 taong gulang na siya, isama siya sa templo nang madalas upang magpabinyag para sa inyong mga ninuno at iba pa. Itatangi niya ang mga alaalang ito magpakailanman.

Ngayon ay tinatangkang

unti-unting wasakin at pawalang-halaga ng popular na kultura ang inyong walang-hanggang tungkulin bilang patriarch at ama at bawasan ang inyong pinakamahalagang mga responsibilidad. Ang mga ito ay ibinigay sa inyo "sa plano ng Diyos," at bilang mga ama kayo "ang mangungulo sa [inyong] mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng [inyong] mga mag-anak."[3]

Mga ama, kayo ang mga tagapangalaga ng inyong mga tahanan, asawa, at anak. Ngayon,"hindi madaling protektahan ang isang pamilya laban sa pagpasok ng kasamaan sa [kanilang] isipan at espiritu. . . . Ang mga impluwensyang ito ay maaaring pumasok at malayang nakakapasok sa tahanan. [Napakatuso] ni Satanas. Hindi na niya kailangang wasakin ang pinto para makapasok."[4]

Dapat kayong maging tagapangalaga ng kabanalan. "Ang isang maytaglay ng priesthood ay *matwid.* Ang matwid na pag-uugali ay nagpapahiwatig na [kayo ay may] dalisay na kaisipan at malinis na gawain. . . . Ang kabutihan ay . . . katangian ng pagiging makadiyos." Ito ay "katulad ng kabanalan."[5] Ang mga pinahahalagahan ng Young Women ay mga katangiang katulad ng kay Cristo na kinabibilangan ng kabanalan. Nananawagan kami ngayon sa inyo na makiisa sa amin sa pangunguna sa mundo sa pagbalik sa kabutihan. Para magawa ito, "kailangan ninyong gumawa . . . ng kabutihan at kabanalan"[6] sa pamamagitan ng pag-aalis sa inyong buhay ng anumang masama at di-angkop sa isang maytaglay ng banal na priesthood ng Diyos. "Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; [at] . . . ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina."[7] Kaya maging maingat sa pagpili ng inyong mga pinapanood o binabasa. Ang inyong sariling kabutihan ay magiging huwaran ng inyong mga anak na babae, at lalaki rin, kung ano ang tunay na kalakasan at matatag na moralidad. Sa pagiging tagapangalaga ng kabanalan sa sarili ninyong buhay, sa inyong tahanan, at sa buhay ng inyong mga anak, ipinapakita ninyo sa inyong asawa at mga anak na babae ang tunay na kahulugan ng pagmamahal. Ang inyong sariling kadalisayan ay magbibigay sa inyo ng lakas.

Kayo ang mga tagapangalaga ng inyong mga anak na babae nang higit pa sa legal na kahulugan nito. Laging subaybayan ang inyong anak na babae. Ipaalam sa kanya ang inyong mga pamantayan, inaasahan, inaasam at pangarap para sa kanyang tagumpay at kaligayahan. Interbyuhin siya, kilalanin ang kanyang mga kaibigan at, pagdating ng panahon, ang kanyang mga kaibigang lalaki. Tulungan siyang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon. Tulungan siyang maunawaan na ang alituntunin ng kalinisang-puri ay proteksyon. Tulungan siyang pumili ng musika at media na nag-aanyaya ng Espiritu at angkop sa kanyang banal na pagkatao. Maging aktibong bahagi ng kanyang buhay. At kung tinedyer na siya at hindi umuwi sa takdang oras mula sa pakikipagdeyt, sunduin siya. Tututol siya at sasabihin sa inyo na sinira ninyo ang kanyang gabi, ngunit madarama niya na mahal ninyo siya at nagmamalasakit kayo nang sapat para pangalagaan siya.

Hindi kayo ordinaryong kalalakihan. Dahil sa kagitingan ninyo sa buhay bago kayo isinilang, naging marapat kayong maging mga pinuno at magtaglay ng kapangyarihan ng priesthood. Doon ay nagpakita kayo "ng labis na pananampalataya at mabubuting gawa," at narito kayo ngayon upang gawin din iyon.[8] Kayo ay naiiba dahil sa inyong priesthood.

Sa loob ng ilang linggo ay pangangalanan at babasbasan na ng tatlong anak naming lalaki ang mga sanggol nilang babae. Sana ito ang una sa maraming basbas ng priesthood na matatanggap nila mula sa kanilang mga ama, dahil sa daigdig na gagalawan o kalalakhan nila, kakailanganin nila ang mga basbas na iyon. Itatangi ng inyong anak na babae ang priesthood at magpapasiya sa kanyang puso na ito ang gusto niya sa kanyang magiging tahanan at pamilya. Laging alalahanin "na ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit" at "mapamamahalaan . . . tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan."[9]

Mga ama, kayo ang bayani o idolo ng inyong anak. Ang tatay ko ang aking idolo. Lagi kong hinihintay noon ang kanyang pag-uwi sa hagdanan ng bahay namin tuwing gabi. Kakargahin niya ako at paiikut-ikutin at ipapapatong niya ang mga paa ko sa suot niyang malalaking sapatos, at isasayaw ako papasok sa bahay namin. Gustung-gusto kong sinusundan noon ang bawat hakbang niya. Kahit ngayon.

Alam ba ninyo na malaki ang impluwensya ng inyong patotoo sa buhay ng inyong mga anak? Alam ko na may patotoo ang aking ama. Alam kong mahal niya ang Panginoon. At dahil mahal ng aking ama ang Panginoon, gayon din ako. Alam ko na nagmalasakit siya sa mga balo dahil ginugol niya ang kanyang bakasyon sa pagpipintura ng bahay ng balong kapitbahay namin. Naisip ko na iyon ang pinakamasayang bakasyon ng aming pamilya dahil tinuruan niya akong magpintura! Pagpapalain ninyo ang buhay ng inyong anak na babae sa darating na mga taon kung maghahanap kayo ng mga paraan para makasama siya at ibahagi ang inyong patotoo sa kanya.

Sa Aklat ni Mormon, si Abis ay nagbalik-loob dahil ibinahagi sa kanya ng kanyang ama ang kagila-gilalas na pangitain nito. Matapos ang maraming taon, isinapuso niya ang kanyang patotoo at namuhay nang matwid sa isang napakasamang lipunan. Dumating ang panahon na hindi na niya kayang manahimik, at nagbahay-bahay siya upang ibahagi ang kanyang patotoo at mga himalang nasaksihan niya sa kaharian ng hari. Ang impluwensya ng pagbabalik-loob ni Abis ay naging kasangkapan sa pagbabago ng buong komunidad. Ang mga taong nakarinig sa kanyang patotoo ay naging mga taong "nagbalik-loob sa Panginoon, [at] kailanman ay hindi nagsitalikod," at ang kanilang mga anak ay naging kabataang mandirigma![10]

Tulad ng sabi sa himnong, "Rise up, O men of God!"[11] Ito ay panawagan sa inyo, mga lalaking maytaglay ng banal na priesthood ng Diyos. Nawa'y masabi sa inyo ang sinabi tungkol kay Kapitan Moroni:

"[Siya] ay isang malakas at makapangyarihang lalaki; . . . isang lalaking may ganap na pang-unawa; . . . isang lalaking di matitinag sa pananampalataya kay Cristo. . . .

". . . "Kung ang lahat ng tao ay naging, at matutulad, at maaaring maging katulad ni Moroni, masdan, ang yaon ding kapangyarihan ng impiyerno ay mayayanig magpakailanman; . . . ang diyablo ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao."[12]

Mga kapatid, mga ama, mga kabataang lalaki, "Maging tapat sa marhalika ninyong pagkatao."[13]

Kaya paano kayo magpapalaki ng anak na babae? Mahalin ang kanyang ina. Akayin ang inyong pamilya sa templo, maging tagapangalaga ng kabanalan, at gampanan ang inyong tungkulin sa priesthood. Mga ama, ipinagkatiwala sa inyo ang mariringal na anak na babae ng ating Ama sa Langit. Sila ay mabubuti at pinili. Dalangin ko na pangalagaan ninyo sila, palakasin, pakitaaan ng kabutihan, at turuang sundin ang mga halimbawa ng Tagapagligtas—sapagkat Siya ay buhay! Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Madalas banggitin ni Pangulong David O. McKay ang pahayag na ito ni Theodore Hesburgh, sa "Quotable Quotes," *Reader's Digest,* Ene. 1963, 25; tingnan din sa *Richard Evans' Quote Book* (1971), 11.
2. 2 Nephi 5:27.
3. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
4. A. Theodore Tuttle, "The Role of Fathers," *Ensign,* Ene. 1974, 67.
5. Ezra Taft Benson, "Godly Characteristics of the Master," *Ensign,* Nob. 1986, 46.
6. Doktrina at mga Tipan 46:33.
7. Doktrina at mga Tipan 121:45, 46.
8. Alma 13:3; tingnan din sa talata 2.
9. Doktrina at mga Tipan 121:36.
10. Alma 23:6; tingnan din sa Alma 19:16–17; 53:10–22.
11. "Rise Up, O Men of God," *Hymns,* blg . 323.
12. Alma 48:11, 13, 17.
13. Sa Harold B. Lee, "Be Loyal to the Royal within You," sa *Speeches of the Year: BYU Devotional and Ten-Stake Fireside Addresses 1973* (1974), 100.



**Ni Elder M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Kahalagahan ng Pangalan

*Ugaliin natin . . . na bigyang-diin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pangalang iniutos ng Panginoon mismo na itawag dito.*

Elder Hales, mula sa aming lahat, ipinararating namin ang aming taos na pagmamahal at nagpapasalamat kami na narito kayo ngayong umaga.

Mula pa noong huling pangkalahatang kumperensya ng Abril, paulit-ulit na natuon ang aking isipan sa kahalagahan ng pangalan. Nitong nakalipas na ilang buwan, ilang apo-sa-tuhod ang isinilang sa aming pamilya. Bagama't tila mas mabilis ang pagdating nila kaysa kaya kong sabayan, bawat anak ay malugod na tinatanggap sa aming pamilya. Bawat isa ay nabigyan ng espesyal na pangalang pinili ng kanyang mga magulang, na magiging pangalan niya habambuhay, na magtatangi sa kanya sa iba. Ginagawa iyan sa bawat pamilya, gayundin sa iba pang relihiyon sa mundo.

Alam ng Panginoong Jesucristo kung gaano kahalaga na pangalanan nang malinaw ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw na ito. Sa ika-115 bahagi ng Doktrina at mga Tipan, Siya mismo ang nagbigay ng pangalan sa Simbahan: "Sapagka't sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw" (talata 4).

At itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao sa panahon ng Aklat ni Momon:

"Nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo, kayong lahat na nakipagtipan sa Diyos, na kayo ay maging masunurin hanggang sa wakas ng inyong mga buhay. . . .

"At nais kong inyo ring pakatandaan, na ito ang pangalang sinabi ko na aking ibibigay sa inyo na hindi kailanman mabubura, maliban na lamang kung dahil sa kasalanan; kaya nga, ingatan ninyo na hindi kayo magkasala, nang ang pangalan ay hindi mabura sa inyong mga puso" (Mosias 5:8, 11).

Tinataglay natin ang pangalan ni Cristo kapag tayo ay bininyagan. Pinaninibago natin ang tipang ginawa sa binyag na iyon bawat linggo kapag nakikibahagi tayo ng sakramento, na nagpapakita ng kahandaan nating taglayin ang Kanyang pangalan at nangangako tayo na lagi Siyang aalalahanin (tingnan sa D at T 20:77, 79).

Nadarama ba natin kung gaano tayo pinagpala na taglayin ang




pangalan ng Pinakamamahal at Bugtong na Anak ng Diyos? Nauunawaan ba natin kung gaano kahalaga ito? Ang pangalan ng Tagapagligtas ang tanging pangalan sa silong ng langit na makapagliligtas sa tao (tingnan sa 2 Nephi 31:21).

Kung natatandaan ninyo, tinalakay ni Pangulong Boyd K. Packer ang kahalagahan ng pangalan ng Simbahan sa huling pangkalahatang kumperensya noong Abril. Ipinaliwanag niya na dahil "masunurin tayo sa paghahayag, tinatawag natin ang ating sarili na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw [sa halip na Simbahan ng mga Mormon]" ("Ginagabayan ng Banal na Espiritu," *Liahona,* Mayo 2011, 30).

Dahil napakahalaga ng buong pangalan ng Simbahan, babanggitin kong muli ang mga paghahayag mula sa mga banal na kasulatan, ang mga tagubilin ng Unang Panguluhan sa mga liham noong 1982 at 2001, at ang mga salita ng iba pang mga Apostol na naghikayat sa mga miyembro ng Simbahan na ipaalam at ituro sa mundo na ang Simbahan ay kilala sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Sa ganitong pangalan tayo tatawagin ng Panginoon sa huling araw. Sa ganitong pangalan mamumukod ang Kanyang Simbahan sa lahat ng iba pa.

Pinag-isipan kong mabuti kung bakit ibinigay ng Tagapagligtas ang mahabang pangalang ito sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Tila mahaba nga ito, ngunit kung iisipin natin ito bilang pagbubuod ng katangian ng Simbahan, bigla itong umiikli, nagiging tapat, at tuwiran. Ano pa kayang paglalarawan ang mas tuwiran at malinaw ngunit naipapahayag sa iilang salita?

Bawat salita ay malinaw at mahalaga. Ang salitang *Ang* ay nagsasaad ng kakaibang katayuan ng ipinanumbalik na Simbahan sa mga relihiyon sa daigdig.

Ang mga salitang *Simbahan ni Jesucristo* ay nagpapahayag na ito ang Kanyang Simbahan. Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Jesus: "At paano ito magiging simbahan ko maliban kung ito ay tinatawag sa aking pangalan? Sapagkat kung ang isang simbahan ay tinatawag sa pangalan ni Moises, kung gayon iyon ay simbahan ni Moises; o kung iyon ay tatawagin sa pangalan ng isang tao [tulad ng Mormon] kung gayon iyon ay simbahan ng isang tao; ngunit kung ito ay tinatawag sa aking pangalan kung gayon ito ay aking simbahan, kung mangyayari na ang mga ito ay nakatayo sa aking ebanghelyo" (3 Nephi 27:8).

Ang *sa mga Huling Araw* ay nagpapaliwanag na ito rin ang Simbahang itinayo ni Jesucristo nang magministeryo Siya sa lupa ngunit ipinanumbalik sa mga huling araw na ito. Alam natin na nagkaroon muna ng pagtaliwakas, o apostasiya, kaya kinailangang ipanumbalik ang Kanyang tunay at perpektong Simbahan sa ating panahon.

Ang ibig sabihin ng *mga Banal* ay sumusunod sa Kanya ang mga miyembro nito at nagsisikap silang gawin ang Kanyang kalooban, sundin ang Kanyang mga utos, at maghanda na muling makasama Siya at ang Ama sa Langit sa hinaharap. Ang salitang *Banal* ay tumutukoy lang sa lahat ng naghahangad na pabanalin ang kanilang buhay sa pakikipagtipang sundin si Cristo.

Ang pangalang ibinigay ng Tagapagligtas sa Kanyang Simbahan ay nagsasabi mismo sa atin kung sino tayo at ano ang ating pinaniniwalaan. Naniniwala tayo na si Jesucristo ang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan. Nagbayad-sala siya para sa lahat ng magsisisi ng kanilang mga kasalanan, at nilagot Niya ang mga gapos ng kamatayan at naglaan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa libingan. Sinusunod natin si Jesucristo. At tulad ng sinabi ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, inuulit ko ngayon sa ating lahat: "Inyong pakatandaan na panatilihing laging nakasulat ang [Kanyang] pangalan sa inyong mga puso" (Mosias 5:12).

Tayo ay inatasang tumayo bilang saksi Niya "sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9). Ibig sabihin nito, dapat ay handa tayong ipaalam sa iba kung

sino ang sinusunod natin at kaninong Simbahan tayo kabilang: sa Simbahan ni Jesucristo. Walang pasubaling nais nating gawin ito nang may pagmamahal at patotoo. Nais nating sundin ang Tagapagligtas sa pagsasabi nang simple at malinaw, ngunit mapagpakumbaba, na tayo ay mga miyembro ng Kanyang Simbahan. Sinusunod natin Siya sa pagiging mga Banal sa mga Huling Araw—mga disipulo sa mga huling araw.

Madalas bigyan ng iba ng palayaw ang mga tao at organisasyon. Ang palayaw ay maaaring isang pinaikling pangalan, o ibinatay sa isang kaganapan o sa pisikal o iba pang katangian. Kahit hindi magkakapareho ang uri o kahalagahan ng mga palayaw na tulad ng mga tunay na pangalan, magagamit nang wasto ang mga ito.

Ang Simbahan ng Panginoon noon at ngayon ay nagkaroon ng iba't ibang palayaw. Ang mga Banal sa Bagong Tipan ay tinawag na *mga Kristiyano* dahil naniwala sila kay Jesucristo. Ang pangalang iyan, na unang ginamit sa mapanlait na paraan ng mga naninira sa kanila, ay isa na ngayong kapitapitagang pangalan; at karangalan nating matawag na isang simbahang Kristiyano.

Ang ating mga miyembro ay tinawag na *mga Mormon* dahil naniniwala tayo sa Aklat ni Mormon: Isa pang Tipan ni Jesucristo. Maaaring subukang gamitin ng iba ang salitang *Mormon* sa mas malawak na paraan upang ibilang at tukuyin ang mga tumiwalag sa Simbahan at bumuo ng iba't ibang mga grupo. Makakalito lang ang paggamit niyon. Nagpapasalamat tayo na sinisikap iwasan ng media ang paggamit ng salitang *Mormon* sa paraang mapagkakamalan ng madla na may kinalaman ang Simbahan sa grupo ng mga polygamist o iba pang fundamentalist. Lilinawin ko na walang grupong polygamist, pati na yaong ang tawag sa kanilang sarili ay mga fundamentalist Mormon o iba pang hinango sa ating pangalan, na may anumang kaugnayan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.



Bagama't hindi buo at tamang pangalan ng Simbahan ang katagang *Mormon*, at kahit ibinansag ito ng mga naninira sa atin noong sinisimulan pa lang tayong usigin, naging tanggap na itong palayaw kapag tumutukoy sa mga miyembro sa halip na sa institusyon. Hindi natin kailangang ihinto ang paggamit ng pangalang *Mormon* kung nararapat, ngunit dapat nating patuloy na bigyang-diin ang buo at tamang pangalan ng Simbahan mismo. Sa madaling salita, dapat nating iwasan at huwag hikayatin na tawagin tayong "Simbahan ni Mormon."

Sa maraming taon ng pagtupad ko sa mga tungkulin sa iba't ibang panig ng mundo, maraming beses na akong tinanong kung kabilang ako sa Simbahan ni Mormon. Ang lagi kong isinasagot ay "Ako ay miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Dahil naniniwala kami sa Aklat ni Mormon, na ipinangalan sa Amerikanong propeta at pinuno noong araw at isa pang tipan ni Jesucristo, kung minsan ay tinatawag kaming mga Mormon." Sa bawat okasyon ay nagustuhan ang sagot na ito at katunayan ay nabigyan pa ako nito ng maraming pagkakataon upang ipaliwanag ang Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito.

Mga kapatid, isipin na lang ninyo ang magiging epekto natin sa simpleng pagsagot sa paggamit ng buong pangalan ng Simbahan tulad ng ipinahayag ng Panginoon na dapat nating gawin. At kung hindi ninyo kaagad magamit ang buong pangalan, sabihin na lang ninyong, "Kasapi ako ng Simbahan ni Jesucristo" at ipaliwanag kalaunan ang "ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Maaaring may magtanong, paano naman ang mga Internet site na tulad ng Mormon.org at ang iba pang mga media campaign ng Simbahan? Tulad ng sabi ko, ang pagtukoy ng *Mormon* sa lahat ng miyembro ay angkop kung minsan. Mas praktikal para sa mga hindi natin kasapi na hanapin tayo sa ganyang pangalan. Ngunit kapag binuksan ninyo ang Mormon.org, ipinapaliwanag sa home page ang angkop na pangalan ng Simbahan, at lumilitaw ito sa bawat kasunod na page sa site. Hindi praktikal na i-type ang buong pangalan ng Simbahan kapag hinahanap tayo o nagla-log on sa ating website.

Bagama't maaaring magpatuloy ang mga praktikal na bagay na ito, hindi nito dapat mapigilan ang mga miyembro sa paggamit ng buong pangalan ng Simbahan hangga't maaari. Ugaliin nating liwanagin sa ating pamilya at sa mga aktibidad sa Simbahan at sa pakikihalubilo natin sa araw-araw na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pangalang iniutos ng Panginoon mismo na itawag dito.

Nakasaad sa isang survey

kamakailan na napakarami pa rin ng mga hindi makaunawa na ang pangalang *Mormon* ay tumutukoy sa mga miyembro ng ating Simbahan. At karamihan sa mga tao ay hindi pa rin sigurado kung Kristiyano ang mga Mormon. Kahit na nababasa nila ang pagtulong ng ating Helping Hands sa buong mundo sa mga biktima ng buhawi, lindol, baha, at taggutom, hindi nila iniuugnay ang ating mga pagkakawanggawa sa atin bilang isang organisasyong naniniwala kay Cristo. Tunay ngang mas madali nilang mauunawaan na naniniwala tayo at sumusunod sa Tagapagligtas kung tutukuyin natin ang ating sarili bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa ganitong paraan yaong mga nakakarinig sa pangalang *Mormon* ay maiuugnay ang salitang iyan sa ating inihayag na pangalan at sa mga taong sumusunod kay Jesucristo.

Tulad ng hiling ng Unang Panguluhan sa kanilang liham noong Pebrero 23, 2001: "Ang paggamit ng inihayag na pangalan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw . . . , ay lalong mahalaga sa ating responsibilidad na ipahayag ang pangalan ng Tagapagligtas sa buong mundo. Alinsunod dito, hinihiling namin na kapag tinukoy natin ang Simbahan gamitin natin ang buong pangalan nito hangga't maaari."

Noong 1948 sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre, sinabi ni Pangulong George Albert Smith, "Mga kapatid, pag-alis ninyo sa kumperensyang ito, maaari ninyong makahalubilo ang iba't ibang relihiyon sa mundo, ngunit tandaan na iisa lang ang Simbahan sa buong mundo na sa utos ng langit ay nagtataglay ng pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1948, 167).

Mga kapatid, nawa'y tandaan din natin ito sa pag-alis natin sa kumperensyang ito ngayon. Iparinig ang ating patotoo tungkol sa Kanya at panatilihin sa ating puso ang ating pagmamahal sa Kanya, ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



**Ni Pangulong Thomas S. Monson**

# Tumayo sa mga Banal na Lugar

*Ang pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit—kabilang na ang ating mga panalangin sa Kanya at ang Kanyang inspirasyon sa atin—ay kailangan upang mapaglabanan natin ang mga unos at pagsubok ng buhay.*

Mahal kong mga kapatid, napakaganda ng mga mensaheng narinig natin ngayong umaga, at pinupuri ko ang lahat ng nakilahok. Natutuwa tayong lalo na makasamang muli si Elder Robert D. Hales at bumuti na ang kanyang pakiramdam. Mahal ka namin, Bob.

Habang pinag-iisipan ko ang gusto kong sabihin sa inyo ngayong umaga, naisip kong ibahagi ang ilang kaisipan at damdamin na itinuturing kong mahalaga at napapanahon. Dalangin ko na magabayan ako sa aking pananalita.

Ako ay 84 na taon nang nabubuhay sa mundong ito. Para mabigyan kayo ng ideya, isinilang ako noon ding taon na unang lumipad nang walang tigil at nag-iisa si Charles Lindbergh mula New York hanggang Paris sakay ng isang single-engine, single-seat monoplane. Marami na ang nagbago sa loob ng 84 na taon mula noon. Matagal nang nakapunta ang tao sa buwan at nakabalik. Katunayan, ang dating science fiction ay totoo nang nangyayari ngayon. At ang katotohanang iyon, salamat sa teknolohiya ng ating panahon, ay napakabilis magbago kaya halos hindi tayo makasabay dito—kung makasabay man tayo. Para sa atin na nakakaalala pa sa mga dial telephone at makinilya, ang teknolohiya ngayon ay sobra pa sa kahanga-hanga.

Mabilis ding magbago ang mga pamantayan ng lipunan tungkol sa moralidad. Ang mga ugali na dati ay hindi angkop at mahalay ay hindi lamang kinukunsinti ngayon kundi itinuturing pang katanggap-tanggap ng marami.

Kailan lang ay nabasa ko sa *Wall Street Journal* ang isang artikulo ni Jonathan Sacks, ang punong rabbi ng Britain. Bukod pa sa ibang mga bagay, isinulat niya: "Sa halos bawat lipunan sa Kanluran noong 1960s ay nagbago ang pamantayan ng moralidad, at tinalikuran ang dating kaugaliang magtimpi sa sarili. Ang kailangan mo lang, pag-awit ng Beatles, ay pag-ibig. Ang dating pamantayan sa moralidad ng mga Kristiyanong Judio ay tinalikuran na. Pinalitan ito [ng kasabihang]: *[Gawin] mo ang kapaki-pakinabang sa iyo.* Ang Sampung Utos ay muling

isinulat bilang Sampung Malikhaing Mungkahi."

Buong panghihinayang pang sinabi ni Rabbi Sacks:

"Walang pakundangan ang pagtalikod natin sa mga tuntunin ng kagandahang-asal gaya ng paglustay ng ating kabuhayan. . . .

"May malalaking bahagi ng [mundo] kung saan lipas na ang relihiyon at walang sumasalungat sa kulturang bilhin ito, gastusin ito, isuot ito, ipagyabang ito, dahil karapat-dapat ito sa iyo. Ang mensahe ay na hindi na uso ang moralidad, ang konsiyensya ay para sa mahihinang tao, at ang pinakamahalagang utos ay 'Huwag kang pahuhuli.'"[1]

Mga kapatid, ito—sa kasamaang-palad—ang naglalarawan sa malaking bahagi ng mundo sa paligid natin. Lubha ba tayong nag-aalala at nag-iisip kung paano tayo mabubuhay sa ganitong daigdig? Hindi. Ang totoo, nasa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo, at alam nating hindi lumilipas ang moralidad, na may konsiyensya tayong gagabay sa atin, at pananagutan natin ang ating mga gawa.

Kahit nagbago na ang mundo, iyon pa rin ang mga batas ng Diyos. Hindi nagbago ang mga ito; hindi magbabago ang mga ito. Ang Sampung Utos ay gayon lamang—mga utos. *Hindi* mungkahi ang mga ito. Bawat isa ay kailangan pa rin ngayon gaya noong ibigay ito ng Diyos sa mga anak ni Israel. Kung makikinig lang tayo, maririnig natin ang alingawngaw ng tinig ng Diyos, na nagsasalita sa atin dito ngayon:

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan. . . .

"Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan. . . .

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. . . .

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina. . . .

"Huwag kang papatay.

"Huwag kang mangangalunya.

"Huwag kang magnanakaw.

"Huwag kang magbibintang. . . .



"Huwag [kang mag-iimbot]."[2]

Ang pamantayan ng ating asal ay tiyak; hindi ito matatawaran. Hindi lamang ito makikita sa Sampung Utos kundi maging sa Sermon sa Bundok, na ibinigay sa atin ng Tagapagligtas nang Siya'y narito pa sa mundo. Makikita ito sa lahat ng Kanyang mga turo. Makikita ito sa mga salita ng makabagong paghahayag.

Ang ating Ama sa Langit ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinabi sa atin ng propetang si Mormon na ang Diyos ay "hindi pabagu-bago mula sa lahat ng kawalang-hanggan hanggang sa lahat ng kawalang-hanggan."[3] Sa mundong ito kung saan halos lahat ay tila nagbabago, ang hindi Niya pagbabago ay isang bagay na maaasahan natin, isang angkla na mahahawakan nang mahigpit at maliligtas tayo, nang hindi tayo maanod patungo sa laot.

Maaaring kung minsan sa tingin ninyo ay mas masaya ang mga nasa mundo kaysa sa inyo. Maaaring nadarama ng ilan sa inyo na nalilimitahan kayo ng pamantayan ng asal na sinusunod natin sa Simbahan. Gayunman, mga kapatid, sinasabi ko sa inyo na walang *ibang* higit na magpapagalak sa ating buhay o higit na papayapa sa ating kaluluwa kaysa sa Espiritu na maaaring mapasaatin kung susundin natin ang Tagapagligtas at ang mga utos. Hindi maaaring sumainyo ang Espiritu sa mga uri ng aktibidad na kinasasangkutan ng daigdig. Ipinahayag ni Apostol Pablo ang katotohanan: "Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu."[4] Ang katagang *taong ayon sa laman* ay maaaring tumukoy sa sinuman sa atin kung hahayaan nating maging gayon tayo.

Kailangan tayong maging maingat sa isang mundong nagpakalayo na sa bagay na espirituwal. Mahalagang ayawan natin ang anumang hindi umaayon sa ating mga pamantayan, tumanggi tayong isuko ang ating pinakamimithi: ang buhay na walang-hanggan sa kaharian ng Diyos. Binabayo pa rin ng mga unos ang ating pintuan paminsan-minsan, dahil ito ay bahaging hindi maiiwasan sa buhay natin sa lupa. Gayunman, magiging mas handa tayong harapin ang mga



ito, matuto mula rito, at daigin ang mga ito kung nakasalig ang ating buhay sa ebanghelyo at nasa puso natin ang pag-ibig ng Tagapagligtas. Sinabi ng propetang si Isaias, "Ang gawain ng katuwiran ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng katuwiran ay katahimikan at pagkakatiwala kailan man."[5]

Dahil tayo ay *nasa mundo* ngunit hindi *makamundo*, kailangan nating makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit sa panalangin. Gusto Niyang gawin natin ito; sasagutin Niya ang ating mga dalangin. Hinikayat tayo ng Tagapagligtas, ayon sa nakatala sa 3 Nephi 18, na "mag-ingat at laging manalangin na baka kayo ay madala sa tukso; sapagkat nais ni Satanas na kayo ay maging kanya. . . .

"Kaya nga, kinakailangan na lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan;

"At anuman ang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan, na tama, naniniwalang inyong tatanggapin, masdan, ipagkakaloob ito sa inyo."[6]

Nagkaroon ako ng patotoo sa bisa ng panalangin noong ako'y 12 taong gulang. Nagtrabaho akong mabuti para kumita ng kaunting pera at nakaipon ako ng limang dolyar. Panahon iyon ng Great Depression, kung kailan ang limang dolyar ay malaking halaga na—lalo na sa isang batang 12 anyos. Ibinigay ko sa aking ama ang lahat ng barya ko, na sa kabuuan ay limang dolyar, at binigyan naman niya ako ng buong $5.00. Alam ko na may plano akong bilhin noon sa halagang limang dolyar, bagama't sa ngayon ay hindi ko na maalala kung ano iyon. Naaalala ko lang kung gaano kahalaga ang perang iyon sa akin.

Noong panahong iyon, wala kaming sariling washing machine, kaya bawat linggo ay dinadala ng aking ina sa laundry ang mga damit namin na kailangang labhan. Pagkaraan ng dalawang araw, ang bunton ng tinawag naming "basang labada" ay ibinabalik sa amin, at isinasampay ni Inay ang mga damit sa likod-bahay namin para patuyuin.

Naibulsa ko sa aking pantalon ang limang dolyar ko. Tulad ng hula ninyo, dinala sa labandera ang pantalon ko na nasa bulsa pa rin ang pera ko. Nang maisip ko ang nangyari, alalang-alala ako. Alam ko na laging sinisiyasat ng labandera ang mga bulsa bago labhan ito. Kung hindi natuklasan at nakuha ang pera ko sa prosesong iyon, halos natitiyak ko na lalabas sa bulsa ang pera habang nilalabhan ang pantalon at maaaring angkinin iyon ng naglalaba roon na walang ideya kung kanino dapat isauli ang pera, kahit gusto niyang gawin ito. Ang tsansang mabalik ang limang dolyar ko ay napakalabong mangyari —isang pangyayaring tiniyak ng mahal kong ina nang sabihin kong naiwan sa bulsa ko ang pera.

Gusto kong mabawi ang perang iyon; kailangan ko iyon; nagtrabaho ako nang husto para kitain iyon. Naisip ko na isang bagay lang ang magagawa ko. Sa kawalan ko ng pag-asa nagdasal ako sa aking Ama sa Langit at nagsumamo sa Kanya na kahit paano ay huwag hayaang mawala ang pera ko sa bulsang iyon hanggang sa maibalik ang aming basang labada.

Pagkaraan ng napakahabang dalawang araw, nang malaman ko na ihahatid na ng delivery truck ang labada namin, naupo ako sa tabi ng bintana at naghintay. Habang paliko ang trak sa kanto, kumakabog ang dibdib ko. Nang maipasok na sa bahay ang mga basang damit, agad kong kinuha ang aking pantalon at tumakbo sa aking silid. Nanginginig ang mga kamay ko nang dumukot ako sa bulsa. Nang wala akong makita kaagad, naisip kong nawala na ito. Pagkatapos ay nakapa ng mga daliri ko ang basang limang dolyar. Nang hugutin ko ito mula sa bulsa, nakahinga ako nang maluwag. Taos-puso akong nagpasalamat sa aking Ama sa Langit sa panalangin, dahil alam kong sinagot Niya ang aking dalangin.

Magmula noon, marami na akong panalanging sinagot. Walang araw na lumipas na hindi ako nakikipag-ugnayan sa aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Isang ugnayan ito na aking itinatangi—talagang hindi ko alam ang gagawin kung wala ito. Kung sa ngayon ay hindi gayon ang kaugnayan ninyo sa inyong Ama sa Langit, hinihimok ko kayo na mithiin ninyong makipag-ugnayan sa Kanya. Kapag ginawa ninyo ito, matatanggap ninyo ang Kanyang inspirasyon at patnubay sa inyong buhay—na kailangan ng bawat isa sa atin kung gusto nating maligtas sa espirituwal sa buhay natin dito sa lupa. Ang gayong inspirasyon at patnubay ay mga kaloob na malaya Niyang ibinibigay kung hahangarin lang natin ito. Malaking kayamanan ang mga ito!

Lagi akong nagpapakumbaba at nagpasasalamat kapag nakikipag-ugnayan sa akin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang inspirasyon. Natutuhan kong kilalanin ito, magtiwala rito, at sundin ito. Ilang beses na akong nakatanggap ng gayong inspirasyon. Isang matinding karanasan ang nangyari noong Agosto ng 1987 sa paglalaan ng Frankfurt Germany Temple. Kasama namin noon si Pangulong Ezra Taft Benson sa unang araw o sa dalawang paglalaan ngunit nakauwi na siya, kaya nagkaroon ako ng pagkakataong mangasiwa sa nalalabing mga sesyon.

Araw ng Sabado nagdaos kami ng sesyon para sa ating mga miyembrong Dutch na nasa Frankfurt Temple district. Kilalang-kilala ko ang isa sa magagaling nating pinuno mula sa Netherlands, si Brother Peter Mourik. Bago nagsimula ang sesyon, malinaw kong nadama na dapat pagsalitain si

Brother Mourik sa kapwa niya mga miyembrong Dutch sa sesyon at katunayan ay siya dapat ang unang magsasalita. Nang hindi ko siya makita sa templo noong umagang iyon, inabutan ko ng maikling sulat si Elder Carlos E. Asay, ang aming Area President, na nagtatanong kung dumalo sa sesyon si Peter Mourik. Bago tumayo para simulan ang sesyon, natanggap ko ang maikling sagot ni Elder Asay na nagsasabing *hindi* dumalo si Brother Mourik, na may iba siyang ginagawa, at plano niyang dumalo sa sesyon ng paglalaan sa templo kinabukasan kasama ang mga stake ng mga sundalo.

Habang nakatayo ako sa pulpito para batiin ang mga tao at ipaalam ang programa, nakatanggap akong muli ng malinaw na inspirasyon na dapat kong sabihin na si Peter Mourik ang unang magsasalita. Salungat ito sa lahat ng nadarama ko, dahil karirinig ko lang kay Elder Asay na talagang *wala* si Brother Mourik sa templo. Gayunman, tiwala sa inspirasyon, ipinahayag ko ang pag-awit ng koro at ang panalangin at saka ko sinabi na ang unang magsasalita sa amin ay si Brother Peter Mourik.

Pagbalik ko sa aking upuan, sumulyap ako kay Elder Asay, at nakita ko sa kanyang mukha na nag-alala siya. Kalaunan ay sinabi niya sa akin na nang ipahayag ko na si Brother Mourik ang unang magsasalita, hindi siya makapaniwala sa kanyang narinig. Alam daw niya na natanggap ko ang kanyang maikling sulat at nabasa ko nga iyon, at hindi niya maunawaan kung bakit ko sinabing magsasalita si Brother Mourik, batid na wala siya sa templo.

Habang nagaganap ang lahat ng ito, nasa isang pulong si Peter Mourik sa mga area office sa Porthstrasse. Habang patuloy ang kanyang pulong, bigla siyang lumingon kay Elder Thomas A. Hawkes Jr., na regional representative noon, at nagtanong, "Gaano kabilis mo ako maihahatid sa templo?"

Sumagot si Elder Hawkes, na kilalang mabilis magmaneho sa kanyang maliit na sports car, "Sa loob ng 10



minuto! Pero bakit mo kailangang magpunta sa templo?"

Inamin ni Brother Mourik na hindi niya alam kung bakit niya kailangang magpunta sa templo pero alam niyang kailangan niyang makarating doon. Agad naghanda ang dalawa para magpunta sa templo.

Habang umaawit ang koro, tumingin ako sa paligid, iniisip na anumang sandali ay makikita ko si Peter Mourik. Hindi ko siya nakita. Gayunman, nagtaka ako na hindi ako nag-alala. Nakadama ako ng matamis na katiyakan na magiging maayos ang lahat.

Pumasok si Brother Mourik sa harapang pintuan ng templo nang patapos na ang pambungad na panalangin, na hindi pa rin alam kung bakit siya naroon. Habang nagmamadali siyang lumakad sa pasilyo, nakita niya ako sa monitor at narinig ang sinabi kong, "Makikinig tayo ngayon kay Brother Peter Mourik."

Laking gulat ni Elder Asay nang agad pumasok si Peter Mourik sa silid at tumayo sa podium.

Kasunod ng sesyong iyon, nag-usap kami ni Brother Mourik tungkol sa nangyari bago siya nagsalita. Pinag-isipan kong mabuti hindi lang ang inspirasyong natanggap ko noong araw na iyon kundi pati na ang kay Brother Peter Mourik. Ang pambihirang karanasang iyon ay nagbigay sa akin ng di-maikakailang patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagiging karapat-dapat

na tumanggap ng gayong inspirasyon at pagkatapos ay magtiwala rito—at sundin ito—kapag ito ay dumarating. Alam ko nang walang alinlangan na nilayon ng Panginoon na marinig ng mga dumalo sa sesyong iyon ng paglalaan ng Frankfurt Temple ang makapangyarihan at nakaaantig na patotoo ng Kanyang lingkod na si Brother Peter Mourik.

Mahal kong mga kapatid, ang pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit—kabilang na ang ating mga panalangin sa Kanya at ang Kanyang inspirasyon sa atin—ay kailangan upang mapaglabanan natin ang mga unos at pagsubok ng buhay. Inaanyayahan tayo ng Panginoon, "Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan."[7] Sa paggawa nito, madarama natin ang Kanyang Espiritu sa ating buhay, na magbibigay sa atin ng hangarin at tapang na manindigan sa kabutihan—na "tumayo . . . sa mga banal na lugar, at huwag matinag."[8]


Habang nagbabago ang daigdig sa ating paligid at nakikita natin ang paghina ng moralidad ng lipunan, nawa'y maalala natin ang mahalagang pangako ng Panginoon sa mga nagtitiwala sa Kanya: "Huwag kang matakot; sapagka't ako'y sumasaiyo: huwag kang manglupaypay; sapagka't ako'y iyong Dios: aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran."[9]

Napakagandang pangako! Nawa'y matanggap natin ang pagpapalang iyon, ang taimtim kong dalangin sa sagradong pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Jonathan Sacks, "Reversing the Decay of London Undone," *Wall Street Journal,* Ago. 20, 2011, online.wsj.com; idinagdag ang pagbibigay-diin. *Paunawa:* Si Lord Sacks ang pinunong rabbi ng United Hebrew Congregations of the Commonwealth.
2. Exodo 20:3–4, 7–8, 12–17.
3. Moroni 8:18.
4. I Mga Taga Corinto 2:14.
5. Isaias 32:17.
6. 3 Nephi 18:18–20.
7. Doktrina at mga Tipan 88:63.
8. Doktrina at mga Tipan 87:8.
9. Isaias 41:10.





**Ni Elder Russell M. Nelson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Tipan

*Kapag natatanto natin na tayo ay mga anak ng tipan, nalalaman natin kung sino tayo at ano ang inaasahan ng Diyos sa atin.*

Isang linggo pagkaraan ng atas kamakailan na itatag ang unang stake sa Moscow, Russia,[1] dumalo ako sa isang district conference sa St. Petersburg. Habang nagsasalita tungkol sa pasasalamat ko sa mga naunang misyonero at mga lider doon na nagpalakas sa Simbahan sa Russia, binanggit ko ang pangalan ni Vyacheslav Efimov. Siya ang unang Russian convert na naging mission president. Napakahusay ng ginawa nilang mag-asawa sa assignment na iyon. Hindi pa nagtatagal nang matapos ang kanilang misyon, at sa labis naming kalungkutan, si President Efimov ay biglang pumanaw.[2] Siya'y 52 taong gulang lamang.

Habang nagsasalita tungkol sa mag-asawang pioneer na ito, nadama kong dapat kong itanong sa kongregasyon kung naroon ba si Sister Efimov. Sa dulo ng silid na iyon ay tumayo ang isang babae. Inanyayahan ko siyang lumapit sa mikropono. Siya nga si Sister Galina Efimov. Buong katatagan siyang nagsalita at nagbigay ng makapangyarihang patotoo hinggil sa Panginoon, sa Kanyang ebanghelyo, at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Siya at ang kanyang asawa ay nabuklod sa banal na templo. Sinabi niyang habampanahon silang pinagsama. Sila'y mga missionary companion pa rin, siya dito sa buhay na ito at sa kabilang-buhay naman ang kanyang asawa.[3] Sa mga luha ng kagalakan, pinasalamatan niya ang Diyos sa mga sagradong tipan ng templo. Lumuha din ako, lubos na nauunawaan na ang walang-katapusang pagkakaisang ipinakita ng matapat na mag-asawang ito ay ang mabuting bunga ng paggawa, pagtupad, at paggalang sa mga sagradong tipan.

Isa sa mga pinakamahalagang konsepto ng tunay na relihiyon ay ang sagradong tipan. Sa wikang gamit sa hukuman, ang tipan ay karaniwang nangangahulugan ng kasunduan sa pagitan ng dalawa o higit pang partido. Ngunit batay sa relihiyon, higit pa rito ang kahalagahan ng tipan. Ito ay sagradong pangako sa Diyos. Siya ang nagbibigay ng mga kondisyon. Maaaring piliin ng bawat tao ang mga kondisyong iyon. Kung tatanggapin ng isang tao ang mga kondisyon ng tipan at susundin ang batas ng Diyos, siya ay tatanggap ng mga pagpapalang nauugnay sa tipang iyon. Alam natin na "kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos,



ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay."[4]

Sa paglipas ng panahon, ang Diyos ay nakipagtipan sa Kanyang mga anak.[5] Ang Kanyang mga tipan ay nagaganap sa buong plano ng kaligtasan at dahil dito ay bahagi ang mga ito ng kabuuan ng Kanyang ebanghelyo.[6] Halimbawa, nangako ang Diyos na magpapadala ng Tagapagligtas para sa Kanyang mga anak,[7] at kapalit nito ay hinihiling na sundin nila ang Kanyang batas.[8]

Sa Biblia ay nababasa natin ang tungkol sa mga lalaki at babae noong unang panahon na tinukoy bilang mga anak ng tipan. Anong tipan? "Ang tipang ginawa ng Dios sa [kanilang] mga magulang, na sinasabi kay Abraham, At sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga angkan sa lupa."[9]

Sa Aklat ni Mormon ay nababasa natin ang tungkol sa mga tao sa Bagong Daigdig na tinukoy din bilang mga anak ng tipan.[10] Ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay nagsabi sa kanila: "Masdan, kayo ang mga anak ng mga propeta; at kayo ay sa sambahayan ni Israel; kayo ay sakop ng tipang ginawa ng Ama sa inyong mga ama, na sinasabi kay Abraham: At sa iyong binhi lahat ng magkakamag-anak sa lupa ay pagpapalain."[11]

Ipinaliwanag ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng kanilang identidad bilang mga anak ng tipan. Sabi Niya, "Ang Ama ay ibinangon akong una sa inyo, . . . isinugo ako upang pagpalain kayo sa pagtalikod ng bawat isa sa inyo mula sa kanyang mga kasamaan; at ito ay dahil sa kayo ay mga anak ng tipan."[12]

Ang tipang ginawa ng Diyos kay Abraham[13] at kalaunan ay pinagtibay kina Isaac[14] at Jacob[15] ay pambihira ang kahalagahan. Naglalaman ito ng ilang pangako, kabilang ang:

- Si Jesus na Cristo ay isisilang sa pamamagitan ng lahi o lipi ni Abraham.
- Ang mga inapo ni Abraham ay magiging napakarami, may karapatan sa walang-hanggang pag-unlad, at may karapatan ding taglayin ang priesthood.
- Si Abraham ay magiging ama ng maraming bansa.
- Ang ilang lupain ay mamanahin ng kanyang mga inapo.
- Lahat ng mga bansa sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan ng kanyang binhi.[16]
- At ang tipang iyon ay panghabampanahon—maging hanggang sa "isang libong salin ng lahi."[17]

Ang ilan sa mga pangakong ito ay natupad na; ang iba ay naghihintay pang matupad. Narito ang sipi mula sa unang propesiya sa Aklat ni Mormon: "Ang ating ama [si Lehi] ay hindi lamang tumutukoy sa ating mga binhi, kundi gayon din sa buong sambahayan ni Israel, tumutukoy sa mga tipang matutupad *sa mga huling araw;* kung aling tipan ay ginawa ng Panginoon sa ating amang si Abraham."[18] Hindi ba't kagilagilalas? Mga 600 taon *bago* isinilang si Jesus sa Betlehem, alam na ng mga propeta na ang tipang Abraham ay matutupad lamang *sa mga huling araw.*

Para matupad ang pangakong iyon, ang Panginoon ay nagpakita sa mga huling araw na ito upang sariwain ang tipang Abraham. Kay Propetang Joseph Smith, sinabi ng Guro:

"Si Abraham ay tumanggap ng mga pangako hinggil sa kanyang mga binhi, at ng bunga ng kanyang mga balakang—kung kaninong balakang kayo ay nagmula, . . . aking tagapaglingkod na si Joseph. . . .

"Ang pangakong ito ay inyo rin, dahil kayo ay mula kay Abraham."[19]

Sa pagpapanibagong ito, natanggap natin, tulad nila noong unang panahon, ang banal na priesthood at ang walang-hanggang ebanghelyo. May karapatan tayong tanggapin ang kabuuan ng ebanghelyo, tamasahin



***Stockholm, Sweden***

ang mga pagpapala ng priesthood, at maging marapat sa pinakamalaking pagpapala ng Diyos—ang buhay na walang hanggan.[20]

Ang ilan sa atin ay literal na binhi ni Abraham; ang iba ay natipon sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng pag-ampon. Ang Panginoon ay walang itinatangi.[21] Sama-sama nating natatanggap ang mga ipinangakong pagpapalang ito—kung hahanapin natin ang Panginoon at susundin ang Kanyang mga utos.[22] Ngunit kung hindi, mawawala sa atin ang mga pagpapala ng tipan.[23] Para matulungan tayo, inilalaan ng Kanyang Simbahan ang mga patriarchal blessing upang bigyan ang bawat tatanggap ng pananaw ukol sa kanyang hinaharap, gayundin ng kaugnayan sa nakaraan, maging ang pahayag tungkol sa lipi pabalik kina Abraham, Isaac, at Jacob.[24]

Ang mga kapatid sa tipan ay may karapatang tumanggap ng sumpa at tipan ng priesthood.[25] Kung kayo ay "matapat sa pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito . . . at [sa] pagtupad sa [inyong] tungkulin, [kayo] ay pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng [inyong] mga katawan."[26] Hindi lang 'yan. Ang mga lalaking kaparat-dapat na tumatanggap ng priesthood ay tumatanggap sa Panginoong Jesucristo, at ang mga tumatanggap sa Panginoon ay tumatanggap sa Diyos Ama.[27] At ang mga tumatanggap sa Ama ay tatanggapin ang lahat ng mayroon Siya.[28] Pambihirang mga pagpapala ang dumadaloy mula sa sumpa at tipang ito sa karapat-dapat na kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa buong mundo.

Responsibilidad nating tumulong upang matupad ang tipang Abraham. Atin ang binhing inorden na noon pa at inihanda upang pagpalain ang lahat ng mga tao sa mundo.[29] Kaya nga kabilang sa tungkulin ng priesthood ang gawaing misyonero. Pagkaraan ng 4,000 taon ng paghihintay at paghahanda, ito ang takdang araw kung kailan ang ebanghelyo ay dadalhin sa mga tao sa mundo. Ito ang panahon ng ipinangakong pagtitipon ng Israel. At kabahagi tayo! Hindi ba't kapanapanabik? Ang Panginoon ay umaasa sa atin at sa ating mga anak na lalaki—at lubos ang pasasalamat Niya sa ating mga anak na babae—na karapat-dapat na naglilingkod bilang mga misyonera sa dakilang panahong ito ng pagtitipon ng Israel.

Ang Aklat ni Mormon ay pisikal na tanda na sinimulan nang tipunin ng Panginoon ang Kanyang mga anak ng tipan na Israel.[30] Itong aklat, na isinulat para sa *ating* panahon, ay nagsasaad na isa sa mga layon nito ay "[upang inyong malaman] na ang tipang ginawa ng Ama sa mga anak ni Israel . . . ay nagsisimula nang matupad. . . . Sapagkat masdan, aalalahanin ng Panginoon ang tipang ginawa niya sa mga tao ng sambahayan ni Israel."[31]

Tunay na hindi nakalimot ang Panginoon! Biniyayaan Niya tayo at ang iba pa sa buong mundo ng Aklat ni Mormon. Isa sa mga layunin nito ay para "sa ikahihikayat ng mga Judio at Gentil na si Jesus ang Cristo."[32] Tinutulungan tayo nito na makipagtipan sa Diyos. Inaanyayahan tayo nito na alalahanin Siya at kilalanin ang Kanyang Pinakamamahal na Anak. Ito ay isa pang Tipan ni Jesucristo.

Ang mga anak ng tipan ay may karapatang tanggapin ang Kanyang doktrina at malaman ang plano ng kaligtasan. Ito ay *napapasakanila* sa pamamagitan ng paggawa ng mga sagradong tipan. Sinabi ni Brigham Young: "Lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay pumapasok sa bago at walang hanggang tipan kapag pumapasok sila sa Simbahang ito. . . . Pumapasok sila sa bago at walang hanggang tipan na itataguyod ang Kaharian ng Diyos."[33] Kanilang *sinusunod* ang tipan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Sa binyag nakikipagtipan tayo na maglilingkod sa Panginoon at susundin ang Kanyang mga kautusan.[34] Kapag nakikibahagi tayo ng sakramento, sinasariwa natin ang tipan at ipinahahayag ang kahandaan nating taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Dahil dito tayo ay inampon bilang Kanyang mga anak at kilala bilang magkakapatid. Siya ang ama ng ating bagong buhay.[35] Sa huli, sa banal na templo, maaari tayong maging kapwa mga tagapagmana sa mga pagpapala ng walang hanggang pamilya, gaya ng minsang ipinangako kina Abraham, Isaac, Jacob, at sa kanilang mga inapo.[36] Dahil dito, ang selestiyal na kasal ay ang tipan ng kadakilaan.

Kapag natatanto natin na tayo ay mga anak ng tipan, nalalaman natin kung sino tayo at ano ang inaasahan ng Diyos sa atin.[37] Ang Kanyang batas ay nasusulat sa ating mga puso.[38] Siya ang ating Diyos at tayo ang Kanyang

mga tao.[39] Ang matatapat na anak ng tipan ay nananatiling matatag, maging sa gitna ng kagipitan. Kapag ang doktrina ay nakatanim na mabuti sa ating mga puso, maging ang tibo ng kamatayan ay madaling tiisin at ang ating espiritu ay lalong tumitibay.


Ang pinakadakilang papuri na maaaring makamtan sa buhay na ito ay ang makilala bilang tagatupad ng tipan. Ang mga gantimpala sa tumutupad sa tipan ay makakamtan kapwa dito at sa kabilang buhay. Sinasabi sa banal na kasulatan na "inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga taong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, . . . at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit . . . [at] mana[na]hanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[40]

Ang Diyos ay buhay. Si Jesus ang Cristo. Ang Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik upang pagpalain ang lahat ng tao. Si Pangulong Thomas S. Monson ang Kanyang propeta ngayon. At tayo, bilang *matatapat* na anak ng tipan, ay pagpapalain ngayon at magpakailanman. Ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. Ang Moscow Russia Stake ay itinatag sa noong Linggo, Hunyo 5, 2011.
2. Si Vyacheslav Efimov ay naging pangulo ng Russia Yekaterinburg Mission mula 1995 hanggang 1998. Siya ay namatay noong Pebrero 25, 2000.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138:57.
4. Doktrina at mga Tipan 130:21.
5. Halimbawa, pagkatapos ng malaking Baha, sinabi Niya na "makikita ang bahaghari sa alapaap: at aalalahanin ko ang aking tipan, na inilagda ko sa akin at sa inyo . . . ; at hindi na magiging bahang lilipol sa lahat ng laman" (Genesis 9:14–15, footnote 15b; mula sa Joseph Smith Translation, Genesis 9:20).
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 66:2; 133:57.
7. Tingnan sa Juan 3:16.
8. Tingnan sa Abraham 3:25.
9. Mga Gawa 3:25.
10. Tingnan sa 3 Nephi 20:26.
11. 3 Nephi 20:25.
12. 3 Nephi 20:26.
13. Tingnan sa Genesis 17:1–10, 19; Levitico 26:42; Mga Gawa 3:25; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tipang Abraham."
14. Tingnan sa Genesis 26:1–5, 24.
15. Tingnan sa Genesis 28:1–4, 10–14; 35:9–13; 48:3–4.
16. Tingnan ang mga reperensyang nakalista sa itaas sa mga endnote 13–15.
17. Deuteronomio 7:9; 1 Cronica 16:15; Mga Awit 105:8.
18. 1 Nephi 15:18; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Doktrina at mga Tipan 132:30–31. Sinabi rin ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, "Tulad ng aking sinabi kay Abraham hinggil sa mga angkan ng mundo, gayon nga sinasabi ko sa aking tagapaglingkod na si Joseph: Sa iyo at sa iyong binhi ang angkan ng mundo ay pagpapalain" (Doktrina at mga Tipan 124:58).
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
21. Tingnan sa Mga Gawa 10:34–35.
22. Tingnan sa Exodo 19:5.
23. Sinasabi ng banal na kasulatan na "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (Doktrina at mga Tipan 82:10).
24. Noong Setyembre 21, 1823, ang konseptong ito ng tipan ay unang inihayag kay Propetang Joseph Smith. Ipinahayag ng anghel na si Moroni na ang propetang si Elijah ay darating bilang sugo mula sa langit upang itanim sa puso ng mga anak ang kaalaman tungkol sa mga pangakong minsang ginawa sa mga ama ng sambahayan ni Israel (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 2:1–3).
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:33–34, 39–40.
26. Doktrina at mga Tipan 84:33.
27. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:35, 37.
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:38.
29. Tingnan sa Alma 13:1–9.
30. Tingnan sa 3 Nephi 29.
31. 3 Nephi 29:1, 3.
32. Ang pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo.
33. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 73.
34. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37.
35. "Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (2 Nephi 25:26).
36. Tingnan sa Galacia 3:29; Doktrina at mga Tipan 86:8–11.
37. Ang konseptong ito ay tungkol sa atin: "Maraming salinlahi matapos magpakita ang Mesiyas sa katawang-tao sa mga anak ng tao, pagkatapos ang kabuuan ng ebanghelyo ng Mesiyas ay darating sa mga Gentil, at mula sa mga Gentil patungo sa mga labi ng ating mga binhi—at sa araw na yaon ay malalaman ng labi ng ating mga binhi na sila ay kabilang sa sambahayan ni Israel, at na sila ang mga pinagtipanang tao ng Panginoon; at pagkatapos makikilala nila at makararating sila sa kaalaman ng kanilang mga ninuno, at gayon din sa kaalaman ng ebanghelyo ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas" (1 Nephi 15:13–14).
38. Tingnan sa Isaias 55:3; Jeremias 31:33; Roma 2:15; II Corinto 3:2–3; Hebreo 10:16.
39. Tingnan sa Mga Awit 95:7; 100:3; Jeremias 24:7; 31:33; 32:38; Ezekiel 11:20; 37:23, 27; Zacarias 8:8; II Corinto 6:16; Hebreo 8:10.
40. Mosias 2:41.



**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Turo ni Jesus

*Si Jesucristo ang Bugtong at Pinakamamahal na Anak ng Diyos. . . . Siya ang ating Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ito ang pinakamahalagang kaalaman sa mundo.*

"Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?" (Mateo 22:42). Sa mga salitang iyon ay nilito ni Jesus ang mga Fariseo sa Kanyang panahon. Sa mga salita ring iyon ay tinatanong ko ang aking kapwa miyembro at iba pang Kristiyano kung ano talaga ang pinaniniwalaan ninyo tungkol kay Jesucristo at ano ang ginagawa ninyo dahil sa paniniwalang iyan.

Halos lahat ng babanggitin kong talata ay magmumula sa Biblia, dahil pamilyar ito sa karamihan ng mga Kristiyano. Ang interpretasyon ko mangyari pa ay huhugutin sa itinuturo sa atin ng makabagong banal na kasulatan, ang Aklat ni Mormon, tungkol sa kahulugan ng mga talata sa Biblia na napakalabo kung kaya't hindi magkasundo ang mga Kristiyano sa kahulugan ng mga ito. Magsasalita ako sa mga nananalig gayundin sa iba pa. Gaya ng itinuro sa atin ni Elder Tad R. Callister kaninang umaga, ang ilan na nagsasabing Kristiyano sila ay pinupuri si Jesus bilang dakilang guro ngunit ayaw nilang panindigan ang Kanyang kabanalan. Sa pagsasalita sa kanila, ginamit ko ang mga salita ni Jesus mismo. Pag-isipan nating lahat ang itinuro Niya mismo tungkol sa kung sino Siya at ano ang ipinagagawa sa Kanya sa lupa.

### Bugtong na Anak

Itinuro ni Jesus na Siya ang Bugtong na Anak. Sabi Niya:

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

"Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya" (Juan 3:16–17).

Pinagtibay ito ng Diyos Ama. Sa pagtatapos ng sagradong karanasan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, sinabi Niya mula sa langit, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan" (Mateo 17:5).

Itinuro din ni Jesus na kawangis Siya ng Kanyang Ama. Sa Kanyang mga Apostol, sinabi Niya:

"Kung ako'y nangakilala ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon siya'y inyong mangakikilala, at siya'y inyong nakita.

"Sinabi sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala, Felipe? Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Juan 14:7–9).

Kalaunan ay inilarawan ni Apostol Pablo ang Anak na siyang "tunay na larawan ng [Diyos Ama]" (Mga Hebreo 1:3; tingnan din sa II Corinto 4:4).

### Lumikha

Isinulat ni Apostol Juan na si Jesus, na tinawag niyang "ang Verbo," "nang pasimula'y sumasa Dios. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:2–3). Sa gayon, sa plano ng Ama, si Jesucristo ang Lumikha ng lahat ng bagay.

### Panginoong Diyos ng Israel

Sa pagmiministeryo sa Kanyang mga tao sa Palestina, itinuro ni Jesus na Siya si Jehova, ang Panginoong Diyos ng Israel (tingnan sa Juan 8:58). Kalaunan, bilang nagbangong Panginoon, nagministeryo Siya sa Kanyang mga tao sa Amerika. Doon ay ipinahayag Niya:

"Masdan, ako si Jesucristo, na siyang pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig. . . .

". . . Ako ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan" (3 Nephi 11:10, 14).

### Ang Nagawa Niya para sa Atin

Sa isang stake conference maraming taon na ang nakalilipas, nakilala ko ang isang babaeng nagsabi na pinababalik siya sa simbahan pagkaraan ng maraming taon ng paglayo ngunit hindi niya maisip kung bakit dapat niyang gawin iyon. Para mahikayat siya sinabi ko, "Kapag inisip mo ang lahat ng nagawa ng Tagapagligtas para sa atin, wala ka bang dahilang bumalik sa simbahan para sambahin at paglingkuran Siya?" Nagulat ako sa isinagot niya: "Ano ang nagawa Niya para sa akin?" Para sa mga hindi nauunawaan kung ano ang nagawa ng Tagapagligtas para sa atin, sasagutin ko ang tanong na iyan sa sarili Niyang mga salita at sa sarili kong patotoo.



### *Buhay ng Sanlibutan*

Nakatala sa Biblia ang turo ni Jesus: "Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito" (Juan 10:10). Kalaunan, sa Amerika, sinabi Niya, "Ako ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan" (3 Ne. 11:11). Siya ang buhay ng mundo dahil Siya ang Lumikha sa atin at dahil, sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, tayong lahat ay nakatitiyak na mabubuhay tayong muli. At ang buhay na ibinibigay Niya sa atin ay hindi lamang mortal na buhay. Itinuro Niya, "Sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay" (Juan 10:28; tingnan din sa Juan 17:2).

### *Ilaw ng Sanlibutan*

Itinuro din ni Jesus, "Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman" (Juan 8:12). Sinabi din Niya, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6). Siya ang daan at Siya ang ilaw dahil tinatanglawan ng Kanyang mga turo ang landas ng ating mortal na buhay at ipinapakita ang daan pabalik sa Ama.

### *Pagsunod sa Kalooban ng Ama*

Iginalang at sinunod ni Jesus ang Ama sa tuwina. Kahit noong bata pa Siya ipinahayag Niya sa Kanyang mga magulang sa lupa, "Di baga talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama?" (Lucas 2:49). "Sapagka't bumaba akong mula sa langit," itinuro Niya kalaunan, "hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin" (Juan 6:38; tingnan din sa Juan 5:19). At itinuro ng Tagapagligtas, "Sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6; tingnan din sa Mateo 11:27).

Babalik tayo sa Ama sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kalooban. Itinuro ni Jesus, "Hindi bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 7:21). Ipinaliwanag Niya:

"Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan? at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio? at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?

"At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan" (Mateo 22–23).

Kung gayo'y sino ang makakapasok sa kaharian ng langit? Hindi yaong basta gumagawa ng mga makapangyarihang gawain gamit ang pangalan ng Panginoon, pagtuturo ni Jesus, kundi yaon lamang "gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit."

### *Ang Dakilang Huwaran*

Ipinakita sa atin ni Jesus kung paano ito gawin. Muli't muli Niya tayong inanyayahang sumunod sa Kanya: "Dinirinig ng aking mga tupa ang aking

tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin" (Juan 10:27).

### *Kapangyarihan ng Priesthood*

Binigyan Niya ng kapangyarihan ng priesthood ang Kanyang mga Apostol (tingnan sa Mateo 10:1) at ang iba. Kay Pedro, ang nakatatandang Apostol, sinabi Niya, "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit" (Mateo 16:19; tingnan din sa Mateo 18:18).

Itinala ni Lucas na "ang Panginoon ay naghalal ng pitongpu pa, at sila'y sinugong daladalawa, sa unahan ng kaniyang mukha, sa bawa't bayan at dako na kaniyang paroroonan" (Lucas 10:1). Kalaunan ay masayang sinabi ng Pitumpung ito kay Jesus, "Pati ang mga demonio ay nagsisisuko sa amin sa iyong pangalan" (Lucas 10:17). Saksi ako sa kapangyarihang iyan ng priesthood.

### *Patnubay ng Espiritu Santo*

Sa pagtatapos ng Kanyang ministeryo sa lupa, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga Apostol, "Ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi" (Juan 14:26), at "papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan" (Juan 16:13).

### *Patnubay sa Kanyang mga Utos*

Pinapatnubayan din Niya tayo sa Kanyang mga utos. Sa gayon inutusan Niya ang mga Nephita na huwag na silang magtalo hinggil sa doktrina, dahil, sabi Niya:

"Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa.

"Masdan, hindi ito ang aking doktrina, na pukawin sa galit ang mga puso ng tao, isa laban sa isa; kundi ito ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi" (3 Nephi 11:29–30).

### *Magtuon sa Buhay na Walang Hanggan*

Hinahamon din Niya tayong magtuon sa Kanya, hindi sa mga bagay na makamundo. Sa Kanyang sermon tungkol sa tinapay ng buhay, ipinaliwanag ni Jesus ang pagkakaiba ng mortal na kabusugan at ng walang hanggang kabusugan. "Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis," wika Niya, "kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao" (Juan 6:27). Itinuro ng Tagapagligtas na Siya ang Tinapay ng Buhay, ang pinagmumulan ng walang hanggang kabusugan. Sa pagsasalita tungkol sa mortal na kabusugang iniaalok ng mundo, pati na ang manna na ipinadala ni Jehova sa mga anak ni Israel sa ilang, itinuro ni Jesus na yaong mga umasa sa tinapay na ito ay nangamatay na (tingnan sa Juan 6:49). Sa kabilang banda, ang kabusugang inialok Niya ay ang "tinapay na buhay na bumabang galing sa langit," at, itinuro ni Jesus, "Sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan man" (Juan 6:51).

Sinabi ng ilan sa Kanyang mga disipulo na "matigas ang pananalitang ito," at mula noon marami sa Kanyang mga alagad ang "nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya" (Juan 6:60, 66). Mukhang hindi nila tinanggap ang nauna Niyang turo na dapat ay "hanapin muna [nila] ang . . . kaharian [ng Diyos]" (Mateo 6:33). Kahit ngayon




ang ilang nagsasabi na sila ay Kristiyano ay mas naaakit sa mga bagay ng mundo—na nagbibigay-buhay sa lupa ngunit walang kabusugan tungo sa buhay na walang hanggan. Para sa ilan, ang Kanyang "matigas na pananalita" ay dahilan pa rin upang hindi sundin si Cristo.

### *Ang Pagbabayad-sala*

Ang katapusan ng mortal na ministeryo ng ating Tagapagligtas ay ang Kanyang Pagkabuhay na Maguli at Pagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng mundo. Ipinropesiya ito ni Juan Bautista nang sabihin niyang, "Narito, ang Codero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Kalaunan, itinuro ni Jesus na "ang Anak ng tao ay . . . naparito . . . upang maglingkod at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami" (Mateo 20:28). Sa Huling Hapunan, ipinaliwanag ni Jesus, ayon sa salaysay sa Mateo, na ang alak na binasbasan Niya ang "aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan" (Mateo 26:28).

Nang magpakita sa mga Nephita, pinalapit sila ng nagbangong Panginoon upang hipuin ang sugat sa Kanyang tagiliran at ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay at paa. Ginawa Niya ito, paliwanag Niya, "upang inyong malaman na ako nga ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan, at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (3 Nephi 11:14). At, pagpapatuloy ng salaysay, ang madla ay "nagsiluhod sa paanan ni Jesus, at sinamba siya" (talata 17). Dahil dito, sasambahin Siya ng buong mundo sa huli.

Itinuro pa ni Jesus ang mahahalagang katotohanan tungkol sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ang Aklat ni Mormon, na nagdedetalye ng mga turo ng Tagapagligtas at nagbibigay ng pinakamagandang paliwanag sa Kanyang misyon, ay iniulat ang turong ito:

"Isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus . . . , upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin, . . .

"... upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa.

"At ... sinuman ang magsisisi at mabibinyagan sa aking pangalan ay mapupuspos; at kung siya ay magtitiis hanggang wakas, masdan, siya ay pawawalan ko ng sala sa harapan ng aking Ama sa araw na yaon kung kailan ako tatayo upang hatulan ang sanlibutan. ...

"At walang maruming bagay ang makapapasok sa kaharian [ng Ama]; anupa't walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo, dahil sa kanilang pananampalataya, at sa pagsisisi ng lahat ng kanilang mga kasalanan, at sa kanilang katapatan hanggang sa wakas" (3 Nephi 27:14–16, 19).

Kaya nga nauunawaan natin na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong madaig ang espirituwal na kamatayang sanhi ng kasalanan at, sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, mabiyayaan ng buhay na walang hanggan.



**Hamon at Patotoo**

Ibinigay ni Jesus ang hamon na "Ano ang akala ninyo tungkol kay Cristo?" (Mateo 22:42). Hinamon ni Apostol Pablo ang mga taga-Corinto na "siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya" (II Mga Taga Corinto 13:5). Dapat nating saguting lahat sa ating sarili ang mga hamong iyan. Nasaan ang ating lubos na katapatan? Katulad ba tayo ng mga Kristiyanong inilarawan ni Elder Maxwell na lumipat ng tirahan sa Sion ngunit may bahay pa rin sa Babilonia?[1]

Kailangan nating pumili. Tayo ay mga alagad ni Jesucristo. Tayo ay mga miyembro ng Kanyang Simbahan at sumusunod sa Kanyang ebanghelyo, at hindi natin dapat tularan ang kilos ng mga mamamayan ng Babilonia. Dapat nating purihin ang Kanyang pangalan, sundin ang Kanyang mga utos, at "huwag hangarin ang mga bagay ng mundong ito kundi ... hanapin muna ang kaharian ng Diyos, at ang kaniyang katuwiran" (Mateo 6:33, footnote a; mula sa Joseph Smith Translation, Matthew 6:38).

Si Jesucristo *ang* Bugtong at Pinakamamahal na Anak ng Diyos. Siya *ang* Lumikha sa atin. Siya *ang* Ilaw ng Sanlibutan. Siya *ang* ating Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ito ang pinakamahalagang kaalaman sa lupa, at malalaman ninyo ito sa inyong sarili, tulad ng pagkaalam ko rito sa aking sarili. Ang Espiritu Santo, na sumasaksi sa Ama at sa Anak at umaakay sa atin sa katotohanan, ay inihayag sa akin ang mga katotohanang ito, at ihahayag Niya ito sa inyo. Ang paraan ay pagnanais at pagsunod. Tungkol sa pagnanais, itinuro ni Jesus, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7). Tungkol sa pagsunod, itinuro Niya, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:17). Pinatototohanan ko na totoo ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Neal A. Maxwell, *A Wonderful Flood of Light* (1990), 47.



**Ni Matthew O. Richardson**
Pangalawang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Pagtuturo Alinsunod sa Pamamaraan ng Espiritu

*Bagaman tayong lahat ay mga guro, dapat nating lubos na matanto na ang Espiritu Santo ang tunay na guro at saksi ng lahat ng katotohanan.*

Maraming taon na ang nakaraan kasama ko ang kompanyon ko sa missionary training center nang marinig ko ang isang bata na nagsabing, "Lola, mga *tunay* na misyonero po ba sila?" Lumingon ako at nakita ang batang babaeng hawak ang kamay ng kanyang lola at nakaturo sa aming magkompanyon. Ngumiti ako, iniabot ko ang aking kamay, tinitigan ko siya sa mata, at sinabing, "Hello, ako si Elder Richardson, at kami ay mga *tunay* na misyonero." May ningning sa kanyang mukha nang tumingin siya sa akin, tuwang-tuwa na totoong mga misyonero ang kaharap niya.

Nagkaroon ako ng panibagong dedikasyon sa gawaing misyonero matapos ang karanasang iyon. Gusto kong maging uri ng misyonerong inaasahan ng Tagapagligtas, ng aking pamilya, at ng batang ito. Nang sumunod na dalawang taon, sinikap kong mabuti na magmukha, mag-isip, kumilos, at lalo na ang magturo na katulad ng isang *tunay* na misyonero.

Pagkauwi ko, lalong naging malinaw na kahit tapos na ako sa misyon, nanatili sa akin ang epekto ng misyon ko. Katunayan, kahit maraming taon na ang lumipas, pakiramdam ko ay misyon ko pa rin ang pinakamagandang dalawang taon *para* sa buhay ko. Isang di-inaasahang aral sa misyon ko ang tinig ng batang iyon. Ngayon lang ay naririnig ko sa isipan ko, "Lola, *tunay* po ba siyang priesthood holder?" "Lola, *tunay* na asawa po ba siya o *tunay* na ama?" o "Lola, *tunay* na miyembro po ba siya ng Simbahan?"

Natutuhan ko na ang susi sa pagiging *tunay* sa lahat ng aspeto ng ating buhay ay ang ating kakayahang magturo sa paraang hindi pumipigil sa pagkatuto. Alam ninyo, ang *tunay na buhay* ay nangangailangan ng *tunay na pagkatuto,* na nakabatay sa *tunay na pagtuturo*. "Ang responsibilidad na magturo nang [epektibo] ay hindi natatakdaan lamang sa mga may pormal na tungkulin bilang mga guro."[1] Katunayan, bawat miyembro ng pamilya, pinuno ng Simbahan, at miyembro ng Simbahan (pati na mga kabataan at bata) ay may responsibilidad na magturo.

Bagaman tayong lahat ay mga guro, dapat nating lubos na matanto na ang Espiritu Santo ang *tunay* na guro at saksi ng lahat ng katotohanan. Ang mga taong hindi lubos na nakauunawa dito ay susubukang palitan ang Espiritu Santo at gagawin ang lahat nang mag-isa, magalang na aanyayahan ang Espiritu na mapasakanila ngunit para lamang sumuporta, o naniniwalang ipinababahala nila ang kanilang pagtuturo sa Espiritu samantalang, ang totoo, "naglalahad lang" sila ng mga ideyang hindi nila pinag-aralan. Lahat ng mga magulang, pinuno, at guro ay may responsibilidad na magturo "sa pamamagitan ng Espiritu."[2] Hindi sila dapat magturo "sa harap ng Espiritu" o "sa likod ng Espiritu" kundi "sa pamamagitan ng Espiritu" para lubusang maituro ng Espiritu ang katotohanan.

Tinutulungan tayo ni Moroni na maunawaan kung paano tayo magtuturo sa pamamagitan ng Espiritu nang hindi pinapalitan, binabawasan, o pinaaalis ang Espiritu Santo bilang *tunay* na guro. Sinabi ni Moroni na isinagawa ng mga Banal ang kanilang mga karanasan "alinsunod sa pamamaraan ng pamamatnubay ng Espiritu."[3] Higit pa sa pagpatnubay sa atin ng Espiritu ang kailangan dito. Ang ibig sabihin ng makapagturo "alinsunod sa pamamaraan" ng Espiritu Santo ay maaaring kailangan nating baguhin ang pamamaraan natin sa pagtuturo para matularan ang pamamaraan ng Espiritu Santo sa pagtuturo. Kapag isinunod natin sa Espiritu Santo ang ating pamamaraan, malayang makapagtuturo at makapagpapatotoo ang Espiritu Santo. Ang mahalagang pagsunod na ito ay mailalarawan ng sumusunod na halimbawa.

Maraming taon na ang nakalilipas nag-hike kami ng mga anak ko sa tuktok ng South Sister, ang 10,358-talampakan (3,157-m) na bundok sa Oregon. Pagkaraan ng ilang oras nakarating kami sa isang mahabang 45-degree na dalisdis ng maliliit na batong galing sa

bulkan. Tanaw ang tuktok, nagpatuloy kami para lamang matuklasan na sa bawat paghakbang namin ay lulubog ang mga paa namin sa maliliit na bato, kaya dumadausdos kami pababa nang ilang pulgada. Nagpauna ang 12-taong-gulang kong anak na lalaki habang binantayan ko ang walong-taong-gulang kong anak na babae. Nang magsimulang mapagod at panghinaan ng loob, sumama ang loob ng anak kong babae, at inisip na baka hindi siya makasama sa kapatid niya sa tuktok. Ang una kong naisip ay buhatin siya. Handa ang espiritu ko, pero nakakalungkot na mahina ang katawan ko. Naupo kami sa batuhan, sinuri namin ang aming sitwasyon, at nagplanong muli. Sinabi ko sa kanya na ipasok niya ang kanyang mga kamay sa bulsa sa likod ng pantalon ko, humawak nang mahigpit, at—ang pinakamahalaga—kapag humakbang ako, dapat niyang ihakbang din kaagad ang kanyang paa. Sinundan niya ang bawat kilos ko at umasa sa paghatak sa kanya mula sa pagkapit sa mga bulsa ko. Matapos ang tila walang hanggan, narating namin ang tuktok ng bundok. Walang katumbas ang tagumpay at kasiyahan sa kanyang mukha. At tama, silang magkapatid, sa palagay ko, ay mga *tunay* na hiker.

Ang tagumpay ng anak ko ay bunga ng kanyang masigasig na pagsisikap at kagustuhang mag-hike *alinsunod sa pamamaraan* ko. Nang sabayan niya ang pagkilos ko, nagkatugma kami, kaya nagamit ko ang buong lakas ko. Ganyan kapag nagtuturo tayo "alinsunod sa pamamaraan ng pamamatnubay ng Espiritu." Kapag isinunod natin sa Espiritu Santo ang pamamaraan ng ating pagtuturo, pinalalakas tayo ng Espiritu at, kasabay nito, hindi ito napipigilan. Habang nasa isipan natin ito, isaalang-alang sana ang dalawang mahalagang "pamamatnubay ng Espiritu" na nararapat nating tularan.

Una, tinuturuan ng Espiritu Santo ang mga tao sa napakapersonal na paraan. Ginagawa nitong posible na malaman natin mismo ang katotohanan. Dahil iba-iba ang ating mga pangangailangan, sitwasyon, at pag-unlad, itinuturo ng Espiritu Santo ang dapat nating malaman at gawin para



marating ang dapat nating kahinatnan. Pansinin na kahit itinuturo ng Espiritu Santo "ang katotohanan ng lahat ng bagay,"[4] hindi nito itinuturo ang buong katotohanan nang minsanan. Itinuturo ng Espiritu ang katotohanan nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon."[5]

Yaong mga nagtuturo ayon sa pamamaraan ng Espiritu ay nauunawaan na nagtuturo sila ng mga tao, hindi ng mga aralin. Sa gayon, napipigilan nila ang kagustuhang saklawin ang lahat ng bagay sa isang manwal o ituro ang lahat ng natutuhan nila sa paksa at sa halip ay nagtutuon sa mga bagay na kailangang malaman at gawin ng kanilang pamilya o klase. Ang mga magulang, pinuno, at gurong sumusunod sa pagtuturo ng Espiritu ay nalalaman kaagad na ang *tunay* na pagtuturo ay higit pa sa pagsasalita at pagkukuwento. Dahil dito, sadya silang tumitigil para makinig, maingat na nagmamasid, at saka nahihiwatigan ang susunod na gagawin.[6] Kapag ginagawa nila ito, tungkulin ng Espiritu Santo na ituro kapwa sa mga mag-aaral at mga guro ang dapat nilang gawin at sabihin.[7]

Ikalawa, nagtuturo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pag-anyaya, pagbulong, paghihikayat, at pagbibigay sa atin ng inspirasyong kumilos. Tiniyak sa atin ni Cristo na malalaman natin ang katotohanan kapag ipinamuhay natin ang doktrina at kumilos gaya ng nararapat.[8] Ang Espiritu ang umaakay, gumagabay, at nagpapakita sa atin ng gagawin.[9] Gayunman, hindi Niya gagawin para sa atin ang bagay na tayo lamang ang makagagawa para sa ating sarili. Alam ninyo, ang Espiritu Santo ay hindi maaaring matuto *para* sa atin, makadama *para* sa atin, o kumilos *para* sa atin dahil taliwas ito sa doktrina ng kalayaan. Maaari Siyang magbigay ng mga pagkakataon at anyayahan tayong matuto, makiramdam, at kumilos.

Ang mga nagtuturo alinsunod sa pamamaraang ito ng Espiritu ay tinutulungan ang iba sa pamamagitan ng pag-anyaya, paghikayat, at pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataong gamitin ang kanilang kalayaan. Nalalaman ng mga magulang, pinuno, at guro na hindi sila maaaring makiramdam *para* sa atin, matuto *para* sa atin o magsisi *para* sa kanilang pamilya, kongregasyon, o klase. Sa halip na itanong na, "Ano ang magagawa ko para sa mga anak ko, sa mga miyembro ng klase, o sa iba?" itinatanong nila ang, "Paano ko aanyayahan at tutulungan ang mga nasa paligid ko na matuto para sa kanilang sarili?" Ang mga magulang na sumusunod sa pamamatnubay ng Espiritu Santo ay lumilikha ng mga tahanan kung saan natututo ang mga pamilya na magpahalaga sa halip na basta matutuhan lamang ang tungkol sa mga pinahahalagahan. Gayundin, sa halip na basta pag-usapan ang tungkol sa mga doktrina, tinutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na maunawaan at maipamuhay ang mga doktrina ng ebanghelyo. Ang Espiritu Santo ay hindi napipigilan kapag ginamit ng mga tao ang *kanilang* kalayaan sa wastong paraan.

Sa kalagayan ngayon ng mundo,

kailangang-kailangan natin ang *tunay* na pagkatuto at pagtuturo sa ating mga tahanan, pulong, at klase sa ebanghelyo. Alam ko na kung minsan tila nakakapagod ang pagsisikap ninyong magpakahusay. Huwag sana kayong panghinaan ng loob sa inyong pag-unlad. Ginugunita ko ang karanasan ko sa hiking kasama ang aking mga anak. Nagkasundo kami na tuwing titigil kami para magpahinga, sa halip na magtuon lamang sa layo ng lalakarin pa namin, agad kaming titingin sa ibaba ng bundok. Titingnan namin ang tanawin at sasabihin sa isa't isa, "Tingnan ninyo kung gaano na tayo kalayo." Pagkatapos ay hihinga kami nang malalim, tatalikod kaagad, haharap paitaas, at muling sisimulan ang paisa-isang hakbang paakyat. Mga kapatid, *maaari* kayong maging magulang, mamuno, at magturo ayon sa patnubay ng Espiritu. Alam kong magagawa ninyo ito. Nagpatotoo ako na magagawa ninyo ito, at magbabago ang mga buhay.

Ang buhay ko ay pinagpala ng *mga tunay na guro,* na nagturo nang may Espiritu at lalo na sa pamamagitan ng Espiritu. Inaanyayahan ko kayong isunod sa Espiritu Santo ang pamamaraan ng inyong pagtuturo sa lahat ng inyong ginagawa. Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo ay ipinanumbalik. Dahil dito dapat tayong maging *tunay* na mga magulang, *tunay* na mga pinuno, *tunay* na mga guro, at *tunay* na mag-aaral. Pinatototohanan ko na tutulungan kayo ng Diyos sa inyong mga pagsisikap, sa sagradong pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* (2000), 75.
2. Doktrina at mga Tipan 50:14.
3. Moroni 6:9.
4. Moroni 10:5; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 50:14; *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2004), 26–27.
5. 2 Nephi 28:30.
6. Tingnan sa David A. Bednar, "Paghangad na Matuto sa Pamamagitan ng Pananampalataya," *Liahona,* Set. 2007, 17.
7. Tingnan sa Lucas 12:12.
8. Tingnan sa Juan 7:17.
9. Tingnan sa 2 Nephi 32:1–5.



**Ni Elder Kazuhiko Yamashita**
Ng Pitumpu

# Ang mga Misyonero ay Kayamanan ng Simbahan

*Nagpapasalamat ako na ang mga misyonero ay tinatawag ng Panginoon, na sila ay tumutugon sa tawag na iyon, at naglilingkod na sila sa iba't ibang panig ng mundo.*

Isang gabi maraming taon na ang nakararaan, isang katatawag na misyonero na nagngangalang Elder Swan at kanyang Hapon na senior companion ang bumisita sa aming tahanan. Mabuti na lang at nasa bahay ako, kaya pinapasok ko sila. Nang batiin ko sila sa may pintuan, napansin ko ang amerikanang suot ni Elder Swan. Hindi ko sinasadyang nasabi sa kanya, "Maganda ang suot mong amerikana!" Gayunman, hindi iyon bagong amerikana, at kupas pa nga iyon. Inakala ko na ang amerikana ay iniwan ng dating misyonero sa missionary apartment.

Kaagad na sumagot si Elder Swan sa sinabi ko, at ito ay lubos na kabaliktaran ng inakala ko. Sa paputul-putol na salitang Hapon sumagot siya ng, "Oo, magandang amerikana ito. Isinuot ito ng tatay ko nang maglingkod siya bilang misyonero sa Japan mahigit 20 taon na ang nakararaan."

Ang kanyang ama ay naglingkod sa Japan Okayama Mission. At nang paalis na ang kanyang anak para magmisyon sa Japan, ibinigay niya ang amerikana sa kanyang anak. Ipinakikita ng larawang ito ang amerikanang iyon na isinuot sa Japan ng mag-amang sina Elder Swan.

Naantig ako nang marinig ko ang sinabi ni Elder Swan. At naunawaan ko na ngayon kung bakit suot ni Elder Swan ang amerikana ng kanyang ama habang siya ay naghahanap ng matuturuan. Nagsimula si Elder Swan sa kanyang misyon na taglay ang pagmamahal ng kanyang ama sa Japan at sa mga mamamayan nito.

Natitiyak ko na ang ilan sa inyo ay may karanasang katulad nito. Maraming misyonerong naglilingkod sa Japan ang nagsabi sa akin na ang kanilang mga ama, ina, lolo, o tiyo ay nagmisyon din sa Japan.

Gusto kong iparating ang aking taos-pusong pagmamahal, paggalang, at pasasalamat sa lahat ng returned missionary na naglingkod sa iba't ibang panig ng mundo. Nakatitiyak

ako na hindi kayo nalilimutan ng mga natulungan ninyong magbalik-loob. "Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita!"[1]

Isa ako sa mga nagbalik-loob na iyon. Nabinyagan ako sa edad na 17, noong ako ay nasa hayskul pa. Ang misyonerong nagbinyag sa akin ay si Elder Rupp mula sa Idaho. Na-release siya kamakailan bilang stake president sa Idaho. Hindi ko na siya nakita mula noong bagong miyembro ako, pero nakapag-email kami sa isa't isa at nakausap ko siya sa telepono. Hindi ko siya nakalimutan. Ang kanyang mabait, masayahing mukha ay nakaukit sa aking alaala. Napakasaya niya nang malaman niyang mabuti ang kalagayan ko.

Noong ako ay edad 17, hindi ko talaga gaanong maunawaan ang mga mensahe na itinuturo sa akin ng mga misyonero. Gayunman, espesyal ang nadarama ko tungkol sa mga misyonero, at gusto kong maging katulad nila. At nadama ko ang kanilang matindi at walang-maliw na pagmamahal.

Hayaan ninyong ikuwento ko sa inyo ang araw nang binyagan ako. Hulyo 15 noon, at napakainit ng sikat ng araw. Isang babae ang nabinyagan din sa araw na iyon. Ang bautismuhan ay ginawa lamang ng mga misyonero, at hindi ito gaanong maganda.

Kinumpirma kami kaagad pagkatapos mabinyagan. Una, ang babae ay kinumpirma ni Elder Lloyd. Umupo ako kasama ang iba pang mga miyembro, pumikit, at tahimik na nakinig. Kinumpirma siya ni Elder Lloyd at pagkatapos ay sinimulan siyang basbasan. Gayunman, tumigil sa pagsasalita si Elder Lloyd, kaya dumilat ako at minasdan ko siyang mabuti.

Kahit ngayon malinaw ko pang naaalala ang tagpong iyon. Basa ng luha ang mga mata ni Elder Lloyd. At sa kauna-unahang pagkakataon, nadama ko nang lubos ang Banal na Espiritu. At sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, nalaman at natiyak ko na mahal kami ni Elder Lloyd at mahal kami ng Diyos.

Pagkatapos, ako naman ang ikukumpirma. Si Elder Lloyd pa rin ang magkukumpirma. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa aking uluhan at kinumpirma akong miyembro ng Simbahan, ipinagkaloob ang kaloob na Espiritu Santo, at sinimulan ang pagbabasbas. At muli siyang tumigil sa pagsasalita. Gayunman, naunawaan ko na ang nangyayari. Talagang nalaman ko sa pamamagitan ng Espiritu Santo na mahal ako ng mga misyonero at mahal ako ng Diyos.



May kaunti akong sasabihin sa mga misyonerong kasalukuyang nagmimisyon sa iba't ibang panig ng mundo. Ang pag-uugali at pagmamahal na ipinapakita ninyo sa iba ay napakahalagang mga mensahe. Kahit hindi ko kaagad naunawaang lahat ang doktrina na itinuro ng mga misyonero sa akin, ang nadama kong matinding pagmamahal at kabaitan nila ay nagturo sa akin ng mahahalagang aral. Ang mensahe ninyo ay mensahe ng pagmamahal, mensahe ng pag-asa, at mensahe ng pananampalataya. Ang inyong pag-uugali at kilos ay nag-aanyaya ng Espiritu, at ang Espiritu ang nagpapaunawa sa atin ng mga bagay na mahahalaga. Ang nais kong sabihin sa inyo ay sa pamamagitan ng inyong pagmamahal, naibabahagi ninyo ang pag-ibig ng Diyos. Kayo ay kayamanan ng Simbahang ito. Lubos akong nagpapasalamat sa inyong lahat, sa inyong sakripisyo at katapatan.

May nais din akong sabihin sa inyong mga magiging misyonero. Sa sarili kong pamilya, apat sa mga anak namin ang nagmisyon na, at sa katapusan ng buwang ito, ang aming ikalimang misyonero ay papasok sa Provo Missionary Training Center. Sa susunod na taon ang bunso namin ay nagbabalak magmisyon pagkatapos niya ng hayskul.

Kaya nagsasalita ako sa aking mga anak na lalaki at sa inyong lahat na naghahandang magmisyon. Mahalagang taglayin ninyo ang tatlong bagay sa inyong misyon:

1. Hangaring ipangaral ang ebanghelyo. Nais ng Panginoon na hanapin ninyo ang Kanyang mga tupa at tulungan sila.[2] Ang mga tao sa iba't ibang panig ng mundo ay naghihintay sa inyo. Humayo sana kayo kaagad sa kanilang kinaroroonan. Wala nang mas masigasig pa kaysa sa mga misyonero na nagsisikap iligtas ang iba. Isa ako sa mga nailigtas na iyon.
2. Palakasin ang inyong patotoo. Hinihingi ng Panginoon ang inyong "puso at may pagkukusang isipan."[3]
3. Mahalin ninyo ang iba, tulad ni Elder Swan, na dala sa misyon ang amerikana at pagmamahal ng kanyang ama sa Japan at sa mga mamamayan nito.

At sa mga hindi pa alam kung paano maghahanda para sa misyon, mangyaring puntahan at kausapin ang inyong bishop. Alam ko na tutulungan niya kayo.

Nagpapasalamat ako na ang mga misyonero ay tinawag ng Panginoon, na sila ay tumugon sa tawag na iyon, at naglilingkod na sa iba't ibang panig ng mundo. Hayaang sabihin ko sa inyong lahat na minamahal na mga returned missionary: Ako ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng inyong pagsisikap. Kayo ay kayamanan ng Simbahang ito. At nawa ay patuloy kayong maging mga misyonero at kumilos katulad ng mga disipulo ni Cristo.

Nagpapatotoo ako na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na mahal Niya tayo, at isinugo Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo upang muli tayong makabalik sa Kanyang piling. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Isaias 52:7.
2. Ezekiel 34:11.
3. Doktrina at mga Tipan 64:34.



**Ni Elder Randall K. Bennett**
Ng Pitumpu

# Piliin ang Buhay na Walang Hanggan

*Ang inyong walang-hanggang tadhana ay hindi bunga ng pagkakataon kundi ng pagpili. Hindi pa huli ang lahat para piliin ang buhay na walang hanggan!*

Ilang taon na ang nakalilipas, habang nasa dalampasigan kami ng pamilya ko, napansin ko ang mga karatula at banderitas na nagbibigay babala sa amin sa malakas na hatak ng tubig o alon mula sa pampang papunta sa laot. Hindi ko nakikita ang panganib na dulot ng malalakas na alon sa lahat ng umalis sa ligtas na pampang at lumusong sa tubig, ngunit madali itong makita ng mga lifeguard sa kalapit na tore. Natatandaan kong nangatwiran pa ako na, "Mahusay akong lumangoy. Magandang ehersisyo ang paglangoy. Ligtas ako sa mababaw na tubig."

Hindi pansin ang mga babala at tiwala na walang mangyayari sa akin, lumusong ako sa tubig at "nasarapan" sa paglangoy. Makaraan ang ilang minuto itinaas ko ang aking ulo para hanapin ang pamilya ko sa kalapit na dalampasigan, ngunit malayo na ako sa dalampasigan! Tinangay ako ng nagngangalit na alon na ibinabala sa akin at mabilis na inilayo sa pamilya ko.

Noong una ay kalmado pa ako pero kalaunan ay pinanghinaan na ako ng loob, sinikap kong lumangoy pabalik sa pampang, ngunit lalo akong tinangay ng nagngangalit na alon sa mas malalim na tubig. Napagod ako at hindi na makahinga sa nasinghot kong tubig. Talagang posible na akong malunod. Nang maubos na ang lakas ko, humingi na ako ng tulong.

Tila himalang nasa tabi ko kaagad ang isang lifeguard. Hindi ko alam na binabantayan niya ang paglangoy ko sa tubig. Alam niya na tatangayin ako ng alon, at alam niya kung saan ako dadalhin nito. Para maiwasan ang alon, lumangoy siya sa kabila at tamang-tama sa lugar kung saan ako nalulunod; pagkatapos ay matiyaga niyang hinintay ang paghingi ko ng tulong. Dahil napakahina ko na para lumangoy pang mag-isa pabalik sa pampang, nagpasalamat ako noon at ngayon sa pagsagip niya sa akin. Kung hindi niya ako tinulungan hindi na ako makakabalik sa pamilya ko.

Noong araw na iyon nagkamali ako ng pasiya na magdudulot sana ng hindi maganda sa akin at sa pamilya ko. Sa pagsasaalang-alang natin ngayon sa kaloob na kalayaang pumili, dalangin ko na tulungan tayo ng Espiritu Santo na masuri ang ating mga pasiya.

Itinuro ng ating pinakamamahal na propeta na si Pangulong Thomas S. Monson: "Binibigyang-diin ko na mga desisyon ang nagtatakda ng tadhana. Ang mga walang-hanggang desisyon ninyo ay walang hanggan ang mga bunga."[1]

Bawat isa sa inyo—gaya ng itinuro sa atin sa kumperensyang ito—ay minamahal na espiritung anak ng mga magulang sa langit. Kayo ay may banal na katangian at tadhana.[2] Bago kayo isinilang natutuhan ninyong mahalin ang katotohanan. Gumawa kayo ng mga tamang pagpili na pang-walang-hanggan. Alam ninyo noon na sa buhay na ito ay may mga pasakit at paghihirap, lungkot at pagdurusa, at mga pagsubok na tutulong sa inyong umunlad at sumulong. Alam din ninyo na makapagpapatuloy kayo sa pagpili ng tama, mapagsisisihan ang mga pagkakamali, at sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay magmamana ng buhay na walang hanggan.

Ano ang itinuro ng propetang si Lehi tungkol sa pagpili? Ipinayo niya sa atin na tayo ay "malayang *makapipili ng* kalayaan at *buhay na walang hanggan,* sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo." At pagkatapos ay itinuro niya, "Kayo ay umasa sa dakilang Tagapamagitan, at makinig sa kanyang mga dakilang kautusan; at maging matapat sa kanyang mga salita, at *piliin ang buhay na walang hanggan*."[3]

Mga kapatid, sa pinipili nating isipin, damhin, at gawin, *pinipili ba natin ang buhay na walang hanggan*?

Natututuhan ng aming mga apo na kapag pumili sila, pinipili rin nila ang mga ibubunga nito. Kamakailan ayaw maghapunan ng isa sa aming tatlong-taong-gulang na apo. Ipinaliwanag ng kanyang ina, "Malapit ka nang matulog. Kung pipiliin mong maghapunan, makakakain ka ng panghimagas na ice cream. Kung pipiliin mong huwag maghapunan, matutulog ka na ngayon at wala nang ice cream." Pinag-isipang mabuti ng aming apo



***Montreal, Quebec, Canada***

ang dalawang mapagpipilian niya at mariin niyang sinabi, "*Ito* ang gusto ko—maglaro *at* kumain lang ng ice cream *at* huwag matulog."

Mga kapatid, gusto ba nating maglaro, kumain lang ng ice cream, huwag matulog kailanman, at pagkatapos ay makaiwas pa rin sa mga ibubunga nitong malnutrisyon at panghihina ng katawan?

Ang totoo dalawa lang ang ating pagpipilian na pang-walang-hanggan, na pawang may walang-hanggang ibubunga: piliing sundin ang Tagapagligtas ng mundo at makakamtan natin ang buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit o piliing sundin ang mundo at dahil dito ay mahihiwalay tayo sa Ama sa Langit magpakailanman.

Hindi natin parehong mapipili ang kaligtasan ng kabutihan at ang mga panganib ng kamunduhan. Ang unti-unting paglulunoy sa kamunduhan ay tila hindi nakasasama, tulad din naman ng aking paglangoy!

Gaya ng alon na nagpabago sana sa buhay ng aking pamilya, hangad ng mga kalakaran ng mundo, mapanlinlang na pilosopiya, maling turo, at laganap na imoralidad ngayon na ilayo at ihiwalay tayo magpakailanman sa ating pamilya at sa ating Ama sa Langit.

Nakikita at binabalaan tayo ng ating mga buhay na propeta, tagakita, at tagapaghayag tungkol sa kadalasan ay tuso at mapanganib na mga kalakaran ng mundo na nakaamba sa atin. Mapagmahal nila tayong inaanyayahan, hinihikayat, tinuturuan, pinaaalalahanan, at binabalaan. Alam nila na ang ating kaligtasan ay depende sa pagpiling sundin (1) ang kaalamang natatamo natin sa araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagninilay, at pagdarasal; (2) ang patnubay ng Espiritu Santo; at (3) ang payo ng mga propeta. Alam nila na ang kaligtasan at kagalakan sa huli ay nasa at sa pamamagitan lamang ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa pamumuhay ng Kanyang ebanghelyo. Gaya ng katuturo lamang ni Elder Dallin H. Oaks, ipinahayag ng ating Tagapagligtas, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko."[4]

Sa paghihirap at pagdurusa noon sa post-Soviet Russia, pinili nina Anatoly at Svetlana Reshetnikov ang kabutihan sa halip na kamunduhan.

Matapos sumapi sa Simbahan, sila ay inusig. Ibinaba ang posisyon niya sa trabaho. Inisip nila nang buong katapatan, "Mas marami na tayong oras para maglingkod sa Diyos!" Paulit-ulit silang tinakot, subalit pinili nilang ipamuhay ang ebanghelyo. Si Elder Anatoly Reshetnikov ang tinawag na unang Russian Area Seventy. Dahil sa kanilang mga pagpili, patuloy na pinipili ng mga Reshetnikov ang *buhay na walang hanggan*.

Lahat tayo ay may paghihirap. Lahat tayo ay nahaharap sa mga tukso. Lahat tayo ay nagkakamali. Hindi mahirap o hindi pa huli ang lahat para piliin ang tama. Ang pagsisisi ay isa sa mahahalaga at tamang pagpiling iyon.

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf:

"Ang maliliit na pagkakamali at kaunting paglihis mula sa doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo ay magdudulot ng malulungkot na pangyayari sa ating buhay. Samakatwid napakahalagang disiplinahin ang ating sarili na kaagad na gumawa ng maaga at tamang pagwawasto upang makabalik sa tamang landas at huwag nang hintayin o umasa pa na kusang tatama ang mali.

"Habang lalong ipinagpapaliban natin na itama ang mali, lalong lumalaki ang kailangang pagbabago, at lalong nagiging matagal bago tayo makabalik sa tamang landas—hanggang sa oras na maaaring dumating ang kapahamakan."[5]

Ang mga bisig ng awa ng Tagapagligtas ay laging nakaunat sa atin.[6] Kapag taos at lubos tayong nagsisi, mapapatawad tayo nang lubusan sa ating mga pagkakamali at hindi na maaalaala ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan.[7]

Sa pagsusuri ng inyong pasiya at mga ibubunga nito, maaari ninyong itanong sa inyong sarili:

- Naghahangad ba ako ng banal na patnubay sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagninilay, at pagdarasal araw-araw, o pinili kong maging lubhang abala o walang pakialam kaya hindi ko pinag-aaralan ang mga salita ni Cristo, pinagninilay ang mga ito, at kinakausap ang aking Ama sa Langit?
- Pinipili ko bang sundin ang payo ng mga buhay na propeta ng Diyos, o sinusunod ko ang mga paraan ng mundo at salungat na opinyon ng iba?
- Hinahangad ko ba ang patnubay ng Espiritu Santo araw-araw sa pinipili kong isipin, damhin, at gawin?
- Palagi ko bang hinahangad na tulungan, paglingkuran, o sagipin ang iba?

Mahal kong mga kapatid, ang inyong walang-hanggang tadhana ay hindi bunga ng pagkakataon kundi ng pagpili. Hindi pa huli ang lahat para *piliin ang buhay na walang hanggan*!

Pinatototohanan ko na dahil sa dakilang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit, bawat isa sa atin ay maaaring maging sakdal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kasama ang ating pamilya, makakapiling natin ang ating Ama sa Langit nang walang hanggan at makatatanggap ng lubos na kagalakan. Pinatototohanan ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "Decisions Determine Destiny" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Nob. 6, 2005), institute.lds.org.
2. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
3. 2 Nephi 2:27, 28; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Juan 14:6.
5. Dieter F. Uchtdorf, "Dahil Lamang sa Kaunting Paglihis," *Liahona,* Mayo 2008, 59.
6. Tingnan sa Alma 5:33.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:42.



**Ni Elder J. Devn Cornish**
Ng Pitumpu

# Ang Pribilehiyong Manalangin

*Ang pagdarasal ay isa sa pinakamahalagang kaloob ng Diyos sa tao.*

Minamahal kong mga kapatid, ang ating Diyos Ama ay hindi isang pakiramdam o ideya o puwersa. Siya ay banal na tao na, tulad ng itinuturo sa banal na mga kasulatan, may mukha at kamay at may maluwalhating imortal na katawan. Siya ay tunay, kilala Niya ang bawat isa sa atin, at mahal Niya tayo, lahat tayo. Nais Niya tayong pagpalain.

Sinabi ni Jesus:

"O anong tao sa inyo, ang kung siya'y hingan ng tinapay ng kaniyang anak, ay bato ang ibibigay?

"O kung hingan siya ng isda, ay bibigyan niya ng ahas?

"Kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mabubuting bagay sa mga nagsisihingi sa kanya?" (Mateo 7:9–11).

Marahil ang isang personal na karanasan ay makakatulong sa paglalarawan ng prinsipyong ito. Noong bata pa akong doktor na nagsasanay sa Boston Children's Hospital, mahabang oras akong nagtatrabaho at madalas ay nagbibisikleta lang papunta sa ospital at pauwi sa bahay sa Watertown, Massachussets, dahil kailangan ng aking asawa at mga anak ang aming kotse. Isang gabi, ako ay pagod na pagod, nagugutom at medyo pinanghihinaan ng loob, habang nagbibisikleta pauwi matapos ang mahabang oras ng trabaho sa ospital. Alam ko na pag-uwi ko kailangan ng asawa ko at ng apat kong maliliit na anak hindi lang ang aking oras at lakas kundi pati ang masayang pakikitungo. Sa totoo lang, hirap na ako noon sa patuloy na pagpedal.

Sa aking daan pauwi ay may restawran na nagtitinda ng fried chicken, at sa tingin ko mas mababawasan ang gutom at pagod ko kung kakain muna ako nito bago umuwi. Alam ko na may sale sila ng hita o drumstick sa halagang 29 cents bawat isa, pero nang tingnan ko ang pitaka ko, isang nickel (5 cents) na lang pala ang pera ko. Habang patuloy na nagbibisikleta, sinabi ko sa Panginoon ang sitwasyon ko at hiniling, kung Kanyang mamarapatin, na makakita ako ng isang quarter (25 cents) sa gilid ng daan. Sinabi ko sa Kanya na hindi ko kailangan ito bilang tanda pero talagang pasasalamatan ko kung bibigyan Niya ako ng ganitong pagpapala.

Sinimulan kong tingnang mabuti ang daan pero wala akong nakita. Habang nagbibisikleta sinikap kong magtiwala na may pagpapakumbabang pumunta sa restawran. Pagkatapos, eksaktong sa kabila ng daan sa tapat ng tindahan, nakakita ako ng isang quarter (25 cents) sa lupa. May pasalamat at ginhawa kong pinulot ito, ibinili ng manok, ninamnam ang bawat kagat, at masayang nagbisikleta pauwi.

Sa Kanyang awa, ang Diyos ng langit, ang Tagapaglikha at Tagapamahala ng lahat ng bagay sa lahat ng dako, ay narinig ang isang dasal tungkol sa napakaliit na bagay. Siguro may magtatanong kung bakit aabalahin Niya ang Kanyang Sarili sa isang napakaliit na bagay. Naniniwala ako na mahal na mahal tayo ng ating Ama sa Langit kaya ang mahalaga sa atin ay mahalaga rin sa Kanya, dahil nga mahal Niya tayo. Paanong hindi Niya lalong nanaising tulungan tayo sa mga malalaking bagay na hinihiling natin, na tama (tingnan sa 3 Nephi 18:20)?

Mga bata, kabataan, at matatanda, maniwala sana kung gaano ang hangarin ng Ama sa Langit na pagpalain *kayo.* Pero dahil hindi Siya nanghihimasok sa ating kalayaan sa pagpili, kailangang hingin natin ang Kanyang tulong. Ito ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagdarasal. Ang pagdarasal ay isa sa mga pinakamahalagang kaloob ng Diyos sa tao.

Minsan ay nagtanong ang mga alagad ni Jesus, "Panginoon, turuan mo kaming manalangin" (Lucas 11:1). Bilang sagot, binigyan tayo ni Jesus ng halimbawa na magsisilbing gabay sa pangunahing alituntunin ng panalangin (tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Aral mula sa Panalangin ng Panginoon," *Liahona,* Mayo 2009, 46–49; tingnan din sa Mateo 6:9–13; Lucas 11:1–4). Ayon sa halimbawa ni Jesus:

Nag-uumpisa tayo sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa ating Ama sa langit: "Ama namin na nasa langit ka" (Mateo 6:9; Lucas 11:2). Pribilehiyo nating dumulog nang direkta sa ating Ama. Hindi tayo nananalangin sa kung ano pa mang katauhan.



Tandaan na pinayuhan tayong iwasan ang paulit-ulit na pagsambit, kabilang ang paggamit ng pangalan ng Ama, nang maraming beses kapag nananalangin tayo.[1]

"Sambahin nawa ang pangalan mo" (Mateo 6:9; Lucas 11:2). Tinawag ni Jesus ang Kanyang Ama na may pagsamba, na kinikilala ang Kanyang kadakilaan at nagbigay ng papuri at pasasalamat sa Kanya. Tiyak na ang ganitong pagpipitagan sa Diyos at pagbigay ng taos-pusong pasasalamat ay isa sa mga susi ng epektibong panalangin.

"Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban" (Mateo 6:10; Lucas11:2). Malaya nating kinikilala ang pag-asa natin sa Panginoon at ipinakikita ang hangarin nating gawin ang Kanyang kalooban, kahit hindi ito tugma sa kagustuhan natin. Ipinapaliwanag sa ating Bible Dictionary: "Ang panalangin ay isang gawain kung saan ang kalooban ng Ama at ang kagustuhan ng anak ay nagkakatugma sa isa't isa. Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Panalangin").

"Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw" (Mateo 6:11; tingnan din sa Lucas 11:3). Hinihiling natin ang mga bagay na gusto natin mula sa Diyos. Ang katapatan ay mahalaga sa paghiling ng mga bagay mula sa Panginoon. Hindi lubos na matapat, halimbawa, ang paghiling sa Panginoon ng tulong sa pagsusulit sa paaralan kung hindi ako nakinig sa klase, hindi gumawa ng asaynment, o nag-aral para sa pagsusulit. Madalas sa aking pagdarasal, marahang ipinadarama sa akin ng Espiritu na may kailangan pa akong gawin para matanggap ko ang hinihingi kong tulong sa Panginoon. Pagkatapos ay kailangan akong maging deteminado at gawin ang bahagi ko. Salungat sa plano ng Diyos na gawin ng Panginoon ang magagawa natin para sa ating sarili.

"At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang" (Mateo 6:12), o sa ibang bersyon, "At ipatawad mo sa amin ang aming mga kasalanan" (Lucas 11:4). Isang mahalaga at minsan ay nalilimutang bahagi ng personal na panalangin ay ang pagsisisi. Upang maging mabisa ang pagsisisi, dapat itong maging tiyak, malalim, at panghabambuhay.

"At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang" (Mateo 6:12; tingnan din sa Lucas 11:4). Malinaw na ipinakita ng Tagapagligtas na may kinalaman ang pagpapatawad sa ating mga kasalanan at ang pagpapatawad natin sa mga nagkasala sa atin. Minsan ang mga nagawang kasalanan sa atin ng iba ay masyadong masakit at mahirap patawarin o makalimutan. Lubos akong nagpapasalamat sa aliw at paghilom na natagpuan ko sa paanyaya ng Panginoon na pawalan na ang mga sakit at ibigay ang mga ito sa Kanya. Sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 64, sinabi Niya:

"Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao.

"At nararapat na sabihin ninyo sa inyong mga puso—ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, at ikaw ay gagantimpalaan alinsunod sa iyong mga gawa" (mga talata 10–11).

Pagkatapos ay kalimutan na natin iyon nang lubusan at ipaubaya na sa Panginoon, kung gusto nating gumaling.

"At huwag mo kaming hayaang maakay ng tukso, sa halip iligtas mo kami sa masama" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:14). Samakatuwid, sa ating mga panalangin maaari na nating umpisahan ang pagsuot ng buong baluti ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:11; D at T 27:15) sa pag-asam sa mga darating na araw at hilingin ang tulong sa minsang nakakatakot na mga sitwasyon na maaari nating makaharap. Mga kaibigan ko, mangyaring huwag kalimutang hilingin sa Panginoon na protektahan at samahan Niya kayo.

"Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man" (Mateo 6:13). Marami tayong natutuhan sa pagtatapos ni Jesus sa panalanging ito sa pamamagitan ng pagpuring muli sa Diyos at pagpapahayag ng Kanyang paggalang at pagpapailalim sa kalooban ng Ama. Kapag tunay tayong naniniwala na pinamamahalaan ng Diyos ang Kanyang kaharian at na taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan at kaluwalhatian, kinikilala natin na Siya ang tunay na namamahala sa lahat, na dalisay ang Kanyang pagmamahal sa atin, at nais Niya tayong maging maligaya. Nalaman ko na isa sa mga sekreto ng maligayang buhay ay ang pagkilala na ang paggawa ng mga bagay ayon sa kalooban ng Panginoon ay mas makakapagpapaligaya sa akin kaysa paggawa ko ng mga bagay sa sarili kong paraan.

May panganib na makaramdam

ang isang tao na hindi siya karapat-dapat manalangin. Ang ideyang iyan ay galing sa masamang espiritu na siyang nagtuturo sa atin na huwag magdasal (tingnan sa 2 Nephi 32:8). Nakapanlulumong isipin na masyado tayong makasalanan para magdasal tulad ng isang taong may malubhang sakit na naniniwalang masyado malala ang sakit niya para magpatingin sa doktor!

Huwag nating isipin na ang anumang uri ng panalangin, gaano man ito kataos, ay magiging napakaepektibo kung ang ginagawa lang natin ay sambitin ang panalangin. Hindi lamang tayo dapat manalangin; kailangan din nating ipamuhay ang mga ito. Mas natutuwa ang Panginoon sa taong nagdadasal at pagkatapos ay kumikilos kaysa sa taong nagdadasal lamang. Tulad ng gamot, mabisa ang panalangin kung ginagamit sa paraang itinuro sa atin.

Kapag sinasabi ko na napakagandang pribilehiyo ang pagdarasal, hindi lamang ito dahil sa nagpapasalamat ako na nakakausap ko ang Ama sa Langit at nadarama ko ang Kanyang Espiritu kapag nagdarasal ako. Kundi dahil rin sa sinasagot Niya ang mga panalangin at nakikipag-usap Siya sa atin. Siyempre , ang pakikipag-usap Niya sa atin ay hindi sa pamamagitan ng boses na naririnig natin. Paliwanag ni





Pangulong Boyd K. Packer: "Ang magiliw, at mahinang tinig ng inspirasyon ay mas nadarama kaysa naririnig. Ang dalisay na katalinuhan ay masasabi sa isipan. . . . Ang patnubay na ito ay dumarating bilang mga ideya, damdamin sa pamamagitan ng mga pahiwatig at palagay" ("Panalangin at mga Pahiwatig," *Liahona,* Nob. 2009, 44).

Minsan parang hindi nasasagot ang ating taos at marapat na mga dasal. Kailangan ang panampalataya para maniwalang sumasagot ang Panginoon ayon sa Kanyang panahon at sa pamamaraang pinakamainam para mabiyayaan tayo. O, kung iisiping mabuti, madalas nating matatanto na alam na alam na natin ang dapat nating gawin.

Huwag sana kayong mawalan ng pag-asa kung hindi agad ito nangyayari. Tulad ng pag-aaral ng wikang banyaga, kinakailangan nito ang pagsasanay at pagsisikap. Subalit dapat niyong malaman na matututuhan ninyo ang wika ng Espiritu, at kapag nangyari ito, lalakas ang inyong pananampalataya at kapangyarihan sa kabutihan.

Napakahalaga sa akin ang payo ng ating mahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na nagsabing: "Sa inyong mga nakaririnig sa akin na nahihirapan sa mga hamon at pagsubok, malaki man o maliit, ang panalangin ang nagbibigay ng espirituwal na lakas; ito ang nagdudulot ng kapayapaan. Ang panalangin ang paraan upang makausap natin ang ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Kausapin Siya sa panalangin at pakinggan ang kasagutan. Ang mga himala ay nagaganap sa pamamagitan ng panalangin" ("Maging Pinakamainam," *Liahona,* Mayo 2009, 68).

Lubos akong nagpapasalamat sa pribilehiyong dumulog sa aking banal na Ama sa Langit sa panalangin. Nagpapasalamat ako na maraming beses Niya akong pinakinggan at sinagot. Dahil sinasagot Niya ako, na kung minsan ay sa mababatid at mahimalang paraan, alam ko na buhay Siya. Mapagpakumbaba ko ring pinatototohanan na si Jesus, ang Kanyang banal na Anak, ay ating buhay na Tagapagligtas. Ito ang Kanyang Simbahan at kaharian sa lupa; ang gawaing ito ay totoo. Si Thomas S. Monson, na taimtim nating ipinapanalangin, ay Kanyang propeta na lubos kong pinatototohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Francis M. Lyman, "Proprieties in Prayer," sa Brian H. Stuy, comp., *Collected Discourses Delivered by President Wilford Woodruff, His Two Counselors, the Twelve Apostles, and Others,* 5 tomo (1987–92), 3:76–79; B. H. Roberts, comp., *The Seventy's Course in Theology,* 5 tomo (1907–12), 4:120; *Encyclopedia of Mormonism* (1992), "Prayer," 1118–19; Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* 2nd ed. (1966), 583.



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Tahimik Nilang Himig

*Kahit hindi natin alam ang lahat ng kasagutan, alam natin ang mahahalagang alituntuning nagtutulot sa atin na harapin ang mga trahedya nang may pananampalataya at pagtitiwala.*

Maraming tao ang nahaharap sa matitinding problema o trahedya sa buhay na ito. Sa buong mundo nakikita natin ang ganitong mga pagsubok at pagdurusa.[1] Naaantig tayo sa napapanood natin sa telebisyon na mga patayan, pagdurusa, at kawalan ng pag-asa. Nakikita natin ang magiting na pagsisikap ng mga Hapones na makabangon mula sa pinsala ng lindol at tsunami. Ang nakaliligalig na mga pangyayari sa pagkawasak ng mga gusali ng World Trade Center, na ginunita natin kamakailan, ay masakit sariwain. May umaantig sa ating damdamin kapag may nabalitaan tayong gayong mga trahedya, lalo na kung mga inosenteng tao ang nagdurusa.

Kung minsan ay napakapersonal ng mga trahedya. Maagang namatay o dinapuan ng mabigat na karamdaman ang isang anak. Namatay ang isang mapagmahal na magulang sa walangsaysay na pangyayari o aksidente. Kapag may trahedya, nagdadalamhati tayo at sinisikap pasanin ang pasanin ng isa't isa.[2] Nanghihinayang tayo sa mga bagay na hindi matutupad at mararanasan.

Kabilang sa mga madalas itanong ng mga lider ng Simbahan ang, Bakit tinutulutan ng isang makatarungang Diyos na may mangyaring masama, lalo na sa mabubuting tao? Bakit hindi ligtas ang mabubuting taong naglilingkod sa Panginoon sa gayong mga trahedya?

Kahit hindi natin alam ang lahat ng kasagutan, alam natin ang mahahalagang alituntuning nagtutulot sa atin na harapin ang mga trahedya nang may pananampalataya at tiwala na maningning ang bukas na nakalaan sa bawat isa sa atin. Ang ilan sa mahahalagang alituntunin ay:

Una, tayo ay may Ama sa Langit, na personal na nakakikilala at nagmamahal sa atin at lubos na nakauunawa sa ating mga pagdurusa.

Ikalawa, ang Kanyang Anak, na si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos, na ang Pagbabayad-sala ay hindi lamang nagbibigay ng kaligtasan at kadakilaan kundi magbabayad para sa lahat ng hindi makatarungan sa buhay.

Ikatlo, ang plano ng kaligayahan ng Ama para sa Kanyang mga anak ay saklaw hindi lamang ang premortal at mortal na buhay kundi maging ang buhay na walang hanggan, pati na ang dakila at maluwalhating pagsasama nating muli at ng pumanaw nating mga mahal sa buhay. Lahat ng pagkakamali ay itatama, at lilinaw at magiging ganap ang ating pananaw at pag-unawa.

Sa limitadong pananaw ng mga walang kaalaman, pagkaunawa, o pananampalataya sa plano ng Ama—na ang tanging nakikita sa mundo ay puro digmaan, karahasan, karamdaman, at kasamaan—ang buhay na ito ay tila malungkot, magulo, di-makatarungan, at walang kabuluhan. Ikinumpara ng mga pinuno ng Simbahan ang pananaw na ito sa isang taong pumasok sa kalagitnaan ng tatlong-yugtong dula.[3] Ang mga walang alam sa plano ng Ama ay hindi nauunawaan ang nangyari sa unang yugto, o sa buhay bago isilang, at ang mga layuning itinakda doon; ni hindi nila nauunawaan ang paglilinaw at pagpapasiyang mangyayari sa ikatlong tagpo, na maluwalhating katuparan ng plano ng Ama.

Marami ang hindi nagpapahalaga sa katotohanan na sa Kanyang mapagmahal at malawak na plano, ang mga taong tila napagkaitan nang hindi nila kagagawan ay hindi pagkakaitan o parurusahan sa huli.[4]

Ilang buwan na lang at ika-100 taong anibersaryo na ng paglubog ng *Titanic* ocean liner. Ang nakapanlulumong mga sitwasyong nakapalibot sa kalunus-lunos na pangyayaring ito ay nagkaroon ng malaking epekto sa mga tao sa buong siglo mula nang mangyari ito. Ang mga nagtaguyod sa bago at marangyang barkong ito, na 11 palapag ang taas at halos kasinghaba ng 3 football field,[5] ay labis at walang-basehang nagpahayag na ligtas ang *Titanic* sa mga karagatang puno ng malalaking tipak na yelo. Ang barkong ito ay pinaniwalaang hindi lulubog; subalit nang lumubog ito sa mayelong Atlantic Ocean, mahigit 1,500 katao ang namatay.[6]

Sa maraming paraan ang paglubog

ng *Titanic* ay kahalintulad ng buhay at ng maraming alituntunin ng ebanghelyo. Ito ay perpektong halimbawa ng hirap na makaunawa sa pananaw lamang ng buhay na ito. Ang pagkamatay ay nakapanlulumo ngunit aksidente lamang ito. Sa mga pagpatay bunga ng dalawang digmaang pandaigdig at sa kararaang ika-10 anibersaryo ng pagkawasak ng mga gusali ng World Trade Center, naranasan natin sa ating panahon ang mabigla, masaktan, at ang mga problema ukol sa moralidad na nakapalibot sa mga kaganapang bunga ng masamang paggamit ng kalayaan. May kalunuslunos na mga epekto sa pamilya, mga kaibigan, at mga bansa ang mga trahedyang ito, anuman ang naging sanhi nito.



Patungkol sa *Titanic,* may mga aral tayong natutuhan tungkol sa mga panganib ng kayabangan at paglalakbay sa nagngangalit na karagatan at "na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao."[7] Ang mga sangkot ay nagmula sa lahat ng antas ng lipunan. Ang ilan ay mayayaman at kilala, tulad ni John Jacob Astor; ngunit mayroon ding mga manggagawa, dayuhan, kababaihan, mga bata, at mga tripulante.[8]

Di-kukulangin sa dalawang Banal sa mga Huling Araw ang may koneksyon sa *Titanic*. Kapwa ito naglalarawan sa hamon na maunawaan natin ang mga pagsubok, paghihirap, at trahedya at nagbibigay ng pananaw kung paano natin kakayanin ang mga ito. Ang una ay halimbawa ng pasasalamat sa mga pagpapalang natatanggap natin at mga hamong iniiwasan natin. Kabilang dito si Alma Sonne, na kalaunan ay naglingkod bilang General Authority.[9] Siya ang aking stake president nang isilang ako sa Logan, Utah. Ininterbyu ako ni Elder Sonne para sa misyon. Noong panahong iyon lahat ng magmimisyon ay iniinterbyu ng isang General Authority. Malaki ang impluwensya niya sa buhay ko.

Noong kabataan ni Alma, may kaibigan siyang di-gaanong aktibo sa Simbahan na Fred ang pangalan. Marami silang napag-usapan tungkol sa pagmimisyon, at kalaunan ay nakumbinsi ni Alma Sonne si Fred na maghanda at maglingkod. Kapwa sila tinawag sa British Mission. Sa pagtatapos ng kanilang misyon, si Elder Sonne, na mission secretary, ang nag-ayos ng paglalakbay nila pauwi sa Estados Unidos. Bumili siya ng tiket sa *Titanic* para sa kanya, kay Fred, at sa apat pang misyonero na nakatapos na rin sa kanilang misyon.[10]

Nang paalis na sila, sa di-malamang dahilan ay naantala ang pagdating ni Fred. Kinansela ni Elder Sonne ang anim na tiket na binili niya para sumakay sa bago at marangyang barkong maglalayag sa unang pagkakataon at bumili ng tiket para sa barkong aalis kinabukasan.[11] Nalungkot ang apat na misyonerong sabik maglakbay na sakay ng *Titanic*. Ang sagot ni Elder Sonne ay katulad ng nasa kuwento ni Jose at ng kanyang mga kapatid sa Egipto na nakatala sa Genesis: "Sapagka't paanong paroroon ako sa aking ama, at ang bata'y di ko kasama?"[12] Ipinaliwanag niya sa kanyang mga kasama na magkakasama silang lahat sa pagpunta sa England at dapat silang umuwing magkakasama. Pagkaraan ay nalaman ni Elder Sonne ang paglubog ng *Titanic* at nagpapasalamat na sinabi sa kaibigan niyang si Fred, "Iniligtas mo ang buhay ko." Sumagot si Fred, "Hindi, sa pagtulong mo sa akin na magmisyon, ikaw ang nagligtas sa aking buhay."[13] Lahat ng misyonero ay nagpasalamat sa Panginoon sa pagliligtas sa kanila.[14]

Kung minsan, tulad sa kaso ni Elder Sonne at ng mga kasama niya sa misyon, dakilang mga pagpapala ang dumarating sa matatapat. Dapat nating pasalamatan ang lahat ng magiliw na awang dumarating sa buhay natin.[15] Hindi natin napapansin ang maraming pagpapalang natatanggap natin sa araw-araw. Napakahalagang magkaroon tayo ng pasasalamat sa ating puso.[16]

Malinaw ang nakasaad sa mga banal na kasulatan: yaong mabubuti, sumusunod sa Tagapagligtas, at sa Kanyang mga utos ay uunlad sa lupain.[17] Mahalagang bahagi ng pag-unlad ang taglayin ang Espiritu sa ating buhay.

Gayunman, ang kabutihan, panalangin, at katapatan ay hindi laging masaya ang resulta sa buhay na ito. Maraming daranas ng matitinding pagsubok. Kapag nangyayari ito, ang pagsampalataya at paghingi ng basbas ng priesthood ay pinahihintulutan ng Diyos. Sinabi ng Panginoon, "Ang mga elder . . . ay tatawagin, at mananalangin at magpapatong ng kanilang mga kamay sa kanila sa aking pangalan; at kung sila ay mamamatay sila ay mamamatay sa akin, at kung sila ay mabubuhay sila ay mabubuhay sa akin."[18]

Malalaman natin na ang pangalawang Banal sa mga Huling Araw na may koneksyon sa *Titanic* ay hindi naging masaya ang kinahantungan. Si Irene Corbett ay 30 taong gulang noon. Siya ay isang bata pang asawa at ina mula sa Provo, Utah. Magaling siya sa sining at musika; isa rin siyang guro at nars. Sa paghihikayat ng mga kasamahan sa medisina sa Provo, dumalo siya sa anim-na-buwang kurso sa pagkukumadrona sa London. Malaki ang hangarin niyang makagawa ng kaibhan sa mundo. Siya ay maingat, maalalahanin, madasalin, at magiting. Isa sa mga dahilan kaya niya piniling sumakay sa *Titanic* pabalik sa Estados Unidos ay dahil inakala niyang makakasabay niya ang mga misyonero at iyon ay dagdag na kaligtasan para sa kanya. Kabilang si Irene sa ilang kababaihang nasawi sa trahedyang ito. Marami sa kababaihan at kabataan ang naisakay sa mga bangka at nailigtas sa huli. Hindi sapat ang mga bangka para maisakay ang lahat. Ngunit pinaniwalaang hindi siya nakasakay sa bangka dahil, sa espesyal niyang kasanayan, tumulong siya sa maraming pasaherong nasugatan sa pagbangga ng barko sa malaking tipak na yelo.[19]

Maraming uri ng hamon. Ang ilan ay kailangan nating maranasan. Ang masasamang karanasan sa buhay na ito ay hindi katibayan ng kawalan ng pananampalataya o depekto sa kabuuang plano ng ating Ama sa Langit. Ang apoy ng maglalantay ay tunay, at ang uri ng pagkatao at kabutihang nahuhubog sa pagdanas natin ng hirap ang nagpapasakdal at nagpapadalisay at naghahanda sa atin sa pagharap sa Diyos.

Nang mabilanggo si Propetang Joseph Smith sa Liberty Jail, sinabi sa kanya ng Panginoon na napakaraming kapahamakang sasapitin ang mga tao. Sinabi ng Tagapagligtas na, "Kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaaway; . . . at ang lahat ng elemento ay magsamasama upang harangan ang daan; . . . ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan at para sa iyong ikabubuti."[20] Tinapos ng Tagapagligtas ang Kanyang bilin: "Ang iyong mga araw ay nababatid, at ang iyong mga taon ay hindi nababawasan ng bilang; kaya nga huwag [matakot] . . . sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan."[21]



Ang ilang hamon ay bunga ng kalayaan ng iba. Ang kalayaan ay mahalaga sa espirituwal na pag-unlad ng isang tao. Ang masamang asal ay isang elemento ng kalayaan. Ipinaliwanag ni Kapitan Moroni ang napakahalagang doktrinang ito: "Pinahihintulutan ng Panginoon na mapatay ang mabubuti upang ang kanyang katarungan at kahatulan ay sumapit sa masasama." Nilinaw Niya na ang mabubuti ay hindi nawala kundi "papasok sila sa kapahingahan ng Panginoon nilang Diyos."[22] Ang masasama ay pananagutin sa ginagawa nilang mga kabuhungan.[23]

Ang ilang hamon ay nagmumula sa pagsuway sa mga batas ng Diyos. Ang problema sa kalusugan dahil sa sigarilyo, alak, at pagkalulong sa droga ay nakakagulat. Ang pagkabilanggo dahil sa mga krimeng bunga ng alak at droga ay napakataas din.[24]

Ang mga kaso ng diborsyo dahil sa kataksilan ay mataas din. Marami sa mga pagsubok at paghihirap na ito ang maiiwasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos.[25]

Ang pinakamamahal kong mission president, si Elder Marion D. Hanks (na pumanaw noong Agosto), ay hiniling sa aming mga misyonero na isaulo ang isang pahayag para mapaglabanan ang mga hamon sa buhay: "Walang pagkakataon, walang kapalaran, o walang tadhanang makatatalo o makahahadlang o makapipigil sa matatag na pasiya ng isang determinadong tao."[26]

Sinabi niya na hindi ito totoo sa lahat ng hamong nararanasan natin ngunit totoo ito sa mga espirituwal na bagay. Pinahalagahan ko ang kanyang payo sa buhay ko.

Ang isa sa mga dahilan ng nakalulunos na pagkamatay sa *Titanic* ay hindi sapat ang mga bangkang pangsagip. Anuman ang mga pagsubok natin sa buhay na ito, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay naglalaan ng bangkang sasagip sa lahat. Para sa mga nag-aakalang hindi makatarungan ang kanilang mga pagsubok, saklaw ng Pagbabayad-sala ang lahat ng kawalang-katarungan sa buhay.[27]

Ang kakaibang hamon sa mga nawalan ng mahal sa buhay ay ang umiwas sa pag-iisip sa mga naglahong pagkakataon sa buhay na ito. Kadalasan ang mga pumapanaw nang maaga ay nagpakita ng mahahalagang kakayahan, interes, at talento. Sa ating limitadong pang-unawa, nanghihinayang tayo sa mga bagay na hindi matutupad at mararanasan. Ang ibig sabihin nito ay dala mo pa rin ang iyong musika hanggang kamatayan. Ang musika sa kasong ito ay katulad ng hindi natupad na anumang uri ng potensyal. Kung minsan ay nakagawa ng mahahalagang paghahanda ang mga tao ngunit walang pagkakataong isagawa ang mga ito sa mortalidad.[28] Isa sa madalas banggitin na mga klasikong tula, ang "Elegy Written in a Country Church Yard," ni Thomas Gray, ay naglalarawan sa mga pagkakataong nawala:

*Mga bulaklak na umusbong nang*
*'di namalayan,*
*At kagandaha'y sinayang sa*
*kapaligiran.*[29]

Ang naglahong pagkakataon ay maaring iugnay sa pamilya, trabaho, mga talento, mga karanasan, o iba pa. Lahat ng ito ay natigil o naputol sa kaso ni Sister Corbett. May mga bagay siyang hindi naranasan at potensyal na hindi na niya natupad sa buhay na ito. Ngunit kung titingnan sa lawak at linaw ng ebanghelyo, sa halip na sa limitadong buhay na ito, alam natin na may dakila at walang-hanggang gantimpalang ipinangako ang mapagmahal na Ama sa Kanyang plano. Tulad ng itinuro ni Apostol Pablo, "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya."[30] Isang linya mula sa isang magandang himno ang nagbibigay ng aliw, kapanatagan, at linaw: "At si Cristong Diyos kanyang dinig, tahimik kong himig."[31]



Sinabi ng Tagapagligtas: "Kaya nga, maaliw sa inyong mga puso. . . . Mapanatag at malaman na ako ang Diyos."[32] Nangako Siya sa atin na tayo, kasama ang ating mga anak, ay aawit ng "mga awit ng walang hanggang kagalakan."[33] Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Juan 16:33.
2. Tingnan sa Mosias 18:8–9; tingnan din sa 2 Nephi 32:7.
3. Tingnan sa Boyd K. Packer, "The Play and the Plan" (Church Educational System fireside para sa mga young adult, Mayo 7, 1995), 3: "Sa buhay na ito, tulad tayo sa isang kapapasok lang sa sinehan nang bumukas ang tabing para sa ikalawang yugto. Hindi natin napanood ang Yugto 1. . . . 'Ang namuhay sila nang maligaya magpakailanman' ay wala sa ikalawang yugto. Ang linyang iyon ay nasa ikatlong yugto kung saan nalutas na ang mga hiwaga at naitama na ang lahat." Tingnan din sa Neal A. Maxwell, *All These Things Shall Give Thee Experience* (1979), 37: "Ang Diyos . . . ay nakikita ang simula at wakas. . . . Ang pagtutuos . . . ay isang bagay na hindi natin maunawaan. Hindi natin ito magagawa dahil kulang tayo sa kaalaman. Nasa panahon tayo na limitado ang pananaw sa buhay na ito."
4. Ang mga namatay bago sumapit sa edad ng pananagutan ay ligtas sa kahariang selestiyal (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:10). Ang mga namatay na walang kaalaman sa ebanghelyo at kanilang tatanggapin sana ito kung pinahintulutan silang manatili ay magiging tagapagmana rin ng kahariang selestiyal (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:7). Bukod dito, maging ang mga taong di-gaanong naging magiting sa buhay ay bibiyayaan ng buhay na higit pa sa buhay na ito pagdating ng panahon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:89).
5. Tingnan sa Conway B. Sonne, *A Man Named Alma: The World of Alma Sonne* (1988), 83.
6. Tingnan sa Sonne, *A Man Named Alma,* 84.
7. Mga Gawa 10:34; tingnan din sa "The Sinking of the World's Greatest Liner," *Millennial Star*, Abr. 18, 1912, 250.
8. Tingnan sa *Millennial Star,* Abr. 18, 1912, 250.
9. Si Brother Sonne ay tiyuhin ni Elder L. Tom Perry.
10. Tingnan sa Sonne, *A Man Named Alma,* 83.
11. Tingnan sa Sonne, *A Man Named Alma,* 83–84; tingnan din sa "From the Mission Field," *Millennial Star,* Abr. 18, 1912, 254: "Releases and Departures.—Ang mga misyonerong ito ay marangal na na-release at naglayag pauwi noong ika-13 ng Abril, 1912, ayon sa s.s. *Mauretania*. Mula sa Great Britain—Alma Sonne, George B. Chambers, Willard Richards, John R. Sayer, F. A. [Fred] Dahle. Mula sa Netherlands—L. J. Shurtliff."
12. Tingnan sa Genesis 44:30–31, 34.
13. Sa Frank Millward, "Eight Elders Missed Voyage on Titanic," *Deseret News,* Hulyo 24, 2008, M6.
14. Tingnan sa "Friend to Friend," *Friend,* Mar. 1977, 39.
15. Tingnan sa David A. Bednar, "Ang Magiliw na Awa ng Panginoon," *Liahona,* Mayo 2005, 99–102.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:21.
17. Tingnan sa Alma 36:30.
18. Doktrina at mga Tipan 42:44.
19. Interbyu sa apo ni Irene Corbett na si Donald M. Corbett, Okt. 30, 2010, ni Gary H. Cook.
20. Doktrina at mga Tipan 122:7.
21. Doktrina at mga Tipan 122:9.
22. Alma 60:13.
23. Malinaw na sinabi ng Tagapagligtas na "dumating ang mga kadahilanan ng pagkakatisod; datapuwa't sa aba niyaong pinanggalingan!" (Lucas 17:1).
24. Sa bahagi 89 ng Doktrina at mga Tipan—"ang utos at kalooban ng Diyos sa temporal na kaligtasan ng lahat ng banal sa mga huling araw" (talata 2)—ay lalo pang nagpapala sa mga Banal sa mga Huling Araw.
25. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:22–24.
26. Tingnan sa "Will," *Poetical Works of Ella Wheeler Wilcox* (1917), 129.
27. Tingnan sa "Ang Pagbabayad-sala," *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 56–57.
28. Tingnan sa "The Song That I Came to Sing," sa *The Complete Poems of Rabrindranath Tagore's Gitanjali,* ed. S. K. Paul (2006), 64: "Ang awiting dapat kong kantahin ay di pa rin naawit hanggang ngayon. / Inukol ko ang aking mga araw sa pag-aayos ng aking instrumento."
29. Thomas Gray, "Elegy Written in a Country Church Yard," sa *The Oxford Book of English Verse,* ed. Christopher Ricks (1999), 279.
30. I Corinto 2:9.
31. "May Liwanag sa 'King Kaluluwa," *Mga Himno*, blg. 141.
32. Doktrina at mga Tipan 101:16; tingnan din sa Mga Awit 46:10.
33. Doktrina at Mga Tipan 101:18; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:71.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

*Nawa'y sumaatin at manatili sa atin ang diwang nadama natin dito habang abala tayo sa mga bagay na ginagawa natin sa bawat araw.*

Mga kapatid, alam kong sasang-ayon kayo sa akin na lubhang nagbigay-inspirasyon ang kumperensyang ito. Nadama natin nang sagana ang Espiritu ng Panginoon nitong nakaraang dalawang araw nang maantig ang ating mga puso at napalakas ng banal na gawa-ing ito ang ating patotoo. Nagpapasalamat kami sa lahat ng lumahok, pati na sa mga Kapatid na nag-alay ng mga panalangin.

Narito tayong lahat dahil mahal natin ang Panginoon at gusto natin Siyang paglingkuran. Pinatototohanan ko sa inyo na inaalala tayo ng ating Ama sa Langit. Kinikilala ko ang Kanyang tulong sa lahat ng bagay.

Muli ay napakaganda ng musika, at ako mismo ay nagpapasalamat at ang buong Simbahan sa mga handang magbahagi sa atin ng kanilang mga talento.

Pinasasalamatan namin ang mga Kapatid na na-release sa kumperensyang ito. Nakapaglingkod sila nang tapat at mahusay at marami silang naitulong sa gawain ng Panginoon.

Labis kong pinahahalagahan ang aking matatapat at dedikadong tagapayo at hayagan ko silang pinasasalamatan sa suporta at tulong nila sa akin. Sila ay tunay na marurunong at maunawain, at napakahalaga ng kanilang paglilingkod.

Salamat sa aking mga kapatid sa Korum ng Labindalawa sa walang-pagod nilang paglilingkod sa gawain ng Panginoon. Pinasasalamatan ko rin ang mga miyembro ng mga Korum ng Pitumpu at ang Presiding Bishopric sa kanilang di-makasarili at epektibong paglilingkod. Gayundin ang mga babae at lalaking naglilingkod bilang mga general auxiliary officer.

Mga kapatid, tinitiyak ko sa inyo na alam ng ating Ama sa Langit ang mga hamong kinakaharap natin sa mundo ngayon. Mahal Niya tayo at pagpapalain tayo kapag sinisikap nating sundin ang Kanyang mga utos at nananalangin tayo sa Kanya.

Mapalad tayo na napasaatin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ibinibigay nito ang mga sagot sa mga tanong kung saan tayo nagmula, bakit tayo narito, at saan tayo pupunta pagkamatay natin. Nagbibigay ito ng kahulugan at layunin at pag-asa sa ating buhay.

Salamat sa inyong kahandaang maglingkod sa isa't isa. Tayo ang mga kasangkapan ng Diyos dito sa lupa, na inutusang mahalin at paglingkuran ang Kanyang mga anak.

Salamat sa lahat ng ginagawa ninyo sa inyong mga ward at branch. Salamat sa inyong kahandaang maglingkod sa mga posisyon kung saan kayo tinawag, anuman ito. Bawat isa ay mahalaga sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon.

Tapos na ang kumperensya. Sa ating pag-uwi, nawa'y makarating tayo



nang ligtas. Nawa'y naging maayos ang lahat habang wala tayo. Nawa'y sumaatin at manatili sa atin ang diwang nadama natin dito habang abala tayo sa mga bagay na ginagawa natin sa bawat araw. Nawa'y maging mas mabait tayo sa isa't isa. Nawa'y lagi nating gawin ang gawain ng Panginoon.

Nawa'y mapasainyo ang mga pagpapala ng langit. Nawa'y mapuspos ng pagkakasundo at pagmamahal ang inyong tahanan. Nawa'y lagi ninyong pangalagaan ang inyong patotoo, nang maging proteksyon ito sa inyo laban sa kaaway.

Bilang inyong abang lingkod, buong puso kong hinahangad na gawin ang kalooban ng Diyos at paglingkuran Siya at kayo.


Mahal ko kayo; ipinagdarasal ko kayo. Muli kong hihilingin na alalahanin ninyo ako at ang lahat ng General Authority sa inyong mga panalangin. Kaisa ninyo kami sa pagsusulong ng kagila-gilalas na gawaing ito. Pinatotohanan ko na tayong lahat ay nasa gawaing ito at bawat lalaki, babae, at bata ay may tungkulin dito. Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng lakas at kakayahan at determinasyong gampanan nang mahusay ang ating tungkulin.

Pinatototohanan ko sa inyo na ang gawaing ito ay totoo, na ang ating Tagapagligtas ay buhay, at ginagabayan at pinapatnubayan Niya ang Kanyang Simbahan dito sa lupa. Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo na ang ating Diyos Amang Walang Hanggan ay buhay at mahal Niya tayo. Tunay na Siya ang ating Ama, at Siya ay tunay at personal na nakikitungo sa atin. Nawa'y matanto at maunawaan natin kung gaano Niya kagustong mapalapit sa atin, gaano Niya kagustong tulungan tayo, gaano Niya tayo kamahal, at gaano Siya kahandang tumulong sa atin."

Nawa'y pagpalain Niya kayo. Nawa'y mapasainyo ang pangako Niyang kapayapaan ngayon at magpakailanman.

Paalam sa inyo hanggang sa muli nating pagkikita pagkaraan ng anim na buwan, at ginagawa ko ito sa pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Manunubos, amen. ■

**PANGKALAHATANG PULONG NG RELIEF SOCIETY** | *Setyembre 24, 2011*



**Ni Julie B. Beck**
Relief Society General President

# Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apong Babae (at Lalaki) tungkol sa Relief Society

*Simula nang ipanumbalik ang ebanghelyo sa dispensasyong ito, nangailangan na ang Panginoon ng matatapat na kababaihang makikibahagi bilang Kanyang mga disipulo.*

Isang pribilehiyo ang magsalita sa inyo sa makasaysayang pulong na ito. Isang pagpapala ang magkasama-sama tayo. Sa paglilingkod ko bilang Relief Society general president, napamahal na sa akin nang lubusan ang kababaihan sa Relief Society ng Simbahang ito, at pinalawak ng Panginoon ang aking pananaw sa tunay Niyang nadarama tungkol sa atin at kung ano ang inaasahan Niya sa atin.

Pinamagatan ko ang mensaheng ito na "Ang Inaasahan Kong Maunawaan ng Aking mga Apong Babae (at Lalaki) tungkol sa Relief Society." Ang pinakamatatanda kong apong babae ay abalang-abala sa Pansariling Pag-unlad at pagkakaroon ng mga kagawian at katangian ng mabuting babae. Hindi maglalaon at mapapasakanila at sa kanilang mga kaedad ang responsibilidad para sa malaking pandaigdigang kapatirang ito ng kababaihan.

Sana ang sasabihin ko sa mensaheng ito ay magbigay sa kanila at sa lahat ng nakikinig o nagbabasa nito ng malinaw na pag-unawa sa iniisip ng Panginoon para sa Kanyang mga anak na babae nang iorganisa ang Relief Society.

### Isang Huwaran ng Pagkadisipulo noong Unang Panahon

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na ang Relief Society ngayon ay inorganisa ayon



sa huwaran ng pagkadisipulo na umiral sa Simbahan noong unang panahon. Nang iorganisa ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan noong panahon ng Bagong Tipan, "ang kababaihan ay mahalagang bahagi sa [Kanyang] ministeryo."[1] Binisita Niya sina Marta at Maria, dalawa sa pinakatapat Niyang mga alagad, sa bahay ni Marta. Habang nakikinig sa Kanya si Marta at pinaglilingkuran Siya ayon sa kaugalian ng panahon nila, tinulungan Niya itong makita na higit pa rito ang kanyang magagawa. Tinulungan Niya sina Marta at Maria na maunawaan na maaari nilang piliin ang "magaling na bahagi," na hindi aalisin sa kanila.[2] Ang magiliw na pagpunang ito ay nagsilbing paanyaya na makibahagi sa ministeryo ng Panginoon. At kalaunan sa Bagong Tipan, ang malakas na patotoo ni Marta sa kabanalan ng Tagapagligtas ay nagbigay sa atin ng ilang ideya tungkol sa kanyang pananampalataya at pagkadisipulo.[3]

Kapag patuloy nating binasa ang Bagong Tipan, malalaman natin na patuloy na itinatag ng mga Apostol ang Simbahan ng Panginoon. Malalaman din natin ang tungkol sa matatapat na kababaihan na ang pagkadisipulo ay nakatulong sa paglago ng Simbahan. Binanggit ni Pablo ang mga babaeng disipulo sa mga lugar na tulad ng Efeso[4] at Filipos.[5] Ngunit nang mawala ang totoong Simbahan ng Panginoon dahil sa apostasiya, nawala rin ang huwarang ito ng pagkadisipulo.

Nang simulang ipanumbalik ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, muli Niyang isinama ang kababaihan sa isang huwaran ng pagkadisipulo. Ilang buwan matapos pormal na itatag ang Simbahan, inihayag ng Panginoon na si Emma Smith ang itatalaga bilang pinuno at guro sa Simbahan at bilang opisyal na katuwang ng kanyang asawa, ang Propeta.[6] Sa tungkulin niyang tulungan ang Panginoon na itayo ang Kanyang kaharian, pinagbilinan siya kung paano dagdagan ang kanyang pananampalataya at sariling kabutihan, paano patatagin ang kanyang pamilya at tahanan, at paano paglingkuran ang iba.

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na simula nang ipanumbalik ang ebanghelyo sa dispensasyong ito, nangailangan na ang Panginoon ng matatapat na kababaihang makikibahagi bilang Kanyang mga disipulo.

Ang isang halimbawa ng kanilang pambihirang kontribusyon ay sa gawaing misyonero. Ang malaking pag-unlad ng Simbahan noong una ay nangyari dahil handa ang matatapat na kalalakihan na iwan ang kanilang mga pamilya upang maglakbay sa mga dikilalang lugar at magdanas ng gutom at hirap sa pagtuturo ng ebanghelyo. Gayunman, naunawaan ng mga lalaking ito na hindi sana naging posible ang kanilang misyon kung wala silang lubos na pananampalataya at pakikipagtuwang ng kababaihan sa kanilang buhay, na nagtaguyod sa mga tahanan at negosyo at naghanapbuhay para sa kanilang mga pamilya at misyonero. Pinangalagaan din ng kababaihan ang libu-libong convert na nagtipon sa kanilang mga komunidad. Taos ang kanilang katapatan sa isang bagong pamumuhay, sa pagtulong na maitayo ang kaharian ng Panginoon at makibahagi sa Kanyang gawain ng kaligtasan.

### Kaugnay ng Priesthood

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Propetang Joseph Smith na iorganisa ang kababaihan ng Simbahan "sa ilalim ng priesthood ayon sa kaayusan ng priesthood"[7] at turuan sila "kung paano mapapasa[kanila] ang mga pribilehiyo, pagpapala at kaloob ng Priesthood."[8]

Nang opisyal nang maorganisa ang Relief Society, nagpatuloy si Emma Smith sa kanyang tungkulin bilang pinuno. Siya ang hinirang na pangulo ng organisasyon, na may dalawang tagapayo na kasama niyang maglilingkod sa panguluhan. Sa halip na piliin sa pagboto ng karamihan, na karaniwan sa mga organisasyon sa labas ng Simbahan, ang panguluhang ito ay tinawag sa pamamagitan ng paghahayag, na sinang-ayunan ng kanilang mga pamumunuan, at itinalaga ng mga lider ng priesthood na maglingkod sa kanilang mga tungkulin, kaya nga sila ay "[tinawag] ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan."[9] Dahil naorganisa sa ilalim ng priesthood, ang panguluhan ay nakatatanggap ng tagubilin ng Panginoon at ng Kanyang propeta para sa isang natatanging gawain. Ang organisasyon ng Relief Society ay nagbigay-daan para mapangasiwaan ang kamalig ng talento, panahon, at kabuhayan ng Panginoon sa matalino at maayos na paraan.

Naunawaan ng unang grupong iyon ng kababaihan na nabigyan sila

ng karapatang turuan, bigyang-inspirasyon, at iorganisa ang kababaihan bilang mga disipulo upang tumulong sa gawain ng Panginoon na magligtas. Sa una nilang mga pulong itinuro sa kababaihan ang mga layuning gumagabay sa Relief Society: palakasin ang pananampalataya at sariling kabutihan, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan.

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na ang organisasyon ng Relief Society noon ay mahalagang bahagi ng paghahanda sa mga Banal para sa mga pribilehiyo, pagpapala, at kaloob na matatagpuan lamang sa loob ng templo. Itinuro ni Pangulong Joseph Fielding Smith na ang Relief Society "ay mahalagang bahagi ng kaharian ng Diyos sa lupa" at "mahusay na ipinlano at pinamamahalaan kaya't natutulungan nito ang matatapat na miyembro upang magkaroon ng buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Ama."[10] Mawawari natin kung ano ang pakiramdam ng kababaihan na makapunta sa Red Brick Store ni Joseph Smith sa unang mga pulong na iyon ng Relief Society, na paharap sa burol kung saan itinatayo ang isang templo nang ituro sa kanila ng Propeta na "dapat ay may isang natatanging samahan na hiwalay sa lahat ng kasamaan ng mundo, piling-pili, mabuti, at banal."[11]

Sana'y pahalagahan ng aking mga apong babae ang templo na tulad ng mga kababaihan ng unang Relief Society, na naniwala na ang mga pagpapala ng templo ang pinakamalaking premyo at dakilang mithiin ng bawat babaeng Banal sa mga Huling Araw. Gaya ng kababaihan ng Relief Society noong araw, sana'y araw-araw ding sikapin ng aking mga apong babae na sapat na mahusto ang kanilang isipan upang gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa templo at kapag nagpunta sila sa templo, pagtutuunan nila ng pansin ang lahat ng sinasabi at ginagawa. Sa pamamagitan ng mga pagpapala ng templo, bibigyan sila ng kapangyarihan[12] at pagpapalaing matanggap "ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos."[13] Sa pamamagitan




ng mga ordenansa ng priesthood na matatagpuan lamang sa mga templo, pagpapalain silang matupad ang kanilang mga banal at walang-hanggang responsibilidad, at mangangako silang mamuhay bilang matatapat na disipulo. Nagpapasalamat ako na ang isa sa mga pangunahing layunin noon ng Panginoon sa pag-organisa sa Relief Society ay bigyan ng responsibilidad ang kababaihan na tulungan ang isa't isa na maghanda "para sa mas dakilang mga pagpapala ng priesthood na matatagpuan sa mga ordenansa at tipan ng templo."[14]

**Ang Kanlungan at Impluwensya ng Pandaigdigang Kapatiran ng Kababaihan**

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae ang mahalagang impluwensya at kakayahan ng malaking pandaigdigang kapatiran ng kababaihan ng Relief Society. Simula noong 1842 lumaganap na ang Simbahan mula sa Nauvoo, at may Relief Society na ngayon sa mahigit 170 bansa, kung saan mahigit 80 wika ang sinasalita ng kababaihan. Bawat linggo ay may inoorganisang mga bagong ward at branch, at ang mga bagong Relief Society ay nagiging bahagi ng lumalawak na kapatiran ng kababaihan, "na nakalatag sa iba't ibang kontinente."[15] Noong kakaunti pa lamang ang mga miyembro ng Relief Society at sa Utah lamang inorganisa, naitutuon ng mga pinuno nito ang kanilang organisasyon at pagkadisipulo sa mga lokal na programang panlipunan at sa magkakaugnay na gawaing pagkawanggawa. Gumawa sila ng mga industriyang pantahanan at nagsagawa ng mga proyekto para magtayo ng mga ospital at mag-imbak ng butil. Nakatulong noon ang mga pagsisikap ng Relief Society sa pagtatatag ng huwaran ng pagkadisipulo na sinusunod na ngayon sa buong mundo. Dahil lumago na ang Simbahan, naisasakatuparan na ngayon ng Relief Society ang mga layunin nito sa bawat ward at branch, bawat



stake at district, habang nakikibagay sa isang pabagu-bagong mundo.

Araw-araw, ang kababaihan ng Relief Society sa buong mundo ay dumaranas ng iba't ibang hamon at karanasan sa buhay. Ang mga babae at kanilang mga pamilya ngayon ay nahaharap sa mga bagay na di-inaasahan; karamdaman sa isip, katawan, at kaluluwa; mga sakuna; at kamatayan. Ang ilang kababaihan ay malungkot at bigo dahil wala silang sariling pamilya, at ang iba naman ay biktima ng mga bunga ng mga maling pasiya ng mga kapamilya. Ang ilan ay nakaranas ng digmaan o gutom o pinsalang dulot ng kalikasan, at ang iba naman ay nahihirapan sa adiksyon, kawalan ng trabaho, o kakulangan sa pinag-aralan at kasanayan. Lahat ng paghihirap na ito ay maaaring subukin ang pananampalataya at ubusin ang lakas ng mga tao at pamilya. Ang isa sa mga layunin ng Panginoon kaya inorganisa ang kababaihan sa pagkadisipulo ay upang magpaginhawa na mag-aalis sa "lahat ng humahadlang sa kagalakan at pag-unlad ng kababaihan."[16] Sa bawat ward at branch, may isang Relief Society na may kababaihang maaaring maghangad at tumanggap ng paghahayag at sumangguni sa mga lider ng priesthood upang mapalakas ang isa't isa at humanap ng mga solusyong akma sa kanilang sariling tahanan at komunidad.


Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na sa pamamagitan ng Relief Society, lalawig ang kanilang pagkadisipulo at maaari silang makasama sa iba sa paggawa ng uri ng gawaing ginawa ng Tagapagligtas. Ang uri ng gawaing ipinagagawa sa kababaihan ng Simbahang ito kailanman ay hindi napakaliit ng sakop o walang halaga sa Panginoon. Sa kanilang katapatan, madarama nila ang Kanyang pagsang-ayon at bibiyayaan ng patnubay ng Kanyang espiritu.

Dapat ding malaman ng aking mga apong babae na ang kapatiran ng Relief Society ay maaaring maglaan ng kaligtasan, kanlungan, at proteksyon.[17] Habang lalong humihirap ang ating panahon, magkakaisa ang matatapat na kapatid sa Relief Society upang protektahan ang mga tahanan ng Sion mula sa nakabibinging tinig ng mundo at sa mapanila at nakapupukaw na impluwensya ng kaaway. At sa pamamagitan ng Relief Society, tuturuan at palalakasin sila, at pagkatapos ay tuturuan at palalakasin pang muli, at ang impluwensya ng mabubuting babae ay magpapala sa mas marami pang anak ng ating Ama.

### Isang Pagkadisipulong Nangangalaga at Naglilingkod

Sana'y maunawaan ng aking mga apong babae na ang visiting teaching ay pagpapakita ng kanilang pagkadisipulo at mahalagang paraan ng paggalang sa kanilang mga tipan. Ang bahaging ito ng ating pagkadisipulo ay dapat maging kahawig ng ministeryo ng ating Tagapagligtas. Noong mga unang araw ng Relief Society, isang visiting committee mula sa bawat ward ang tumanggap ng atas na suriin ang mga pangangailangan at mangolekta ng mga donasyong ipamamahagi sa mga nangangailangan. Sa paglipas ng mga taon, ang kababaihan at mga pinuno ng Relief Society ay unti-unting natuto at napagbuti ang kanilang kakayahang pangalagaan ang iba. May mga pagkakataon na mas nagtuon ang kababaihan sa pagbisita, pagtuturo ng mga aralin, at pag-iiwan ng maiikling sulat sa pintuan kapag naparaan sila sa tahanan ng mga miyembro. Ang mga gawing ito ay nakatulong sa kababaihan na matuto ng mga huwaran sa pangangalaga. Tulad ng mga tao noong panahon ni Moises na nakatuon sa pagsunod sa mahahabang listahan ng mga patakaran, ang kababaihan ng Relief Society kung minsan ay sapilitan ding sumunod sa maraming nakasulat at di-nakasulat na mga patakaran sa hangarin nilang

***Itu, Brazil***



maunawaan kung paano palakasin ang isa't isa.

Sa dami ng kailangang tulong at pagsagip sa buhay ng kababaihan at ng kanilang mga pamilya ngayon, nais ng ating Ama sa Langit na sundin natin ang mas mataas na landas at ipakita ang ating pagkadisipulo sa pamamagitan ng taos na pangangalaga sa Kanyang mga anak. Taglay ang mahalagang layuning ito sa isipan, ang mga pinuno ay tinuturuan ngayong humingi ng mga ulat tungkol sa espirituwal at temporal na kalagayan ng kababaihan at ng kanilang mga pamilya at tungkol sa nagawang paglilingkod.[18] Ngayon ang mga visiting teacher ay may responsibilidad na "taos-pusong kilalanin at mahalin ang bawat babae, tulungan siyang palakasin ang kanyang pananampalataya, at maglingkod."[19]

Bilang matatapat na disipulo ng Tagapagligtas, pinahuhusay pa natin ang ating kakayahang gawin ang mga bagay na gagawin Niya kung Siya ay narito. Alam natin na para sa Kanya ang ating pangangalaga ang mahalaga, kaya nga natin sinisikap na magtuon sa pangangalaga sa ating mga kapatid na babae sa halip na kumpletuhin ang listahan ng mga bagay na gagawin. Ang tunay na ministeryo ay mas nasusukat sa tindi ng ating pag-ibig sa kapwa kaysa sa paggawa ng perpektong estadistika. Malalaman natin na tagumpay tayo sa ating paglilingkod bilang mga visiting teacher kapag masasabi ng ating mga kapatid na babae na, "Tinutulungan ako ng aking visiting teacher na lumago ang aking espirituwalidad" at "Alam kong malaki ang malasakit ng aking visiting teacher sa akin at sa aking pamilya" at "Kung may mga problema ako, alam ko na tutulong ang aking visiting teacher nang hindi na sinasabihan." Ang mga pinunong nakauunawa sa kahalagahan ng paglilingkod sa iba ay mag-uusap upang maghanap at tumanggap ng paghahayag kung paano magpasigla ng mga visiting teacher at magayos at magsagawa ng inspiradong paglilingkod.

Bukod pa rito, ang visiting teaching ay karugtong ng tungkulin ng mga bishop na pangalagaan ang mga tupa ng Panginoon. Kailangan ng bishop at ng Relief Society president ang paglilingkod ng mga inspiradong visiting teacher para tulungan silang gampanan ang kanilang mga responsibilidad. Sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga visiting teacher, malalaman ng isang Relief Society president ang kalagayan ng bawat babae sa ward at maiuulat ito kapag nakipagkita siya sa kanyang bishop.

Itinuro sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na "kapag sinikap nating gampanan nang may di-natitinag na pananampalataya ang mga tungkuling iniatas sa atin, kapag hangad natin ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos sa pagtupad sa ating mga tungkulin, magagawa natin ang imposible."[20] Sana'y makibahagi ang aking mga apong babae sa mga himala sa pagtulong nila na maging huwaran ng pagkadisipulo ang visiting teaching na kikilalanin ng Panginoon sa muli Niyang pagparito.

### Pagsasakatuparan ng mga Layunin ng Relief Society

Ito at ang iba pang mahahalagang turo tungkol sa Relief Society ay makukuha na ngayon para mapag-aralan ng aking mga apong babae sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society.* Ang aklat na ito ay isang talaan ng pamana ng Relief Society at ng kababaihan ng Simbahang ito. Pagkakaisahin at iaayon nito ang pandaigdigang kapatiran ng kababaihan sa mga layunin ng Relief Society at mga huwaran at pribilehiyo ng mga disipulo. Ito ay isang saksi sa mahalagang papel ng mga babae sa plano ng kaligayahan ng ating Ama, at naglalaan ng di-natitinag na pamantayan ng ating pinaniniwalaan, ginagawa, at ipagtatanggol. Hinikayat tayo ng Unang Panguluhan na "pag-aralan ang aklat na ito at hayaang mabigyang-inspirasyon ng walang-hanggang mga katotohanan at nakaaantig na mga halimbawa nito ang [ating] buhay."[21]

Batid na ang organisasyon ng Relief Society ay nilikha ng langit, sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith sa kababaihan ng Relief Society: "Kayo dapat ang umakay sa daigdig at akayin lalo na ang kababaihan ng daigdig. . . . Kayo ang ulo," wika niya, "hindi ang buntot."[22] Habang papalapit ang pagbalik ng Panginoon, sana'y maging malakas at tapat ang aking mga apong babae na ginagamit ang mga alituntunin at huwaran ng Relief Society sa kanilang buhay. Habang ang Relief Society ay nagiging isang paraan ng pamumuhay para sa kanila, sana'y maglingkod sila na nakikiisa sa iba sa pagsasakatuparan ng mga banal na layunin nito. May patotoo ako sa totoong ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo, at nagpapasalamat ako sa huwaran ng pagkadisipulo na ipinanumbalik nang bigyang-inpirasyon ng Panginoon si Propetang Joseph Smith na itatag ang Relief Society. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 3.
2. Tingnan sa Lucas 10:38–42.
3. Tingnan sa Juan 11:20–27.
4. Tingnan sa Mga Gawa 18:24–26; Mga Taga Roma 16:3–5.
5. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:1–4.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 25.
7. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 14.
8. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:602.
9. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5.
10. Joseph Fielding Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 113.
11. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 18.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22; tingnan din sa Sheri L. Dew, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 151.
13. Doktrina at mga Tipan 84:19; tingnan din sa Ezra Taft Benson, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 151.
14. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 155.
15. Boyd K. Packer, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 117.
16. John A. Widtsoe, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 29.
17. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 97.
18. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.5.4.
19. *Handbook 2,* 9.5.1.
20. Thomas S. Monson, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 107.
21. Unang Panguluhan, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* ix.
22. Joseph F. Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 78.



**Ni Silvia H. Allred**
Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang

*Magsumamo na magkaroon ng hangaring mapuspos ng kaloob na pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.*

Kamakailan ay bumisita kaming mag-asawa sa lungsod ng Nauvoo, Illinois. Habang naroon, naupo kami sa silid sa itaas ng Red Brick Store, kung saan nagpatakbo ng negosyo si Propetang Joseph Smith. Nakinig kaming mabuti sa tour guide, na inisa-isa ang ilang makasaysayang pangyayari ng Panunumbalik na naganap doon.

Bumaling ang aking isipan sa pagtatatag ng Relief Society at sa ilang turong natanggap ng kababaihan ng Relief Society mula kay Propetang Joseph sa mismong silid na iyon. Ang mga turong iyon ay naging mga batayang alituntuning pinagsaligan ng Relief Society. Ang mga layuning palakasin ang pananampalataya, patatagin ang mga pamilya sa Sion, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan ay inilatag sa simula pa lamang. Noon pa man ay nakaayon na ang mga ito sa mga turo ng ating mga propeta.

Sa isa sa mga pulong noon, bumanggit si Propetang Joseph mula sa mga sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto. Sa nakaantig niyang pagtalakay tungkol sa pag-ibig sa kapwa, tinukoy ni Pablo ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa, at nagtapos sa, "Nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pagibig."[1]

Inilarawan niya ang mga katangiang nakapaloob sa pag-ibig sa kapwa. Sabi niya:

"Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo.

". . . Hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama;

"Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan;

"Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis.

"Ang pag-ibig ay hindi nagkukulang kailan man."[2]

Nang magsalita sa kababaihan, sinabi ni Propetang Joseph Smith: "Pahalagahan ninyo ang kabutihang ginawa ng inyong kapwa. . . . Kung gagawin ninyo ang ginawa ni Jesus, dapat ninyong pag-ibayuhin ang inyong pagmamahal sa iba. . . . Habang nadaragdagan ang inyong kadalisayan at kabaitan, habang nadaragdagan ang inyong kabutihan, hayaang lalong magmahal ang inyong puso—dagdagan ang inyong pagmamahal at pagkahabag sa iba—kailangan pa ninyong magtiis at magpasensya sa mga pagkukulang at pagkakamali ng sangkatauhan. Napakahalaga ng kaluluwa ng mga tao!"[3]

Ang pahayag sa banal na kasulatan na "Ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang" ay naging motto ng Relief Society dahil tinatanggap nito ang mga turong ito at ang utos na ibinigay ni Propetang Joseph Smith sa kababaihan ng Relief Society na "magbigay-ginhawa sa mga dukha" at "magligtas ng mga kaluluwa."[4]

Tinanggap ng kababaihan ng Relief Society sa iba't ibang panig ng mundo ang mga batayang alituntuning ito, dahil iyan ang likas na gawain ng Relief Society.

Ano ang pag-ibig sa kapwa? Paano tayo magkakaroon ng pag-ibig sa kapwa?

Ipinaliwanag ni Propetang Mormon na ang pag-ibig sa kapwa ay "dalisay na pag-ibig ni Cristo,"[5] at itinuro naman ni Pablo na ang "pagibig . . . [ay] tali ng kasakdalan,"[6] at ipinaalala sa atin ni Nephi na "ang Panginoong Diyos ay nagbigay ng isang kautusan na dapat magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang lahat ng tao, kung aling pag-ibig sa kapwa-tao ay pagmamahal."[7]

Sa pagrerepaso sa naunang paglalarawan ni Pablo sa pag-ibig sa kapwa, nalaman natin na ang pag-ibig sa kapwa ay hindi iisang gawain lamang o isang bagay na ipinamimigay natin, kundi isang pagkatao, isang damdamin ng puso, mga kabaitang pinagmumulan ng pagmamahal.

Itinuro din ni Mormon na ang pag-ibig sa kapwa ay ipinagkakaloob sa mga tunay na disipulo ng Panginoon at dinadalisay ng pag-ibig na iyan ang nagtataglay nito.[8] Bukod pa rito, nalaman natin na ang pag-ibig sa kapwa ay isang banal na kaloob na dapat nating hangarin at ipagdasal

na matamo. Kailangan nating ibigin ang ating kapwa upang manahin ang kahariang selestiyal.[9]

Nauunawaan na inutusan tayo ng Panginoon na "damitan ang [ating] sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao,"[10] dapat nating alamin ang mga katangiang tutulong sa atin upang magkaroon ng pag-ibig sa kapwa.

Dapat muna nating hangaring pag-ibayuhin ang ating pag-ibig sa kapwa at maging higit na katulad ni Cristo.

Ang susunod ay manalangin. Ipinayo sa atin ni Mormon na "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig." Ang makadiyos na pagmamahal na ito ay pag-ibig sa kapwa, at kapag tayo ay napuspos ng ganitong pag-ibig, "tayo ay magiging katulad Niya."[11]

Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw ay itutuon ang ating isipan sa Tagapagligtas at sa hangaring maging higit na katulad Niya.

Sa aking opisina, ipinasiya kong magsabit ng isang larawang ipininta ni Minerva Teichert na pinamagatang *Rescue of the Lost Lamb.* Makikita rito na nakatayo ang Tagapagligtas sa gitna ng Kanyang mga tupa at magiliw na karga ang isang munting tupa. Nakatulong ito sa akin na pag-isipan ko ang Kanyang kahilingang: "Alagaan mo ang aking mga tupa,"[12] na para sa akin ay nangangahulugang paglingkuran ang lahat ng nakapaligid sa inyo at pagtuunan ng pansin ang mga nangangailangan.

Ang Tagapagligtas ang perpektong halimbawa kung paano ibigin ang kapwa. Sa Kanyang mortal na ministeryo kinahabagan Niya ang mga nagugutom, makasalanan, nagdurusa, at may sakit. Naglingkod Siya sa maralita at mayayaman; sa mga babae, bata, at lalaki; sa pamilya, mga kaibigan, at estranghero. Pinatawad Niya ang mga nagparatang sa kanya, at nagdusa Siya at namatay para sa buong sangkatauhan.

***Itu, Brazil***




Sa buong buhay niya nagpakita rin ng pag-ibig sa kapwa si Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng pagmamahal at paggalang sa iba. Kilalang-kilala siya sa kanyang kabaitan, pagmamahal, habag, at malasakit sa mga nakapaligid sa kanya.

Ngayon, mapalad tayong magkaroon ng isang propetang huwaran ng pag-ibig sa kapwa. Si Pangulong Thomas S. Monson ay isang halimbawa sa atin at sa buong mundo. Siya ay may pag-ibig sa kapwa. Siya ay mabait, mahabagin, at mapagbigay; isang tunay na lingkod ng Panginoong Jesucristo.

Itinuro ni Pangulong Monson: "Ang pag-ibig sa kapwa ay pagpapasensya sa isang taong bumigo sa atin. Ito ay paglaban sa bugso ng damdamin na madaling masaktan. Ito ay pagtanggap sa mga kahinaan at pagkukulang. Ito ay pagtanggap sa mga tao kung sino sila talaga. Ito ay pagtingin nang higit pa sa mga panlabas na anyo sa mga katangiang hindi kumukupas sa paglipas ng panahon. Ito ay pagtanggi sa bugsong [husgahan] ang iba."[13]

Kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa, tayo ay handang maglingkod at tumulong sa iba kahit hindi madali para sa atin at hindi naghihintay ng pagkilala o kapalit. Hindi natin hinihintay na atasang tumulong tayo, dahil likas na ito sa atin. Kapag pinili nating maging mabait, mapagmalasakit, mapagbigay, mapagpasensya, maunawain, mapagpatawad, makaibigan, at hindi makasarili, natutuklasan natin na puno tayo ng pag-ibig sa kapwa.

Napakaraming paraan ng Relief Society para makapaglingkod sa iba. Ang isa sa pinakamahahalagang paraan para maipakita ang pag-ibig sa kapwa ay sa visiting teaching. Sa epektibong visiting teaching marami tayong pagkakataong magmahal, maglingkod, at magsilbi sa iba. Ang pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa, o pagmamahal, ay nagpapadalisay at nagpapabanal sa ating kaluluwa, tinutulungan tayong maging higit na katulad ng Tagapagligtas.

Namamangha akong masaksihan ang di-mabilang na pagkakawanggawa ng mga visiting teacher araw-araw sa iba't ibang panig ng mundo na tumutugon sa mga pangangailangan ng bawat miyembrong babae at ng kanilang mga pamilya sa di-makasariling paraan. Sa matatapat na visiting teacher na ito, sinasabi ko, "Sa pamamagitan ng maliliit na pagkakawanggawang iyon, sinusunod ninyo ang Tagapagligtas at nagiging kasangkapan kayo sa Kanyang mga kamay kapag kayo ay tumutulong, nangangalaga, nagpapasigla, nagbibigay-ginhawa, nakikinig, naghihikayat, nagtuturo, at nagpapalakas sa kababaihang nasa inyong pangangalaga." Magbabahagi ako ng ilang maiikling halimbawa ng ganitong paglilingkod.

Si Rosa ay may malubhang diabetes at iba pang karamdaman. Sumapi siya sa Simbahan ilang taon na ang nakararaan. Siya ay nag-iisang magulang na may binatilyong anak. May mga panahon na madalas siyang maospital nang ilang araw. Hindi lamang siya dinadala sa ospital ng kanyang mababait na visiting teacher, kundi binibisita at pinapanatag din siya ng mga ito sa ospital habang binabantayan din ang kanyang anak sa bahay at paaralan. Ang kanyang mga visiting teacher ang nagsisilbing mga kaibigan at pamilya niya.

Matapos ang ilang pagbisita sa miyembrong ito, nalaman ni Kathy na hindi ito marunong magbasa ngunit gustong matuto. Nag-alok ng tulong si Kathy kahit alam niyang maraming oras, tiyaga, at sigasig ang kailangan.

Si Emily ay isang bata pang maybahay na naghahanap ng katotohanan. Ang kanyang asawang si Michael ay di-gaanong interesado sa relihiyon. Nang magkasakit at maospital nang matagal si Emily, si Cali, ang Relief Society sister at kapitbahay rin niya, ang nagdala ng pagkain sa pamilya, nagbantay sa kanilang anak, naglinis ng bahay, at humiling sa lider ng priesthood na basbasan si Emily. Ang pagkakawanggawang ito



ay nagpalambot sa puso ni Michael. Nagpasiya siyang dumalo sa mga pulong ng Simbahan at magpaturo sa mga misyonero. Nabinyagan kamakailan sina Emily at Michael.

Ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang. . . . Ang pagibig ay . . . magandang-loob, . . . hindi hinahanap ang kaniyang sarili, . . . lahat ay binabata, . . . lahat ay tinitiis."[14]

Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring:

"Ang kasaysayan ng Relief Society ay puno ng mga kuwento ng gayong pambihirang di-makasariling paglilingkod. . . .

"Ang samahang ito ay binubuo ng kababaihang ang pag-ibig sa kapwa ay nagmumula sa pusong nagbago dahil sa pagiging karapat-dapat at pagsunod sa mga tipan na tanging sa tunay na Simbahan ng Panginoon lamang makikita. Ang kanilang pag-ibig sa kapwa ay nagmumula sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Ang kanilang pagkakawanggawa ay ginagabayan ng Kanyang halimbawa—at bunga ng pasasalamat para sa Kanyang walang-hangganang kaloob na awa—at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na isinusugo Niya para samahan ang Kanyang mga lingkod sa kanilang [mapagkalingang misyon]. Dahil diyan, nakagawa na sila at nakakagawa sila ng mga pambihirang bagay para sa iba at nagagalak kahit malaki ang sarili nilang mga pangangailangang hindi natutugunan."[15]

Ang paglilingkod at pagkakawanggawa sa iba ay nakatutulong sa atin na makayanan ang sarili nating mga paghihirap at mapagaan ang mga ito.

Babalikan ko ngayon ang mga turo ni Propetang Joseph sa kababaihan noong mga unang araw ng Panunumbalik. Habang hinihikayat ang pagkakawanggawa at kabaitan, sinabi niya: "Kung ipamumuhay ninyo ang mga alituntuning ito, napakadakila at napakaluwalhati ng magiging gantimpala ninyo sa kahariang selestiyal! Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo."[16]

Gaya noong mga unang araw sa Nauvoo, kung saan naghanap at tumulong ang kababaihan sa mga nangangailangan, ganito rin ngayon. Ang kababaihan sa kaharian ay matitibay na haligi ng espirituwal na lakas, mahabaging paglilingkod, at katapatan. Binibisita at pinangangalagaan ng matatapat na visiting teacher ang isa't isa. Sinusunod nila ang halimbawa ng Tagapagligtas at ginagawa ang Kanyang ginawa.

Mapupuspos ng pagmamahal ang lahat ng kababaihan sa Relief Society, batid na ang kanilang mumunting pagkakawanggawa ay nagpapagaling sa iba at sa kanilang sarili. Nalalaman nila nang may katiyakan na ang pag-ibig sa kapwa ay dalisay na pag-ibig ni Cristo at hindi kailanman magkukulang.


Kapag binasa ninyo ang kasaysayan ng Relief Society, mahihikayat kayong malaman na ang mahalagang alituntuning ito ng ebanghelyo ang pinakatema ng buong aklat.

Magtatapos ako sa pag-anyaya sa lahat ng kababaihan sa Simbahan na magsumamo na magkaroon ng hangaring mapuspos ng kaloob na pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Gamitin ang lahat ng mayroon kayo sa paggawa ng mabuti, at tulungan at iligtas ang mga nakapaligid sa inyo, kabilang na ang sarili ninyong pamilya. Pagtatagumpayin kayo ng Panginoon sa inyong mga pagsisikap.

Nawa'y mahikayat tayo ng ating kaalaman tungkol sa dakilang pag-ibig ng Ama at ng Anak para sa atin, at ng ating pananampalataya at pasasalamat sa Pagbabayad-sala, na taglayin at ipadama ang pag-ibig na ito sa lahat ng nakapaligid sa atin. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**


1. I Mga Taga Corinto 13:13.
2. I Mga Taga Corinto 13:4–8.
3. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 28.
4. Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 17.
5. Moroni 7:47.
6. Mga Taga Colosas 3:14.
7. 2 Nephi 26:30.
8. Tingnan sa Moroni 7:48.
9. Tingnan sa Eter 12:34; Moroni 10:21.
10. Doktrina at mga Tipan 88:125.
11. Moroni 7:48.
12. Tingnan sa Juan 21:16–17.
13. Thomas S. Monson, "Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang," *Liahona,* Nob. 2010, 124.
14. I Mga Taga Corinto 13:4, 5, 7, 8.
15. Henry B. Eyring, "Ang Walang-kupas na Pamana ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2009, 121.
16. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 532.



**Ni Barbara Thompson**
Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Tuparin ang mgaTipan

*Kapag sumampalataya tayo kay Cristo at tumupad sa ating mga tipan, magagalak tayong tulad ng sabi sa mga banal na kasulatan at pangako ng ating mga propeta sa mga huling araw.*

"Pasiglahin ang iyong puso at magalak, at tuparin ang mga tipan na iyong ginawa."[1] Nagagalak ako tuwing babasahin ko ang talatang ito. Nagagalak ang puso ko tuwing maiisip ko ang mga pangako at maraming pagpapalang naging bahagi ng buhay ko sa paghahangad na tuparin ang mga tipang ginawa ko sa aking Ama sa Langit.

Dahil pareho nang pumanaw ang aking mga magulang, kinailangang linisin ngayong taon ang bahay nila para maibenta. Nitong nakaraang ilang buwan nang malinis at maiayos naming magkakapatid ang bahay ng aming mga magulang, nakakita kami ng mga kasaysayan ng pamilya at maraming mahahalagang papeles at dokumento. Nakatutuwang basahin ang mga personal na kasaysayan at patriarchal blessing ng aking mga magulang at lolo't lola. Ipinaalala nito sa akin ang mga tipang ginawa at tinupad nila.

Ang lola kong si Ellen Hanks Rymer ay bata pang ina noong 1912 nang matanggap niya ang kanyang patriarchal blessing. Nang mabasa ko ang kanyang blessing, namukod-tangi at nanatili sa isipan ko ang mga linyang ito: "Ikaw ay pinili bago pa itinatag ang mundo, at isang piling espiritu na isinilang sa panahong ito. . . . Ang iyong patotoo ay palalakasin at kakayanin mong magpatotoo. . . . Hangad kang ibagsak ng mangwawasak, ngunit kung mananangan ka sa Diyos, siya [ang mangwawasak] ay walang kapangyarihang wasakin ka. Dahil sa katapatan mo ay magkakaroon ka ng malaking kapangyarihan at tatakas ang mangwawasak mula sa iyong harapan dahil sa iyong kabutihan. . . . Kapag dumating sa iyo ang takot at mga pagsubok mapapanatag ang iyong puso at mawawala ang mga hadlang kung ikaw ay lihim na mananalangin."[2]

Pinangakuan ang lola ko na kung tutuparin niya ang kanyang mga tipan at mananatili siyang malapit sa Diyos, walang kapangyarihan si Satanas sa kanya. Papanatagin siya at tutulungan sa kanyang mga pagsubok. Natupad ang mga pangakong ito sa buhay niya.

Gusto kong magsalita ngayon tungkol sa (1) kahalagahan ng pagtupad sa mga tipan at (2) sa kagalakan at proteksyong nagmumula sa pagtupad sa ating mga tipan.

Ang ilang halimbawang gagamitin ko ay nagmula sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society.* Ang aklat na ito ay puno ng mga halimbawa ng kababaihang nagalak nang husto sa pagtupad sa mga tipan.

### Ang Kahalagahan ng Pagtupad sa mgaTipan

Sinasabi sa Bible Dictionary na ang tipan ay isang kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng tao. "Ang Diyos kung gugustuhin niya ay nagtatakda ng mga kundisyon, na tinatanggap ng tao. . . . Ang ebanghelyo ay isinaayos para matanggap ang mga alituntunin at ordenansa sa pamamagitan ng tipan na isinasailalim ang tumatanggap sa matinding obligasyon at responsibilidad na tuparin ang ipinangako."[3] Sa mga katagang "tuparin ang mga tipan," ang ibig sabihin ng *tuparin* ay "lubusang gawin" ang isang bagay.[4]

Sa mga banal na kasulatan nakikilala natin ang kalalakihan at kababaihang nakipagtipan sa Diyos. Ipinagbilin ng Diyos ang gagawin para pagpitaganan ang mga tipang iyon, at kapag natupad ang mga tipang iyon, saka sumunod ang mga ipinangakong pagpapala.

Halimbawa, sa pamamagitan ng ordenansa ng binyag, nakikipagtipan tayo sa ating Ama sa Langit. Inihahanda natin ang ating sarili na mabinyagan sa pagsampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi sa ating mga kasalanan, at kahandaang taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo. Nangangako tayo na laging sundin ang mga utos ng Diyos at alalahanin ang Tagapagligtas. Nakikipagtipan tayong "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan." Nakikipagtipan tayo na handa tayong makidalamhati sa mga nagdadalamhati at aliwin ang mga nangangailangan ng pag-aliw.[5]

Sa mga banal na templo natatanggap ang iba pang mga sagradong ordenansa at ginagawa ang iba pang mga tipan. Noong mga unang araw ng Panunumbalik, sabik si Propetang Joseph Smith na matanggap ng mga Banal ang mga ipinangakong pagpapala ng templo. Sabi ng Panginoon, "Ang bahay na ito ay itayo sa aking



pangalan, upang aking maihayag ang aking mga ordenansa roon sa aking mga tao."[6]

"Ang isa sa mga layunin ng Panginoon sa pag-organisa ng Relief Society ay upang ihanda ang Kanyang mga anak na babae para sa mas dakilang mga pagpapala ng priesthood na matatagpuan sa mga ordenansa at tipan ng templo. Inasahan ng mga kababaihan noon sa Nauvoo ang pagtatapos ng templo nang may matinding pananabik, sapagkat alam nila, tulad ng ipinangako ni Propetang Joseph Smith kay Mercy Fielding Thompson, na ang endowment ang maglalabas sa kanila 'mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na liwanag.'"[7]

"Dumagsa ang mahigit 5,000 mga Banal sa Nauvoo Temple pagkatapos itong mailaan upang matanggap nila ang endowment at ang ordenansa ng pagbubuklod bago simulan ang kanilang paglalakbay" patungong Salt Lake Valley.[8] Ginugol ni Pangulong Brigham Young at maraming pinuno ng Simbahan at temple worker ang kanilang oras, gabi't araw, sa paglilingkod sa templo upang maisagawa ang mahalagang gawaing ito para sa mga Banal.

Pinalalakas tayo ng ating mga tipan mabuti man o mahirap ang sitwasyon. Ipinaalala sa atin ni Pangulong Boyd K. Packer na "tayo ay "pinagtipanang mga tao. Nakipagtipan tayong ibigay ang ating panahon at salapi at talento—ang buo nating pagkatao at lahat ng ating pag-aari—sa kapakanan ng kaharian ng Diyos sa lupa. Sa madaling salita, nakikipagtipan tayong gumawa ng mabuti. Tayo ay pinagtipanang mga tao, at ang templo ang sentro ng ating mga tipan. Ito ang pinagmumulan ng tipan."[9]

Ipinaalala sa atin ng mga banal na kasulatan, "At ito ang ating magiging tipan—na tayo ay lalakad sa lahat ng ordenansa ng Panginoon."[10]

Dakila ang mga pagpapalang matatanggap natin kapag tinupad natin ang ating mga tipan.

### Nagagalak at Napoprotektahan Tayo sa Pagtupad sa Ating mga Tipan

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang sermon ni Haring Benjamin. Nagturo siya sa mga tao tungkol kay Jesucristo, na paparito Siya sa mundo at daranas ng lahat ng uri ng paghihirap. Itinuro niya sa mga tao na si Cristo ay magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan at sa pamamagitan lamang ng Kanyang pangalan maliligtas ang tao.[11]

Matapos marinig ang magagandang turong ito, nagpakumbaba at buong pusong naghangad ang mga tao na lumaya sa kasalanan at mapadalisay. Nagsisi sila at nagpahayag ng pananampalataya kay Jesucristo. Nakipagtipan sila sa Diyos na susundin nila ang Kanyang mga utos.[12]

"Ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi dahil sa labis na pananampalataya nila kay Jesucristo."[13]

Ang isa pang halimbawa ng kagalakan na nagmumula sa tapat na pagsunod sa mga utos ng Diyos at pagbabahagi ng Kanyang ebanghelyo sa iba ay ipinakita ni Ammon. Si Ammon at kanyang mga kapatid ay naging kasangkapan sa pagtulong sa libu-libong tao na lumapit kay Cristo. Narito ang ilang salitang ginamit ni Ammon upang ipaliwanag ang kanyang damdamin nang mabinyagan at makipagtipan sa Diyos ang napakaraming tao:

"Kaylaki ng dahilan upang tayo ay magalak."[14]

"Ang aking kagalakan ay lubos, oo, ang aking puso ay nag-uumapaw sa kagalakan, at ako ay nagsasaya sa aking Diyos."[15]

"Hindi ko masasabi ang kaliitliitang bahagi ng nararamdaman ko."[16]

"Kailanma'y walang taong may gayong kalaking dahilan upang magsaya kaysa sa atin."[17]

Sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan, napapasaatin ang Banal na Espiritu. Ito ang Espiritung "magpupuspos sa iyong kaluluwa ng kagalakan."[18]

Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ng labis na pagdurusa sa maraming tao sa buong mundo. Nagtiis ng maraming pagsubok ang mga Banal sa Germany. Isang tapat na Relief Society president sa Stuttgart, Germany, si Sister Maria Speidel. Nang ikuwento niya ang kanilang mga pagsubok, sinabi niya: "Ang aming tiwala sa Panginoon at aming patotoo sa kanyang Simbahan ang nagpalakas sa amin. . . . Buong kagalakan naming kakantahin ang mga awitin ng Sion at magtitiwala kami sa Panginoon. Ginawa Niyang maayos ang lahat."[19]

Muli, nang tuparin ng mga miyembro ang kanilang mga tipan, nagalak

sila sa kabila ng maraming pagsubok.

Si Sarah Rich ay isang mabait na babaeng nakatira sa Nauvoo na tinawag na maglingkod sa templo bago pinaalis sa lungsod ang mga Banal. Ito ang sinabi niya tungkol sa mga pagpapala ng mga tipan sa templo: "Marami kaming natanggap na pagpapala sa bahay ng Panginoon, na nagdulot ng galak at kapanatagan sa amin sa gitna ng lahat ng aming pagdurusa at naging dahilan upang sumampalataya kami sa Diyos, batid na gagabayan at palalakasin Niya kami sa walang-katiyakang paglalakbay na aming kakaharapin."[20]

Bago ito, natapos na ng mga Banal ang Kirtland Temple, at maraming dumalo sa paglalaan. Matapos ang paglalaan, tinanggap ng Panginoon ang templo. Sinabi sa kanila ng Panginoon na "labis na [magsaya] bunga ng mga pagpapalang ibubuhos . . . sa mga ulo ng [Kanyang mga] tao."[21]

Sa pagdami ng itinatayong mga banal na templo sa iba't ibang panig ng mundo, nakita ko ang mga pagpapalang dumarating sa buhay ng mga miyembro. Noong 2008 nasaksihan ko ang galak sa mukha ng isang mag-asawa mula sa Ukraine nang sabihin nila sa akin na nagpunta sila sa Freiberg, Germany, upang tanggapin ang kanilang mga ordenansa sa templo. Ang biyahe ng matatapat na miyembrong ito sa bus papuntang templo ay 27 oras at gayon din katagal pauwi, at hindi sila makapunta roon nang madalas. Natuwa sila nang malapit nang matapos ang Kyiv Ukraine Temple at madadalasan na nila ang pagpunta. Bukas na ngayon ang templong iyon, at libu-libo ang nagtatamasa ng mga pagpapala roon.

Nang basahin ko ang personal na kasaysayan ng lola ko, nalaman ko ang malaking galak niya sa kanyang mga tipan. Gustung-gusto niyang magpunta sa templo at magsagawa ng mga ordenansa para sa libu-libong taong pumanaw. Iyon ang misyon niya sa buhay. Naglingkod siya bilang temple worker nang mahigit 20 taon sa Manti Utah Temple. Isinulat niya na marami siyang naranasang mahimalang paggaling para mapalaki niya ang kanyang mga anak at mapaglingkuran



ang iba sa paggawa ng kanilang gawain sa templo. Bilang mga apo niya, kung may alam man kami tungkol kay Lola Rymer, iyon ay na siya ay isang mabuting babaeng tumupad sa kanyang mga tipan at nais niyang gawin din namin iyon. Kapag sinuri ng mga tao ang ating mga pag-aari pagkamatay natin, makakakita ba sila ng katibayan na tinupad natin ang ating mga tipan?

Sabi sa atin ng ating mahal na propetang si Pangulong Thomas S. Monson sa huli nating pangkalahatang kumperensya: "Sa pagpasok natin sa mga banal na bahay ng Diyos, sa pag-alala natin sa mga tipang ginawa natin doon, mas makakaya nating tiisin ang bawat pagsubok at daigin ang bawat tukso. Sa sagradong santuwaryong ito magkakaroon tayo ng kapayapaan; mapapanibago ang ating lakas at titibay."[22]


Muli: "Pasiglahin ang iyong puso at magalak, at tuparin ang mga tipan na iyong ginawa."[23] Ang pagtupad sa mga tipan ay tunay na kagalakan at kaligayahan. Ito ay kapanatagan at kapayapaan. Ito ay proteksyon mula sa mga kasamaan ng mundo. Ang pagtupad sa ating mga tipan ay tutulong sa atin sa mga oras ng pagsubok.

Pinatototohanan ko na kapag sumampalataya tayo kay Cristo at tumupad sa ating mga tipan, magagalak tayong tulad ng sabi sa mga banal na kasulatan at pangako ng ating mga propeta sa mga huling araw.

Mahal kong mga kapatid, mahal ko kayo at sana'y maranasan ninyo ang malaking galak na ito sa sarili ninyong buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 25:13.
2. Patriarchal blessing na ibinigay ni Walter E. Hanks, Okt. 25, 1912, sa Lyman, Wayne County, Utah.
3. Bible Dictionary, "Covenant."
4. *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 ed. (2003), "cleave."
5. Tingnan sa Mosias 18:8–9; tingnan din sa Thomas S. Monson, "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" *Liahona,* Nob. 2009, 85–87.
6. Doktrina at mga Tipan 124:40.
7. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 155–56.
8. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 35.
9. Boyd K. Packer, *The Holy Temple* (1980), 170.
10. Doktrina at mga Tipan 136:4.
11. Tingnan sa Mosias 3:5–18.
12. Tingnan sa Mosias 4:2; 5:5.
13. Mosias 4:3.
14. Alma 26:1.
15. Alma 26:11.
16. Alma 26:16.
17. Alma 26:35.
18. Doktrina at mga Tipan 11:13.
19. Maria Speidel, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 92.
20. Sarah Rich, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 36.
21. Doktrina at mga Tipan 110:9–10.
22. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.
23. Doktrina at mga Tipan 25:13.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Huwag Mo Akong Kalimutan

*Dalangin ko at basbas sa inyo na hindi ninyo malimutan kailanman na kayo ay tunay na mahahalagang anak na babae sa kaharian ng Diyos.*

Mahal kong mga kapatid, nagagalak akong makasama kayo ngayon. Lagi kong inaasam ang taunang general Relief Society meeting na ito at ang magagandang mensaheng ibinibigay rito. Salamat, mga kapatid! Malaking karangalan para sa akin ang maatasan ni Pangulong Thomas S. Monson na magsalita ngayon at magdagdag ng ilang ideya para sa kababaihan ng Simbahan.

Naglakad-lakad kami kanina ng aking asawa at anak na babae sa isang magandang hardin. Namangha ako sa kaluwalhatian at kagandahan ng likha ng Diyos. Pagkatapos ay napansin ko, sa lahat ng magagandang bulaklak, ang pinakamaliit na bulaklak. Alam ko ang tawag sa bulaklak na ito dahil bata pa ako ay giliw na giliw na ako rito. Ang tawag sa bulaklak ay forget-me-not.

Hindi ko tiyak kung bakit naging napakahalaga sa akin ng munting bulaklak na ito sa nagdaang mga taon. Hindi ito mapapansin kaagad, madali itong malagpasan sa dami ng mas malalaki at makukulay na bulaklak; subalit gayon din naman ito kaganda, matingkad ang kulay na tulad ng pinakabughaw na kalangitan—marahil ay isang dahilan iyan kaya ko ito gustung-gusto.

At nariyan pa ang nagsusumamong pangalan nito. May alamat ang mga Aleman na matapos pangalanan ng Diyos ang lahat ng halaman, may isang naiwan. Isang munting tinig ang nagsalita, "Huwag mo akong kalimutan, Panginoon!" At sumagot ang Diyos na ito na ang itatawag dito.

Ngayong gabi gusto kong gamitin ang munting bulaklak na ito bilang metapora. Nahikayat ako ng limang talulot ng munting bulaklak na forget-me-not na mag-isip ng limang bagay na makabubuting huwag nating kalimutan kailanman.

**Una, huwag kalimutang pagpasensyahan ang inyong sarili.**

May gusto akong sabihin sa inyo na sana ay maunawaan ninyo nang mabuti: Alam na alam ng Diyos na kayo at ako ay hindi perpekto.

Idaragdag ko: Alam na alam din ng Diyos na ang mga taong inaakala ninyong perpekto ay hindi naman perpekto.

Subalit gumugugol tayo ng maraming oras at lakas sa paghahambing ng ating sarili sa iba—kadalasan ay ng ating mga kahinaan sa kanilang mga kalakasan. Itinutulak tayo nito na asahan sa ating sarili ang mga bagay na imposibleng magawa. Dahil dito, hindi tayo natutuwa sa mabubuti nating gawa dahil tila hamak iyon kumpara sa ginagawa ng iba.

Lahat ay may mga kalakasan at kahinaan.

Maganda na mayroon kayong mga kalakasan.

At bahagi ng inyong buhay sa lupa ang magkaroon ng mga kahinaan.

Nais tayong tulungan ng Diyos na sa kalaunan ang mga kahinaan ay ating maging lakas,[1] ngunit alam Niya na matatagalan ito. Nais Niya tayong maging perpekto,[2] at kung mananatili tayo sa landas ng pagkadisipulo, balang-araw ay mangyayari iyon. Ayos lang na hindi pa kayo perpekto. Patuloy itong pagsikapan, ngunit huwag parusahan ang inyong sarili.

Mahal na mga kapatid, marami sa inyo ang lubhang mahabagin at mapagpasensya sa mga kahinaan ng iba. Tandaan lamang na kahabagan at pagpasensyahan din ang inyong sarili.

Sa ngayon, magpasalamat sa maliliit na tagumpay sa inyong tahanan, sa pagsasamahan ng inyong pamilya, sa inyong edukasyon at kabuhayan, sa pakikibahagi ninyo sa Simbahan at pagpapahusay sa sarili. Gaya ng mga forget-me-not, ang mga tagumpay na ito ay maaaring tila maliit para sa inyo at hindi mapansin ng iba, ngunit napapansin ito ng Diyos at hindi ito maliit para sa Kanya. Kung iniisip ninyo na ang pinakaperpektong rosas o kaakit-akit na orchid lamang ang tagumpay, maaaring lumagpas sa inyo ang ilan sa pinakamatatamis na karanasan sa buhay.

Halimbawa, ang paggigiit na magkaroon kayo ng isang "perpektong" family home evening bawat linggo—kahit maging miserable kayo at ang lahat ng nasa paligid ninyo—ay maaaring hindi ang siyang pinakamagandang gawin. Sa halip, itanong sa sarili, "Ano ang magagawa namin bilang pamilya na nakatutuwa at espirituwal

at maglalapit sa amin sa isa't isa?" Ang family home evening na iyon—kahit maikli at hamak ang pagdaraos—ay maaaring mas positibo ang mga resulta sa katagalan.

Mahaba pa ang ating lalakbayin para maging perpekto, ngunit mamamangha tayo at liligaya kahit sa pinakamaliliit na hakbang sa paglalakbay na iyon.

**Ikalawa, huwag kalimutan ang pagkakaiba ng mabuting sakripisyo sa walang-kabuluhang sakripisyo.**

Ang isang katanggap-tanggap na sakripisyo ay kapag ipinagpalit natin ang isang mabuting bagay para sa isang bagay na mas mahalaga.

Ang gumising para tulungan ang isang batang nananaginip ng masama ay isang mabuting sakripisyo. Alam nating lahat ito. Ang maglamay sa magdamag, na makasasama sa inyong kalusugan, para gawan ng perpektong palamuti ang damit-pangsimba ng isang anak na babae ay maaaring hindi mabuting sakripisyo.

Ang paglalaan ng kaunting oras natin sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan o paghahandang magturo ng isang aralin ay isang mabuting sakripisyo. Ang paggugol ng maraming oras sa pananahi ng titulo ng aralin sa gawang-bahay na mga pot holder para sa bawat miyembro ng inyong klase ay maaaring hindi mabuti.

Bawat tao at sitwasyon ay naiiba, at ang isang mabuting sakripisyo sa isang pagkakataon ay maaaring walang kabuluhan sa ibang pagkakataon.

Paano natin masasabi ang pagkakaiba sa sarili nating sitwasyon? Maitatanong natin sa sarili, "Inilalaan ko ba ang aking oras at lakas sa mga bagay na pinakamahalaga?" Napakaraming mabubuting bagay na gagawin, ngunit hindi natin magagawa ang lahat. Labis na nalulugod ang ating Ama sa Langit kapag nagsakripisyo tayo ng isang mabuting bagay para sa isang bagay na mas mahalaga. Kung minsan, maaaring ito ay pag-aalaga sa maliliit ngunit magagandang bulaklak na forget-me-not sa halip na sa isang malaking hardin ng pambihirang mga bulaklak.



**Ikatlo, huwag kalimutang maging maligaya ngayon.**

Sa magandang kuwentong pambatang *Charlie and the Chocolate Factory,* nagtago ng gintuang tiket sa lima niyang kendi ang mahiwagang tagagawa ng kendi na si Willy Wonka at ibinalita na sinumang makakita sa isa sa mga tiket na ito ay makapaglilibot sa kanyang pabrika at habambuhay na susuplayan ng tsokolate.

Nakasulat sa bawat gintuang tiket ang mensaheng ito: "Binabati kita, ang suwerteng nakakita sa Gintuang Tiket na ito . . . ! Magagandang bagay ang naghihintay sa iyo! Magagandang sorpresa ang naghihintay sa iyo! . . . Mahiwaga at kagila-gilalas na mga sorpresa . . . ang magpapasaya . . . magpapamangha at magpapamaang sa iyo."[3]

Sa kuwentong pambatang ito, desperadong makakita ng gintuang tiket ang mga tao sa buong mundo. Pakiramdam ng ilan, buong kaligayahan nila sa hinaharap ay depende sa kung mapasakamay nila o hindi ang gintuang tiket. Sa kanilang kasabikan, nakalimutan ng mga tao ang simpleng galak na dati nilang nalasap sa pagkain ng tsokolate. Ang tsokolate mismo ay naging malaking kabiguan kung wala roon ang gintuang tiket.

Napakaraming tao ngayon ang naghihintay sa sarili nilang gintuang tiket—ang tiket na pinaniniwalaan nilang siyang susi sa kaligayahang matagal na nilang pinapangarap. Para sa ilan, ang gintuang tiket ay maaaring isang perpektong pag-aasawa; para sa iba, isang napakagandang bahay; o marahil ay kalayaan sa problema o alalahanin.

Hindi masamang masabik sa mabubuting bagay—inaasam at hinahangad natin ang mga bagay na "marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri."[4] Nagkakaroon ng problema kapag ipinagpaliban natin ang ating kaligayahan sa paghihintay nating lumitaw ang isang bagay—ang ating gintuang tiket.

May isang babaeng walang ibang ninais kundi ang makasal sa templo sa isang mabuting maytaglay ng

priesthood at maging isang ina at kabiyak. Pinangarap niya ito sa buong buhay niya, at ah, siya ay magiging mabuting ina at mapagmahal na asawa. Ang kanyang tahanan ay mapupuno ng pag-ibig at kabutihan. Walang masamang salita ang masasambit dito. Walang pagkaing masusunog. At ang kanyang mga anak, sa halip na makibarkada sa kanilang mga kaibigan, ay mas gugustuhing makasama ang kanilang Inay at Itay tuwing gabi at katapusan ng linggo.

Ito ang kanyang gintuang tiket. Ito ang isang bagay kung saan sa pakiramdam niya ay nakasalalay ang kanyang buong buhay. Ito ang isang bagay sa buong mundo na pinanabikan niyang dumating.

Ngunit hindi ito nangyari kailanman. At, sa paglipas ng mga taon, lalo pa siyang lumayo sa karamihan, sumama ang loob, at nagalit pa. Hindi niya maunawaan kung bakit ayaw ipagkaloob sa kanya ng Diyos ang kanyang mabuting naisin.

Naging guro siya sa elementarya, at ang makasama ang mga bata sa buong maghapon ay nagpaalala lang sa kanya na hindi lumitaw kailanman ang kanyang gintuang tiket. Sa pagdaan ng mga taon lalong sumama ang kanyang loob at lumayo siya sa karamihan. Ayaw siyang makasama ng mga tao at iniwasan siya hangga't maaari. Pinagbuntunan pa niya ng galit ang mga bata sa paaralan. Natagpuan niya na hindi na siya makapagtimpi, at kung hindi siya galit ay malungkot naman siya.

Ang malungkot sa kuwentong ito ay na ang babaeng ito, sa kabiguang makamtan ang kanyang gintuang tiket, ay hindi napansin ang mga pagpapalang *mayroon* siya. Wala nga siyang anak sa kanyang tahanan, ngunit nakapaligid ang mga ito sa kanya sa klase. Hindi siya pinagpalang magkapamilya, ngunit binigyan siya ng isang pagkakataon ng Panginoon na iilang tao lang ang mayroon—pagkakataong impluwensyahan sa kabutihan ang buhay ng daan-daang bata at pamilya bilang guro.

Ang aral dito ay na kung gugugulin natin ang ating panahon sa paghihintay sa magagandang rosas, lalagpasan tayo ng kagandahan ng maliliit na forget-me-not na nasa ating paligid.

Hindi ibig sabihin ay huwag na tayong umasa o magpalit tayo ng mga mithiin. Huwag tumigil sa pagsisikap na matamo ang pinakamainam sa inyo. Huwag tumigil sa pag-asam sa lahat ng mabubuting naisin ng inyong puso. Ngunit huwag ipikit ang inyong mga mata at puso sa simple at eleganteng kagandahan ng mga karaniwang sandali sa bawat araw na bumubuo sa masagana at makabuluhang buhay.

Ang pinakamaliligayang taong kilala ko ay hindi yaong nakakita sa kanilang gintuang tiket; sila yaong habang pinagsisikapan ang makabuluhang mga mithiin, ay natuklasan at pinakaingatan ang ganda at tamis ng mga sandali sa araw-araw. Sila yaong nakadarama ng pasasalamat at pagkamangha sa buong buhay nila, nang paunti-unti araw-araw. Sila yaong tunay na maligaya.

**Ikaapat, huwag kalimutan "kung bakit" may ebanghelyo.**

Kung minsan, sa araw-araw nating gawain sa buhay, hindi sadyang nalilimutan natin ang isang mahalagang aspeto ng ebanghelyo ni Jesucristo, na tulad ng pagkalimot ng isang tao sa maganda at maselang forget-me-not. Sa masisigasig nating pagsisikap na gampanan ang lahat ng tungkulin at obligasyon natin bilang mga miyembro ng Simbahan, ang tingin natin sa ebanghelyo kung minsan ay isang mahabang listahan ng mga dapat nating idagdag sa mahaba nang listahan ng mga "gagawin" natin, ilang oras na kailangang isingit sa ating abalang iskedyul. Nagtutuon tayo sa *kung ano* ang nais ipagawa sa atin ng Panginoon at *kung paano* natin ito gagawin, ngunit kung minsan ay nalilimutan natin *kung bakit*.

Mahal kong mga kapatid, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi isang obligasyon; ito ay isang landas, na minarkahan ng ating mapagmahal na Ama sa Langit, patungo sa kaligayahan at kapayapaan sa buhay na ito at kaluwalhatian at di-maipaliwanag na katuparan sa buhay na darating. Ang ebanghelyo ay isang liwanag na tumatagos sa mortalidad at tumatanglaw sa ating landas.

Samantalang kailangang unawain "kung ano" ang ebanghelyo at "kung paano" ito gumagana, ang walang hanggang alab at kamahalan nito ay nagmumula sa "kung bakit" mayroon nito. Kapag naunawaan natin *kung bakit* ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang huwarang ito ng pamumuhay, kapag naalala natin *kung bakit* tayo nangakong gawin itong pundasyon ng ating buhay, hindi na nagiging pabigat ang ebanghelyo at, sa halip, ito ay nagiging galak at kasiyahan. Ito ay nagiging mahalaga at matamis.

Huwag tayong tumahak sa landas ng pagkadisipulo na nakapako ang tingin sa lupa, na iniisip lamang ang ating mga tungkulin at obligasyon. Huwag tayong lumakad nang hindi pansin ang kagandahan ng maluwalhati at espirituwal na mga tanawin sa ating paligid.

Mahal kong mga kapatid, hangarin ang kamahalan, kagandahan, at nakatutuwang kagalakan ng "kung bakit" may ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang "kung ano" at "kung paano" ng pagsunod ay minamarkahan ang daan at pinananatili tayo sa tamang landas. Ang "kung bakit" ng pagsunod ay nagpapadalisay sa ating mga gawain, ginagawang maringal ang karaniwan. Ginagawa nitong mga banal na gawain ng paglalaan ang ating mumunting pagsunod.

**Ikalima, huwag kalimutan na mahal kayo ng Panginoon.**

Noong bata pa ako, tuwing titingnan ko ang mga munting forget-menot, kung minsan pakiramdam ko ay para akong bulaklak na iyon—maliit at walang halaga. Inisip ko kung kalilimutan ako ng pamilya ko o ng aking Ama sa Langit.

Paglipas ng mga taon malilingon ko ang batang iyon nang magiliw at may habag. At alam ko na ngayon—hindi ako nalimutan kailanman.

At may iba pa akong alam: bilang Apostol ng ating Panginoong Jesucristo, ipinapahayag ko nang



buong katiyakan at paniniwala sa aking puso—maging kayo man!

Hindi kayo kinalilimutan.

Mga kapatid, saanman kayo naroon, anuman ang inyong sitwasyon, hindi kayo kinalilimutan. Gaano man kahirap ang inyong mga araw, gaano man kawalang-halaga ang pakiramdam ninyo sa inyong sarili, gaano man kayo kahamak sa inyong paningin, hindi kayo kinalilimutan ng inyong Ama sa Langit. Katunayan, mahal Niya kayo, nang walang hanggan.

Isipin lang ninyo: Kilala at naaalala kayo ng pinakamaringal, pinakamakapangyarihan, at pinakamaluwalhating Nilalang sa sansinukob! Minamahal kayo ng Hari ng kalawakan at ng panahong walang hanggan!

Siya na lumikha at nakaaalam sa mga bituin ay kilala kayo sa pangalan—kayo ang mga anak na babae sa Kanyang kaharian. Isinulat ng Mang-aawit:

"Pagka binubulay ko ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, ang buwan at ang mga bituin na iyong inayos;

"Ano ang tao upang iyong alalahanin siya? . . .

"Sapagka't iyong ginawa siyang kaunting mababa lamang kay sa Dios, at pinaputungan mo siya ng kaluwalhatian at karangalan."[5]

Mahal kayo ng Diyos dahil kayo ay Kanyang anak. Mahal Niya kayo kahit kung minsan ay nalulungkot kayo o nagkakamali.

Ang pag-ibig ng Diyos at kapangyarihan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay tumutubos at nagliligtas. Kung tutulutan lang ninyo ang Kanyang banal na pag-ibig sa inyong buhay, paghihilumin nito ang anumang sugat at sakit, at papalisin ang anumang dalamhati.

Mahal kong mga kapatid sa Relief Society, mas malapit kayo sa langit kaysa akala ninyo. Mas marami pang nakalaan sa inyo kaysa kaya ninyong wariin. Patuloy na pag-ibayuhin ang inyong pananampalataya at personal na kabutihan. Ipamuhay ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Itangi ang kaloob na maging aktibo sa dakilang at totoong Simbahang ito. Pakaingatan ang kaloob na paglilingkod sa pinagpalang organisasyon ng Relief Society. Patuloy na patatagin ang mga tahanan at pamilya. Patuloy na hanapin at tulungan ang ibang nangangailangan ng tulong ninyo at ng Panginoon.

Mga kapatid, may isang bagay na nagbibigay-inspirasyon at nakaaantig sa munting bulaklak na forget-me-not. Sana'y maging simbolo ito ng maliliit na bagay na nagpapagalak at nagpapatamis sa inyong buhay. Huwag sanang kalimutan kailanman na kailangan ninyong magpasensya at mahabag sa inyong sarili, na ang ilang sakripisyo ay mas mabuti kaysa iba, na hindi ninyo kailangang hintayin ang inyong ginintuang tiket upang lumigaya. Huwag sanang kalimutan kailanman na ang "kung bakit" ng ebanghelyo ni Jesucristo ay magbibigay-inspirasyon at magpapasigla sa inyo. At huwag kalimutan kailanman na kilala, mahal, at itinatangi kayo ng inyong Ama sa Langit.

Salamat sa kung sino kayo. Salamat sa di-mabilang na pagpapakita ninyo ng pagmamahal at paglilingkod sa marami. Salamat sa lahat ng gagawin pa ninyo upang maghatid ng galak ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga pamilya, sa Simbahan, sa inyong komunidad, at sa mga bansa sa mundo.

Mga kapatid, mahal namin kayo. Dalangin ko at basbas sa inyo na hindi ninyo malimutan kailanman na kayo ay tunay na mahahalagang anak na babae sa kaharian ng Diyos, sa sagradong pangalan ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Eter 12:27.
2. Tingnan sa 3 Nephi 12:48.
3. Roald Dahl, *Charlie and the Chocolate Factory* (1964), 55–56.
4. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
5. Mga Awit 8:3–5.

# Indeks ng mga Kaganapan sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay magagamit sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang mga numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

| TAGAPAGSALITA | KUWENTO |
|---|---|
| **Elder Richard G. Scott** | (6) Gumawa si Richard G. Scott ng audio recording ng Aklat ni Mormon para sa kanyang pamilya. |
| **Elder José L. Alonso** | (14) Nawala ang binatilyong anak ng nag-aalalang mga magulang sa abalang Mexico City. |
| **Pangulong Boyd K. Packer** | (16) Tinanggap ni Boyd K. Packer ang kanyang patriarchal blessing. |
| **Pangulong Dieter F. Uchtdorf** | (19) Tumulong si Dieter F. Uchtdorf sa pagtatayo ng isang meetinghouse habang nagsasanay sa air force bilang piloto.<br>Naging magandang impluwensya ang isang tapat na mag-asawa sa mga nasa paligid nila. |
| **Elder David A. Bednar** | (24) Nagturo ng family history class ang isang binatilyong Aaronic Priesthood. |
| **Elder Neil L. Andersen** | (28) Nagpasiya si James O. Mason at ang kanyang asawa na huwag nang maghintay na magkaanak.<br>Nag-ampon ng mga bata sina Scott at Becky Dorius pagkaraan ng 25 taon ng pagsasama bilang mag-asawa. |
| **Elder Carl B. Cook** | (33) Hinimok ni Thomas S. Monson si Carl B. Cook na tumingin sa itaas.<br>Nagpakawala ng "mga pasanin" sa langit ang kababaihan sa pamamagitan ng pagpapalipad ng mga lobo. |
| **Elder LeGrand R. Curtis Jr.** | (35) Nakatagpo ng katubusan ang mga aktibong miyembro nang anyayahan silang magbalik sa simbahan. |
| **Elder D. Todd Christofferson** | (38) Naalala ng nakaligtas sa Donner Party ang umaga na nakita niya ang Johnson's Ranch. |
| **Elder W. Christopher Waddell** | (50) Nakilala ng misyonerong si Javier Misiego ang lalaking nagbinyag sa kanyang ama. |
| **Pangulong Henry B. Eyring** | (56) Binisita ng bata pang si Henry B. Eyring at ng kanyang bishop ang isang miyembrong babae sa kanilang ward.<br>Nirepaso nina Gordon B. Hinckley at Henry B. Eyring ang isang manuskrito sa hatinggabi. |
| **Pangulong Thomas S. Monson** | (60) Inakala ni Thomas S. Monson na siya lang ang miyembro ng Simbahan sa boot camp.<br>Kinausap ni Thomas S. Monson ang mga tao sa bus tungkol sa Simbahan. |
| **Pangulong Henry B. Eyring** | (68) Nagsalita si Henry B. Eyring sa isang unibersidad kung saan sinabihan siyang huwag magpatotoo tungkol kay Jesucristo.<br>Isinama ni Henry B. Eyring ang kanyang mga anak na babae para bisitahin ang isang kaibigang may terminal cancer.<br>Nagbihis ng pangsimba ang isang naghihingalong lalaki para sa basbas ng priesthood.<br>Ilang taon matapos lumayas ng bahay, binasa ng isang lalaki ang Aklat ni Mormon at nagtamo ng patotoo. |
| **Elder Tad R. Callister** | (74) Nagpatotoo ang isang dalaga sa kanyang kaibigan tungkol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. |
| **Pangulong Thomas S. Monson** | (82) Nalaman ni Thomas S. Monson ang kapangyarihan ng panalangin matapos makita ang limang dolyar na inakala niyang naiwala niya.<br>Nagkainspirasyon si Thomas S. Monson na ipahayag na si Peter Mourik ang magsasalita sa paglalaan ng Frankfurt Germany Temple. |
| **Elder Russell M. Nelson** | (86) Pinahalagahan ng mga miyembrong Ruso ang kanilang kasal sa templo. |
| **Elder Randall K. Bennett** | (98) Hindi pinansin ni Randall K. Bennett ang mga babala na malakas ang alon sa karagatan. |
| **Elder J. Devn Cornish** | (101) Mahimalang nakakita ng isang quarter si J. Devn Cornish bilang sagot sa kanyang dalangin. |
| **Elder Quentin L. Cook** | (104) Kinansela ni Alma Sonne ang mga reserbasyon para sa *Titanic.*<br>Nasawi si Irene Corbett habang sakay ng *Titanic.* |
| **Silvia H. Allred** | (114) Inaliw ng mga visiting teachers ang isang miyembrong babaeng marami nang sakit.<br>Nagpabinyag ang isang lalaki matapos paglingkuran ng mga visiting teacher ang kanyang pamilya. |
| **Pangulong Dieter F. Uchtdorf** | (120) Naging magagalitin ang isang babae dahil wala siyang asawa at mga anak. |

# Mga Turo para sa Ating Panahon

Ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa mga ikaapat na Linggo ay iuukol sa "Mga Turo para sa Ating Panahon." Bawat aralin ay maaaring ihanda mula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa tsart sa ibaba). Maaaring piliin ng mga stake at district president ang mga mensaheng dapat gamitin, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president. Dapat bigyang-diin ng mga lider na mahalagang magkapareho ang mensaheng pag-aaralan ng mga kapatid sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa mga Linggong ito.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan at dalhin sa klase ang pinakahuling isyu ng magasin sa pangkalahatang kumperensya.

**Mga Mungkahi sa Paghahanda ng Aralin mula sa mga Mensahe**

Ipagdasal na mapasainyo ang Banal na Espiritu habang pinag-aaralan at itinuturo ninyo ang (mga) mensahe. Maaari kayong matuksong maghanda ng aralin gamit ang ibang mga materyal, ngunit ang mga mensahe sa kumperensya ang inaprubahang kurikulum. Ang tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ayon sa itinuro sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya ng Simbahan.

Repasuhin ang (mga) mensahe, na naghahanap ng mga alituntunin at doktrinang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Maghanap din ng mga kuwento, reperensya sa banal na kasulatan, at mga pahayag mula sa (mga) mensahe na tutulong sa inyo na maituro ang mga katotohanang ito.

Gumawa ng outline kung paano ituturo ang mga alituntunin at doktrina. Dapat isama sa outline ninyo ang mga tanong na makakatulong sa mga miyembro ng klase:


- Hanapin ang mga alituntunin at doktrina sa (mga) mensahe.
- Isipin ang kahulugan ng mga ito.
- Magbahagi ng pagkaunawa, mga ideya, karanasan, at patotoo.
- Ipamuhay ang mga alituntunin at doktrinang ito. ■


| MGA BUWAN NA ITUTURO ANG MGA ARALIN | MGA MATERYAL NG ARALIN SA IKAAPAT NA LINGGO |
|---|---|
| Nobyembre 2011–Abril 2012 | Mga mensaheng inilathala sa Nobyembre 2011 *Liahona** |
| Mayo 2012–Oktubre 2012 | Mga mensaheng inilathala sa Mayo 2012 *Liahona** |

**Ang mga mensaheng ito ay makukuha sa maraming wika sa conference.lds.org.*

## Mga General Auxiliary Presidency


### RELIEF SOCIETY



Silvia H. Allred
Unang Tagapayo


Julie B. Beck
Pangulo


Barbara Thompson
Pangalawang Tagapayo


### YOUNG WOMEN



Mary N. Cook
Unang Tagapayo



Elaine S. Dalton
Pangulo


Ann M. Dibb
Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY



Jean A. Stevens
Unang Tagapayo


Rosemary M. Wixom
Pangulo


Cheryl A. Esplin
Pangalawang Tagapayo


### YOUNG MEN


Larry M. Gibson
Unang Tagapayo


David L. Beck
Pangulo


Adrián Ochoa
Pangalawang Tagapayo

### SUNDAY SCHOOL


David M. McConkie
Unang Tagapayo


Russell T. Osguthorpe
Pangulo


Matthew O. Richardson
Pangalawang Tagapayo



***Isang dibuho ang nagpapakita ng muling pagtatayo sa Provo Tabernacle, na tinupok ng apoy, bilang pangalawang templo sa Provo, Utah, USA.***

# Ika-181 Ikalawang Taunang Pangkalahatang kumperensya

Mahigit 100,000 tao ang dumalo sa limang sesyon ng ika-181 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Oktubre 1 at 2. Milyun-milyon pa ang nanood o nakinig sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, at Internet.

Sa unang sesyon noong ika-1 ng Oktubre, ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson ang mga pagtatayuan ng anim na bagong templo: Barranquilla, Colombia; Durban, South Africa; Kinshasa, Democratic Republic of the Congo; Paris, France; Provo, Utah, USA; at Star Valley, Wyoming, USA.

Kasunod ng pahayag na ito, inanyayahan ni Pangulong Monson ang mga miyembro na mag-ambag sa General Temple Patron Assistance Fund ng Simbahan. "Sa pondong ito tutustusan ang isang beses na pagbisita sa templo ng mga miyembrong hindi makapunta sa templo," sabi niya.

Noong Sabado ng hapon, ibinalita ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang bagong bahagi ng youth.lds.org—FamilySearch Youth and Family History (lds.org/familyhistoryyouth). Layunin ng bagong bahaging ito na tulungan ang kabataan na tuklasin ang kanilang family history at paglingkuran ang kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng paghahanap ng kanilang mga talaan. (Tingnan ang artikulo sa pahina 128.)

Sa sesyon ding ito, ini-release si Elder Claudio R. M. Costa mula sa Panguluhan ng Pitumpu. Ang sinang-ayunan bilang Panguluhan ng Pitumpu ay si Elder Tad R. Callister (tingnan ang pahina 128 para sa kanyang talambuhay). Labindalawang Pitumpu at Area Seventy ang ini-release o kinilala bilang emeritus (tingnan sa pahina 23 para sa mga pagsang-ayon at pag-release).

Sa kanyang mensahe noong Linggo ng umaga, ipinaalala ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa bawat isa ang panawagan—na ibinigay noong pangkalahatang kumperensya ng Abril ng taong ito—na makibahagi ang mga miyembro sa isang araw na paglilingkod sa taong 2011 (tingnan sa Henry B. Eyring, "Mga Pagkakataong Gumawa ng Mabuti," *Liahona,* Mayo 2011, 22).

Nakilahok ang mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo sa kumperensyang isinahimpapawid sa 93 wika. Para malaman kung kailan magkakaroon ng teksto, audio, at bersyon sa video ng kumperensya sa iba't ibang wika, bisitahin ang lds.org/general-conference/when-conference-materials-will-be-available. ■

# *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian:* Isang Makasaysayang Gawain para sa Kababaihang LDS Ngayon

**Ni Chelsee Niebergall**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society,* isang bagong aklat na inihanda sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, ay naglalaman ng pamana ng Relief Society at ng kababaihan ng Simbahan, sabi ni Julie B. Beck, Relief Society general president, noong Setyembre 2011 sa pangkalahatang pulong ng Relief Society.

"Pagkakaisahin at iaayon nito ang pandaigdigang kapatiran ng kababaihan sa mga layunin ng Relief Society at mga huwaran at pribilehiyo ng mga disipulo," sabi niya. "Ito ay isang saksi sa mahalagang papel ng mga babae sa plano ng kaligayahan ng ating Ama, at naglalaan ng di-natitinag na pamantayan ng ating pinaniniwalaan, ginagawa, at ipagtatanggol" (pahina 113 ng isyung ito).

Ayon kay Sister Beck ang aklat ay nagsisilbing pundasyon ng pagkakakilanlan ng kababaihan bilang mga anak ng Diyos. Sa pag-aaral ng mga tao sa aklat, sabi niya, makikita nila kung paano nakaiimpluwensya sa buhay ng bawat kapatid na babae sa Simbahan ang Relief Society

**Paano Ginawa ang Aklat**

Nagsimula ang proyekto bilang asaynment mula sa Unang Panguluhan. Si Susan W. Tanner, dating Young Women general president, ang itinalagang sumulat ng aklat. Sina Sister Beck at kanyang mga tagapayo, sina Silvia H. Allred at Barbara Thompson, ang inatasang pamahalaan ang gawain

© 2011 INTELLECTUAL RESERVE, INC. ANG LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN


LARAWANG KUHA NI RICK WALLACE

at makipagtulungan kay Sister Tanner, sa mga patnugot, taga-disenyo, at iba pa para maisagawa ito ayon sa diwa ng paghahayag. "Hindi pa ako nakagawa kailanman noon ng proyektong may higit na patnubay ng Espiritu kaysa rito," sabi ni Sister Beck.

Bahagi ng prosesong iyan ang pagpapasiya kung alin sa libu-libong pahina ng mga makasaysayang tala ang isasama sa aklat. Nirepaso ni Sister Beck, kanyang mga tagapayo, at si Sister Tanner ang mga katitikan [minutes] mula sa mga pulong ng Relief Society sa Nauvoo at iba pang mga kasaysayan at tala tungkol sa Relief Society at sa kababaihan ng Simbahan.

Ang naging resulta nito, ayon kay Sister Beck, ay hindi karaniwang aklat ng mga kasaysayan na pinagsunud-sunod kundi isang espirituwal na kasaysayan ng kababaihan ng Simbahan at Relief Society.

"Pinag-aaralan natin ang ating kasaysayan dahil tinutulungan tayo nito na magbago," sabi ni Sister Beck sa kanyang mensahe noong pangkalahatang pulong ng Relief Society ng Setyembre 2010. "Sa huli, ang kahalagahan ng kasaysayan ay hindi batay sa petsa, panahon, at lugar nito. Mahalaga ito dahil itinuturo sa atin ang mga alituntunin, layunin, at huwarang dapat nating sundin, at ipinaaalam sa atin kung sino tayo at ano ang ating gagawin, at pinagkakaisa tayo sa pagpapatatatag ng mga tahanan ng sion o ng kaharian ng Diyos sa lupa" ("Mga Anak na Babae sa aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2010, 115).

Bagama't may sinusunod na time line ang aklat, inilalarawan ang mga turo nito sa mga kabanatang naaayon sa panahon. Gumagamit ito ng mga kuwento at halimbawa mula sa banal na kasulatan at makabagong panahon, mga salita ng mga propeta, at mula sa mga lider ng Relief Society para ituro ang mahahalagang mensahe nito.

**Ang impluwensya ng Aklat**

Ayon pa kay Sister Beck matututuhan ng kababaihan sa pamamagitan ng aklat kung paano isakatuparan ang mga layunin ng Relief Society sa kanilang buhay at bilang kapatiran ng mga disipulong tumutupad sa tipan.

"Matututuhan nila ang kahulugan ng pagpapaibayo ng pananampalataya at kabutihan ng sarili, pagpapalakas ng mga pamilya at tahanan, at paghanap at pagtulong sa mga nangangailangan," sabi ni Sister Beck nang kapayanamin ng Church magazines. "Kapag naunawaan ng kababaihan ang kanilang tungkulin sa gawain ng Relief Society, mauunawaan nila ang laki ng impluwensyang nagagawa ng kababaihan sa pag-unlad ng Simbahan, noon at ngayon, at malalaman nila ang kanilang layunin at identidad."

Naniniwala si Sister Beck na matututuhan ng mga babasa ng aklat sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin kung paano makinig sa Espiritu Santo at tumanggap ng personal na paghahayag. Sila din ay mapalalakas at mabibigyan ng pag-asa sa araw-araw nilang pamumuhay at sa kanilang mga pagsubok at paghihirap.

"Napakaraming halimbawa ng kalakasang makukuha sa aklat—mga kalakasang matutularan natin," sabi ni Sister Beck. "Kaya sa panahon ng mga pagsubok, umaasa akong kaagad kukunin ng mga tao ang aklat, at magbabasa ng isang kuwento o halimbawa rito na magpapalakas sa kanila."

Ayon din kay Sister Beck, ipamamahagi ang aklat sa mga pamilya sa Simbahan sa pamamagitan ng kababaihan, ngunit naniniwala siya na makatutulong nang malaki ang aklat kapwa sa kalalakihan at kababaihan. Matutulungan nito ang mga kabataang babae na maunawaan kung paano sila magiging bahagi ng malaking kapatiran sa iba't ibang panig ng mundo, at mapag-iisa nito ang mga mag-asawa sa kanilang banal na gawaing gabayan ang kanilang pamilya at maglingkod sa Simbahan.

Matapos pag-aralan ang aklat, sinabi ni Dale Cook, pangulo ng Syracuse Utah Bluff Stake, na mahalaga ang maitutulong nito upang ang tungkulin ng pagiging disipulo ni Cristo ay maipaunawa hindi lamang sa kababaihan ng Simbahan kundi maging sa kalalakihan. "Nababasa at nakikita ninyo kung paano ito [ang Relief Society] ay hindi maihihiwalay at laging kaugnay ng priesthood," sabi ni Pangulong Cook. "Tinulungan ako nitong maunawaan ang lakas na taglay ng aking maybahay at [kung paano] siya [higit] na mahalin at tulungan at suportahan."

**Impormasyon Tungkol sa Aklat**

Ang aklat ay gagamitin para sa personal na pag-aaral at pagtuturo sa tahanan, sa Relief Society, at sa iba pang kaganapan sa Simbahan. Ipadadala ito sa mga bishop at branch president, na makikipagtulungan sa mga pangulo ng Relief Society para pagpasiyahan kung paano makakatulong ang pamamahagi ng mga aklat sa kababaihan sa ward at branch.

Inaasahang mababasa ang aklat sa halos 24 na wika sa katapusan ng Enero 2012. Marami sa mga ito ang mababasa na online, kung saan makakakuha ang mga miyembro ng mga video, makapagbabahagi ng sipi, at makababasa ng mga mungkahi sa paggamit at pagbabahagi ng mga mensahe sa aklat. Puntahan ang **lds.org/relief-society/daughters-in-my-kingdom**. I-click ang **"Additional Languages (PDF)"** sa gitna ng pahinang nasa ilalim ng **"Related Resources."** lalabas ang listahan ng mga naisaling wika sa kanang bahagi ng sumunod na pahina. Ang website ay isasalin sa ilan pang wika kalaunan.

Ang edisyon ng aklat na naka-hardbound ay pinlanong ilabas sa wikang Ingles, Portuges, at Espanyol sa katapusan ng taon at makukuha na sa Distribution Services at store.lds.org. ■

# Bagong Site na Tutulong sa Kabataan na Magsimulang Gumawa ng Family History

Ang bahaging FamilySearch Youth and Family History ng youth.lds.org (lds.org/familyhistoryyouth) ay layuning tulungan ang kabataan na tuklasin ang kanilang family history at paglingkuran ang kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng paghahanap ng kanilang mga tala.

Naglalaman ang site ng resources na tutulong sa kabataan kung paano magsimulang gumawa ng Family History gamit ang FamilySearch. Sa limang simpleng pamamaraan itinuturo sa kabataan kung paano saliksikin ang kanilang family tree, gumawa ng talaan ng pamilya, at maghanda ng mga pangalang dadalhin sa templo. Itinuturo din sa site kung paano magagamit ng mga klase at korum ang family history para paglingkuran ang iba.




Ang bagong bahagi ay makukuha na ngayon sa wikang Ingles, Portuges, at Espanyol. Makikita ang site sa karagdagang mga wika sa susunod na mga buwan. ■

# Kumpetisyon sa Sining Naghikayat sa mga Kabataan na Magpakahusay


Inaanyayahan ng Church History Museum ang kabataang nasa edad 13 hanggang 18 na makibahagi sa una nitong International Art Competition for Youth.

Ang mga lalahok ay dapat lumikha ng gawang-sining na nagpapahayag ng kahulugan ng "bumangon at magliwanag" (tingnan sa D at 115:4–6).

Ang gawang-sining ay dapat nalikha na pagkatapos ng Enero 1, 2009 Ang kalahok ay dapat 13 anyos na sa Enero 1, 2012, at maaaring magsumite ng isang gawang-sining mula Enero 2, 2012, hanggang sa araw ng deadline—Biyernes, Hunyo 1, 2012. Ang pinakamalaking sukat ay 84 pulgada (213 cm) sa pinakamahabang dimensyon. Ang lahat ng malikhaing media at istilo ay malugod na tatanggapin sa kumpetisyon.

Makukuha ang impormasyon sa pagsusumite sa lds.org/youthartcomp.

Hihilingin sa mga mananalo na ipadala ang kanilang orihinal na gawang-sining sa museum para sa eksibit na gaganapin mula Nobyembre 16, 2012, hanggang Hunyo 17, 2013. ■



# Elder Tad R. Callister

*Ng Panguluhan ng Pitumpu*

Ipinaliwanag ni Elder Tad Richards Callister, bagong sinang-ayunan na miyembro sa Panguluhan ng Pitumpu at miyembro ng Ikalawang Korum ng Pitumpu, na isa mga layunin ng mga pinuno ng Simbahan ay ang magkaroon ng "tunay na paglago" sa Simbahan. "Ibig sabihin niyan ay hindi lamang mas marami pang tao ang dadalo sa mga sacrament meeting kundi mas marami rin ang makikibahagi ng sakramento, tatanggap ng mga ordenansang alok ng Simbahan, at tutupad ng kanilang mga tipan," sabi niya.

Sa hangaring tulungan ang mga lokal na lider ng Simbahan sa gawaing iyan, nagpapasalamat si Elder Callister na binigyan siya ng Panginoon ng mga pagkakataong makapaglingkod sa maraming katungkulan. "Dahil naranasan ko na ang nararanasan ng mga taong katuwang ko ngayon—mga stake president at bishop at elders quorum president—umaasa akong magiging mas sensitibo ako at malalaman ko ang kanilang mga pangangailangan," paliwanag niya.

Si Elder Callister ay nakapaglingkod bilang full-time missionary sa Eastern Atlantic States Mission, naging elders quorum president, stake mission president, tagapayo sa stake president, bishop, stake president, regional representative, Area Seventy, Canada Toronto East Mission president (2005–08), at naglilingkod bilang Pangulo ng Pacific Area nang tawagin siya sa Panguluhan ng Pitumpu.

Isinilang kina Reed at Norinne Callister noong Disyembre 1945, sa Glendale, California, USA, natanggap ni Elder Callister ang digri sa accounting mula sa Brigham Young University noong 1968. Nagtapos siya ng abugasiya sa University of California Los Angeles noong 1971. Noong 1972 nakatanggap siya ng LLM (master's) degree sa tax law mula sa New York University. Mula 1972 hanggang 2005 siya ay nagtrabaho bilang abogado, at nagsulat ng mga aklat tungkol sa Pagbabayad-sala at Apostasiya at Panunumbalik.

Ikinasal siya kay Kathryn Louise Saporiti noong Disyembre 1968 sa Los Angeles California Temple. Anim ang kanilang anak.


Kinikilala ni Elder Callister ang kamay ng Panginoon sa kanyang buhay. "Napakalaki ng pag-ibig ng Tagapagligtas kaya't iniisip ko na nasasabik Siya at ang ating Ama sa Langit na pagpalain tayo kahit sa mumunting kabutihang ginagawa natin, dahil likas iyan sa Kanila." ■




LARAWANG KUHA NI MATTHEW REIER

San Salvador El Salvador Temple

*Ang kahanga-hangang templong ito sa El Salvador ay inilaan noong Agosto 21, 2011, ang pinakabago sa 135 templong ginagamit ngayon sa buong mundo. Tungkol sa mga templo, sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95) sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong 1994, "Maging mga tao nga tayong mapagdalo sa templo. Dumalo sa templo nang madalas ayon kung pahintulutan ng ating sitwasyon. Maglagay ng larawan ng templo sa bahay ninyo upang makita ito ng inyong mga anak" ("Exceeding Great and Precious Promises,"* Ensign, *Nob. 1994, 8).*



"Pinatototohanan ko sa inyo na ang gawaing ito ay totoo, na ang ating Tagapagligtas ay buhay, at ginagabayan at pinapatnubayan Niya ang Kanyang Simbahan dito sa lupa," sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagtatapos ng ika-181 sesyon ng Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya. "Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo na ang ating Diyos Amang Walang Hanggan ay buhay at mahal tayo. Tunay ngang Siya ay ating Ama, at totoo Siya at personal na nakikitungo sa atin. Nawa'y matanto at maunawaan natin kung gaano Niya gustong mapalapit sa atin, gaano Niya kagustong tulungan tayo, gaano Niya tayo kamahal, at gaano Siya kahandang tumulong sa atin."

TAGALOG
4 02096 91893 9